

Days of Remembrance	Mga Araw ng Paggunita
Selections from the Writings of Bahá'u'lláh for Bahá'í Holy Days	Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh para sa mga Banal na Araw ng Bahá'í
• • •	• • •
Table of Contents	Mga Nilalaman
Preface	Paunang Salita
Naw-Rúz	Naw-Rúz
1. "He is the Almighty. Praised be Thou, O my God..."	1. "Siya ang Ganap na Makapangyarihan. Purihin Ka nawa, O aking Diyos
2. "I am the Most Holy, the Most Great, the Most Glorious..."	2. "Ako ang Pinakabanal, ang Pinakadakila, ang Pinakamaluwalhati
3. "He is the Most Holy, the Most Mighty, the Most Exalted..."	3. "Siya ang Pinakabanal, ang Pinakamakapangyarihan, ang Pinakadakila
4. "He is the Ever-Living, the Ever-Abiding, the Self-Subsisting..."	4. "Siya ang Laging-nabubuhay, ang Walang-maliw, ang Sariling-Ganap
5. "He is the Sovereign King, the Holy of Holies..."	5. "Siya ang Namumunong Hari, ang Banal sa mga Banal
Riḍván	Riḍván
6. "In the name of Him Who hath cast His splendour..."	6. "Sa ngalan Niya na Siyang nagsabog ng Kaniyang karingalan
7. "He it is Who is established upon this luminous Throne..."	7. "Siya iyon na Siyang iniluklok sa maningning na Tronong ito..."
8. "He is the Most Holy, the Most Glorious. Praise be to Thee, O my God..."	8. "Siya ang Pinakabanal, ang Pinakamaluwalhati. Purihin Ka nawa, O aking Diyos..."
9. "On the first day that the Ancient Beauty..."	9. "Sa unang araw na pumanhik ang Napakatandang Kagandahan..."
10. "The day-star of words, dawning above the horizon..."	10. "Ang bituing-araw ng mga salita, na namimitak sa itaas ng sugpungang-guhit..."
11. "He is the Manifest, the Hidden, the All-Glorious..."	11. "Siya ang Hayag, ang Nakatago, ang Ganap na Maluwalhati ..."
12. Ḥúr-i-'Ujáb (Tablet of the Wondrous Maiden)	12. Ḥúr-i-'Ujáb (Tableta ng Kamangha-manghang Dilag)
13. "He is the Most Holy, the Most Glorious. Praise be to Thee, O Thou our Lord..."	13. "Siya ang Pinakabanal, ang Pinakamaluwalhati. Purihin Ka nawa, O Ikaw na aming Panginoon..."
14. "In the name of God, the Almighty, the All-Bountiful!..."	14. "Sa ngalan ng Diyos, ang Ganap na Makapangyarihan! ..."
15. "Praise be to Thee, O my God..."	15. "Purihin Ka nawa, O aking Diyos..."
16. "In the name of God, Who hath cast His splendour..."	16. "Sa ngalan ng Diyos, Siyang nagsabog ng Kaniyang karingalan sa buong kinapal..."
17. "In the name of God, the Almighty, the Unconstrained!..."	17. "Sa ngalan ng Diyos, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Di-napipigilan!"
18. "In the name of God, the Most Glorious!..."	18. "Sa ngalan ng Diyos, ang Pinakamaluwalhati!..."
19. "He is God. Glorified art Thou, O Lord my God!..."	19. "Siya ay Diyos, Luwalhatiin Ka nawa, O Panginoong Diyos!..."
20. "He is the Most Holy, the Most Glorious. All praise be to Thee..."	20. "Siya ang Pinakabanal, ang Pinakamaluwalhati. Ang lahat ng papuri ay mapasa-Iyo..."
21. Lawḥ-i-'Áshiq va Ma'shúq (Tablet of the Lover and the Beloved)	21. Lawḥ-i-'Áshiq va Ma'shúq (Tableta ng Nagmamahal at Minamahal)
22. "In Thy name, the Most Wondrous, the Most Glorious!..."	22. "Sa Iyong Pangalan, ang Lubhang Kamangha-mangha, ang Pinakamaluwalhati!..."
23. Súriy-i-Qalam (Súrih of the Pen)	23. Súriy-i-Qalam (Súrih ng Panulat)

24. “He is the Ever-Abiding. It is the Festival of Ridván...”	24. “Siya ang Laging-Namamalagi. Ito ang Pista ng Ridván...”
25. “Another letter of thine...”	25. “Ang isa pa sa iyong mga liham...”
Declaration of the Báb	Ang Pagpapahayag ng Báb
26. Lawḥ-i-Náqús (Tablet of the Bell)	26. Lawḥ-i-Náqús (Tableta ng Kampana)
27. Lawḥ-i-Ghulámu’l-Khuld (Tablet of the Immortal Youth)	27. Lawḥ-i-Ghulámu’l-Khuld (Tableta sa Kabataang Walang-kamatayan)
28. “He is the Ever-Abiding, the Most Exalted, the Most Great...”	28. “Siya ang Laging-Namamalagi, ang Pinakamataas, ang Pinakadakila...”
Ascension of Bahá’u’lláh	Pagsasakabilang-buhay ni Bahá’u’lláh
29. Súriy-i-Ghuṣṣ (Tablet of the Branch)	29. Súriy-i-Ghuṣṣ (Tableta ng Sanga)
30. Lawḥ-i-Rasúl (Tablet to Rasúl)	30. Lawḥ-i-Rasúl (Tableta sa Rasúl)
31. Lawḥ-i-Maryam (Tablet to Maryam)	31. Lawḥ-i-Maryam (Tableta kay Maryam)
32. Kitáb-i-‘Ahd (Book of the Covenant)	32. Kitáb-i-‘Ahd (Aklat ng Kasunduan)
33. The Tablet of Visitation	33. Ang Tableta ng Pagdalaw
Martyrdom of the Báb	Pagmamartir sa Báb
34. “Give ear, O My servant, unto that which is being sent down...”	34. “Makinig, O aking tagapaglingkod, doon sa ipinababa sa iyo...”
35. Excerpt from the Súriy-i-Nuṣḥ (Súrih of Counsel)	35. Halaw mula sa Súriy-i-Nuṣḥ (Súrih ng Payo)
36. Excerpt from the Súriy-i-Mulúk (Súrih of the Kings)	36. Halaw mula sa Súriy-i-Mulúk (Súrih ng mga Hari)
37. Excerpt from the Lawḥ-i-Salmán I (Tablet to Salmán I)	37. Halaw mula sa Lawḥ-i-Salmán I (Tableta kay Salmán I)
38. Excerpt from the Súriy-i-Dhikr (Súrih of Remembrance)	38. Halaw mula sa Súriy-i-Dhikr (Súrih ng Paggunita)
39. Excerpt from the Súriy-i-Aḥzán (Súrih of Sorrows)	39. Halaw mula sa Súriy-i-Aḥzán (Súrih ng Pighati)
Birth of the Báb	Kapanganakan ng Báb
40. “In the name of the One born on this day...”	40. “Sa ngalan Niya na isinilang sa araw na ito...”
41. “He is the Eternal, the One, the Single...”	41. “Siya ang Walang-maliw, ang Iisa, ang Tangi...”
Birth of Bahá’u’lláh	Kaarawan ni Bahá’u’lláh
42. Lawḥ-i-Mawlúd (Tablet of the Birth)	42. Lawḥ-i-Mawlúd (Tableta ng Kapanganakan)
43. “He is the Most Holy, the Most Exalted, the Most Great...”	43. “Siya ang Pinakabanal, ang Pinakamataas, ang Pinakadakila...”
44. “He is God. O concourse of ardent lovers!...”	44. “Siya ang Diyos. O kalipunan ng maalab na mga mangingibig!...”
45. “He is the Most Holy, the Most Great. This is the month...”	45. “Siya ang Pinakabanal, ang Pinakadakila. Ito ang buwan...”
Notes	Mga Tala
Key to Passages Translated by Shoghi Effendi	Gabay sa mga Sipi na Isinalin ni Shoghi Effendi
• • •	• • •

Preface	Paunang Salita
The observance of holy days occupies a central place in every religion. Through their commemoration, the calendar year becomes the stage on which the signal events associated with the life and ministry of the divine Manifestations of God are annually remembered and honoured. This remembrance has both a personal dimension, providing a time for reflection on the significance of these events, and a social dimension,	Ang pagdiriwang ng mga banal na araw ay nagtataglay ng pangunahing kahalagahan sa bawat relihiyon. Sa pamamagitan ng mga pagdiriwang na ito, ang taon ayon sa kalendaryo ay nagiging isang entablado kung saan ang namumukod na mga pangyayaring kaugnay ng buhay at paglilingkod ng banal na mga Kahayagan ng Diyos ay taon-taong ginugunita at pinarangalan. Ang paggunitang ito ay kapuwa mayroong personal na aspeto, naghahain ng pagkakataong nilay-nilayin ang kahalagahan ng mga pangyayaring ito, at isang

helping to deepen the identity and foster the cohesion of the community.	panlipunang aspeto, tumutulong sa pagpapalalim ng pagkakakilanlan at pinayayabong ang pagkakaisa ng pamayanan.
The coming of each Manifestation of God brings renewal and revitalization: “old things are passed away” and “all things are become new”. ^[1] By His authority, former laws are abrogated and the manners and customs of the previous Dispensation are reformed. Through the creative power of Divine Revelation, fresh life is instilled into hearts and souls:	Ang pagdating ng bawat Kahayagan ng Diyos ay nagdadala ng muling pagbabago at muling pagbibigay-buhay: “ang lumang mga bagay ay naglaho na” at “ang lahat ng mga bagay ay naging bago.” ¹ Sa pamamagitan ng Kaniyang awtoridad ang dating mga batas ay pinawawalang-bisa at ang mga gawi at mga kaugalian ng nakaraang Dispensasyon ay muling hinuhubog. Sa pamamagitan ng mapanlikhang kapangyarihan ng banal na Rebelasyon, ang panibagong buhay ay isinasalin sa mga puso at mga kaluluwa.
Reflect thou, how, in one hand, He hath, by His mighty grasp, turned the earth of knowledge and understanding, previously unfolded, into a mere handful, and, on the other, spread out a new and highly exalted earth in the hearts of men, thus causing the freshest and loveliest blossoms, and the mightiest and loftiest trees to spring forth from the illumined bosom of man. ^[2]	Iyong nilay-nilayin kung papaano, sa isang dako, ay ginawa Niya sa pamamagitan ng Kaniyang makapanyarihang paghawak, na baguhin ang daigdig ng kaalaman at pag-unawa, na dati-rati’y nakaladlad upang maging isang dakot na lamang, at sa kabilang dako ay inilalatag ang isang panibago at lubhang dakilang daigdig sa mga puso ng tao, nang sa gayon ay nagiging sanhi iyon ng pinakasariwa at pinakamagandang mga bulaklak, at ng pinakamalaki at pinakamatayog na mga punongkahoy na umuusbong mula sa natatanglawang dibdib ng tao. ²
This re-creation and revitalization of all things is reflected in the introduction of a new calendar and the designation of new holy days which recast the rhythms of communal life.	Itong muling paglilikha at muling pagbibigay-buhay sa lahat ng bagay ay nasasalamín sa pagpapakilala ng isang panibagong kalendaryo at sa paghirang ng bagong mga banal na araw na muling nagtatakda sa mga ritmo ng pamumuhay ng pamayanan.
The Bahá’í calendar, known as the Badí‘ calendar, was introduced by the Báb and subsequently confirmed by Bahá’u’lláh, Who fixed its commencement at the year of the Báb’s declaration, 1844 (A.H. 1260). As the Bahá’í Era was inaugurated by twin Founders, the Bahá’í Holy Days include events pertaining to the birth, declaration, and passing of both Bahá’u’lláh and the Báb. In the Kitáb-i-Aqdas, the principal repository of the laws of His Revelation, Bahá’u’lláh designates the two “Most Great Festivals”: Ridván, “the King of Festivals”, commemorating the declaration of His prophetic mission during a period of twelve days, three of which are observed as Holy Days, and the Declaration of the Báb, the event that initiates the Bahá’í Era. Also named as festivals in that same Book are Naw-Rúz and the anniversaries of the Birth of the Báb and of Bahá’u’lláh. The anniversary of the Martyrdom of the Báb was commemorated as a Holy Day during the lifetime of Bahá’u’lláh, and ‘Abdu’l-Bahá added the observance of the Ascension of Bahá’u’lláh.	Ang kalendaryong Bahá’í, na tinaguriang kalendaryong Badí‘, ay ipinakilala ng Báb at pagkatapos ay pinagtibay ni Bahá’u’lláh, na Siya ang nagtakda sa simula nito sa taon ng pamamahayag ng Báb, 1844 (A.H. 1260). Yamang ang Kapanahunang Bahá’í ay sinimulan ng kambal na Tagapagtatag, kabilang sa mga Banal na Araw ng Bahá’í ang mga pangyayaring nauugnay sa kapanganakan, pamamahayag at pagkamatay ni Bahá’u’lláh at ng Báb. Sa Kitáb-i-Aqdas, ang pangunahing repositoryo ng mga batas ng Kaniyang Rebelasyon, itinakda ni Bahá’u’lláh ang dalawang “Pinakadakilang Pagdiriwang”: ang Ridván, “ang Hari ng mga Pagdiriwang”, na gumugunita sa pamamahayag sa loob ng labindalawang araw ng Kaniyang misyon bilang propeta, na ang tatlo sa mga ito ay ipinagdiriwang bilang mga Banal na Araw, at ang Pagmamahayag ng Báb, ang pangyayaring nagsimula ng Kapanahunang Bahá’í. Tinagurian din sa Aklat ding iyon na mga pagdiriwang ang Naw-Rúz at ang mga kaarawan ng Kapanganakan ng Báb at ni Bahá’u’lláh. Ang kaarawan ng Pagmamartir sa Báb ay ginugunita bilang isang Banal na Araw mula nang nabubuhay pa si Bahá’u’lláh, at idinagdag ni ‘Abdu’l-Bahá ang paggunita sa Pagsasakabilang-buhay ni Bahá’u’lláh.
The present volume offers forty-five selections from the Writings of Bahá’u’lláh revealed specifically for, or	Ang kasalukuyang aklat ay naghahain ng apatnapu’t limang halaw mula sa mga Kasulatan ni Bahá’u’lláh na

¹ 2 Corinto 5:17.

² Kitáb-i-Íqán ¶ 51.

otherwise relating to, these nine Holy Days. The selections represent different revelatory modes, each reflecting facets of the greatness, the preciousness, and the peerless nature of this Day in which all the promises and prophecies of the past have been fulfilled—this sacred Day “whereon God hath made His own Self known and revealed it unto all who are in the heavens and on earth”. Some of the Tablets and excerpts presented in the volume are addressed to the body of Bahá’u’lláh’s followers and are expressed in a celebratory and uplifting tone, occasionally with repeated refrains, while others were revealed to individual believers, sometimes with a mention of the specific circumstances of their revelation or the names of the recipients. Many are among His best-known works and have long been familiar to readers of His Writings in the original languages.	tanging ipinahayag para sa, o sa iba pang paraan ay nauugnay sa, siyam na Banal na Araw na ito. Ang mga pinili ay mga halimbawa ng iba’t ibang anyo ng pamamahayag, na ang bawat isa ay naglalarawan sa mga aspeto ng kadakilaan, ng kahalagahan, at ng walang kahalintulad na katangian ng Araw na ito kung kailan ang lahat ng mga pangako at mga propesiya ng nakaraan ay tinutupad—itong sagradong Araw “kung kailan ay ipinakilala ng Diyos ang Kaniyang mismong Sarili at ginawang maging hayag ito sa lahat ng nasa kalangitan at kalupaan.” Ang ilan sa mga Tableta at mga siping nasa aklat na ito ay isinulat para sa kabuuang lupon ng mga tagasunod ni Bahá’u’lláh at isinasaad sa isang tonong nagdiriwang at nakapagtataas ng kalooban, na magkaminsan ay mayroong paulit-ulit na koro, samantalang ang mga iba naman ay ipinahayag para sa indibidwal na mga mananampalataya, na kung minsan ay nababanggit ang tiyak na mga kalagayang kaugnay ng pagpapahayag nito o ng mga pangalan ng mga sinusulatan. Marami ang kabilang sa pinakabantog Niyang mga akda at matagal nang bihasa ang mga mambabasa ng Kaniyang mga Kasulatan sa orihinal na mga wika nito.
Eight of the selections were previously translated by Shoghi Effendi and published in <i>Prayers and Meditations by Bahá’u’lláh</i> and <i>Gleanings from the Writings of Bahá’u’lláh</i>. A table listing these and other passages translated by Shoghi Effendi can be found at the end of the book. The remainder of the selections are, for the most part, published here for the first time in English. The current translations endeavour to afford a glimpse of the poetic tone of these celebrated Texts, even though they can never convey their full beauty.	Ang walo sa mga pinili ay dati nang isinalin ni Shoghi Effendi, at inilathala sa <i>Prayers and Meditations by Bahá’u’lláh</i> at sa <i>Gleanings from the Writings of Bahá’u’lláh</i>. Ang isang talaan ng mga ito at ng iba pang mga siping isinalin ni Shoghi Effendi ay matatagpuan sa dulo ng aklat. Ang natitirang mga pinili, halos karamihan, ay inilalathala rito sa kauna-unahang pagkakataon sa wikang Ingles. Sinisikap ng kasalukuyang mga salin ang makapagbigay ng isang sulyap man lamang sa tonong makata ng ipinagbubunying mga Tekstong ito, bagama’t kailanman ay hindi nito maibabahagi ang lubos na kagandahan nito.
It is hoped that this volume will uplift the hearts and souls of the followers of the Blessed Beauty throughout the world and will enrich the gatherings they hold in commemoration of those days that stand apart from all other days through their association with Him and His Herald.	Inaasahang ang aklat na ito ay makapagpapataba sa mga puso at mga kaluluwa ng mga tagasunod ng Pinagpalang Kagandahan sa buong daigdig at makapagpapayaman ang mga pagtitipong idinaraos nila sa paggunita ng mga araw na iyon na namumukod sa lahat ng ibang araw dahil sa pagkakaugnay ng mga ito sa Kaniya at sa Kaniyang Tagapamalita.

Naw-Rúz	Naw-Rúz
– 1 –	– 1 –
<i>He is the Almighty.</i>	<i>Siya ang Ganap na Makapangyarihan.</i>
^{1.1} Praised be Thou, O my God, that Thou hast ordained Naw-Rúz as a festival unto those who have observed the Fast for love of Thee and abstained from all that is abhorrent unto Thee. Grant, O my Lord, that the fire of Thy love and the heat produced by the Fast enjoined by Thee may inflame them in Thy Cause, and make them to be occupied with Thy praise and with remembrance of Thee.	^{1.1} Purihin Ka nawa, O aking Diyos, na Iyong iniatas ang Naw-Rúz na maging isang pista para sa mga nagsagawa ng pag-aayuno nang dahil sa pag-ibig sa Iyo at umiwas sa lahat ng kasuklam-suklam sa Iyo. Loobin, O aking Panginoon, na ang apoy ng Iyong pag-ibig at ang init na nalikha ng pag-aayunong Iyong iniatas ay makapagparubdob sa kanila sa Iyong Kapakanan, at gawin silang abala sa pagpuri sa Iyo at sa paggunita sa Iyo.

1.2 Since Thou hast adorned them, O my Lord, with the ornament of the Fast prescribed by Thee, do Thou adorn them also with the ornament of Thine acceptance, through Thy grace and bountiful favour. For the doings of men are all dependent upon Thy good-pleasure, and are conditioned by Thy behest. Shouldst Thou regard him who hath broken the Fast as one who hath observed it, such a man would be reckoned among them who from eternity had been keeping the Fast. And shouldst Thou decree that he who hath observed the Fast hath broken it, that person would be numbered with such as have caused the Robe of Thy Revelation to be stained with dust, and been far removed from the crystal waters of this living Fountain.	1.2 Yamang ginayakan Mo sila, O Panginoon, ng palamuti ng pag-aayunong iniatas Mo, gayakan Mo rin sila ng palamuti ng Iyong pagtanggap, sa pamamagitan ng Iyong biyaya at mapagpalang pagtatangkilik. Sapagkat ang lahat ng gawa ng tao ay nananangan sa Iyong mabuting kasiyahan, at nababatay sa Iyong pag-aatas. Kung Iyong ituturing siyang hindi nagsagawa ng pag-aayuno bilang isang nakapagsagawa niyon, ang gayong tao ay ibibilang sa kanilang mga nagsasagawa ng pag-aayuno mula pa sa kawalang-hanggan. At kung Iyong ipapasiya na siyang nagsagawa ng pag-aayuno ay hindi nagsagawa niyon, ang taong iyon ay ibibilang sa yaong mga naging sanhi ng pagdungis ng alabok sa Damit ng Iyong Rebelasyon, at naging napakalayo sa napakalinaw na mga tubig nitong nabubuhay na Bukal.
1.3 Thou art He through Whom the ensign "Praiseworthy art Thou in Thy works" hath been lifted up, and the standard "Obeyed art Thou in Thy behest" hath been unfurled. Make known this Thy station, O my God, unto Thy servants, that they may be made aware that the excellence of all things is dependent upon Thy bidding and Thy word, and the virtue of every act is conditioned by Thy leave and the good-pleasure of Thy will, and may recognize that the reins of men's doings are within the grasp of Thine acceptance and Thy commandment. Make this known unto them, that nothing whatsoever may shut them out from Thy Beauty, in these days whereon the Christ exclaimeth: "All dominion is Thine, O Thou the Begetter of the Spirit (Jesus)!" and Thy Friend (Muhammad) crieth out: "Glory be to Thee, O Thou the Best-Beloved, for that Thou hast uncovered Thy Beauty, and written down for Thy chosen ones what will cause them to attain unto the seat of the revelation of Thy Most Great Name, through which all the peoples have lamented except such as have detached themselves from all else except Thee, and set themselves towards Him Who is the Revealer of Thyself and the Manifestation of Thine attributes."	1.3 Ikaw ay Siya na, sa pamamagitan Niya ay itinaas ang bandilang "Kapuri-puri Ka sa Iyong mga gawa," at iniladlad ang watawat ng "Sinusunod Ka sa Iyong pag-aatas". Ipabatid ang Iyong katayuang ito, O aking Diyos, sa Iyong mga tagapaglingkod, upang malaman nila na ang kahusayan ng lahat ng bagay ay nababatay sa Iyong pag-aatas at Iyong salita, at ang kabutihan ng bawat gawain ay batay sa Iyong pahintulot at sa mabuting kasiyahan ng Iyong kalooban, at upang maunawaan nila na ang mga renda ng gawa ng tao ay nasa hawak ng Iyong pagtanggap at ng Iyong kautusan. Iyong ipabatid ito sa kanila, nang walang anuman ang makapaglingid sa kanila mula sa Iyong kagandahan, sa mga araw na ito nang ipinahayag ni Kristo: "Ang lahat ng kaharian ay Iyo, O Ikaw na Nagsilang ng Espiritu (Jesus)!" at ibinulalas ng Iyong Kaibigan (Muhammad): "Luwalhati sa Iyo, O Ikaw na Pinakaiibig, sapagkat inilantad Mo ang Iyong Kagandahan, at isinulat para sa Iyong mga pinili yaong makapagpaparating sa kanila sa luklukan ng kapahayagan ng Iyong Pinakadakilang Pangalan, na sa pamamagitan niyon ang lahat ng tao ay nagsitaghoy liban sa mga nagsiwalay ng kanilang mga sarili sa lahat bukod sa Iyo, at nagsipag-ukol ng kanilang mga sarili tungo sa Kaniya na Siyang Tagapagbunyag ng Iyong Sarili at Kahayagan ng Iyong mga katangian."
1.4 He Who is Thy Branch and all Thy company, O my Lord, have broken this day their fast, after having observed it within the precincts of Thy court, and in their eagerness to please Thee. Do Thou ordain for Him, and for them, and for all such as have entered Thy presence in those days all the good Thou didst destine in Thy Book. Supply them, then, with that which will profit them, in both this life and the life beyond.	1.4 Siya na Iyong Sanga at ang lahat ng Iyong mga kasamahan, O aking Panginoon, ay naghinto sa araw na ito ng kanilang pag-aayuno pagkaraang maisagawa iyon sa loob ng mga saklaw ng Iyong korte, at sa kanilang kasabikang mabigyan Ka ng kasiyahan. Iyong iatas para sa Kaniya, at para sa kanila, at para sa lahat ng nagsipasok sa Iyong kinaroroonan sa mga araw na iyon, ang lahat ng mabubuting itinakda Mo sa Iyong Aklat. Ipagkaloob sa kanila, kung gayon, yaong pakikinabangan nila, kapuwa sa buhay na ito at sa kabilang buhay.
1.5 Thou, in truth, art the All-Knowing, the All-Wise.	1.5 Ikaw, sa katotohanan, ang Nakababatid ng Lahat, ang Lubos na Marunong.

<i>I am the Most Holy, the Most Great, the Most Glorious.</i>	<i>Ako ang Pinakabanal, ang Pinakadakila, ang Pinakamaluwalhati.</i>
2.1 Praise be to Thee, O my God, that Thou hast ordained this day as a festival unto the favoured among Thy servants and the sincere among Thy loved ones. Thou hast called this day by that Name whereby all created things have been subdued and the breezes of Thy Revelation have been wafted between earth and heaven, a Name through which all that hath been recorded in Thy Holy Books and Sacred Scriptures hath been made manifest, and which Thy Messengers and Thy Chosen Ones have foretold, that all men might be made ready to behold Thee, to turn towards the ocean of Thy reunion, to stand before the seat of Thy throne, and to hear Thy wondrous call from the Dayspring of Thine invisible Self and the Dawning-Place of Thine Essence.	2.1 Purihin Ka nawa, O aking Diyos, na Iyong itinalaga ang araw na ito bilang pagdiriwang para sa mga pinagpala mula sa Iyong mga tagapaglingkod at para sa matatapat mula sa Iyong mga minamahal. Iyong tinagurian ang araw na ito sa Pangalang iyon na sa pamamagitan niyon ang lahat ng nilikhang bagay ay sinupil at ang mga simoy ng Iyong Rebelasyon ay humihip sa pagitan ng lupa at langit, isang Pangalan na sa pamamagitan niyon ang lahat ng naitala sa Iyong mga Banal na Aklat at Santong Kasulatan ay naging hayag, at yaon ay ipinangako ng Iyong mga Tagapamalita at iyong mga Pinili, nang ang lahat ng tao ay maihanda upang makita Ka, upang bumaling patungo sa karagatan ng muling pagsama sa Iyo, upang tumayo sa harap ng luklukan ng Iyong trono, at upang marinig ang Iyong kamangha-manghang panawagan mula sa Pamimitak ng Iyong di-nakikitang Sarili at sa Pook-Silangan ng Iyong Pinakadiwa.
2.2 I yield Thee praise, O Lord my God, that Thou hast fulfilled Thy testimony, completed Thy favour, established upon the throne of Divine Revelation Him Who proclaimed Thy oneness and Thy unity, and summoned all humanity to appear before Him. Amongst the people are those who have turned towards Him, attained His presence, and quaffed the choice wine of His Revelation. I beseech Thee by Thy sovereign might which hath dominion over all things, and by Thy bounty which embraceth the entire creation, to enable Thy loved ones to sever themselves from all except Thee and to fix their gaze upon the horizon of Thy grace. Assist them, then, to arise to serve Thee, that they may evince whatsoever Thou hast desired in Thy realm and may unfurl the banners of Thy victory in Thy land. Thou, verily, art the Almighty, the Most Exalted, the Sovereign Protector, the All-Knowing, the All-Wise.	2.2 Nagbibigay papuri ako sa Iyo, O Panginoon kong Diyos, yamang Iyong tinupad ang Iyong patotoo, ginawang ganap ang Iyong pagpapala, itinatag sa trono ng Banal na Rebelasyon Siya na nagpahayag ng Iyong kaisahan at Iyong pagkakaisa, at tinawagan ang buong sangkatauhan upang humarap sa Kaniya. Kabilang sa mga tao ay yaong mga nagsibaling tungo sa Kaniya, nakarating sa Kaniyang kinaroroonan, at nakainom ng piling alak ng Kaniyang Rebelasyon. Isinasamo ko sa Iyo sa pamamagitan ng Iyong naghaharing kapangyarihan namamahala sa lahat ng bagay, at sa pamamagitan ng Iyong biyayang nakasasaklaw sa buong sangnilikha, na tulutang magawa ng Iyong mga minamahal na iwalay ang kanilang mga sarili mula sa lahat liban sa Iyo at ipako ang kanilang paningin sa sugpungang-guhit ng Iyong pagpapala. Tulungan sila, kung gayon, na bumangon upang maglingkod sa Iyo, na maipakita nila ang anumang ninanais Mo sa Iyong kaharian at mailadlad ang mga bandila ng Iyong tagumpay sa Iyong lupain. Ikaw sa katunayan ang Ganap na Makapangyarihan, ang Pinakadakila, ang Naghaharing Tagapangalaga, ang Lubos na Nakababatid, ang Lubos na Marunong.
2.3 I yield Thee praise, O Lord my God, that Thou hast made this prison to be a throne for Thy kingdom, a heaven for Thy heavens, a dayspring for Thy daysprings, a dawning-place for Thy dawns, a source for the outpourings of Thy bounty, and a spirit of life unto the bodies of Thy creatures. I entreat Thee to aid Thy chosen ones to act in accordance with Thy good-pleasure. Sanctify them, then, O my God, from whatsoever may soil the hem of their garments in Thy days. Thou seest, O Lord, in certain lands, that which runneth counter to Thy pleasure, and Thou beholdest those who claim to love Thee committing the very deeds that Thine enemies have committed. Purify them, O Lord, with the living waters wherewith Thou hast purified the well-favoured amongst Thy people and the sincere amongst Thy	2.3 Nagbibigay papuri ako sa Iyo, O Panginoon kong Diyos, yamang Iyong ginawa itong piitan na maging trono para sa Iyong kaharian, isang langit para sa Iyong mga kalangitan, isang buwang-liwayway para sa Iyong mga madaling-araw, isang pinagmumulan para sa mga pagbuhos ng iyong biyaya, at ang espiritu ng buhay para sa mga katawan ng Iyong mga nilalang. Isinasamo ko sa Iyo na tulungan ang Iyong mga pinili upang makakilos sang-ayon sa Iyong mabuting kaluguran. Dalisayin sila, kung gayon, O aking Diyos, mula sa anumang makadudungis sa laylayan ng kanilang mga kasuotan sa Iyong mga araw. Iyong nakikita, O Panginoon, sa ilang mga lupain, yaong salungat sa Iyong kaluguran, at Iyong mapagmamasdan yaong mga nagsasabing minamahal Ka na ginagawa ang mismong

servants. Purge them, moreover, from whatsoever may tarnish the fair name of Thy Cause in Thy lands or veil the people of Thy cities from Thy recognition.	mga gawaing isinagawa ng Iyong mga kaaway. Dalisayin sila, O Panginoon, ng mga nabubuhay na tubig na Iyong ginamit sa pagdadalisay sa mga pinagpala mula sa Iyong mga tao at sa mga matapat mula sa Iyong mga tagapaglingkod. Higit pa rito ay alisin mula sa kanila ang anumang makababahid sa mabuting pangalan ng Iyong Kapakanan sa Iyong mga lupain o maging lambong sa mga tao sa Iyong mga lungsod mula sa pagkilala sa Iyo.
2.4 I implore Thee, O Lord, by Thy Name that transcendeth all other names, to guard them from following the path of self and passion, that all may unite around that which Thou hast commanded in Thy Book. Make them, then, to be hands of Thy Cause, that through them Thy verses may be spread abroad throughout Thine earth and the emblems of Thy holiness may be manifested amidst Thy people. Potent art Thou to do as Thou pleasest. There is none other God but Thee, the Help in Peril, the Self-Subsisting.	2.4 Isinasamo ko sa Iyo, O Panginoon, sa Iyong Pangalang nangingibabaw sa lahat ng ibang mga pangalan, na pangalagaan sila mula sa pagbabagtas sa landas ng sarili at kapusukan, nang upang ang lahat ay magkaisa palibot doon sa Iyong iniutos sa Iyong Aklat. Gawin sila, kung gayon, na maging mga kamay ng Iyong Kapakanan, nang sa pamamagitan nila ang Iyong mga bersikulo ay maipalaganap sa ibayo sa kabuuan ng Iyong kalupaan at ang mga sagisag ng Iyong kabanalan ay maging hayag sa Iyong mga tao. Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ninanais. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap.

– 3 –	– 3 –
<i>He is the Most Holy, the Most Mighty, the Most Exalted.</i>	<i>Siya ang Pinakabanal, ang Pinakamakapangyarihan, ang Pinakadakila.</i>
3.1 Praise be unto Thee, O Thou Who art the Lord of the world and the Ruler of the nations! I testify that Thou hast from eternity been sanctified above the mention of all created things and exalted beyond the loftiest descriptions of Thy creatures. Whensoever Thy devoted servants sought to ascend unto the station of Thy recognition, the hosts of Thy knowledge barred their way; and whensoever Thy near ones desired to gain admittance to the heaven of Thy nearness, the overpowering majesty of Thine utterance kept them back. We bear witness that the loftiest of the divine names are but servants at Thy door, and that their most glorious manifestations bow down before Thy countenance and are humbled in Thy presence. Thou art, in truth, He Who can neither be described in letters, nor evoked by words, nor even contained within the hidden meanings they conceal. For these are all circumscribed by the inherent limitations of speech which characterize all the utterances of the peoples of the world.	3.1 Purihin Ka nawa, O Ikaw na Siyang Panginoon ng daigdig at Pinuno ng mga bansa! Sumasaksi ako na mula sa kawalang-hanggan Ikaw ay higit na banal kaysa sa pagbanggit ng lahat ng nilikhang bagay at higit na mataas kaysa sa pinakamatayog na paglalarawan ng Iyong mga nilalang. Sa tuwing sinisikap ng Iyong debotong mga tagapaglingkod ang pumailanlang tungo sa kalagayan ng pagkilala sa Iyo, ang mga hukbo ng Iyong kaalaman ay humadlang sa kanilang daanan; at sa tuwing ang mga malalapit sa Iyo ay hinangad na makapasok sa kalangitan ng pagiging malapit sa Iyo, ang nakagagaping kamahalan ng Iyong pananalita ay nakapigil sa kanila. Sumasaksi kami na ang pinakamatayog sa banal na mga pangalan ay pawang mga tagapaglingkod lamang sa iyong pintuan, at ang kanilang pinakamaluwalhating mga kapahayagan ay yumuyukod sa harap ng Iyong mukha at hamak lamang sa Iyong kinaroroonan. Ikaw, sa katotohanan, ay Siyang hindi mailalarawan sa mga titik, ni hindi magugunita sa mga salita, ni hindi rin nilalaman ng natatagong mga kahulugang inililihim nito. Sapagkat ang lahat ng ito ay natatakdaan ng likas na mga hangganan ng wika na siyang katangian ng lahat ng mga pananalita ng mga sambayanan ng daigdig.
3.2 Exalted, immeasurably exalted, art Thou above the mention of every soul and the understanding of every heart! Exalted, immeasurably exalted, art Thou above the description of anyone save Thyself and beyond every conception of Thy creatures! Were Thine own Manifestations to soar upon the wings of the seen and the unseen, yet would they fail to attain unto the first	3.2 Dakila, di-masukat ang Iyong kadakilaan, nang higit sa pagbanggit ng bawat kaluluwa at ng pag-unawa ng bawat puso! Dakila, di-masukat ang Iyong kadakilaan, nang higit sa paglalarawan ng sinuman liban sa Iyo at higit sa anumang paggunita ng Iyong mga nilalang! Kung magagawa ng Iyong mga Kahayagan ang pumailanlang sa mga bagwis ng nakikita at di-nakikita,

effulgence shining from the horizon of Thy most exalted Countenance and the dawning-place of Thy most sublime Revelation. And were the Exponents of Thy Lordship enabled to ascend for as long as the kingdoms of earth and heaven endure, yet would they be forever powerless to draw nigh unto the Day-Star of Thy beauty.	gayumpaman ay mabibigo silang matamo, ang una man lamang kaningningan na sumisikat mula sa sugpungang-guhit ng Iyong pinakadakilang Rebelasyon. At kung magagawa ng mga Kinatawan ng Iyong pagiging Panginoon na patuloy na umakyat habang umiiral ang kaharian ng lupa at langit, gayumpaman ay lagi silang walang kakayahang lumapit sa Bituing-Araw ng Iyong kagandahan.
3.3 Blessed be the one who comprehendeth Thine enduring reality and the evanescence of all else but Thee, and who acknowledgeth Thy sovereign authority and the powerlessness of all save Thyself. And as the evanescence of all things is established before the surging ocean of Thy remembrance, O King of all names, it likewise becometh evident that their every mention and description falleth short of Thy might and grandeur and ill beseemeth Thy loftiness and power. And yet in spite of this, O my God, Thou hast, out of the wonders of Thy grace and munificence and as a token of Thy bounty and Thy favour, enjoined upon all to make mention of Thee and to praise Thee, and hast accepted their glorification of Thee out of Thy grace and generosity. Wherefore doth Thine own Self call on Thy Self and Thy very Essence invoke Thine Essence on behalf of Thy lovers who have borne every hardship in Thy path and every adversity out of love for Thee and contentment with Thy good-pleasure, in this blessed day which Thou hast made to be a festival for the inmates of Thy kingdom and for those who have kept the Fast by Thy command and obeyed Thy resistless decree.	3.3 Pinagpala siyang nakauunawa sa Iyong namamalaging realidad at ang paglalaho ng lahat ng bagay liban sa Iyo, at kaniyang tinatanggap ang Iyong naghaharing awtoridad at ang kawalan ng kapangyarihan ng lahat liban sa Iyo. At yamang ang paglalaho ng lahat ng bagay ay napatutunayan sa harap ng dumadaluyong na karagatan ng paggunita sa Iyo, O Hari ng lahat ng mga pangalan, gayundin ay nagiging malinaw na ang kanilang bawat pagbanggit at paglalarawan ay kinakapos sa Iyong kapangyarihan at kadakilaan at hindi naaangkop sa Iyong katayugan at lakas. At gayumpaman sa kabila nito, O aking Diyos, mula sa mga kamanghaan ng Iyong biyaya at labis na kasaganaan at bilang tanda ng Iyong pagpapala at ng Iyong pabuya, ay Iyong iniatas sa lahat ng magbanggit sa Iyo at magbigay-papuri sa Iyo at tinanggap ang kanilang pagluluwalhati sa Iyo mula sa Iyong kagandahang-loob at pagiging bukas-palad. Sa gayon, ang Iyong mismong Sarili ay tumatawag sa Iyong Sarili at ang Iyong mismong Diwa ay nananawagan sa Iyong Diwa sa ngalan ng Iyong mga mangingibig na tiniis ang bawat paghihirap sa iyong landas at bawat suliranin alang-alang sa pag-ibig sa Iyo at sa kasiyahan sa Iyong mabuting kaluguran, sa pinagpalang araw na ito na Iyong ginawang maging pista para sa mga nananahan sa Iyong kaharian at para sa yaong mga isinagawa ang Pag-aayuno alinsunod sa Iyong kautusan at tumupad sa Iyong di-mapipigilang utos.
3.4 Exalted be this blessed and glorious day which Thou hast designated by that beloved Name which is both hidden and manifest, and which, when it shone forth above the horizon of eternity, the Divine Lote-Tree called out, saying: "By God! The Lord of creation hath come, Whom no name can describe." Whereupon Paradise was set astir and proclaimed with joy and fervour: "O concourse of the world! He hath come, round Whom circle the Daysprings of the All-Merciful, the Manifestations of the All-Praised, and the Dawning-Places of inspiration." And all things cried aloud: "This is that Tablet with which the kingdom of creation hath been adorned and through which the gate leading unto the Divine Presence hath been flung open unto all who are in heaven and on earth." Happy the one who hath forsaken every desire and hath drawn nigh unto the One Whose reality no word or utterance can convey.	3.4 Dakilain nawa itong pinagpala at maluwalhating araw na Iyong tinagurian ng minamahal na Pangalang iyon na kapuwa natatago at hayag, at nang sumikat ito sa itaas ng sugpungang-guhit ng kawalang-hanggan, ang Banal na Punong-Lote ay tumawag nang malakas, sinabing: "Saksi ang Diyos! Ang Panginoon ng sangnilikha ay dumating na, Siya na walang pangalan ang makapaglalarawan." Sa gayon ang Paraiso ay napakilos at ipinahayag nang buong ligaya at alab: "O Kalipunan ng daigdig! Siya ay dumating na, na sa palibot Niya ay umiikot ang mga Bukang-liwayway ng Ganap na Mahabagin, ang mga Kahayagan ng Lubos na Pinupuri, at ang mga Pook-Silangan ng inspirasyon." At ang lahat ng bagay ay sumigaw nang malakas: "Ito yaong Tabletang ipinalamuti sa kaharian ng sangnilikha at sa pamamagitan niyon ang pinto patungo sa Kinaroroonan ng Maykapal ay ibinukas sa lahat ng nasa langit at nasa lupa." Maligaya siyang nilisan ang bawat hangarin at lumapit patungo sa Kaniya na ang Kaniyang realidad ay hindi maisisiwalat ng anumang salita o wika.
3.5 By God! This is the Day whereon from the murmur of the waters can be heard: "No God is there but Him, the Help in Peril, the Self-Subsisting", and from the whispering of whose breezes can be heard: "No God	3.5 Saksi ang Diyos! Ito ang Araw kung kailan maririnig mula sa alis-is ng tubig ang: "Walang Diyos liban sa Kaniya, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap," at mula sa mga hihip ng mga simoy na

is there but Him, the Almighty, the Best-Beloved”, and from the rustling of whose trees can be heard: “No God is there but Him, the Most Powerful, the Ever-Giving, the All-Glorious, the All-Loving”, and beyond them, from the Tongue of Grandeur can be heard: “This is the Day of the appearance of Him Who is manifest yet hidden, Who is visible yet concealed. Hasten unto Him, O ye who are the daysprings of the divine names, and draw nigh unto Him, O ye who dwell in the kingdom of creation, with hearts that have been purified from superstitions and vain imaginings and sanctified from the idle talk of men!”	iyon ay maririnig: “Walang ibang Diyos liban sa Kaniya, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Pinakamamahal,” at mula sa mga alis-is ng mga puno niyon ay maririnig: “Walang Diyos liban sa Kaniya, ang Pinakamakapangyarihan, ang Laging-Nagbibigay, ang Ganap na Maluwalhati, ang Lubos na Mapagmahal,” at bukod pa sa kanila ay maririnig mula sa Dila ng Karingalan ang: “Ito ang Araw ng paglitaw Niya na Siyang hayag subalit lihim, Siyang nakikita subalit natatago. Magmadali patungo sa Kaniya, O kayong mga pinagmumulan ng mga pangalang banal, at lumapit sa Kaniya, O kayong mga nananahan sa kaharian ng kinapal, taglay ang mga pusong dinalisay mula sa mga pamahiin at walang kabuluhang mga hinagap at pinaging banal mula sa walang-kabuluhang usap-usapan ng mga tao!”
3.6 Immeasurably exalted is the state of Thy loved ones who have clung to the cord of Thy command, held fast to the hem of Thine ordinances, uttered that which hath been permitted unto them in Thy Tablets, transgressed not the bounds ordained in Thy Book, and spoken out in Thy lands with wisdom as decreed in the scrolls of Thy bounty and the epistles of Thy grace. O Lord! Assist them to arise for the triumph of Thy Cause through what Thou hast expounded unto them with Thy most exalted Pen and what Thou hast instructed them in certain of Thy Tablets. O Lord! Leave them not to themselves, but keep them safe through Thy sovereignty and power and assist them through Thy might and bounty.	3.6 Di-masukat ang kadakilaan ng kalagayan ng Iyong mga minamahal na nangapit sa kuldon ng Iyong kautusan, humawak sa laylayan ng Iyong mga batas, inusal yaong ipinahintulot sa kanila sa Iyong mga Tableta, hindi lumampas sa mga hangganang itinakda sa Iyong Aklat, at nagsalita sa Iyong mga lupain nang may karunungan sang-ayon sa iniatas sa mga pergamino ng Iyong biyaya at sa mga epistola ng Iyong pagpapala. O Panginoon! Tulungan silang magsibangon para sa tagumpay ng Iyong Kapakanan sa pamamagitan ng Iyong ipinaliwanag sa kanila gamit ang Iyong pinakadakilang Panulat at sa yaong itinuro sa kanila sa ilan sa Iyong mga Tableta. O Panginoon! Huwag silang pabayaan sa kanilang mga sarili, bagkus ay panatilihin silang ligtas sa pamamagitan ng Iyong paghahari at kapangyarihan at tulungan sila sa pamamagitan ng Iyong lakas at biyaya.
3.7 O Lord! They are Thy servants and bondsmen who have believed in Thee and have drawn nigh unto the heaven of Thy bounty. Suffer them not to be deprived of the tokens of Thy tender mercies in Thy days; neither do thou withhold from them the fragrance of the roses of Thy wisdom. Guide them then, O my God, to the ocean of Thy good-pleasure, that in Thy Name they may immerse themselves therein, and that they may not be saddened by that which their own minds have conceived, nor grieved by all that they have witnessed in Thy path. Verily Thou art the All-Powerful One Whose might every powerful one hath recognized, Whose sovereignty every possessor of majesty hath acknowledged, before the waves of the ocean of Whose knowledge every learned one confesseth his ignorance, and before the evidences of Whose power every soul endued with strength admitteth his helplessness.	3.7 O Panginoon! Ito ang Iyong mga tagapaglingkod at mga aliping nanalig sa Iyo at lumapit sa kalangitan ng Iyong biyaya. Huwag tulutang ipagkait sa kanila ang mga tanda ng Iyong masuyong habag sa Iyong mga araw; ni huwag ding ipagdamot sa kanila ang kabanguhan ng mga rosas ng Iyong karunungan. Patnubayan sila, kung gayon, O aking Diyos tungo sa karagatan ng Iyong mabuting kaluguran, nang upang magawa nilang ilubog sa Iyong Pangalan ang kanilang mga sarili roon, at nang hindi sila malungkot dahil sa sarili nilang mga kathang-isip, ni hindi malumbay sa lahat ng nasaksihan nila sa Iyong landas. Tunay na Ikaw ang Siyang Makapangyarihan na ang Kaniyang Lakas ay kinikilala ng bawat makapangyarihan, na ang Kaniyang paghahari ay tinanggap ng bawat nagtataglay ng kamahalan na, sa harap ng mga alon ng karagatan ng kaniyang kaalaman ang bawat marunong ay sumasaksi sa kaniyang kamangmangan, at sa harap ng mga katibayan ng Kaniyang kapangyarihan ang bawat kaluluwang pinagkalooban ng lakas ay umaamin sa kaniyang kawalang-kakayahan.
3.8 Thou art the One, O my God, to Whom every name is abashed to be related, and in Whose presence all things shrink for shame from being mentioned. From eternity Thou hast dwelt in those transcendent heights that are exalted above all mention and description. How	3.8 Ikaw Siya, O aking Diyos, na ang bawat pangalan ay nahihiyang maugnay sa Kaniya, at sa Kaniyang kinaroroonan ang lahat ng bagay ay nanliliit sa hiya kapag nababanggit. Mula sa kawalang-hanggan Ikaw ay nananahan doon sa nangingibabaw na mga

great are Thy sovereignty and Thy power and how mighty Thy grandeur!—this, though all things acknowledge that Thou art entirely sanctified from, and immeasurably exalted above, all but Thine own Self. Thou hast subdued the entire world through a single Word that hath been related to the kingdom of Thine utterance and from which the fragrance of the robe of Thy Command hath been wafted.	kataasang higit na mataas sa lahat ng pagbanggit at paglalarawan. Napakadakila ang Iyong paghahari at Iyong kapangyarihan at napakatindi ng Iyong karingalan!—ito ay, sa kabila ng pagtanggap ng lahat ng bagay na Ikaw ay ganap na malaya, at lubhang napakataas sa lahat ng bagay, liban sa Iyong Sarili. Iyong sinupil ang buong daigdig sa pamamagitan ng isang Salita na iniugnay sa kaharian ng Iyong pananalita at mula roon ang halimuyak ng damit ng Iyong Kautusan ay sumimoy.
3.9 O Lord of all being and Educator of all things visible and invisible! Grant us ears that are pure, hearts that are sanctified, and eyes that see, so that we may discover the sweetness of Thine enthralling utterance, may fix our gaze upon Thy supreme horizon, and may come to know whatever hath been sent down through Thy bounty, O Thou Who art the King of Names! Kindle then the fire of Thy love in Thy lands, that the hearts of Thy creatures may be set ablaze thereby, that they may turn towards Thee, may recognize Thy unity and acknowledge Thy oneness. O Lord of all names! Rend asunder before their faces the veils of glory, and make known unto them the excellence of this Day which hath been adorned with Thy Name and illumined with the light of Thy Countenance. Thou, verily, art He Whom the good works of the people can never exalt nor their evil deeds deter, Whom the ascendancy of the rulers cannot humble nor the power of the mighty vanquish. Thou doest through Thy sovereignty whatsoever Thou willest. No God is there but Thee, the All-Powerful, the Most Exalted, the All-Knowing, the All-Wise.	3.9 O Panginoon ng lahat ng umiiral at Tagapagturo ng lahat ng nakikita at di-nakikita! Ipagkaloob sa amin ang mga taingang dalisay, mga pusong banal, at mga matang nakakikita, upang matuklasan namin ang katamisan ng Iyong nakabibighaning pananalita, upang maipako namin ang aming paningin sa Iyong kataas-taasang sugpungang-guhit, at upang mabatid ang anumang ipinababa sa pamamagitan ng Iyong biyaya, O Ikaw na Siyang Hari ng mga Pangalan! Parikitin, kung gayon, ang apoy ng Iyong pag-ibig sa Iyong mga lupain, upang ang mga puso ng Iyong mga nilalang ay mag-apoy mula roon, upang bumaling sila tungo sa Iyo, at magawang makilala ang iyong pagkakaisa at tanggapin ang Iyong kaisahan. O Panginoon ng lahat ng mga Pangalan. Punitin sa harap ng kanilang mga mukha ang mga lambong ng kaluwalhatian, at ipabatid sa kanila ang kahusayan ng Araw na ito na pinalamutian ng Iyong Pangalan at natanglawan ng liwanag ng Iyong Mukha. Ikaw, sa katunayan, ang Siyang hindi kailanman madadakila ng mabubuting gawa ng mga tao, ni mapipigilan ng kanilang masasamang gawa, Siya na hindi mahahamak ng pamamayagpag ng mga namumuno ni hindi malulupig ng kapangyarihan ng mga makapangyarihan. Iyong ginagawa sa pamamagitan ng Iyong paghahari ang anumang Iyong ninanais. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Pinakadakila, ang Lubos na Nakabatid, ang Lubos na Marunong.
3.10 Send down, then, upon Thy loved ones, O my God, from the heaven of Thy bounty that which will cause them to fix their gaze upon Thee and to act in accordance with Thy will and behest. Ordain for them, then, what will profit them and preserve them, what will draw them nigh and set them free. Verily Thou art their Lord, their Creator, and their Helper. No God is there but Thee, the Ever-Forgiving, the Most Generous.	3.10 Ipababa, kung gayon, sa Iyong mga minamahal, O aking Diyos, mula sa kalangitan ng Iyong biyaya, yaong magiging sanhi ng pagpako nila ng kanilang paningin sa Iyo at ang kumilos sang-ayon sa Iyong kalooban at kautusan. Italaga para sa kanila, kung gayon, ang magbibigay-kapakinabangan sa kanila at magliligtas sa kanila, yaong maglalapit sa kanila at magpapalaya sa kanila. Tunay na Ikaw ang kanilang Panginoon, ang kanilang Manlilikha, at ang kanilang Katulong. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Laging-Nagpapatawad, ang Pinakamapagbigay.
3.11 I beseech Thee, moreover, O my God, to unite the hearts of Thy loved ones and to join them together in harmony and fellowship in Thy Cause, that naught may appear from them that would ill beseem them in Thy days. Thou, verily, art the All-Powerful, the Most Exalted, the Most High, the Most Great. Praise be to God, the Lord of the worlds!	3.11 Isinasamo ko sa Iyo, higit pa rito, O aking Diyos, na pagkaisahin ang mga puso ng Iyong mga minamahal at pagbuklurin sila sa pagkakasundo at mabuting samahan sa Iyong Kapakanan, na walang lilitaw mula sa kanila na hindi karapat-dapat sa kanila sa Iyong mga araw. Ikaw sa katunayan ang Ganap na Makapangyarihan, ang Lubos na Ipinagbubunyi, ang Pinakamataas, ang Pinakadakila. Purihin ang Diyos, ang Panginoon ng mga daigdig!

– 4 –	– 4 –
<i>He is the Ever-Living, the Ever-Abiding, the Self-Subsisting.</i>	<i>Siya ang Laging-Nabubuhay, ang Walang-maliw, ang Sariling-Ganap.</i>
4.1 God testifieth to the unity of His Godhood and to the singleness of His own Being. On the throne of eternity, from the inaccessible heights of His station, His tongue proclaimeth that there is none other God but Him. He Himself, independently of all else, hath ever been a witness unto His own oneness, the revealer of His own nature, the glorifier of His own essence. He, verily, is the All-Powerful, the Almighty, the Beauteous.	4.1 Ang Diyos ay sumasaksi sa pagkakaisa ng Kaniyang Pagka-Diyos at sa pagiging iisa ng Kaniyang Sarili. Sa trono ng kawalang-hanggan, mula sa di-maabot na mga kataasan ng kaniyang kalagayan, ang Kaniyang dila ay nagpapahayag na walang ibang Diyos liban sa Kaniya. Siya Mismo, nang malaya sa lahat ng iba, ay laging naging saksi sa Kaniyang sariling kaisahan, ang tagapagsiwalat sa Kaniyang sariling likas na katangian, ang tagapagluwalhati sa Kaniyang sariling diwa. Siya, sa katunayan, ay ang Ganap na Makapangyarihan, ang Ganap na Malakas, ang Napakaganda.
4.2 He is supreme over His servants, and standeth over His creatures. In His hand is the source of authority and truth. He maketh men alive by His signs, and causeth them to die through His wrath. He shall not be asked of His doings, and His might is equal unto all things. He is the Potent, the All-Subduing. He holdeth within His grasp the empire of all things, and on His right hand is fixed the Kingdom of His Revelation. His power, verily, embraceth the whole of creation. Victory and overlordship are His; all might and dominion are His; all glory and greatness are His. He, of a truth, is the All-Glorious, the Most Powerful, the Unconditioned.	4.2 Siya ang pinakamataas sa Kaniyang mga tagapaglingkod. Nasa Kaniyang kamay ang pinagmumulan ng awtoridad at katotohanan. Ginagawa Niyang mabuhay ang mga tao sa pamamagitan ng Kaniyang mga palatandaan, at ginagawa Niyang mamatay sila sa pamamagitan ng Kaniyang poot. Hindi itatanong sa Kaniya ang Kaniyang mga pinaggagawa, at ang Kaniyang lakas ay katumbas ng lahat ng bagay. Siya ang Mabisa, ang Nakasusupil ng Lahat. Tangan ng Kaniyang kamay ang imperyo ng lahat ng bagay, at sa Kaniyang kanang kamay ay nakatakda ang Kaharian ng Kaniyang Rebelasyon. Ang Kaniyang kapangyarihan, sa katotohanan, ay sumasaklaw sa buong sangnilikha. Ang tagumpay at paghahari ay Kaniya; ang lahat ng lakas at pamumuno ay Kaniya; ang lahat ng kaluwalhatian at kadakilaan ay Kaniya. Siya, sa katotohanan, ang Lubos na Maluwalhati, ang Pinakamakapangyarihan, ang Di-natatakdaan.
4.3 Praise be to Thee, to Whom the tongues of all created things have, from eternity, called, and yet failed to attain the heaven of Thine eternal holiness and grandeur. The eyes of all beings have been opened to behold the beauty of Thy radiant countenance, yet none hath succeeded in gazing on the brightness of the light of Thy face. The hands of them that are nigh unto Thee have, ever since the foundation of Thy glorious sovereignty and the establishment of Thy holy dominion, been raised suppliantly towards Thee, yet no one hath been able to touch the hem of the robe that clotheth Thy Divine and sovereign Essence. And yet none can deny that Thou hast ever been, through the wonders of Thy generosity and bounty, supreme over all things, art powerful to do all things, and art nearer unto all things than they are unto themselves.	4.3 Purihin Ka nawa, na Siyang tinatawagan ng mga dila ng lahat ng nilalang na bagay, mula pa sa kawalang-hanggan, tinawagan, at gayumpaman ay nabigong makarating sa kalangitan ng Iyong walang-maliw na kabanalan at karingalan. Ang mga mata ng lahat ng nilalang ay binuksan upang masilayan ang kagandahan ng Iyong maningning na mukha, gayumpaman ay walang nagtagumpay sa pagtitig sa kaningningan ng liwanag ng Iyong mukha. Ang mga kamay nilang mga malalapit sa Iyo, sa simula pa ng pagkatatag sa Iyong maluwalhating paghahari at sa pagsimula ng Iyong banal na pamumuno, ay nakataas na sa pagsamo sa Iyo, gayumpaman ay walang sinuman ang nagawang hipuin ang laylayan ng damit na nakabaro sa Iyong Banal at naghaharing Diwa. At gayumpaman ay walang makapagtatatawa na Ikaw, sa pamamagitan ng mga kamanghaan ng Iyong pagpapala at biyaya, ay patuloy na naghahari sa lahat ng bagay, at higit na malapit sa lahat ng bagay kaysa sa kanilang mga sarili.
4.4 Far be it, then, from Thy glory that anyone should gaze on Thy wondrous beauty with any eye save Thine own eye, or hear the melodies proclaiming Thine almighty sovereignty with any ear except Thine own ear.	4.4 Napakalayo, kung gayon, sa Iyong kaluwalhatian, na magagawa ng sinuman ang tumingin sa Iyong kamangha-manghang kagandahan sa pamamagitan ng alinmang mata liban sa Iyong sariling

Too high art Thou exalted for the eye of any creature to behold Thy beauty, or for the understanding of any heart to scale the heights of Thine immeasurable knowledge. For should the birds of the hearts of them that are nigh unto Thee be ever enabled to soar as long as Thine own overpowering sovereignty can endure, or to ascend as long as the empire of Thy Divine holiness can last, they shall, in no wise, be able to transcend the limitations which a contingent world hath imposed upon them, nor pass beyond its confines. How, then, can he whose very creation is restricted by such limitations, attain unto Him Who is the Lord of the Kingdom of all created things, or ascend into the heaven of Him Who ruleth the realms of loftiness and grandeur?	mata, o marinig ang mga himig na nagpapahayag sa Iyong paghaharing makapangyarihan sa pamamagitan ng alinmang tainga liban sa Iyong tainga. Labis na mataas Kang dakila para sa mata ng alinmang nilikha upang makita ang Iyong kagandahan, o para sa pag-unawa ng alinmang puso upang maabot ang mga rurok ng Iyong di-masukat na kaalaman. Sapagkat kung ang mga ibon ng mga puso nilang mga malalapit sa Iyo kailanman ay tutulutang pumailanlang sa kahabaan ng itatagal ng Iyong nakagagaping paghahari, o ang umakyat habang umiiral ang imperyo ng Iyong Santong kabanalan, sa anumang paraan ay hindi nila magagawang lampasan ang mga hangganang itinakda sa kanila ng isang walang-katiyakang daigdig, ni makalalabas sa mga saklaw nito. Paano magagawa niya, kung gayon, na ang mismong pagkalikha sa kaniya ay natatakdaan ng ganoong mga hangganan, na makarating sa Kaniya na Siyang Panginoon ng Kaharian ng lahat ng nilikhang bagay, o makapanhik sa kalangitan Niya na Siyang naghahari sa mga kaharian ng kataasan at karingalan?
4.5 Glorified, immeasurably glorified art Thou, my Best-Beloved! Inasmuch as Thou hast ordained that the utmost limit to which they who lift their hearts to Thee can rise is the confession of their powerlessness to enter the realms of Thy holy and transcendent unity, and that the highest station which they who aspire to know Thee can reach is the acknowledgement of their impotence to attain the retreats of Thy sublime knowledge, I, therefore, beseech Thee, by this very powerlessness which is beloved of Thee, and which Thou hast decreed as the goal of them that have reached and attained Thy court, and by the splendours of Thy countenance that have encompassed all things, and by the energies of Thy Will whereby the entire creation hath been generated, not to deprive them that have set their hopes in Thee of the wonders of Thy mercy, nor to withhold from such as have sought Thee the treasures of Thy grace. Ignite, then, within their hearts the torch of Thy love, that its flame may consume all else except their wondrous remembrance of Thee, and that no trace may be left in those hearts except the gem-like evidences of Thy most holy sovereignty, so that from the land wherein they dwell no voice may be heard except the voice that extolleth Thy mercifulness and might, that on the earth on which they walk no light may shine except the light of Thy beauty, and that within every soul naught may be discovered except the revelation of Thy countenance and the tokens of Thy glory, that haply Thy servants may show forth only that which shall please Thee and shall conform wholly unto Thy most potent will.	4.5 Luwalhatiin, walang-hanggang luwalhatiin Ka, aking Pinakamamah! Yamang Iyong itinalaga na ang sukdulang hangganang maaabot nilang mga nagsitaas ng kanilang mga puso tungo sa Iyo ay ang pag-amin nila sa kanilang kawalan ng kapangyarihang makapasok sa kaharian ng Iyong banal at nangingibabaw na pagkakaisa, at ang pinakamataas na kalagayang maaabot nilang mga nakarating at nakaaabot sa iyong korte at sa mga karingalan ng Iyong mukha na sumasaklaw sa lahat ng bagay, at sa mga lakas ng Iyong kalooban na sa pamamagitan niyon ang buong sangnilikha ay ginawang umiral, na huwag ipagkait sa kanilang mga umaasa sa Iyo ang mga kamanghaan ng Iyong habag, ni huwag ipagdamot sa kanilang mga naghahanap sa Iyo ang mga yaman ng Iyong biyaya. Pangingasin, kung gayon sa kanilang mga puso ang sulo ng Iyong pag-ibig, upang ang apoy nito ay tumupok sa lahat liban sa kanilang nagmamanghang paggunita sa Iyo, at upang walang matirang anumang bahid sa mga pusong iyon liban sa malahiyas na mga katibayan ng Iyong pinakabanal na paghahari, nang upang mula sa lupaing kanilang tirahan ay walang maririnig na tinig liban sa tinig na pumupuri sa Iyong kahabagan at lakas, nang upang sa lupang kanilang nilalakaran ay walang sisikat na liwanag liban sa liwanag ng Iyong kagandahan at nang upang sa loob ng bawat kaluluwa ay walang matutuklasan liban sa kapahayagan ng Iyong mukha at ng mga tanda ng Iyong kaluwalhatian, nang sakaling ipamalas ng Iyong mga tagapaglingkod ang tanging makapagpapalugod lamang sa Iyo at ganap na umaayon sa Iyong pinakamabisang kalooban.
4.6 Glory be to Thee, O my God! The power of Thy might beareth me witness! I can have no doubt that should the holy breaths of Thy loving-kindness and the breeze of Thy bountiful favour cease, for less than the twinkling of an eye, to breathe over all created things, the entire creation would perish, and all that are in heaven and on earth would be reduced to utter nothingness. Magnified, therefore, be the marvellous	4.6 Luwalhatiin Ka, O aking Diyos! Ang kapangyarihan ng Iyong lakas ay sumasaksi sa akin! Hindi ako maaaring magkaroon ng anumang pag-aalinlangan na kapag huminto nang maikli pa sa isang kisapmata ang banal na mga hihip ng Iyong mapagmahal na kabaitan at ang simoy ng Iyong masaganang biyaya, sa paghihip nito sa lahat ng nilikhang bagay, ang buong sangnilikha ay mamamatay,

evidences of Thy transcendent power! Magnified be the potency of Thine exalted might! Magnified be the majesty of Thine all-encompassing greatness, and the energizing influence of Thy will! Such is Thy greatness that wert Thou to concentrate the eyes of all men in the eye of one of Thy servants, and to compress all their hearts within his heart, and wert Thou to enable him to behold within himself all the things Thou hast created through Thy power and fashioned through Thy might, and were he to ponder, throughout eternity, over the realms of Thy creation and the range of Thy handiwork, he would unfailingly discover that there is no created thing but is overshadowed by Thine all-conquering power, and is vitalized through Thine all-embracing sovereignty.	at ang lahat ng nasa langit at nasa lupa ay mauwi sa ganap na kawalan. Dakilain, samakatwid ang kamangha-manghang mga katibayan ng Iyong nangingibabaw na kapangyarihan. Dakilain ang bisa ng Iyong ipinagbunying lakas! Dakilain ang karingalan ng Iyong kadakilaang nakasasaklaw sa lahat, at ang nakapagpapasiglang impluwensiya ng Iyong kalooban! Ganoon ang Iyong kadakilaan na kapag Iyong pagsasama-samahin ang mga mata ng lahat ng tao sa loob ng mata ng isa sa Iyong mga tagapaglingkod, at gayundin ay pagsasama-samahin ang lahat ng kanilang mga puso sa loob ng kaniyang puso, at kung Iyong tutulutan siyang makita sa loob ng kaniyang sarili ang lahat ng bagay na Iyong nilikha sa pamamagitan ng Iyong kapangyarihan, at kung siya ay magninilay-nilay, sa kahabaan ng kawalang-hanggan, tungkol sa mga kaharian ng Iyong sangnilikha at sa saklaw ng Iyong nilalang, walang salang matutuklasan niya na walang nilikhang bagay ang hindi napapailalim sa Iyong kapangyarihang nakasasakop sa lahat, at nabubuhay sa pamamagitan ng Iyong paghaharing nakasasaklaw sa lahat.
4.7 Behold me, then, O my God, fallen prostrate upon the dust before Thee, confessing my powerlessness and Thine omnipotence, my poverty and Thy wealth, mine evanescence and Thine eternity, mine utter abasement and Thine infinite glory. I recognize that there is none other God but Thee, that Thou hast no peer nor partner, none to equal or rival Thee. In Thine unapproachable loftiness Thou hast, from eternity, been exalted above the praise of any one but Thee, and shalt continue for ever, in Thy transcendent singleness and glory, to be sanctified from the glorification of any one except Thine own Self.	4.7 Masdan ako, kung gayon, O aking Diyos, na nakapatirapa sa alabok sa Iyong harapan, pinatutunayan ang aking kawalan ng lakas at ang Iyong kapangyarihan sa lahat, ang aking karukhaan at ang Iyong kayamanan, ang aking paglalaho at ang Iyong pamamalagi, ang aking ganap na pagkaaba at ang Iyong walang-hanggan kaluwalhatian. Aking kinikilala na walang ibang Diyos liban sa Iyo, na Ikaw ay walang kapantay o katuwang, na walang makapapantay o makasabay sa Iyo. Sa Iyong di-malapitang kataasan, mula pa sa kawalang-hanggan Ikaw ay higit na dakila kaysa sa papuri ng sinuman liban sa Iyo, at magpapatuloy magpakailanman, sa Iyong nangingibabaw na kaisahan at kaluwalhatian, na pinabanal mula sa pagluluwalhati ng sinuman liban sa Iyong Sarili.
4.8 I swear by Thy might, O my Beloved! To make mention of any created thing besemeth not Thy most exalted Self, and to bestow any praise upon any one of Thy creatures would be wholly unworthy of Thy great glory. Nay, such a mention would be but blasphemy uttered within the court of Thy holiness, and such praise would amount to no less than a transgression in the face of the evidences of Thy Divine sovereignty. For the mere mention of any one of Thy creatures would in itself imply an assertion of their existence before the court of Thy singleness and unity. Such an assertion would be naught but open blasphemy, an act of impiety, the essence of profanity and a wanton crime.	4.8 Sumusumpa ako sa Iyong lakas, O aking Minamahal! Ang bumanggit sa anumang nilikhang bagay ay hindi nararapat sa Iyong pinakadakilang Sarili, at ang magkaloob ng anumang papuri sa alinman sa Iyong mga nilalang ay lubos na di-angkop sa Iyong dakilang kaluwalhatian. Hindi, ang gayong pagbanggit ay pawang paglalapastangang sinambit sa loob ng korte ng Iyong kabanalan, at ang gayong papuri ay katumbas lamang ng paglalabag sa harap ng mga katibayan ng Iyong Banal na paghahari. Sapagkat ang mismong pagbanggit pa lamang sa alinman sa Iyong mga nilalang ay nagpapahiwatig na ipinangangalandakan ang kanilang pagkairal sa harap ng korte ng Iyong kaisahan at pagkakaisa. Ang gayong pangangalandakan ay walang iba kundi hayag na paglalapastangan sa Diyos, isang kilos ng kawalan ng kabutihan, ng pinakadiwa ng pagmumura at isang malaswang krimen.
4.9 Wherefore, I bear witness with my soul, my spirit, my entire being, that should They Who are the Daysprings of Thy most holy unity and the Manifestations of Thy transcendent oneness be able to soar so long as Thine own sovereignty endureth and	4.9 Samakatwid ay sumasaksi ako sa pamamagitan ng aking kaluluwa, ng aking espiritu, ng aking buong pagkatao, na kung magagawa Nila na Silang mga Pook-Silangan ng Iyong pinakabanal na pagkakaisa at ang mga Kahayagan ng Iyong nangingibabaw na

Thine all-compelling authority can last, they will fail in the end to attain unto even the precincts of the court wherein Thou didst reveal the effulgence of but one of Thy most mighty Names. Glorified, glorified be, therefore, Thy wondrous majesty. Glorified, glorified be Thine unattainable loftiness. Glorified, glorified be the pre-eminence of Thy kingship and the sublimity of Thine authority and power.	kaisahan ang pumailanlang habang tumatagal ang Iyong sariling paghahari at ang Iyong awtoridad na nakapipilit sa lahat, sa wakas ay mabibigo Silang marating ang kahit kapaligiran lamang ng korte kung saan Iyong ibinunyag ang karingalan ng isa lamang sa Iyong pinakamakapangyarihang mga Pangalan. Luwalhatiin, luwalhatiin, kung gayon, ang Iyong kamangha-manghang kamahalan. Luwalhatiin, luwalhatiin ang Iyong di-maabot na kataasan. Luwalhatiin, luwalhatiin ang nangungunang kabantugan ng Iyong paghahari at ang sukdulang kataasan ng Iyong awtoridad at kapangyarihan.
4.10 The highest faculties which the learned have possessed, and whatsoever truths they, in their search after the gems of Thy knowledge, have discovered; the brightest realities with which the wise have been endowed, and whatever secrets they, in their attempts to fathom the mysteries of Thy wisdom, have unravelled, have all been created through the generative power of the Spirit that was breathed into the Pen which Thy hands have fashioned. How, then, can the thing which Thy Pen hath created be capable of comprehending those treasures of Thy Faith with which, as decreed by Thee, that Pen hath been invested? How can it ever know of the Fingers that grasp Thy Pen, and of Thy merciful favours with which it hath been endowed? How can it, already unable to reach this station, be made aware of the existence of Thy Hand that controlleth the Fingers of Thy might? How can it attain unto the comprehension of the nature of Thy Will that animateth the movement of Thy Hand?	4.10 Ang pinakamataas na mga kakayahang taglay ng mga dalubhasa, at ang anumang mga katotohanang kanilang natuklasan sa kanilang paghahanap sa mga hiyas ng kaalaman; ang pinakamaningning na mga realidad na ipinagkaloob sa mga marunong, at anumang mga lihim, ang kanilang natastas sa kanilang mga pagsisikap na maarok ang mga hiwaga ng Iyong karunungan, ang lahat ay nilikha sa pamamagitan ng mapanlikhang kapangyarihan ng Espiritung inihinga sa Panulat na hinugis ng Iyong mga kamay. Kung gayon, ay paano magagawa ng bagay na nilikha ng Iyong Panulat ang unawain yaong mga kayamanan ng Iyong Pananampalataya na, sang-ayon sa Iyong iniutos, ay iginawad sa Panulat na iyon? Kailanman ay paano nito malalaman ang tungkol sa mga Daliring humahawak sa Iyong Panulat, at ang Iyong mahabaging mga biyaya na ipinagkaloob sa Kaniya? Paano nito magagawa, yamang hindi na nga maabot ang kalagayang ito, na mabatid ang pag-iral ng Iyong Kamay na nagpapakilos sa mga Daliri ng Iyong kapangyarihan? Paano nito matatamo ang pag-unawa sa likas na katangian ng Iyong Kalooban na nagbibigay-sigla sa pagkilos ng Iyong Kamay?
4.11 Glorified, glorified be Thou, O my God! How can I ever hope to ascend into the heaven of Thy most holy will, or gain admittance into the tabernacle of Thy Divine knowledge, knowing as I do that the minds of the wise and learned are impotent to fathom the secrets of Thy handiwork—a handiwork which is itself but a creation of Thy will?	4.11 Luwalhati, luwalhati ang mapasa-Iyo, O aking Diyos! Paano pa ako makaaasang mak-akyat sa kalangitan ng Iyong pinakabanal na kalooban, o makapasok sa tabernakulo ng Iyong Banal na kaalaman, yamang batid kong ang mga kaisipan ng marurunong at mga dalubhasa ay walang kakayahang arukin ang mga lihim ng Iyong nilikha—isang nilikhang pawang nilikha lamang ng Iyong kalooban?
4.12 Praise be to Thee, O Lord, my God, my Master, my Possessor, my King. Now that I have confessed unto Thee my powerlessness and the powerlessness of all created things, and have acknowledged my poverty and the poverty of the entire creation, I call unto Thee with my tongue and the tongues of all that are in heaven and on earth, and beseech Thee with my heart and the hearts of all that have entered beneath the shadow of Thy names and Thine attributes, not to shut us from the doors of Thy loving-kindness and grace, nor to suffer the breeze of Thy bountiful care and favour to cease from being wafted over our souls, nor to permit that our hearts be occupied with any one except Thee, or our minds to be busied with any remembrance save remembrance of Thy Self.	4.12 Purihin Ka, O Panginoon, aking Diyos, aking Sinusunod, aking Nagmamay-ari, aking Hari. Ngayon na aking sinaksihan sa Iyo ang aking kawalan ng lakas at ang kawalan ng lakas ng lahat ng nilikhang bagay, at kinilala ang aking karukhaan at ang karukhaan ng buong sangnilikha, tumatawag ako sa Iyo sa pamamagitan ng aking dila at ng mga dila ng lahat ng nasa langit at nasa lupa, at sumasamo sa Iyo sa pamamagitan ng aking puso at ng mga puso ng lahat ng nakapasok sa ilalim ng lilim ng Iyong mga pangalan at Iyong mga katangian, na huwag isara sa amin ang mga pinto ng iyong mapagmahal na kabutihang-loob at biyaya, ni huwag tulutang huminto ang paghihip ng simoy ng Iyong masaganang pagkalinga at pagpapala sa aming mga kaluluwa, ni huwag tulutang maging abala ang aming mga puso sa kanino man liban sa Iyo, o ang paggunita

	ng aming mga isipan sa anumang alaala liban sa pag-alaala sa Iyong Sarili.
4.13 By the glory of Thy might, O my God! Wert Thou to set me king over Thy realms, and to establish me upon the throne of Thy sovereignty, and to deliver, through Thy power, the reins of the entire creation into my hands, and wert Thou to cause me, though it be for less than a moment, to be occupied with these things and be oblivious of the wondrous memories associated with Thy most mighty, most perfect, and most exalted Name, my soul would still remain unsatisfied, and the pangs of my heart unstilled. Nay, I would, in that very state, recognize myself as the poorest of the poor, and the most wretched of wretches.	4.13 Saksi ang kaluwalhatian ng Iyong lakas, O aking Diyos! Kung Iyong gagawin akong hari ng Iyong mga kaharian, at iluluklok ako sa trono ng Iyong paghahari, at sa pamamagitan ng Iyong kapangyarihan, ay ilalagay sa aking mga kamay ang mga renda ng buong sangnilikha, at kung Iyong gagawin na ako ay maging abala, nang kahit na maikli pa sa isang saglit, sa mga bagay na ito at malimot ang kamangha-manghang mga alaalang kaugnay ng Iyong pinakamakapangyarihan, pinakaganap, at pinakadakilang Pangalan, ang aking kaluluwa ay mananatiling di-nasisiyahan, at ang mga kirot ng aking puso ay di-humihinto. Hindi lamang iyon, sa mismong kalagayang iyon, ay makikilala ko ang aking sarili bilang pinakadukha sa lahat ng dukha, at pinakamalungkot sa lahat ng malungkot.
4.14 Magnified be Thy name, O my God! Now that Thou hast caused me to apprehend this truth, I beseech Thee by Thy Name which no scroll can bear, which no heart can imagine and no tongue can utter—a Name which will remain concealed so long as Thine own Essence is hidden, and will be glorified so long as Thine own Being is extolled—to unfurl, ere the present year draw to a close, the ensigns of Thine undisputed ascendancy and triumph, that the whole creation may be enriched by Thy wealth, and may be exalted through the ennobling influence of Thy transcendent sovereignty, and that all may arise and promote Thy Cause.	4.14 Dakilain ang Iyong Pangalan, O aking Diyos! Ngayong ginawa Mong maunawaan ko ang katotohanang ito, isinasamo ko sa Iyong Pangalang di-kayang taglayin ng anumang pergamino, na di-malirip ng anumang puso at di-mawika ng anumang dila—isang Pangalang mananatiling natatago habang ang Iyong sariling Diwa ay natatago, at luluwalhatiin habang ang Iyong sariling Pag-iral ay niluluwalhati—na iladlad, bago magwakas ang kasalukuyang taon, ang mga watawat ng Iyong di-matutulang pangingibabaw at tagumpay, nang upang ang buong sangnilikha ay yumaman mula sa Iyong kayamanan, at maging dakila sa pamamagitan ng nakapagpaparangal na impluwensiya ng Iyong nangingibabaw na paghahari, at nang upang ang lahat ay magsibangon upang itaguyod ang Iyong Kapakanan.
4.15 Thou art, verily, the Almighty, the All-Highest, the All-Glorious, the All-Subduing, the All-Possessing.	4.15 Ikaw, sa katotohanan, ay ang Ganap na Makapangyarihan, ang Lubos na Mataas, ang Lubos na Maluwalhati, ang Lubos na Nakalulupig, ang Lubos na Nagmamay-ari.

– 5 –	– 5 –
<i>He is the Sovereign King, the Holy of Holies.</i>	<i>Siya ang Namumunong Hari, ang Banal sa mga Banal.</i>
5.1 Praise be unto Thee, O Lord my God! This is that Day among Thy Days and that Hour among Thy blessed Hours which Thou hast reserved for Thine own Self, related to Thine own Being, and exalted in station, that Thy Name may endure and Thy sovereignty be made manifest. Thou hast made this Day to be the source of all days, inasmuch as Thou hast showered upon it the revelations of the Throne of Thy majesty and the signs of Thy transcendent favour. Thou hast created it anew, at this time, in the most excellent form in this ancient Temple, so that on this Day, and by its grace, all the dwellers of earth and heaven might be raised again to life and, unbeknownst to and unapprehended by all, be called upon to render account regarding Thy Self. Perchance Thy sacred and celestial blessings and Thy divine and glorious bestowals might be completed	5.1 Purihin Ka nawa, O Panginoon kong Diyos! Ito ang Araw na iyon sa Iyong mga Araw at ang Oras na iyon sa Iyong pinagpalang mga Oras na Iyong inilaan para sa Iyong Sarili, iniugnay sa Iyong Sarili, at dinakila ang kalagayan, upang ang Iyong Pangalan ay mamalagi at ang Iyong paghahari ay maging hayag. Iyong ginawa ang Araw na ito na maging pinagmumulan ng lahat ng mga araw, yamang Iyong pinaulan dito ang mga kapahayagan ng Trono ng Iyong kamahalan at mga palatandaan ng Iyong nangingibabaw na pagpapala. Iyong muli itong ginawa, sa panahong ito, sa pinakamahusay na anyo sa napakatandang Templo na ito, upang sa Araw na ito, at sa pamamagitan ng biyaya nito, ang lahat ng mga nananahan sa lupa at langit ay muling mabuhay at, nang hindi nalalaman at hindi nauunawaan ng lahat, ay tatawagin upang

therein, that they may testify to the creation of all things on the Day of Thy presence and to the appearance of Thy days and the dawning of the Sun of Thy beauty.	magbigay-sulit kaugnay ng Iyong Sarili. Sakaling ang Iyong banal at makalangit na mga pagpapala at ang Iyong banal at maluwalhating mga kaloob ay matupad doon, nang upang magawa nilang sumaksi sa paglilikha ng lahat ng bagay sa Araw ng Iyong pagdating at sa pagsapit ng Iyong mga araw at ng pamimitak ng Araw ng Iyong kagandahan.
5.2 Even as mention was made of this signal honour and supreme bounty, of the ecstasy of yearning for Thee, the ascendancy of Thine all-conquering love, and the transports of Thy holy rapture, I heard the call of one of Thy servants who hath believed in Thee and in Thy signs, who hath renounced all things, turned towards the Countenance of Thy beauty, and hastened through every region unto the habitation of Thy repose. He hath at last reached Thy door and stood before the light of Thine everlasting holiness that hath shone forth above the horizon of Thy oneness and the dayspring of Thine eternity, longing to ascend unto the heights of Thy presence and reunion and to abide upon the seat of Thy nearness within Thy sacred Precinct. Cause, then, O my God, the dove of yearning to soar within his heart, and the seas of Thy love to surge within his inmost being, and the matchless tokens of Thy remembrance to flow from his tongue, and the gems of Thy praise to issue from his spirit. Draw him ever nearer, O my Lord, that he may be enabled to safeguard within the inmost recesses of his heart this most brilliant light and hidden treasure, and that he may thus dwell with Thy Servant in Thy most exalted horizon and all-glorious realm.	5.2 Habang binabanggit itong bukod-tanging karangalan at sukdulang biyaya, ng matinding kaligayahan ng pananabik sa Iyo, ng pangingibabaw ng Iyong pag-ibig na nakasasakop sa lahat, at ng matitinding damdamin ng Iyong banal na kaligayahan, narinig Ko ang panawagan ng isa sa Iyong mga tagapaglingkod na nananalig sa Iyo at sa Iyong mga palatandaan, na tinalikuran ang lahat ng bagay, bumaling tungo sa Mukha ng Iyong kagandahan, at nagmadaling dumaan sa bawat rehiyon patungo sa tahanan ng Iyong pamamahinga. Sa wakas ay umabot siya sa Iyong pintuan at tumayo sa harap ng sugpungang-guhit ng Iyong kaisahan at ng pinagmumulan ng Iyong kawalang-hanggan, nananabik na makapanhik sa mga rurok ng Iyong kinaroroonan at muling pagsasama at nang manahan sa upuan ng pagiging malapit sa Iyo sa loob ng Iyong banal na Hangganan. Gawin, kung gayon, O aking Diyos, na makalipad ang kalapati ng pananabik sa loob ng kaniyang puso, at na dumaluyong ang mga karagatan ng pag-ibig sa Iyo sa kaniyang kaloob-loobang pagkatao, at na dumaloy mula sa kaniyang dila ang walang-kahalintulad na mga tanda ng paggunita sa Iyo, at na lumabas mula sa kaniyang espiritu ang mga hiyas ng papuri sa Iyo. Patuloy na ilapit siya, O aking Panginoon, upang magawa niyang pangalagaan sa kaloob-loobang mga taguan ng kaniyang puso itong pinakamaningning na liwanag at natatagong yaman, at nang sa gayon ay magawa niyang manahan kasama ng Iyong Tagapaglingkod sa Iyong kataas-taasang guhit-tagpuan at kahariang maluwalhati sa lahat.
5.3 Thou, verily, abidest even now in Thine everlasting habitation, and beholdest this crimson spirit, and hearest this most sweet melody in the midmost heart of the Divine Essence, the centre of the Realm of mysteries. Powerful art Thou to do what Thou wilt. Thou, verily, art the Exalted, the Almighty, the All-Glorious, the Self-Subsisting.	5.3 Ikaw, sa katunayan, ay nananahan kahit ngayon sa Iyong walang-maliw na tahanan, at pinagmamasdan itong espiritung krimson, at naririnig itong pinakamatamis na himig sa kaibuturang puso ng Diwang Banal, ang sentro ng Kaharian ng mga hiwaga. Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ninanais. Ikaw, sa katunayan, ang Dakila, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Lubos na Maluwalhati, ang Sariling-Ganap.

Ridván	Ridván
– 6 –	– 6 –
<i>In the name of Him Who hath cast His splendour over the entire creation!</i>	<i>Sa ngalan Niya na Siyang nagsabog ng Kaniyang karingalan sa buong kinapal!</i>
6.1 The Divine Springtime is come, O Most Exalted Pen, for the Festival of the All-Merciful is fast approaching. Bestir thyself, and magnify, before the entire creation, the name of God, and celebrate His	6.1 Ang Banal na Tagsibol ay sumapit na, O Pinakadakilang Panulat, dahil ang Pista ng Lubos na Mahabagin ay mabilis na papalapit. Pakilusin ang iyong sarili at dakilain, sa harap ng buong sangnilikha, ang

praise, in such wise that all created things may be regenerated and made new. Speak, and hold not thy peace. The day-star of blissfulness shineth above the horizon of Our name, the Blissful, inasmuch as the kingdom of the names of God hath been adorned with the ornament of the name of thy Lord, the Creator of the heavens. Arise before the nations of the earth, and arm thyself with the power of this Most Great Name, and be not of those who tarry.	ngalan ng Diyos, at ipagdiwang ang Kaniyang papuri, sa ganoong paraan na ang lahat ng nilikhang bagay ay muling magkakabuhay at magiging bago. Magsalita, at huwag pigilan ang iyong sarili. Ang bituing-araw ng kaligayahan ay sumisikat sa itaas ng sugpungang-guhit ng Aming pangalan, ang Maligaya, yamang ang kaharian ng ngalan ng Diyos ay ginayakan ng palamuti ng pangalan ng iyong Panginoon, ang Maylikha ng mga langit. Bumangon sa harap ng mga bansa ng daigdig, at sandatahan ang iyong sarili ng kapangyarihan nitong Pinakadakilang Pangalan, at huwag mabilang sa mga nag-aatubili.
6.2 Methinks that thou hast halted and movest not upon My Tablet. Could the brightness of the Divine Countenance have bewildered thee, or the idle talk of the froward filled thee with grief and paralysed thy movement? Take heed lest anything deter thee from extolling the greatness of this Day—the Day whereon the Finger of majesty and power hath opened the seal of the Wine of Reunion, and called all who are in the heavens and all who are on the earth. Preferrest thou to tarry when the breeze announcing the Day of God hath already breathed over thee, or art thou of them that are shut out as by a veil from Him?	6.2 Wari Ko’y ikaw ay huminto at hindi kumikilos sa Aking Tableta. Ikaw ba ay nasilaw ng liwanag ng Banal na Mukha, o napuno ka ba ng pighati at nalumpo sa pagkilos dahil sa walang-katuturang mga salita ng mga suwail? Mag-ingat na walang makapigil sa iyo mula sa pagpuri sa kadakilaan ng Araw na ito—ang Araw kung kailan binuksan ng Daliri ng kamahalan at kapangyarihan ang selyo ng Alak ng Muling Pagsasama, at tinawag ang lahat ng mga nasa langit at ang lahat ng mga nasa lupa. Pipiliin mo bang mag-atubili kung kailan ang simoy na nagpapahayag ng Araw ng Diyos ay humihihip na sa iyo, o ikaw ba ay nabibilang sa kanilang mga nasasarhan ng lambong mula sa Kaniya?
6.3 No veil whatever have I allowed, O Lord of all names and Creator of the heavens, to shut me from the recognition of the glories of Thy Day—the Day which is the lamp of guidance unto the whole world, and the sign of the Ancient of Days unto all them that dwell therein. My silence is by reason of the veils that have blinded Thy creatures’ eyes to Thee, and my muteness is because of the impediments that have hindered Thy people from recognizing Thy truth. Thou knowest what is in me, but I know not what is in Thee. Thou art the All-Knowing, the All-Informed. By Thy name that excelleth all other names! If Thy overruling and all-compelling behest should ever reach me, it would empower me to revive the souls of all men, through Thy most exalted Word, which I have heard uttered by Thy Tongue of power in Thy Kingdom of glory. It would enable me to announce the revelation of Thy effulgent countenance wherethrough that which lay hidden from the eyes of men hath been manifested in Thy name, the Perspicuous, the sovereign Protector, the Self-Subsisting.	6.3 Walang anumang lambong ang hinayaan ko, O Panginoon ng lahat ng mga pangalan at Maylikha ng mga langit, na magsara sa akin mula sa pagkilala sa mga kaluwalhatian ng Iyong Araw—ang Araw na siyang ilawan ng pamamatnubay sa buong daigdig at ang palatandaan ng Napakatanda ng mga Araw para sa lahat ng mga nananahan doon. Ang katahimikan ko ay bunga ng mga lambong na bumulag sa mga mata ng Iyong mga nilikha na hindi Ka makita, at ang aking pagkapipi ay dahil sa mga sagabal na pumigil sa Iyong mga tao na makilala ang Iyong katotohanan. Batid Mo kung ano ang nasa akin, subalit hindi ko nalalaman kung ano ang nasa sa Iyo. Ikaw ang Ganap na Marunong, ang Lubos na Nakabatid. Saksi ang Iyong pangalang nakahihigit sa lahat ng ibang mga pangalan! Kung ang Iyong nananaig at nakapipilit sa lahat na utos ay umabot man sa akin, bibigyan ako nito ng kapangyarihang muling buhayin ang mga kaluluwa ng lahat ng tao, sa pamamagitan ng Iyong pinakadakilang Salita na narinig kong inusal ng Iyong Dila ng kapangyarihan sa Iyong Kaharian ng kaluwalhatian. Bibigyan ako nito ng kakayahang ipahayag ang pagsisiwalat ng Iyong nagniningning na mukha na sa pamamagitan nito yaong natatago mula sa mga mata ng tao ay naihayag sa Iyong pangalan, ang Malinaw, ang naghaharing Tagapangalaga, ang Sariling-Ganap.
6.4 Canst thou discover any one but Me, O Pen, in this Day? What hath become of the creation and the manifestations thereof? What of the names and their kingdom? Whither are gone all created things, whether seen or unseen? What of the hidden secrets of the universe and its revelations? Lo, the entire creation hath passed away! Nothing remaineth except My Face, the Ever-Abiding, the Resplendent, the All-Glorious.	6.4 May matutuklasan ka bang iba liban sa Akin, O Panulat, sa Araw na ito? Nasaan ang sangnilikha at ang mga kahayagan nito? At nasaan ang mga pangalan at ang kanilang mga kaharian? Saan naparoon ang lahat ng nilikhang bagay, ng nakikita man o di-nakikita? Nasaan ang natatagong mga lihim ng sanlibutan at ang mga kahayagan nito? Masdan, ang buong sangnilikha ay naglaho na! Walang naiwan liban sa Aking Mukha, ang

	Walang-maliw, ang Maningning, ang Lubos na Maluwalhati.
6.5 This is the Day whereon naught can be seen except the splendours of the Light that shineth from the face of Thy Lord, the Gracious, the Most Bountiful. Verily, We have caused every soul to expire by virtue of Our irresistible and all-subduing sovereignty. We have, then, called into being a new creation, as a token of Our grace unto men. I am, verily, the All-Bountiful, the Ancient of Days.	6.5 Ito ang Araw na walang makikita liban sa mga karingalan ng Liwanag na sumisikat mula sa mukha ng Iyong Panginoon, ang Magiliw, ang Pinakabukas-palad. Tunay na ginawa Naming mamatay ang bawat kaluluwa sa pamamagitan ng bisa ng Aming paghaharing hindi malalabanan at nakalulupig sa lahat. Kung gayon ay gumawa Kami ng bagong sangnilikha, bilang tanda ng Aming biyaya sa mga tao. Ako, sa katunayan, ang Lubos na Mapagbigay-biyaya, ang Matanda sa mga Araw.
6.6 This is the Day whereon the unseen world crieth out: "Great is thy blessedness, O earth, for thou hast been made the footstool of thy God, and been chosen as the seat of His mighty throne." The realm of glory exclaimeth: "Would that my life could be sacrificed for thee, for He Who is the Beloved of the All-Merciful hath established His sovereignty upon thee, through the power of His Name that hath been promised unto all things, whether of the past or of the future." This is the Day whereon every sweet smelling thing hath derived its fragrance from the smell of My garment—a garment that hath shed its perfume upon the whole of creation. This is the Day whereon the rushing waters of everlasting life have gushed out of the Will of the All-Merciful. Haste ye, with your hearts and souls, and quaff your fill, O Concourse of the realms above!	6.6 Ito ang Araw na isinisigaw ng di-nakikitang daigdig ang: "Napakalaki ng iyong pagpapala, O daigdig, dahil ikaw ay ginawang patungan ng paa ng iyong Diyos, at napili kang luklukan ng Kaniyang pinakamakapangyarihang trono." Ibinulalas ng kaharian ng kaluwalhatian ang, "Nawa'y maialay ang aking buhay para sa iyo, dahil ang paghahari Niya na Siyang Minamahal ng Lubos na Mahabagin ay itinatag sa iyo, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kaniyang Pangalan na ipinangako sa lahat ng bagay, maging ng nakaraan man o ng hinaharap." Ito ang Araw na natamo ng bawat mabangong bagay ang kaniyang halimuyak mula sa simoy ng Aking damit—isang damit na nagbibigay ng kaniyang pabango sa buong sangnilikha. Ito ang Araw na bumubulwak mula sa Kalooban ng Lubos na Mahabagin ang umaagos na tubig ng walang-hanggang buhay. Magmadali kayo, sa inyong mga puso't kaluluwa, at uminom hanggang kabusugan, O Kalipunan ng mga kaharian sa itaas!
6.7 Say: He it is Who is the Manifestation of Him Who is the Unknowable, the Invisible of the Invisibles, could ye but perceive it. He it is Who hath laid bare before you the hidden and treasured Gem, were ye to seek it. He it is Who is the one Beloved of all things, whether of the past or of the future. Would that ye might set your hearts and hopes upon Him!	6.7 Sabihin: Siya itong Kahayagan Niya na Di-maarok, ang Di-nakikita ng mga Di-nakikita, kung batid lamang ninyo. Siya itong nagsiwalat sa harap ninyo ng natatago at iniingatang Hiyas, kung hahanapin lamang ninyo. Siya itong minamahal ng lahat ng bagay, maging ng nakaraan o ng hinaharap. Nawa'y ipako ninyo ang inyong mga puso at ang inyong mga pag-asa sa Kaniya.
6.8 We have heard the voice of thy pleading, O Pen, and excuse thy silence. What is it that hath so sorely bewildered thee?	6.8 Narinig namin ang tinig ng iyong pakikisuyo, O Panulat, at pinatatawad ang iyong pananahimik. Ano ang lubos na tumuliro sa iyo?
6.9 The inebriation of Thy presence, O Well-Beloved of all worlds, hath seized and possessed me.	6.9 Ang pagkalasing sa Iyong piling, O Minamahal ng mga daigdig, ay sumunggab at humawak sa akin.
6.10 Arise, and proclaim unto the entire creation the tidings that He Who is the All-Merciful hath directed His steps towards the Ridván and entered it. Guide, then, the people unto the garden of delight which God hath made the Throne of His Paradise. We have chosen thee to be Our most mighty Trumpet, whose blast is to signalize the resurrection of all mankind.	6.10 Bumangon, at ipahayag sa buong sangnilikha ang balita na Siyang Lubos na Mahabagin ay nagdako ng Kaniyang mga hakbang tungo sa Ridván at pumasok doon. Patnubayan, kung gayon, ang mga tao tungo sa hardin ng kalugurang ginawa ng Diyos upang maging Trono ng Kaniyang paraiso. Hinirang ka Namin na maging Aming pinakamalakas na Pakakak, na ang pagtunog nito ay nagpapahiwatig sa muling pagkabuhay ng buong sangkatauhan.
6.11 Say: This is the Paradise on whose foliage the wine of utterance hath imprinted the testimony: "He that was hidden from the eyes of men is revealed, girded with sovereignty and power!" This is the Paradise the	6.11 Sabihin: Ito ng Paraiso na sa mga dahon nito ang alak ng pananalita ay umukit ng patotoo na: "Siyang itinago mula sa mata ng tao ay naihayag, na nasisinturunan ng paghahari at kapangyarihan!" Ito ang

rustling of whose leaves proclaimeth: “O ye that inhabit the heavens and the earth! There hath appeared what hath never previously appeared. He Who, from everlasting, had concealed His Face from the sight of creation is now come.” From the whispering breeze that wafteth amidst its branches there cometh the cry: “He Who is the sovereign Lord of all is made manifest. The Kingdom is God’s,” while from its streaming waters can be heard the murmur: “All eyes are gladdened, for He Whom none hath beheld, Whose secret no one hath discovered, hath lifted the veil of glory, and uncovered the countenance of Beauty.”	Paraíso, na ang pagkaluskos ng mga dahon nito ay nagpahayag na: “O kayong mga nananahan sa kalangitan at kalupaan! Lumitaw na yaong hindi pa kailanman lumilitaw. Siyang itinago, mula sa kawalang-hanggan, ang Kaniyang Mukha mula sa paningin ng sangnilikha ay dumating na ngayon.” Mula sa bumubulong na hanging sumisimoy sa mga sanga nito ay nagbuhat ang sigaw: “Siyang naghaharing Panginoon ng lahat ay ginawang mahayag. Ang Kaharian ay sa Diyos” samantalang mula sa dumadaloy na mga tubig nito ay maririnig ang bulong na: “Ang lahat ng mga mata ay pinaligaya sapagkat Siyang wala pang nakakita ay nasilayan, na ang Kaniyang lihim na wala pang nakatutuklas, ay itinaas ang lambong ng luwalhati, at inalisan ng takip ang mukha ng Kagandahan.”
6.12 Within this Paradise, and from the heights of its loftiest chambers, the Maids of Heaven have cried out and shouted: “Rejoice, ye dwellers of the realms above, for the fingers of Him Who is the Ancient of Days are ringing, in the name of the All-Glorious, the Most Great Bell, in the midmost heart of the heavens. The hands of bounty have borne round the cup of everlasting life. Approach, and quaff your fill. Drink with healthy relish, O ye that are the very incarnations of longing, ye who are the embodiments of vehement desire!”	6.12 Sa loob ng Paraisong ito, at mula sa mga rurok ng pinakamataas na mga silid nito, ang mga Dilag ng Langit ay bumulalas at isinigaw: “Magdiwang, O kayong mga nananahan sa mga kaharian sa kaitaasan, sapagkat ang mga daliri Niya na Siyang Napakatanda sa mga Araw ay binabatingting, sa ngalan ng Ganap na Maluwalhati, ang Pinakadakilang Kampana, sa kaibuturang puso ng mga kalangitan. Inililibot ng mga kamay ng biyaya ang kopa ng walang-hanggang buhay. Lumapit, at uminom hanggang kabusugan. Uminom sa nakapagpapalusog na pagnanamnam, O kayong mga mismong katawang-lupa ng pagnanasa, kayong mga kinatawan ng matinding paghahangad!”
6.13 This is the Day whereon He Who is the Revealer of the names of God hath stepped out of the Tabernacle of glory, and proclaimed unto all who are in the heavens and all who are on the earth: “Put away the cups of Paradise and all the life-giving waters they contain, for lo, the people of Bahá have entered the blissful abode of the Divine Presence, and quaffed the wine of reunion, from the chalice of the beauty of their Lord, the All-Possessing, the Most High.”	6.13 Ito ang Araw kung kailan Siyang Tagapagbunyag ng mga Pangalan ng Diyos ay humakbang palabas mula sa Tabernakulo ng luwalhati, at ipinahayag sa lahat ng nasa langit at sa lahat ng nasa lupa: “Iligpit na ang mga kopa ng Paraíso at ang lahat ng nagbibigay-buhay na mga tubig niyon, sapagkat masdan, ang mga tao ni Bahá, ay pumasok na sa maligayang tahanan ng Kinaroroonan ng Poong Maykapal, at uminom ng alak ng muling pagsasama mula sa kalis ng kanilang Panginoon, ang Nagtataglay ng Lahat, ang Pinakamataas.”
6.14 Forget the world of creation, O Pen, and turn thou towards the face of thy Lord, the Lord of all names. Adorn, then, the world with the ornament of the favours of thy Lord, the King of everlasting days. For We perceive the fragrance of the Day whereon He Who is the Desire of all nations hath shed upon the kingdoms of the unseen and of the seen the splendour of the light of His most excellent names, and enveloped them with the radiance of the luminaries of His most gracious favours—favours which none can reckon except Him, Who is the omnipotent Protector of the entire creation.	6.14 Limutin ang daigdig ng sangnilikha, O Panulat, at bumaling ka tungo sa mukha ng iyong Panginoon, ang Panginoon ng lahat ng mga pangalan. Gayakan, kung gayon, ang daigdig sa pamamagitan ng palamuti ng mga pabuya ng iyong Panginoon, ang Hari ng di-nagmamaliw na mga araw. Sapagkat dama Namin ang kabanguhan ng Araw kung kailan ay ginawa Niya na Siyang Mithiin ng lahat ng mga bansa ang pasikatin sa mga kahariang nakikita at di-nakikita ang karingalan ng liwanag ng Kaniyang pinakamahasag na mga pangalan, at binalot ang mga iyon ng kaningningan ng mga tanglaw ng Kaniyang pinakamapagpalang mga biyaya—mga biyayang walang makatutuos liban sa Kaniya na Siyang makapangyarihan sa lahat na Tagapangalaga sa buong kinapal.
6.15 Look not upon the creatures of God except with the eye of kindliness and of mercy, for Our loving providence hath pervaded all created things, and Our grace encompassed the earth and the heavens. This is the	6.15 Huwag tumingin sa mga nilikha ng Diyos liban sa pamamagitan ng mata ng kabaitan at ng habag, sapagkat ang Aming nagmamahal na kalinga ay lagang sa lahat ng nilikhang bagay, at ang Aming pagpapala ay

Day whereon the true servants of God partake of the life-giving waters of reunion, the Day whereon those that are nigh unto Him are able to drink of the soft-flowing river of immortality, and they who believe in His unity, the wine of His Presence, through their recognition of Him Who is the Highest and Last End of all, in Whom the Tongue of Majesty and Glory voiceth the call: "The Kingdom is Mine. I, Myself, am, of Mine own right, its Ruler."	sumasaklaw sa lupa at langit. Ito ang Araw kung kailan ang tunay na mga tagapaglingkod ng Diyos ay nakikibahagi sa nagbibigay-buhay na mga tubig ng muling pagsasama, ang Araw kung kailan yaong mga malalapit sa Kaniya ay nagagawang uminom mula sa mahinay na dumadaloy na ilog ng walang-hanggang buhay, at silang mga naniniwala sa Kaniyang pagkakaisa, ng alak ng Kaniyang Kinaroroonan, sa pamamagitan ng pagkilala nila sa Kaniya na Siyang Pinakamataas at Huling Layunin ng lahat, na sa Kaniya ang Dila ng Kamahalan at Kaluwalhatian ay nagwiwika ng panawagang: "Ang Kaharian ay Akin. Ako, sa Aking sarili, sa Aking mismong karapatan, ang Hari niyon."
6.16 Attract the hearts of men, through the call of Him, the one alone Beloved. Say: This is the Voice of God, if ye do but hearken. This is the Dayspring of the Revelation of God, did ye but know it. This is the Dawning-Place of the Cause of God, were ye to recognize it. This is the Source of the commandment of God, did ye but judge it fairly. This is the manifest and hidden Secret; would that ye might perceive it. O peoples of the world! Cast away, in My name that transcendeth all other names, the things ye possess, and immerse yourselves in this Ocean in whose depths lay hidden the pearls of wisdom and of utterance, an ocean that surgeth in My name, the All-Merciful. Thus instructeth you He with Whom is the Mother Book.	6.16 Akitin ang mga puso ng mga tao, sa pamamagitan ng panawagan Niya, ang iisang tanging Minamahal. Sabihin: Ito ang Tinig ng Diyos, kung kayo lamang ay nakikinig. Ito ang Pamimitak ng Rebelasyon ng Diyos, kung kayo lamang ay nakababatid. Ito ang Pook-Silangan ng Kapakanan ng Diyos, kung kayo lamang ay nakakikilala. Ito ang Pinagmumulan ng kautusan ng Diyos, kung kayo lamang ay nakahahatol nang makatarungan. Ito ang hayag at natatagong Lihim; sana ay mabatid ninyo iyon. O mga tao ng daigdig! Itapon, alang-alang sa Aking pangalang higit sa lahat ng ibang mga pangalan, ang mga bagay na inyong taglay, at ilubog ang inyong mga sarili sa Karagatang ito na sa mga kailaliman niyon ay natatago ang mga perlas ng karunungan at pananalita, isang karagatang dumadaluyong sa Aking pangalang ang Lubos na Mahabagin. Sa gayon ay tinuturuan kayo Niya na Siyang nagtataglay ng Inang Aklat.
6.17 The Best-Beloved is come. In His right hand is the sealed Wine of His name. Happy is the man that turneth unto Him, and drinketh his fill, and exclaimeth: "Praise be to Thee, O Revealer of the signs of God!" By the righteousness of the Almighty! Every hidden thing hath been manifested through the power of truth. All the favours of God have been sent down, as a token of His grace. The waters of everlasting life have, in their fullness, been proffered unto men. Every single cup hath been borne round by the hand of the Well-Beloved. Draw near, and tarry not, though it be for one short moment.	6.17 Ang Pinakamamahal ay dumating na. Sa Kaniyang kanang kamay ay ang selyadong Alak ng Kaniyang pangalan. Maligaya ang taong bumabaling sa Kaniya, at umiinom hanggang kabusugan, at bumubulalas na: "Purihin Ka nawa, O Tagapagsiwalat ng mga palatandaan ng Diyos!" Saksi ang pagkamatuwid ng Diyos! Ang bawat natatagong bagay ay ginawang mahayag sa pamamagitan ng kapangyarihan ng katotohanan. Ang lahat ng mga pagpapala ng Diyos ay ipinababa na, bilang tanda ng Kaniyang biyaya. Ang mga tubig ng walang-hanggang buhay, sa kabuuan nito, ay inaalok sa mga tao. Ang bawat isang kopa ay inililibot ng kamay ng Minamahal. Lumapit, at huwag mag-atubili, nang kahit isang napakaikling saglit.
6.18 Blessed are they that have soared on the wings of detachment and attained the station which, as ordained by God, overshadoweth the entire creation, whom neither the vain imaginations of the learned, nor the multitude of the hosts of the earth have succeeded in deflecting from His Cause. Who is there among you, O people, who will renounce the world, and draw nigh unto God, the Lord of all names? Where is he to be found who, through the power of My name that transcendeth all created things, will cast away the things that men possess, and cling, with all his might, to the things which God, the Knower of the unseen and of the seen, hath bidden him observe? Thus hath His bounty	6.18 Pinagpala silang mga pumailanlang sa mga pakpak ng pagkawalay at natamo ang kalagayang itinalaga ng Diyos na nakahihigit sa buong kinapal, na hindi magawang ilihis mula sa Kaniyang Kapakanan ng walang-katuturang mga hinagap ng mga dalubhasa, ni ng napakaraming mga hukbo ng daigdig. Sino sa inyo, O mga tao, ang tatalikuran ang daigdig at lalapit sa Diyos, ang Panginoon ng lahat ng mga pangalan? Saan matatagpuan siya, na sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Aking pangalang nakahihigit sa lahat ng nilikhang bagay, ay itatapon ang mga bagay na taglay ng tao at mangangapit nang kaniyang buong lakas sa mga bagay na iniatas sa kaniya ng Diyos, ang Nakababatid ng

been sent down unto men, His testimony fulfilled, and His proof shone forth above the Horizon of mercy. Rich is the prize that shall be won by him who hath believed and exclaimed: "Lauded art Thou, O Beloved of all worlds! Magnified be Thy name, O Thou the Desire of every understanding heart!"	nakikita at ng di-nakikita? Sa gayon ang Kaniyang biyaya ay ipinababa sa mga tao, ang Kaniyang patotoo ay tinupad, at ang Kaniyang katibayan ay sumikat sa itaas ng Sugpungang-guhit ng kahabagan. Napakayaman ng gantimpalang makakamtan niyang naniniwala at nagsasabing: "Purihin Ka nawa, O Minamahal ng lahat ng mga daigdig! Dakilain ang Iyong pangalan, O Ikaw na Hangarin ng bawat nakauunawang puso!"
6.19 Rejoice with exceeding gladness, O people of Bahá, as ye call to remembrance the Day of supreme felicity, the Day whereon the Tongue of the Ancient of Days hath spoken, as He departed from His House, proceeding to the Spot from which He shed upon the whole of creation the splendours of His name, the All-Merciful. God is Our witness. Were We to reveal the hidden secrets of that Day, all they that dwell on earth and in the heavens would swoon away and die, except such as will be preserved by God, the Almighty, the All-Knowing, the All-Wise.	6.19 Magdiwang sa labis na kaligayahan, O mga tao ni Bahá, habang inyong ginugunita ang Araw ng sukdulang kaligayahan, ang Araw kung kailan ang Dila ng Napakatanda sa mga Araw ay nagsalita, habang umalis Siya sa Kaniyang Tahanan at tumuloy sa Pook kung saan mula roon ay ipinasikat Niya sa buong sangnilikha ang mga karingalan ng Kaniyang pangalan, ang Lubos na Mahabagin. Ang Diyos ang Aming Saksi. Kung Aming isisiwalat ang natatagong mga lihim ng Araw na iyon ang lahat ng mga nananahan sa lupa at langit ay mawawalan ng malay at mamamatay, liban sa yaong mga ililigtas ng Diyos, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Lubos na Nakababatid, ang Lubos na Marunong.
6.20 Such is the inebriating effect of the words of God upon Him Who is the Revealer of His undoubted proofs, that His Pen can move no longer. With these words He concludeth His Tablet: No God is there but Me, the Most Exalted, the Most Powerful, the Most Excellent, the All-Knowing.	6.20 Ganoon ang nakalalangong bisa ng mga salita ng Diyos sa Kaniya na Siyang Tagapagsiwalat ng Kaniyang di-mapagdududahang mga katibayan, na ang Kaniyang Panulat ay hindi na makakilos. Sa mga salitang ito ay winawakasan Niya ang Kaniyang Tableta: Walang ibang Diyos liban sa Akin, ang Pinakamataas, ang Pinakamakapangyarihan, ang Pinakamahusay, ang Nakababatid ng Lahat.

– 7 –	– 7 –
<i>He it is Who is established upon this luminous Throne.</i>	<i>Siya iyon na Siyang iniluklok sa maningning na Tronong ito.</i>
7.1 Proclaim unto the celestial Concourse, O Pen of effulgent glory, that lo, the veil of concealment hath been rent asunder and the Beauty of the Lord hath been revealed from this Scene of transcendent glory with such radiance as to cause the luminaries of His command to shine above the dayspring of His almighty Name. All hail then to this, the Festival of the Lord, that hath dawned above a horizon of surpassing grace!	7.1 Ipahayag sa makalangit na Kalipunan, O Panulat ng kumikinang na kaluwalhatian, na masdan ang lambong na pantabing ay pinunit at ang Kagandahan ng Panginoon ay ibinunyag mula sa Tagpong ito ng nangingibabaw na kaluwalhatian nang may gayong kaningningan na naging sanhi ito ng pagsikat ng mga tanglaw ng Kaniyang kautusan sa itaas ng pamimitak ng Kaniyang Pangalang makapangyarihan. Ang lahat ng pagbati kung gayon ay maparito sa Pista ng Panginoon, na sumikat sa itaas ng sugpungang-guhit ng labis-labis na pagpapala!
7.2 This is a festival wherein all things have been adorned with the vesture of the names of God, and wherein His bounty hath compassed all things from first to last. All hail then to this, the Festival of the Lord, that hath shone above a dayspring of resplendent holiness!	7.2 Ito ang isang pista kung saan ang lahat ng mga bagay ay ginayakan ng kasuotan ng mga pangalan ng Diyos, at kung saan ang Kaniyang biyaya ay bumalot sa lahat ng bagay mula una hanggang huli. Lahat ng pagbati kung gayon ay maparito sa Pista ng Panginoon, na sumikat sa itaas ng pamimitak ng maningning na kabanalan!
7.3 Summon, then, the maids of eternity to hasten forth from their crimson chambers in their celestial grace, and to appear betwixt earth and heaven with the most glorious adorning. Grant them leave, then, to pass	7.3 Tawagin, kung gayon, ang mga dilag ng kawalang-hanggan na magmadaling lumabas mula sa kanilang krimson na mga silid sa kanilang makalangit na kabihinan, at lumitaw sa pagitan ng lupa at langit taglay

round to the inhabitants of the world, high and low alike, that cup of life which hath been drawn from the heavenly stream of mercy. All hail then to this, the Festival of the Lord, that hath appeared above the horizon of holiness with wondrous rapture!	ang pinakamaluwalhating palamuti. Tulutan sila, kung gayon, na ialok sa mga nananahan ng daigdig, kapuwa mataas at mababa, ang kopa ng buhay na isinalok mula sa makalangit na sapa ng kahabagan. Ang lahat ng pagbati, kung gayon, ay maparito sa Pista ng Panginoon, na lumitaw sa itaas ng sugpungang-guhit ng kabanalan taglay ang kamangha-manghang kaligayahan!
7.4 Bid then the heavenly youths, who have been fashioned from the splendours of the All-Praised, to issue forth from their heavenly abode, decked in the attire of the All-Merciful, and to proffer with ruby fingers the chalice of immortality to the inmates of the highest Paradise among the companions of Bahá, that they may be drawn nigh unto the Splendour of the Lord of Grandeur—this shining and resplendent Beauty. All hail then to this, the Festival of the Lord, that hath appeared above a dayspring of exalted glory!	7.4 Sabihan kung gayon ang makalangit na mga kabataan, na nilikha mula sa mga karingalan ng Lubos na Pinupuri, na lumabas mula sa kanilang makalangit na tahanan nang nakabihis sa kasuotan ng Ganap na Mahabagin, at ialok sa pamamagitan ng mga daliring ruby ang kalis ng walang-kamatayan sa mga nananahan sa kataas-taasang Paraiso mula sa mga kasamahan ni Bahá, upang sila ay mapalapit sa Kaningningan ng Panginoon ng Karilagan—itong sumisinag at nagniningning na Kagandahan. Ang lahat ng pagbati kung gayon ay maparito sa Pista ng Panginoon, na lumitaw sa itaas ng pamimitak ng dakilang kaluwalhatian!
7.5 By God! This is the festival wherein the beauty of the Unknowable Essence hath appeared unveiled and arrayed with such sovereignty as to lay low the necks of them that have repudiated His truth. All hail then to this, the Festival of the Lord, that hath appeared with supreme dominion!	7.5 Saksi ang Diyos! Ito ang pista kung kailan ang kagandahan ng Diwang Di-mabatid ay lumitaw nang walang lambong at ginayakan ng gayong paghahari na yumukod ang mga leeg nilang mga itinatwa ang Kaniyang katotohanan. Ang lahat ng pagbati kung gayon ay maparito sa Pista ng Panginoon na lumitaw nang taglay ang sukdulang paghahari.
7.6 This is a festival wherein all things have been absolved by virtue of the appearance of Him Who is the Ancient King from behind the veil of names. Wherefore, rejoice in your hearts, O peoples of the world, for the breezes of forgiveness have been wafted over the entire creation and the spirit of life hath been breathed into the world. All hail then to this, the Festival of the Lord, that hath appeared above a dayspring of resplendent holiness!	7.6 Ito ang pista kung kailan ang lahat ng bagay ay pinawalang-sala bunga ng paglabas Niya na Siyang Napakatandang Hari mula sa likod ng lambong ng mga pangalan. Kung gayon, ay magdiwang sa inyong mga puso, O mga sambayanan ng daigdig, sapagkat ang mga simoy ng kapatawaran ay humihip sa buong sangnilikha at ang espiritu ng buhay ay inihinga sa daigdig. Ang lahat ng pagbati kung gayon ay maparito sa Pista ng Panginoon na lumitaw sa itaas ng pamimitak ng maningning ng kabanalan!
7.7 Beware lest ye transgress the bounds of courtesy and commit that which your minds and your hearts abhor. This is that whereunto ye were bidden by the Pen of God, the Almighty, the Most Powerful. All hail then to this, the Festival of the Lord, that hath appeared above a horizon of wondrous grace!	7.7 Mag-ingat na hindi kayo lumampas sa mga hangganan ng paggalang at gawin yaong kinasusuklaman ng inyong mga isip at puso. Ito yaong iniatas sa inyo ng Panulat ng Diyos, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Pinakamalakas. Ang lahat ng pagbati kung gayon ay maparito sa Pista ng Panginoon na lumitaw sa itaas ng sugpungang-guhit ng kamangha-manghang biyaya!
7.8 This is a festival wherein the Beauty of the Lord of Grandeur hath been exalted above all things, and wherein He, unveiled and unconcealed, hath proclaimed His will and purpose unto all that are in heaven and on earth. And this is but a token of His grace that hath pervaded the entire creation. Therein was the Temple of Bahá seated upon the throne of eternity, and the splendours of His countenance dawned above the horizon of creation with the light of wondrous glory. All hail then to this, the Festival of the Lord, that hath appeared above a horizon of wondrous grace!	7.8 Ito ang pista kung saan ang Kagandahan ng Panginoon ng Karingalan ay dinakila nang higit sa lahat ng bagaay, at kung saan Siya, nang walang lambong at di-natatago, ay nagpahayag ng Kaniyang kalooban at layunin sa lahat ng nasa langit at nasa lupa. At ito ay pawang tanda lamang ng Kaniyang biyayang laganap sa buong sangnilikha. Naroon ang Templo ni Bahá na nakaluklok sa trono ng kawalang-hanggan, at ang mga karingalan ng Kaniyang mukha ay namitak sa itaas ng guhit-tagpuan ng sangnilikha taglay ang liwanag ng kamangha-manghang kaluwalhatian. Ang lahat ng pagbati kung gayon ay maparito sa Pista ng Panginoon

	na lumitaw sa itaas ng sugpungang-guhit ng kamangha-manghang kaluwalhatian.
7.9 O ye that abide beneath the tabernacle of grandeur! O ye that dwell within the pavilion of inviolable sanctity! O ye that are sheltered under the canopy of loftiness and glory! Lift up your voices and sing in the most melodious of tones in your most exalted chambers, for in this Dispensation the veiled Beauty hath been revealed, and the Day-Star of the Unseen hath risen above the horizon of ancient glory. All hail then to this, the Festival of the Lord, that hath appeared with a splendid adorning!	7.9 O kayong mga nananahan sa ilalim ng Tabernakulo ng karingalan! O kayong mga nakatira sa loob ng pabilyon ng kabanalang di-madudungisan! O kayong mga nakasilong sa bubong ng kataasan at kaluwalhatian! Itaas ang inyong mga tinig at umawit sa pinakamagandang mga tono sa inyong pinakadakilang mga silid, sapagkat sa Dispensasyong ito ang Kagandahang nilambungan ay isiniwalat, at ang Bituing-Araw ng Di-nakikita ay sumikat sa itaas ng sugpungang-guhit ng napakatandang kaluwalhatian. Ang lahat ng pagbati kung gayon ay maparito sa Pista ng Panginoon na lumitaw nang taglay ang napakaringal na panggayak!
7.10 O company of the Concourse on high, and O denizens of the immortal city! Hasten ye to pay homage, for the Shrine of grandeur hath appeared within this Tabernacle round which all former shrines revolve; and circle about and draw nigh unto the Lord of all men in these days, the like of which the eyes of the former generations have never beheld. All hail then to this, the Festival of the Lord, that hath dawned above the horizon of God, the Most Gracious, the All-Bountiful!	7.10 O samahan ng Kalipunan sa kaitaasan, at O mga nananahan sa walang-kamatayang lungsod! Magmadali kayo upang sumamba, sapagkat ang Dambana ng karingalan ay lumitaw na sa loob ng Tabernakulong ito na palibot dito ay umiikot ang lahat ng ibang naunang mga dambana; at umikot at lumapit sa Panginoon ng lahat ng tao sa mga araw na ito, na ang kahalintulad nito ay hindi kailanman nakita ng mga mata ng naunang mga salinlahi. Ang lahat ng pagbati kung gayon ay maparito sa Pista ng Panginoon na lumitaw sa itaas ng sugpungang-guhit ng Diyos, ang Pinakamagiliw, ang Pinakamapagpala!
7.11 Drink deep, O ye dwellers of earth and heaven, from the chalice of eternal life that the hand of Bahá proffereth in this most lofty and exalted Paradise. By God! Whoso partaketh but a drop thereof shall neither suffer the vicissitudes of time nor fall prey to the wiles of the Evil One, but the Lord shall send him forth in every Dispensation adorned with a hallowed and wondrous beauty. All hail then to this, the Festival of the Lord, that hath been made manifest from the seat of the Lord of all wisdom!	7.11 Uminom nang malalim, O kayong mga nananahan sa lupa at langit, mula sa kalis ng walang-hanggang buhay na inaalok ng kamay ni Bahá rito sa pinakamatayog at pinakadakilang Paraiso. Saksi ang Diyos! Ang sinumang makibahagi sa kahit iisang patak man lamang niyon ay hindi daranas ng mga pagbabago-bago ng panahon ni hindi masasadlak sa mga panlilinlang niya na Siyang Masama, bagkus ang Panginoon ay pasusugurin siya sa bawat Dispensasyon nang nagayakan ng banal at kamangha-manghang kagandahan. Ang lahat ng pagbati kung gayon ay maparito sa Pista ng Panginoon na ginawang mahayag mula sa luklukan ng Panginoon ng lahat ng karunungan!
7.12 Sanctify your souls from the world, O people, and hasten unto the Divine Lote-Tree in this furthestmost sanctuary, that ye may hearken unto the voice of your Lord, the All-Merciful, calling from this Paradise which hath been created at the behest of God, the All-Praised, and before whose portals the inmates of the pavilion of sanctity bow down in adoration. All hail then to this, the Festival of the Lord, that hath shone forth above the horizon of majesty and grandeur!	7.12 Dalisayan ang inyong mga kaluluwa mula sa daigdig, O mga tao, at magmadali patungo sa Banal na Puno ng Lote rito sa pinakamalayong santuwaryo, upang magawa ninyong makinig sa tinig ng inyong Panginoon, ang Lubos na Mahabagin, na tumatawag mula sa Paraisong ito na nilikha sang-ayon sa kautusan ng Diyos, ang Lubos na Pinupuri, at sa harap ng mga pintuan nito ang mga nananahan sa pabilyon ng kabanalan ay yumuyukod sa pagsamba. Ang lahat ng pagbati kung gayon ay maparito sa Pista ng Panginoon na sumikat sa itaas ng sugpungang-guhit ng kamahalan at karingalan!
7.13 Take heed, O people, lest ye deprive yourselves of the breezes of these days wherein the fragrance of the divine Robe is being wafted at every moment from the presence of this glorious and radiant Youth. All hail then to this, the Festival of the Lord, that hath shone from the dayspring of His name, the Most High!	7.13 Mag-ingat, O mga tao, na baka ipagkait ninyo sa inyong mga sarili ang mga simoy ng mga araw na ito kung saan ang kabanguhan ng banal na Kasuotan ay sumisimoy sa bawat sandali mula sa kinaroroonan nitong maluwalhati at nagniningning na Kabataan. Ang lahat ng pagbati kung gayon ay maparito sa Pista ng

	Panginoon na sumikat mula sa pamimitak ng Kaniyang pangalan, ang Pinakamataas!
--	--

– 8 –	– 8 –
<i>He is the Most Holy, the Most Glorious.</i>	<i>Siya ang Pinakabanal, ang Pinakamaluwalhati.</i>
8.1 Praise be to Thee, O my God, that the dawn of Thy Ridván Festival hath broken, and that therein one who had sought Thy presence hath attained his goal, O Thou our Lord, the Most Merciful! How numerous are Thy loved ones, O my God, who traversed the sands of Syria in their longing to gaze on Thy beauty but who were prevented from attaining the court of Thy transcendent oneness by reason of the misdeeds of Thy foes, who have disbelieved in Thee and gainsaid Thy sovereignty.	8.1 Purihin Ka nawa, O aking Diyos, na ang buhang-liwayway ng Iyong Pista ng Ridván ay namitak na, at siyang naroon upang hanapin ang Iyong kinaroroonan ay natamo ang kaniyang layunin, O Ikaw na aming Panginoon, ang Pinakamahabagin! Gaano karami ang Iyong mga minamahal, O aking Diyos, na binagtas ang mga buhanginan ng Persiya sa pagnanasa nilang masilayan ang Iyong kagandahan subalit napigilan sa paghahantong sa korte ng Iyong nangingibabaw na kaisahan dahil sa masasamang gawa ng Iyong mga kaaway, na hindi naniwala sa Iyo at itinatwa ang Iyong paghahari.
8.2 O Lord! Look upon the oppressors of Thy people with the eye of Thine avenging wrath. By Thy might! Their iniquity hath reached such heights as none can reckon save Thyself, Who knowest all things. Thy loved ones acquiesced to captivity and confinement in this prison, and yet their enemies were still not satisfied, so intense was their hatred for the Manifestation of Thy Cause. Blessed be the man of insight who seeth in all that hath befallen him in Thy path naught save that which shall exalt his station and magnify Thy Cause, O Thou the Lord of the worlds!	8.2 O Panginoon! Tingnan ang mga maniniil ng Iyong mga tao sa pamamagitan ng mata ng Iyong gumaganting poot. Saksi ang Iyong kapangyarihan! Ang kanilang kasamaan ay umabot na sa gayong mga rurok na walang makasukat liban sa Iyong Sarili, na Siyang nakababatid ng lahat ng bagay. Ang Iyong mga minamahal ay pumayag na mabihag at makulong sa piitang ito, at gayumpaman ang mga umaaway sa kanila ay hindi pa rin nasiyahan, dahil napakatindi ng kanilang pagkamuhi sa Kahayagan ng Iyong Kapakanan. Pinagpala ang taong may malalim na pag-unawang nakikita sa lahat ng sumapit sa kaniya sa Iyong landas ang walang iba liban doon sa dadakila sa kaniyang kalagayan at ibubunyi ang Iyong Kapakanan, O Ikaw na Panginoon ng mga daigdig!
8.3 By Thy glory! Were all the peoples of the earth to join together to harm a single one of the people of Bahá, they would find themselves powerless, for all that they see as harming Thy chosen ones is as light unto them and as fire unto Thine enemies. Were it not for the confinement, in the Most Great Prison, of Him Who is the Exponent of Thy transcendent sovereignty, how would Thy Cause have been promulgated, Thy sovereignty manifested, Thy might proclaimed, and the truth of Thy signs established? Would that I Myself had borne all the tribulations of the world, out of love for Thee and for Thy creatures!	8.3 Saksi ang Iyong kaluwalhatian! Kung ang lahat ng mga tao ng daigdig ay magkakaisa upang saktan ang iisa lamang sa mga tao ni Bahá, matatagpuan nilang wala silang kakayahan, sapagkat ang lahat ng nakikita nila bilang pamiminsala sa Iyong mga pinili ay tulad ng liwanag para sa kanila at tulad ng apoy para sa umaaway sa Iyo. Kung hindi dahil sa pagkakulong sa Pinakadakilang Piitan, Niya na Siyang Kinatawan ng Iyong nangingibabaw na paghahari, paano sana maipatutupad ang Iyong Kapakanan, maihahayag ang Iyong paghahari, maipatalastas ang Iyong kapangyarihan, at mapatutunayan ang katotohanan ng Iyong mga palatandaan? Sana Ako na lamang ang nagbata ng lahat ng mga pagdurusa ng daigdig, bunga ng pag-ibig sa Iyo at sa Iyong mga nilalang!
8.4 O Lord! Open Thou the eyes of Thy servants, that they may behold Thee at all times seated upon the throne of Thy grandeur and supreme over all who are in heaven and on earth. Potent art Thou to do what Thou wilt. No God is there but Thee, the Almighty, the Most Powerful.	8.4 O Panginoon! Iyong buksan ang mga mata ng Iyong mga tagapaglingkod, nang upang Ikaw ay masilayan nila sa lahat ng panahon na nakaupo sa trono ng Iyong karingalan at naghahari sa lahat ng nasa langit at ng nasa lupa. Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ninanais. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Pinakamalakas.

– 9 –	– 9 –
9.1 On the first day that the Ancient Beauty ascended His Most Great Throne in the garden named Rīdván, the Tongue of Glory gave utterance to three blessed words. First, that in this Revelation the law of the sword hath been annulled.^[3] Second, that ere the expiration of one thousand years whosoever advanceth a prophetic claim is false. By “year” a full year is intended, and no exegesis or interpretation is permitted in this matter. And third, that at that very hour God, exalted be His Glory, shed the full splendour of all His names upon all creation.	9.1 Sa unang araw ng pagpanhik ng Napakatandang Kagandahan sa Kaniyang Pinakadakilang Trono sa hardin na tinaguriang Rīdván, ang Dila ng Kaluwalhatian ay bumigkas ng tatlong banal na salita. Una, sa Rebelasyong ito ang batas ng espada ay pinawalang-saysay na.³ Pangalawa, bago lumipas ang isang libong taon ang sinumang maghain ng pag-angkin sa pagiging propeta ay huwad. Ang kahulugan ng “taon” ay isang buong taon, at walang paliwanag o pagpapakahulugan ang pinahihintulutan sa bagay na ito. At pangatlo, sa mismong oras na iyon ay ginawa ng Diyos, dakilain nawa ang Kaniyang Kaluwalhatian, na pasikatin ang buong karingalan ng lahat ng Kaniyang mga pangalan sa buong sangnilikha.
9.2 The following verse was revealed subsequently, but He indicated that it should occupy the same station as the other three: that when the name of anyone, whether living or dead, is mentioned in His presence, that soul hath verily attained to the mention of the pre-existent King. Blessed are they that attain thereto!	9.2 Ang kasunod na bersikulo ay binanggit pagkaraan nito, subalit sinabi Niyang dapat itong magtamasa ng magkaparehong kalagayan sa tatlong nabanggit: na kapag ang pangalan ng sinuman, maging nabubuhay pa o namatay na, ay babanggitin sa Kaniyang kinaroroonan, ang kaluluwang iyon, sa katunayan ay nakatamo na ng pagbanggit ng Haring umiiral na bago pa ang lahat. Pinagpala silang mga nakatamo nito!

– 10 –	– 10 –
10.1 The day-star of words, dawning above the horizon of the utterance of Him Who is the Lord of all names and attributes, hath, at this most blessed of hours, shone forth in all truth with the splendours of the light of God. The spirit of understanding, flowing from the Pen of the All-Glorious, hath, by virtue of His grace, been conferred upon all created things. The mystery of all mysteries, emerging from behind the veils of concealment, hath, in very truth, been revealed to the righteous, as bidden by God, the Almighty, the Unconstrained.	10.1 Ang bituing-araw ng mga salita, na namimitak sa itaas ng sugpungang-guhit ng pananalita Niya na Siyang Panginoon ng lahat ng mga pangalan at mga katangian, sa pinakapinagpalang oras na ito, ay sumikat nang buong katotohanan taglay ang mga karingalan ng liwanag ng Diyos. Ang diwa ng pag-unawa, na dumadaloy mula sa panulat ng Ganap na Maluwalhati, sa pamamagitan ng Kaniyang biyaya, ay ipinagkaloob sa lahat ng nilikhang bagay. Ang hiwaga ng lahat ng hiwaga, na lumalabas mula sa likod ng mga lambong ng paglilihim ay, sa mismong katotohanan, isiniwalat sa matuwid, sang-ayon sa utos ng Diyos, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Di-napipigilan.
10.2 God, the Most Powerful, the Most Exalted, the Most Great, addresseth the holy Beings created through the Primal Word that proceeded from His mouth, and beyond them the Concourse on high, and beyond them those whom He hath sanctified above the comprehension of all who are on earth and in heaven and whom He hath raised up through His hidden and inscrutable Will, saying: “Rejoice in your very souls, for the most auspicious time hath come; and the Hour hath struck round which revolve all the other hours foretold in the Tablets of God, the Almighty, the All-Glorious, the Most Merciful; and the hidden Morn hath broken forth, in this treasured Name, from the dayspring of divinity, shedding its radiance upon all that hath been and all that shall be.” Blessed be the Lord of all bounty, the source of this supernal grace!	10.2 Sinasabi ng Diyos, ang Pinakamakapangyarihan, ang Pinakamataas, ang Pinakadakila, sa mga banal na Nilalang na nilikha sa pamamagitan ng Pinakaunang Salitang nagmula sa Kaniyang bibig, at bukod pa sa kanila ay sa Kalipunan sa kaitaasan, at bukod pa sa kanila ay sa mga dinalisay Niya nang higit sa pag-unawa ng lahat ng nasa lupa at ng nasa langit at sila ay itinaas Niya sa pamamagitan ng Kaniyang natatago at di-malirip na Kalooban, na: “Magdiwang sa inyong mismong mga kaluluwa, sapagkat ang pinakamabuting panahon ay dumating na; at ang Oras ay pumatak na, at sa palibot nito ay umiikot ang lahat ng ibang mga oras na inihula sa mga Tableta ng Diyos, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Lubos na Maluwalhati, ang pinakamahabagin; at ang natatagong Umaga ay nagliwayway na rito sa pinakamamahal na Pangalan, mula sa pamimitak ng pagkadiyos, pinasisikat ang kaningningan nito sa lahat ng naging at sa lahat ng

³ Yaon ay, ang Jihad.

	magiging.” Purihin ang Panginoon ng lahat ng biyaya, ang pinagmumulan nitong makalangit na biyaya!
10.3 The promised Day of God is come! He Who is the Manifestation of the Adored One hath been established upon the throne of His name, the All-Loving, and the sun of His bounty hath cast its rays upon the seeing and seen alike. Wherefore renounce ye, O denizens of the realms of limitation, that which ye possess, adorn your temples with His glorious vesture, and behold with untainted vision Him Who is the luminous Beauty of God seated upon the throne of glory in His transcendent, His almighty and all-subduing sovereignty. All praise be to the Best-Beloved, Who hath revealed His hidden beauty with such manifest authority!	10.3 Ang ipinangakong Araw ng Diyos ay sumapit na! Siya na kahayagan ng Sinasamba ay iniluklok sa trono ng Kaniyang pangalan, ang Lubos na Nagmamahal, at ang araw ng Kaniyang biyaya ay nagpasikat ng mga sinag nito kapuwa sa nakakikita at sa nakikita. Samakatwid ay itatwa ninyo, O mga nananahan sa mga kahariang may hangganan, ang inyong mga ari-arian, palamutihan ang inyong mga templo ng Kaniyang maluwalhating kasuotan, at masdan nang walang balakid ang paningin, Siyang nagniningning na Kagandahan ng Diyos na nakaupo sa trono ng kaluwalhatian sa Kaniyang nangingibabaw, sa Kaniyang makapangyarihan sa lahat at nakalulupig sa lahat na paghahari. Ang lahat ng papuri ay mapasa Pinakamamahal, Siya na nagbunyag ng Kaniyang natatagong kagandahan nang may gayong hayag na awtoridad!
10.4 All days have attained their consummation in this most august of days, and all hours in this noblest of hours, and the Unseen hath willed to confer every grace upon the inmates of earth and heaven, to establish, before all who are in the kingdoms of revelation and creation, the Manifestation of God and His loftiness, and the sovereignty of God and His grandeur, that His favour might be made complete unto His servants and His bounty fulfilled unto His creation. And yet, when once He appeared, the eyes of all who had awaited Him were dazzled, save for those whom His might had protected and from whose sight He had lifted all worldly veils. Blessed, then, be He Who hath been made manifest through the power of truth in this wondrous, this shining vesture!	10.4 Ang lahat ng araw ay nakatamo ng kanilang katuparan sa lubhang kapita-pitagang araw na ito, at ang lahat ng oras sa pinakamarangal na oras na ito, at niloob ng Di-nakikita na ipagkaloob ang bawat biyaya sa mga nananahan sa lupa at langit, upang maipakilala, sa harap ng lahat ng nasa mga kaharian ng rebelasyon at paglalalang, ang Kahayagan ng Diyos at ang Kaniyang katayugan, at ang paghahari ng Diyos at ang kaniyang karingalan, upang ang Kaniyang pagpapala sa Kaniyang mga tagapaglingkod ay magawang ganap, at ang Kaniyang biyaya sa Kaniyang nilalang ay matupad. At gayumpaman, sa sandaling Siya ay lumitaw na, ang mga mata ng lahat ng naghihintay sa Kaniya ay nasilaw, maliban lamang sa mga pinangalagaan ng Kaniyang lakas at mula sa kanilang paningin ay inalis Niya ang lahat ng makalupang lambong. Purihin, kung gayon, Siya na ginawang maging hayag sa pamamagitan ng kapangyarihan ng katotohanan sa kamangha-mangha, sa nagniningning na kasuotang ito!
10.5 And when the appointed hour of His Revelation struck on this promised Day, the veils of destiny were rent asunder and the divine decree was fulfilled with the departure of the Luminary of the heaven of eternity from the city of Baghdád. This came to pass by reason of what the hands of the malicious had wrought against this Light—a Light that hath outshone every other in its sacred and wondrous splendour. Blessed, then, be He Who hath sent down these twin Revelations through His most great, His most mighty sovereignty!	10.5 At nang sumapit ang itinakdang oras ng Kaniyang Rebelasyon sa ipinangakong Araw na ito, ang mga lambong ng tadhana ay napunit at ang banal na kautusan ay natupad sa paglisan nitong Tanglaw ng langit ng kawalang-hanggan mula sa lungsod ng Baghdád. Ito ay naganap dahil sa ginawa ng mga kamay ng mga masasama ang hangarin laban sa Liwanag na ito—isang Liwanag na nakahihigit ang ilaw nito sa bawat iba sa banal at kamangha-manghang ningning nito. Purihin, kung gayon, Siya na nagpababa nitong Kambal na Rebelasyon sa pamamagitan ng Kaniyang pinakadakila, Kaniyang pinakamakapangyarihang paghahari!
10.6 At the advent of this Manifestation the realities of all created things were filled with joy, and all seized the cup of ecstasy with the hands of longing and rapture and drank thereof the choicest wine for love of this Beauty—a Beauty that hath appeared through the power of truth, arrayed with the ornament of God, the Sovereign, the Just, the All-Wise. Blessed, then, be He	10.6 Sa pagsapit nitong Kahayagan ang mga realidad ng lahat ng nilikhang bagay ay napuspos ng kaligayahan, at sinunggaban ng lahat ang kopa ng matinding kaligayahan gamit ang mga kamay ng pananabik at kaluguran at uminom mula roon ng pinakapiling alak alang-alang sa pag-ibig sa Kagandahang ito—isang Kagandahang lumitaw sa pamamagitan ng

Who, through this Revelation, hath attracted the hearts of the well-favoured of the Lord!	kapangyarihan ng katotohanan, nadaramtan ng palamuti ng Diyos, ang Hari, ang Makatarungan, ang Ganap na Marunong. Purihin, kung gayon, Siya na sa pamamagitan ng Rebelasyong ito ay inakit ang mga puso ng mga biniyayaang mabuti ng Panginoon!
10.7 Say: This is the Day for which the Pen of the Most High hath ordained no peer, and whose like the denizens of the Concourse on high and the realities of the Prophets and Messengers of God have never attained. Blessed, then, be He Who hath made manifest this hallowed and sacred, this mighty and wondrous Day!	10.7 Sabihin: Ito ang Araw na itinalaga ng Panulat ng Pinakamataas na wala itong kahalintulad, at ang kapareho nito ay hindi kailanman natamo ng mga nananahan sa Kalipunan sa kaitaasan at ng mga realidad ng mga Propeta at mga Sugo ng Diyos. Purihin, kung gayon, Siya na ginawang mahayag itong banal at sagrado, itong makapangyarihan at kamangha-manghang Araw!
10.8 This is the Day whereon the pillars of the Throne trembled in their yearning for God to establish Himself thereon, the Day whereon the foundations of the most lofty Seat were stirred into motion. Blessed, then, be God, the Source of this rapture that hath seized the entire creation!	10.8 Ito ang Araw kung kailan ang mga haligi ng Trono ay nanginginig sa pagnanasa nilang iluklok Niya ang Kaniyang sarili roon, ang Araw kung kailan ang mga pundasyon ng pinakamatayog na Upuan ay gumalaw. Purihin, kung gayon, ang Diyos, ang Pinagmumulan nitong matinding kaligayahang sumakmal sa buong kinapal!
10.9 This is the Day whereon the Sun of Beauty dawned above the horizon of the countenance of God, the Most Exalted, the Most Great, and the clouds of bounty rained down, and the trees of Paradise yielded such fruits as God hath apportioned to them that turn unto Him with radiant hearts in this Dispensation. Blessed, then, be God, Who hath ordained this surpassing grace!	10.9 Ito ang Araw kung kailan ang Araw ng Kagandahan ay sumikat sa itaas ng sugpungang-guhit ng mukha ng Diyos, ang Pinakamataas, ang Pinakadakila, at ang mga ulap ng biyaya ay umulan, at ang mga puno ng Paraiso ay nagbigay ng gayong mga bungang itinakda ng Diyos para sa kanilang mga nagsibaling sa Kaniya, taglay ang nagniningning na mga puso sa Dispensasyong ito. Purihin, kung gayon, ang Diyos, na Siyang nagtalaga nitong labis-labis na biyaya!
10.10 This is the Day whereon the spirits departed from their bodies in their eagerness to behold the unveiled countenance of the Ancient Beauty. Blessed, then, be the One Who hath manifested this mighty Day!	10.10 Ito ang Araw kung kailan ang mga espiritu ay lumisan mula sa kanilang mga katawan sa kasabikan nilang masilayan ang walang-lambong na mukha ng Napakatandang Kagandahan. Purihin, kung gayon, Siya na naghayag nitong makapangyarihang Araw!
10.11 This is the Day whereon the Most Great Spirit was embodied in the most comely of forms, and, proceeding from the Realm on high, approached the Scene of transcendent glory with such radiance as to delight the Maid of Heaven, until she paused, suspended in the air before Our presence, with such an adorning as to seize with longing the hearts of the Messengers of God. Blessed, then, be God, Who hath created this noble angel!	10.11 Ito ang Araw kung kailan ang Pinakadakilang Espiritu ay nagkatawan sa pinakamagandang anyo, at nagmumula sa Kaharian sa kaitaasan, ay lumapit sa Tagpo ng nangingibabaw na kaluwalhatian nang may gayong ningning na nabighani ang Dilag ng Langit, hanggang siya ay huminto nang nakalutang sa ere sa harap ng Aming kinaroroonan, na may gayong paggayak na nasilo ng matinding pananabik ang mga puso ng mga Sugo ng Diyos. Purihin, kung gayon, ang Diyos, na Siyang lumikha nitong maharlikang anghel!
10.12 Thereupon the inmates of Paradise, and beyond them the inhabitants of the retreats of holiness and the realms of communion, and beyond them they that dwell within the habitations of heaven and they that abide beneath the tabernacle of concealment, stepped forth one and all from their lofty mansions, and, conversing in hushed tones, apprised one another of that which had come to pass upon the earth. It was as though the Ancient King had revealed Himself unto Himself, and then, with undisputed sovereignty, unto His servants and His creatures in the realm of creation. Blessed, then, be God, Who bringeth forth whatsoever He pleaseth through the potency of His all-compelling command!	10.12 Sa gayon ang mga nananahan sa Paraiso, at bukod pa sa kanila, ang mga nananahan sa mga retiro ng kabanalan at sa mga kaharian ng pakikipagniig, at bukod pa sa kanila ang mga nananahan sa loob ng mga tirahan sa langit, at bukod pa sa kanila ang mga nananahan sa ilalim ng tabernakulo ng paglilihim, ang bawat isa at ang lahat ay humakbang pasulong mula sa kanilang matayog na mga mansiyon, at habang nag-uusap-usap sa mahinang mga tinig, ay ipinamalita sa isa't isa yaong naganap sa lupa. Para bagang isiniwalat ng Napakatandang Hari ang Kaniyang saliri sa Kaniyang sarili, at pagkatapos, taglay ang di-matutulang paghahari, sa Kaniyang mga tagapaglingkod at sa

	Kaniyang mga nilalang sa kaharian ng sangnilikha. Purihin, kung gayon, ang Diyos, Siyang lumalang sa anumang ninais Niya sa pamamagitan ng bisa ng Kaniyang utos na nakapipilit sa lahat!
10.13 Then the Most Great Spirit raised a call that resounded through the entire creation, saying: “Solaced be your eyes, O ye inhabitants of earth and heaven, O ye manifestations of the divine names and attributes, and O ye who are immersed beneath the oceans of grandeur that lie beyond the worlds of intimation and allusion! This is the Day whereon God Himself, the Most Exalted, the Most High, through His own sacred and glorious Self, beareth round unto every soul, high and low alike, the cup of nearness and reunion.” Blessed, then, be God, Who hath revealed Himself in all His manifold grace on this greatest of all days!	10.13 Sa gayon ay itinaas ng Pinakadakilang Espiritu ang isang panawagang dumagundong sa buong kinapal, sinasabing: “Maaliw ang inyong mga mata, O kayong mga nananahan sa lupa at langit, O kayong mga kapahayagan ng banal na mga pangalan at mga katangian, O kayong mga nakalubog sa ilalim ng mga karagatan ng karingalan na nasa kabila pa ng mga daigdig ng pahiwatig at pagtukoy! Ito ang Araw kung kailan ang Diyos Mismo, ang Pinakadakila, ang Pinakamataas, sa pamamagitan ng Kaniyang sagrado at maluwalhating Sarili, ay iniaabot sa bawat kaluluwa, kapuwa mataas at mababa, ang kopa ng pagiging malapit at ng muling pagsasama.” Purihin, kung gayon, ang Diyos, Siyang nagsiwalat sa Kaniyang Sarili sa lahat ng Kaniyang napakaraming biyaya rito sa pinakadakila sa lahat ng mga araw!
10.14 This is the Day whereon the most grievous veil was torn asunder and the Scene of transcendent purity was made manifest; the Day whereon the face of God smiled with the joy of reunion, and the gates of His presence were flung open to the embodiments of His beauty and majesty and to them that had pierced the veils of glory through the power born of God, the Almighty, the All-Knowing, the All-Wise; the Day whereon all things visible and invisible cried out: “Hallowed be the Lord, the most excellent of all creators!”	10.14 Ito ang Araw kung kailan ang pinakamalupit na lambong ay pinunit at ang Tagpo ng nangingibabaw na kadalisan ay ginawang mahayag; ang Araw kung kailan ang mukha ng Diyos ay ngumiti sa kaligayahan ng muling pagsasama, at ang mga pinto ng Kaniyang kinaroroonan ay ibinukas sa mga kinatawan ng Kaniyang kagandahan at kamahalan at sa kanilang mga tumagos ang paningin sa mga lambong ng kaluwalhatian sa pamamagitan ng kapangyarihang buhat sa Diyos, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Lubos na Marunong; ang Araw kung kailan ay isinigaw ng lahat ng bagay na nakikita at di-nakikita ang: “Napakabanal ng Panginoon, ang pinakamahasag sa lahat ng mga manlilikha!”
10.15 Whereupon the Most Great Spirit was summoned to silence, and the rapture of God seized the inhabitants of the cities of eternity, the inmates of the crimson chambers, and the dwellers of the kingdom of names. One and all they descended from their habitations until they stood betwixt earth and heaven, with utmost humility and submissiveness, before His Countenance. Blessed, then, be God, Who hath made manifest this resistless, this all-glorious and transcendent Cause!	10.15 Sa gayon ang Pinakadakilang Espiritu ay tinawag sa katahimikan, at ang matinding kaligayahan ng Diyos ay sumakmal sa mga nananahan sa mga lungsod ng kawalang-hanggan, ang mga kasambahay ng mga silid na krimson, at ang mga nakatira sa kaharian ng mga pangalan. Ang bawat isa at ang lahat sa kanila ay pumanaog mula sa kanilang mga tirahan hanggang sa nakatayo sila sa pagitan ng lupa at langit, sa sukdulang pagpapakumbaba at pagkamasunurin, sa harap ng Kaniyang Mukha. Purihin, kung gayon, ang Diyos, siyang gumawang maihayag itong di-napipigilan, itong maluwalhati sa lahat at nangingibabaw na Kapakanan!
10.16 Then were their voices lifted up in praise and exultation on this glorious Day, a Day whose radiance deriveth not from the sun and its rays but from the effulgent light of the Countenance of God, the King, the Exalted, the All-Bountiful. Blessed, then, be He Who hath caused it to appear through the power of truth and Who hath resurrected therein the souls of all humankind!	10.16 Sa gayon ang kanilang mga tinig ay itinaas sa pagpuri at pagdiriwang sa maluwalhating Araw na ito, isang Araw kung saan ang ningning nito ay hindi nagbubuhay sa araw at sa mga sinag nito bagkus ay mula sa kumikinang na liwanag ng Mukha ng Diyos, ang Hari, ang Dakila, ang Lubos na Mapagpala. Purihin, kung gayon, Siyang naging sanhi ng paglitaw nito sa pamamagitan ng kapangyarihan ng katotohanan at ginawa Niyang muling buhayin doon ang mga kaluluwa ng buong sangkatauhan!
10.17 And then another herald called out from the Scene of transcendent glory: “By God! This is the Day whereon the veils of contention were torn asunder, and	10.17 At pagkatapos ang isa pang tagapamalita ay tumawag mula sa Tagpo ng nangingibabaw na kaluwalhatian: “Saksi ang Diyos! Ito ang Araw kung

the breezes of unity were wafted, and the Lord of creation appeared, invested with manifest sovereignty and riding upon the clouds of grandeur on this, His promised Day.” Blessed, then, be God, Who hath descended in truth from the heaven of sublime holiness!	kailan ang mga lambong ng pagtatalo ay winasak, at ang mga hangin ng pagkakaisa ay sumimoy, at ang Panginoon ng sangnilikha ay lumitaw, taglay ang hayag na paghahari at nakasakay sa mga ulap ng karingalan dito sa Kaniyang ipinangakong Araw.” Purihin, kung gayon, ang Diyos, Siyang pumanaog sa katotohanan, mula sa kalangitan ng sukdulang kabanalan!
10.18 This is the Day whereon fire and water were joined together as one, and the veils were removed from the face of all mysteries, inasmuch as the Beauty of the Unconstrained came forth arrayed in the raiment of His own Self, the Help in Peril, the Almighty, the Incomparable. All glory be to this Day whose advent hath cheered the eyes of the well-favoured of God!	10.18 Ito ang Araw kung kailan ang apoy at tubig ay pinagsama bilang iisa, at ang mga lambong ay inalis mula sa mukha ng lahat ng mga hiwaga, yamang ang Kagandahan ng Di-napipigilan ay lumabas nang nadaramtan sa kasuotan ng Kaniyang mismong Sarili, ang Tulong sa Panganib, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Walang-kahalintulad. Ang lahat ng luwalhati ay mapasa-Araw na ito na ang pagsapit nito ay umaliw sa mga mata ng mga lubos na pinagpala ng Diyos.
10.19 When that joy born of God had taken hold of all else besides Him, the Most Great Spirit called out once more, proclaiming: “O ye dwellers of the kingdoms of earth and heaven! O ye denizens of the realms of revelation and creation! Blessed are your ears, for they have hearkened unto the verses of nearness and reunion. Hear now the tidings of remoteness and separation, for the Luminary of the world hath purposed to depart from the land of ‘Irâq, in accordance with the firm covenant that hath been set forth in the Scriptures of God, the All-Powerful, the All-Knowing, the All-Wise.”	10.19 Nang yaong kaligayahang buhat sa Diyos ay lumipos na sa lahat ng bagay liban sa Kaniya, ang Pinakadakilang Espiritu ay muling tumawag nang malakas, ipinahahayag ang: “O kayong mga nananahan sa mga kaharian ng lupa at langit! O kayong mga nakatira sa mga kaharian ng rebelasyon at nilalang! Pinagpala ang inyong mga tainga, sapagkat nakinig sila sa mga bersikulo ng pagkalapit at muling pagsasama. Dinggin ngayon ang mga balita ng pagkalayo at paghihiwalay, sapagkat ang Tanglaw ng daigdig ay naglalayong lisanin ang lupain ng ‘Irâq, sang-ayon sa matibay na banal na kasunduang inilahad sa mga Santong Kasulatan ng Diyos, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Lubos na Nakababatid, ang Lubos na Marunong.”
10.20 At this announcement the dwellers of earth and heaven were filled with dismay. Such was their weeping and wailing that they fell prostrate upon the dust, consumed with sorrow. How strange that grievous and sore-trying separation! All things visible and invisible were bewildered by this call. Such was their plight that the letter “B” became oblivious of the letter “E”, and the lovers forsook the face of their Beloved, the Almighty, the All-Praised. How woeful was that manifest and irrevocable decree!	10.20 Sa pahayag na ito ang lahat ng mga nananahan sa lupa at langit ay napuspos ng kalungkutan. Ganoon na lamang ang kanilang pagtatangis at pananaghoy na humandusay sila sa alabok, tigib ng dalamhati. Lubhang nakapagtataka yaong malupit at matinding pagsubok na paghihiwalay! Ang lahat ng bagay na nakikita at di-nakikita ay natuliro ng panawagang ito. Ganoon na lamang ang kanilang suliranin na ang pantig na “Ma” ay hindi na mawari ang pantig na “Ging”, at iniwan ng mga mangingibig ang mukha ng kanilang Minamamal, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Lubos na Pinupuri. Napakalungkot ng hayag at di-mabaling kautusang iyon!
10.21 When matters came to such a pass, the Ancient Beauty bestirred Himself, and all things were inwardly and outwardly set in motion. Then He arose, and through His arising the Most Great Resurrection was ushered in betwixt earth and heaven. Whereupon the Spirit called out once again, before His presence: “O Isráfil!^[4] By the righteousness of God, thou wert created for this day. Wherefore, sound thy trumpet to proclaim the advent of this Manifestation, that every mouldering bone may be quickened thereby!” As bidden, the angel sounded his trumpet, causing all who dwell in heaven and on earth to swoon away. Then he sounded his trumpet anew; they	10.21 Nang umabot na ang mga bagay-bagay sa gayong kalagayan, pinakilos ng Napakatandang Kagandahan ang Kaniyang sarili, at ang lahat ng bagay kapuwa panloob at panlabas ay nagsimulang kumilos. Kapagdaka’y bumangon Siya, at sa Kaniyang pagbangon ang Pinakadakilang Muling Pagkabuhay ay nagsimula sa pagitan ng lupa at langit. Sa gayon ang Espiritu ay muling tumawag nang malakas, sa harap ng Kaniyang kinaroroonan: “O Isráfil!⁴ Saksi ang pagkamakatarungan ng Diyos, ikaw ay nilikha para sa araw na ito. Samakatwid ay patunugin ang iyong pakakak upang ipahayag ang pagsapit ng Kahayagang

⁴ Ang anghel na magpapatunog sa pakakak sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

arose and, fixing their gaze upon this glorious Vision, cried out: “Hallowed be the Lord, the most excellent of all creators!”	ito, nang upang ang bawat nagugunaw na buto ay magkabuhay sa pamamagitan niyon!” Sang-ayon sa utos, pinatunog ng anghel ang kaniyang pakakak, na naging sanhi ng pagkahimatay ng lahat ng nasa lupa at nasa langit. Pagkatapos ay muli niyang pinatunog ang kaniyang pakakak; sila ay nagsibangon, at habang nakatitig sa maluwalhating Pangitain na ito, ay bumulalas: “Purihin nawa ang Panginoon, ang pinakamahusay sa lahat ng mga manlilikha!”
10.22 The Ancient Beauty stepped forth, while the Kingdom of Revelation preceded Him and the Heaven of divine Inspiration followed in His wake. On His right strode the Realm of Command, and on His left marched the hosts of the well-favoured ones. All glory be to this manifest and wondrous Cause!	10.22 Ang Napakatandang Kagandahan ay humakbang pasulong, samantalang ang Kaharian ng Rebelasyon ay nasa unahan Niya at ang Kalangitan ng banal na Inspirasyon ay nasa Kaniyang likuran. Sa Kaniyang kanan ay humakbang ang Kaharian ng Utos, at sa Kaniyang kaliwa ay nagmamartsa ang mga hukbo ng mga maiging pinagpala. Ang lahat ng kaluwalhation ay mapasahayag at kamangha-manghang Kapakanang ito!
10.23 And when He reached the courtyard of the House, the concourse of the realm of holiness prostrated themselves at His feet, and the foundations of the House trembled in their separation from God, the All-Powerful, the Almighty, the Most Exalted. The inhabitants of every city cried out, and the hearts of them that circle round God were sorely shaken. How grievous that separation which caused the very pillars of the world to crumble!	10.23 At nang sumapit Siya sa loob ng bakuran ng Tahanan, ang kalipunan ng kaharian ng kabanalan ay nagpatirapa sa Kaniyang paanan, at ang mga pundasyon ng Tahanan ay nayanig dahil sa kanilang pagkawalay sa Diyos, ang Ganap na Malakas, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Pinakadakila. Ang mga nananahan sa bawat lungsod ay sumigaw, at ang mga puso nilang mga lumilibot sa Diyos ay labis na nabahala. Napakalupit ng paghihiwalay na iyon na ginawang bumagsak ang mismong mga haligi ng daigdig!
10.24 Upon hearing the lamentations of the inhabitants of the realm of dust, the Beauty of the All-Beloved lingered a moment, and the Eye of majesty wept sore at their weeping. Indeed, the sighs of His loved ones caused His heart to swell with such grief that none in the heavens or on the earth could bear its weight.	10.24 Nang marinig ang mga pagdadalamhati ng kaharian ng alabok, ang Kagandahan ng Lubos na Minamahal ay tumigil sandali, at ang Mata ng kamahalan ay lumuha nang matindi sa kanilang pag-iyak. Sa katunayan ang mga buntong-hininga ng Kaniyang mga minamahal ay naging sanhi ng pagbigat ng Kaniyang puso sa gayong kalungkutan na walang nasa langit o nasa lupa ang makababata ng kabigatan nito.
10.25 He proceeded until He reached the concealing veil, and there at His feet He beheld a child that had removed itself from its mother’s breast. And this infant clung to the hem of His robe so earnestly and besought Him in such piteous tones to stay, that the dust of sorrow shrouded the face of every perceiving soul and the winds of anguish blew upon the entire creation. How heavy the burden of grief that clouded the countenance of the sincere! Were it not for the protection of God, the seven heavens would at that moment have been cleft asunder, and the earth would have swallowed up all that dwell upon it, and every lofty peak would have been reduced to dust.	10.25 Siya ay nagpatuloy hanggang umabot Siya sa lambong na lumilihim, at doon sa Kaniyang paanan ay nakita Niya ang isang musmos na iniwalay ang sarili nito mula sa dibdib ng kaniyang ina. At ang musmos na ito ay nakapangapit nang napakataimtim sa Kaniyang damit at nagmamakaawa sa Kaniyang huwag umalis sa lubhang kahabag-habag na tinig, na ang alabok ng kalungkutan ay bumalot sa mukha ng bawat nakababatid na kaluluwa at ang mga hangin ng pighati ay humihip sa buong sangnilikha. Gaano kabigat ang pasanin ng dalamhati na bumakas sa mukha ng matatapat! Kung hindi dahil sa pangangalaga ng Diyos, ang pitong kalangitan, sa sandaling iyon, ay nawasak na sana, at nilamon na sana ng lupa ang lahat ng nananahan sa balat nito, at nadurog na sana ang bawat matayog na bundok.
10.26 The Hand of Power then parted the veil of grandeur, whence the Beauty of the All-Glorious emerged with supreme sovereignty. When He Who is the Self of God, the Almighty, the All-Bountiful, purposed to pass through the gate, the Most Great Spirit made its final proclamation: “By God! The Well-Beloved of the	10.26 Kapagdaka’y hinawi ng Kamay ng Kapangyarihan ang lambong ng karingalan, mula saan ay lumabas ang Kagandahan ng Ganap na Maluwalhati taglay ang sukdulang paghahari. Nang ilayon Niya na Siyang Sarili ng Diyos, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Lubos na Mapagpala, na dumaan sa pintuan, ibinigay ng Pinakadakilang Espiritu ang huling pahayag

worlds hath departed from His House by reason of what the hands of the oppressors have wrought.”	nito: “Saksi ang Diyos! Ang Pinakamamahahal ng mga daigdig ay umalis na sa Kaniyang Tahanan dahil sa ginawa ng mga kamay ng mga maniniil.”
10.27 He then wept within Himself with such a weeping that the dwellers of earth and heaven, and those suspended in the air before Him, and those circling round the Countenance of grandeur, wept with Him. And He spoke unto them, saying: “Know ye that in such a departure on the very Day of Our Appearance there are signs and tokens for them that understand. Haply, by reason of Our departure on this most sublime and wondrous Day, the peoples of earth and heaven may emerge from behind the veils of self and passion; draw nigh unto God, the Most Exalted, the All-Glorious; and become detached from whatsoever He hath created or ordained in this world. This is that which God had purposed for them as a bounty from His presence. He, verily, is the All-Bountiful, the Ever-Forgiving, the Most Generous.” Blessed, then, be God, the source of this most manifest, this most exalted bestowal!	10.27 Pagkatapos ay umiyak Siya sa loob ng Kaniyang sarili nang may gayong pagtangis na ang mga nananahan sa lupa at langit, at yaong mga lumulutang sa ere sa Kaniyang harapan, at yaong mga lumilibot sa Mukha ng Karingalan, ay umiyak din kasabay Niya. At nagwika Siya sa kanila, sinabing: “Inyong alamin na sa ganitong pag-alis sa mismong Araw ng Aming Paglitaw ay mayroong mga palatandaan at mga sagisag para sa kanilang mga nakauunawa. Harinawang dahil sa Aming pag-alis sa pinakadakila at kamangha-manghang Araw na ito, ang mga sambayanan ng lupa at langit ay lumabas mula sa likod ng mga lambong ng sarili at kapusukan; na lumapit sa Diyos, ang Pinakadakila, ang Lubos na Maluwalhati; at na maiwalay sa anumang Kaniyang nilikha o itinalaga sa daigdig na ito. Ito yaong inilayon ng Diyos para sa kanila, bilang isang biyaya mula sa Kaniyang kinaroroonan. Siya, sa katunayan, ang Lubos na Mapagpala, ang Laging-Nagpapatawad, ang Pinakabukas-palad.” Purihin, kung gayon, ang Diyos, ang pinagmumulan nitong pinakahayag, nitong pinakadakilang kaloob!
10.28 The King of Eternity went forth, flanked by the hosts of the seen and the unseen, with His gaze fixed upon the court of the divine decree. Before Him arose the sighs of His lovers, whilst behind Him could be heard the lamentations of them that yearn after Him. When He reached the banks of the river, He parted from His loved ones, and it was as though the very souls of those devoted servants had parted from their bodies. But He exhorted them to patience and fortitude, and summoned them to the fear of God, the All-Powerful, the Almighty, the Unconstrained. And then, crossing the river, He entered the Garden of Ridván, wherein He ascended the throne of His wondrous sovereignty. Blessed, then, be the All-Bountiful, the Source of this all-encompassing grace!	10.28 Ang Hari ng Kawalang-hanggan ay sumulong, katabi ang mga hukbo ng nakikita at di-nakikita, habang nakatitig Siya sa korte ng banal na kautusan. Sa harap Niya ay lumabas ang mga buntong-hininga ng Kaniyang mga mangingibig, samantalang sa likod Niya ay maririnig ang mga hinagpis ng mga nananabik sa Kaniya. Nang dumating Siya sa mga pampang ng ilog, humiwalay na Siya sa Kaniyang mga minamahal, at waring ang mismong mga kaluluwa ng debotong mga tagapaglingkod na iyon ay humiwalay na sa kanilang mga katawan. Subalit pinaalalahanan Niya silang magkaroon ng pagtitiis at katatagan, at tinawagan sila patungo sa takot sa Diyos, ang Ganap na Malakas, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Di-napipigilan. At pagkatapos, sa pagtawid sa ilog, pumasok Siya sa Hardin ng Ridván, kung saan ay umakyat Siya sa trono ng Kaniyang kamangha-manghang paghahari. Purihin, kung gayon, ang Lubos na Mapagpala, ang Pinagmulan nitong biyayang sumasaklaw sa lahat!
10.29 Once seated on His throne, the Ancient Beauty shed the splendour of His name, the Self-Subsisting, upon all things, so as to fulfil that which had been recorded by the Supreme Pen at the bidding of God, the Most Exalted, the Most High. Then He cast the light of His name, the All-Possessing, upon all things seen and unseen; and of His name, the Most Manifest, upon all that is mentioned and all that is concealed; and of His name, the Most Great, upon the embodiments of eternity and all other peoples; and of His name, the All-Knowing, upon the exponents of the names of God. Well is it with the one who hath turned towards that which He hath revealed through His unfailing grace on this most august Day. How glorious was His assumption of that seat of majesty, through which the hearts of them that enjoy near access to Him were assured, and the	10.29 Nang nakaupo na sa Kaniyang trono, ipinasinag ng Napakatandang Kagandahan ang karingalan ng Kaniyang Pangalan, ang Sariling-Ganap, sa lahat ng bagay, upang matupad yaong itinala ng Kataas-taasang Panulat alinsunod sa utos ng Diyos, ang Pinakadakila, ang Pinakamataas. Pagkatapos ay ipinasikat Niya ang liwanag ng Kaniyang pangalan, ang Lubos na Nagtataglay, sa lahat ng bagay na nakikita at di-nakikita; at ng Kaniyang pangalan, ang Pinakahayag, sa lahat ng binabanggit at sa lahat ng inililihim; at ng Kaniyang pangalan, ang Pinakadakila, sa mga kinatawan ng kawalang-hanggan at ang lahat ng ibang mga sambayanan; at ng Kaniyang pangalan, ang Nakababatid ng Lahat, sa mga sagisag ng mga pangalan ng Diyos. Mabuti para sa kaniyang bumaling tungo sa Kaniyang ipinahayag sa pamamagitan ng Kaniyang biyayang

souls of them that have recognized Him drew nigh, and the faces of them that have turned towards Him were illumined, and the spirits of them that have fixed their gaze upon Him were sanctified, and the eyes of the Concourse on high were cheered, and the tongues of all things, visible and invisible, were unloosed in praise of God, the Sovereign Lord, the Mighty, the Gracious! Sweet indeed was that heavenly fragrance through which the musk of hidden meanings was scattered throughout the worlds!	walang-maliw sa kapita-pitagang Araw na ito. Napakaluwalhati ng Kaniyang pag-upo sa luklukan ng kamahalang iyon, na sa pamamagitan niyon ang mga puso nilang mga nagtatamasa ng kalapitan sa Kaniya ay nagkaroon ng katiyakan, at ang mga kaluluwa nilang mga kumilala sa Kaniya ay napalapit, at ang mga mukha nilang mga nagsibaling sa Kaniya ay natanglawan, at ang mga espiritu nilang mga tumitig sa Kaniya ay napabanal, at ang mga mata ng Kalipunan sa kaitaasan ay naaliw, at ang mga dila ng lahat ng bagay, na nakikita at di-nakikita, ay nakalagan sa pagpuri sa Diyos, ang Naghaharing Panginoon, ang Makapangyarihan, ang Mapagpala! Tunay na napakatamis ng makalangit na halimuyak na iyon na sa pamamagitan niyon ang pabango ng natatagong mga kahulugan ay pinalaganap sa mga daigdig!
10.30 The Ancient Beauty's ascent upon His throne took place at the very moment the people arose to offer the afternoon prayer unto God, the Almighty, the Beauteous. Even in this there are signs for those who are well assured, evidences for them that discern, and allusions for such as have been endued with insight. The Beauty of the All-Merciful tarried in the Garden of Ridván for twelve days, during which the hosts of the Concourse on high, the well-favoured angels of God, and the souls of His Messengers circled day and night round the Tabernacle of grandeur and the Pavilion of inviolable sanctity, guarding and protecting the people of God from the hosts of the Evil One. Blessed, then, be God, Who manifested this incomparable, this glorious station!	10.30 Ang pagpanhik ng Napakatandang Kagandahan sa Kaniyang trono ay naganap sa mismong sandaling nagsibangon ang mga tao upang ialay ang dalanging panghapon sa Diyos, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Napakaganda. Kahit dito ay mayroong mga palatandaan para sa mahusay na nakatitiyak, mga patunay para sa mga nakakikilatis, at mga pahiwatig para sa mga pinagkalooban ng malalim na pag-unawa. Ang Kagandahan ng Lubos na Mahabagin ay nanatili sa Hardin ng Ridván nang labindalawang araw, na sa panahong iyon ang mga hukbo ng Kalipunan sa kaitaasan, ang lubos na pinagpalang mga anghel ng Diyos, at ang mga kaluluwa ng Kaniyang mga Sugo ay umikot araw at gabi palibot sa Tabernakulo ng karingalan at sa Pabilyon ng di-madudungisang kabanalan, tinatanuran at pinangangalagaan ang mga tao ng Diyos mula sa mga hukbo ng Siyang Masama. Purihin, kung gayon, ang Diyos, na Siyang naghayag nitong walang-kahalintulad, nitong maluwalhating katayuan!
10.31 During every moment of those days, the inmates of the chambers of Paradise descended from on high, bearing chalices brimming over with the living waters of revelation and cups overflowing with the choice wine of holiness, which they proffered unto the dwellers of the pavilion of glory and the inmates of the tabernacle of resplendent majesty. Blessed, then, be God for this most exalted, this all-encompassing grace!	10.31 Sa bawat sandali ng mga araw na iyon, ang mga nananahan sa mga silid ng Paraiso ay pumanaog mula sa Kaitaasan, taglay ang mga kalis na nag-uumapaw sa nabubuhay na tubig ng rebelasyon at mga kopang punong-puno ng piling alak ng kabanalan, na inialok nila sa mga naninirahan sa pabilyon ng kaluwalhatian at sa mga nakatira sa tabernakulo ng nagniningning na kamalahan. Purihin, kung gayon, ang Diyos dahil dito sa biyayang pinakadakila at nakasasaklaw sa lahat.
10.32 And when the appointed time of tarrying was fulfilled and the decree of departure was received, the Beauty of the All-Merciful arose and went out from the Ridván Garden riding upon the finest stallion. Blessed, then, be the All-Glorious, Who appeared in the world of creation with a sovereignty that transcendeth the heavens and the earth!	10.32 At nang matupad na ang itinakdang panahon ng pag-aantala, at natanggap na ang kautusang humayo, ang kagandahan ng Lubos na Mahabagin ay bumangon at lumabas sa Hardin ng Ridván habang nakasakay sa napakagandang kabayo. Purihin, kung gayon, ang Ganap na Maluwalhati na lumitaw sa umiiral na daigdig taglay ang paghaharing nangingibabaw sa mga kalangitan at kalupaan
10.33 As He departed, a cry of sorrow ascended from the garden, and its trees, and leaves, and fruits, and walls, and air, and ground, and pavilion, while the dwellers of the deserts and the wilderness, and even the	10.33 Habang Siya ay paalis, ang hagulgol ng dalamhati ay nagbuhat sa hardin, at sa mga puno niyon, at mga dahon, at mga bunga, at samantalang ang mga nananahan sa disyerto at mga kagubatan, at kahit ang

very dunes and the dust of the earth, rejoiced at His approach.	mismong mga kumpol ng buhangin, at ang alabok sa lupa, ay nagdiriwang sa Kaniyang paglapit.
10.34 Thus did the Beauty of the All-Glorious establish Himself upon the lofty heights of eternity, inasmuch as His gaze was fixed upon the decree which the Finger of God, the Most Exalted, the Most Glorious, had inscribed upon the blessed and snow-white Tablet. And thus do We relate unto you the account of the day of Our Manifestation and the circumstances of Our banishment by reason of the machinations of such seditious souls as had disbelieved in and joined partners with God, the All-Powerful, the Almighty, the Most Bountiful.	10.34 Sa gayon, ay iniluklok ng Kagandahan ng Lubos na Maluwalhati ang Kaniyang Sarili sa mga matayog na tugatog ng kawalang-hanggan, yamang ang Kaniyang paningin ay nakatitig sa kautusang iniukit ng Daliri ng Diyos, ang Pinakadakila, ang Lubos na Maluwalhati, sa Tabletang banal at kasimputi ng niyebe. At sa gayon ay isinasaysay Namin sa inyo ang kuwento ng araw ng Aming Kapahayagan at ang mga pangyayaring kaugnay ng Aming pagkapatapon dahil sa mga pakana ng gayong mga kaluluwang mapaghimagsik na walang pananalig at nakipantay sa Diyos, ang Ganap na Malakas, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Pinakamapagpala.

– 11 –	– 11 –
<i>He is the Manifest, the Hidden, the All-Glorious, the All-Knowing, the Ever-Forbearing.</i>	<i>Siya ang Hayag, ang Nakatago, ang Ganap na Maluwalhati, ang Lubos na Nakababatid, ang Laging-Nagtitimpi.</i>
11.1 O Lord my God! Whensoever I attempt to unloose my tongue to extol the wondrous expressions of Thy transcendent oneness, or to open my lips to disclose the mystic gems of Thine incomparable handiwork wherewith Thou hast inspired me, I am compelled to recognize that all things sing Thy praise and glorify Thy remembrance—a remembrance which hath so pervaded the heavens and the earth that all things proclaim, in their very being, the wondrous testimonies of Thine exalted praise and bear witness to the marvellous tokens of Thy transcendent unity. Wherefore am I ashamed, as are all who mention Thee, to approach the exalted heights of Thy remembrance, and am powerless, as are all who extol Thee, to ascend unto the lofty summits of Thy praise.	11.1 O Panginoon kong Diyos! Sa tuwing sinisikap kong kalagan ang aking dila upang ipagbunyi ang kahanga-hangang mga kapahayagan ng Iyong nangingibabaw na kaisahan, o ibuka ang aking mga labi upang isiwalat ang mistikong mga hiyas ng Iyong nilikhang walang-kahalintulad, na sa pamamagitan niyon ay binigyan Mo ako ng inspirasyon, napipilitan akong tanggapin na ang lahat ng bagay ay umaawit ng papuri sa Iyo at niluluwalhati ang paggunita sa Iyo—isang paggunita na lubusang laganap sa kalangitan at sa kalupaan na ipinahahayag ng lahat ng bagay, sa kanilang mismong sarili, ang kamangha-manghang sumasaksi sa kahanga-hangang mga palatandaan ng Iyong nangingibabaw na pagkakaisa. Dahil dito ay nahihiya ako, tulad rin ng lahat ng bumabanggit sa Iyo, na lumapit sa dakilang mga rurok ng paggunita sa Iyo, at wala akong kakayahan, tulad rin ng lahat ng pumupuri sa Iyo, na makaakyat sa matayog na mga tugatog ng pagpuri sa Iyo.
11.2 Glorified, immeasurably glorified, art Thou! So exalted are the wonders of Thy bounty unto Thy creatures that Thou hast made all things to serve as a sign unto the mindful amongst Thy servants and as an admonishment unto the heedless amidst Thy people. Thy glory beareth me witness! They that are endued with true understanding can discern naught in all creation save the wondrous tokens of Thy matchless handiwork, nor behold aught else in the world of being but the hidden gems of Thine all-glorious sovereignty.	11.2 Maluwalhati, di-masukat ang Iyong luwalhati! Napakadakila ng mga kamanghaan ng Iyong ginawa sa lahat ng bagay na maging palatandaan para sa masunurin mula sa Iyong mga tagapaglingkod, at maging isang paalaala sa mga pabaya mula sa Iyong mga tao. Ang Iyong kaluwalhatian ay sumasaksi sa akin! Silang mga pinagkalooban ng tunay na pang-unawa ay walang ibang nakikita sa buong kinapal liban sa kahanga-hangang mga tanda ng Iyong nilikhang walang-kahalintulad, ni walang ibang masilayan sa daigdig liban sa natatagong mga hiyas ng Iyong paghaharing Ganap na Maluwalhati.
11.3 I swear by Thy glory, O my Best-Beloved! Whensoever I raise mine eyes to the heavens and witness their loftiness, I recognize naught therein but the wondrous heights of Thy supreme power and sovereign authority. And whensoever I turn my gaze towards Thine earth and observe the potentialities wherewith it hath been endowed, I perceive naught but the peerless signs	11.3 Isinusumpa Ko sa Iyong kaluwalhatian, O aking Pinakamamahal! Sa tuwing itinataas ko ang aking mga mata tungo sa mga kalangitan at nakikita ang katayugan nito, wala akong namumukhaan doon liban sa kamangha-manghang mga kataasan ng Iyong kataas-taasang kapangyarihan at naghaharing awtoridad. At sa tuwing ibinabaling ko ang aking paningin tungo sa

of Thine immutable nature and abiding constancy. And whensoever, O my God, I behold the sea and its waves, methinks I hear the billowing ocean of Thy wealth and power. In the sun I discern naught but the marvellous splendour of the light of Thy hallowed countenance and presence, and in the wind I sense naught save the stirring breezes of Thy nearness and reunion. In the trees I behold only the revelation of the fruits of Thy wisdom and knowledge, and in their leaves I read but the pages of the books enshrining the mysteries of all that hath been through Thy command or will be through Thy power.	Iyong kalupaan at napagmamasdan ang natatagong mga lakas na ipinagkaloob dito, wala akong nababatid liban sa mga palatandaang walang-kaparis ng Iyong di-nagbabagong likas na katangian, at pamamalaging nagpapatuloy. At sa tuwing nakikita ko, O aking Diyos, ang dagat at ang mga alon nito, waring naririnig ko ang dumadaluyong na karagatan ng Iyong kayamanan at kapangyarihan. Sa araw ay wala akong ibang nakikita liban sa kamangha-manghang karingalan ng liwanag ng Iyong banal na mukha at kinaroroonan, at sa hangin ay wala akong nadarama liban sa humihihip na mga simoy ng Iyong pagkalapit at muling pagsasama. Sa mga puno ay nakikita ko lamang ang pagbubunyag ng mga bunga ng Iyong karunungan at kaalaman, at sa mga dahon nito ay nababasa ko lamang ang mga pahina ng mga aklat na nagdadambana sa mga hiwaga ng lahat na umiral na sa pamamagitan ng Iyong kautusan o ng iiral pa sa pamamagitan ng Iyong kapangyarihan.
11.4 Glorified, then, be Thou, O my God! I am powerless, as are all those who enjoy near access unto Thee, to reckon the least sign of Thy creation, inasmuch as Thou hast made all things to mirror forth the manifestations of Thy handiwork and the revelations of Thy sovereign rule. Such being the bounds of powerlessness and poverty that confine me and all created things, how then can any soul ever hope to approach the portals of the sanctuary of Thy knowledge or conceive the least expectation of attaining the city of Thy transcendent glory? Glorified, immeasurably glorified, art Thou! From everlasting Thou hast been sanctified above the comprehension of Thy creatures, for this comprehension is naught but the product of such idle fancies as pertain to their own selves, while Thou hast remained, in the reality of Thine own Self, exalted above them and all that they possess, and beyond the grasp of all that are in heaven and on earth. There is none other God but Thee, the Almighty, the Incomparable.	11.4 Luwalhatiin Ka nawa, kung gayon, O aking Diyos! Wala akong kakayahan, tulad rin ng lahat ng nagtatamasa ng pagiging malapit sa Iyo, upang tantiyahin ang kaliit-liitang palatandaan ng Iyong kinapal, yamang Iyong ginawa ang lahat ng bagay na maging salamin ng mga kapahayagan ng Iyong nilikha at mga pagbubunyag ng Iyong naghaharing pamumuno. Yamang ganoon ang mga hangganan ng kawalan ng kakayahan at karukhaan na pumipigil sa akin at sa lahat ng nilikhang bagay, paano pa makaaasa, kung gayon, ang sinumang kaluluwa upang makalapit sa mga pintuan ng santuwaryo ng Iyong kaalaman o malirip ang kaliit-liitang pag-asam na matamo ang lungsod ng Iyong nangingibabaw na kaluwalhatian? Maluwalhati, di-masukat ang Iyong luwalhati! Mula sa kawalang-hanggan Ikaw ay pinabanal nang higit pa sa pag-unawa ng Iyong mga nilalang, sapagkat ang ganitong pag-unawa ay walang iba kundi bunga ng gayong walang-katuturan mga hinagap. Ikaw ay nananatili, sa realidad ng Iyong mismong Sarili, nang higit na dakila kaysa sa kanila at sa lahat ng kanilang taglay, at hindi abot ng pang-unawa ng lahat ng nasa langit at nasa lupa. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Walang-kahambing.
11.5 Having acknowledged, O my God, with my soul, my tongue, mine essence, and with mine inner and outer being, all my trespasses, whose like mortal eyes have never beheld nor human minds conceived, I implore Thee to pardon me and Thy loved ones for whatsoever we have failed to observe of Thy laws and ordinances. Attire us then with the robe of forgiveness, O my God, in this Day whereon Thou hast assumed the throne of Thy grace and bounty invested with the full glory of Thy names and attributes; the Day whereon the sun of Thy beauty hath dawned above the horizon of Thy grandeur, and the signs of Thy glorious sovereignty have been vouchsafed from the treasury of Thy grace; the Day whereon the sweet savours of reunion have wafted over all who are in Thy heaven and on Thine earth, and the hidden Word hath shone forth from the repository of Thy protection and power.	11.5 Yamang inamin ko na, O aking Diyos, sa pamamagitan ng aking kaluluwa, aking dila, aking diwa, at sa pamamagitan ng aking panloob at panlabas na sarili, ang lahat ng aking mga paglalabag, na ang katulad nito, ay hindi pa kailanman nakita ng matang mortal ni nagunita ng isipan ng tao, isinasamo ko sa Iyong patawarin ako at ang Iyong mga minamahal dahil sa anumang hindi namin naisagawa sa Iyong mga batas at mga ordenansa. Bihisan kami kung gayon ng baro ng kapatawaran, O aking Diyos, sa Araw na ito kung kailan Ikaw ay umupo sa trono ng Iyong pagpapala at biyaya, taglay ang ganap na kaluwalhatian ng Iyong mga pangalan at mga katangian; sa Araw kung kailan ang araw ng Iyong kagandahan ay sumikat sa itaas ng sugpungang-guhit ng Iyong karingalan, at ang mga palatandaan ng Iyong maluwalhating paghahari ay ipinagkaloob mula sa ingatang-yaman ng Iyong biyaya;

	ang Araw kung kailan ang matatamis na halimuyak ay sumimoy sa lahat ng mga nasa Iyong langit at nasa Iyong lupa, at ang natatagong Salita ay suminag mula sa repositoryo ng Iyong pangangalaga at kapangyarihan.
11.6 I bear witness, O my God, that Thou hast ordained this Day to stand unequalled amongst all the days of Thy world and unrivalled amidst all that Thou hast fashioned through Thy creative power. This is that primal Day which Thou hast singled out from among all other days, and exalted over all other times, and appointed as the King of Days unto all peoples, inasmuch as Thou didst manifest on this Day the tokens of Thy transcendent power and the evidences of Thy holy unity. Thou hast caused its radiance to surpass the splendour of the sun, the moon, and the stars, and to transcend the brightness of every lofty and glorious, every shining and brilliant light. Nay, Thou hast illumined this Day, O my Best-Beloved, with the very lights of Thine own inaccessible Being and with the full glory of Thine own exalted Essence.	11.6 Sumasaksi ako, o aking Diyos, na Iyong itinalaga ang Araw na ito at tumayong walang-kapantay sa lahat ng mga araw sa Iyong daigdig at walang katumbas sa lahat ng Iyong nilalang sa pamamagitan ng Iyong mapanlikhang kapangyarihan. Ito ang panimulang Araw na iyon na Iyong pinili mula sa lahat ng ibang araw, at dinakila nang higit sa lahat ng ibang panahon, at iniatas na maging Hari ng mga Araw sa lahat ng mga tao, yaong Iyong ginawang maihayag sa Araw na ito ang mga palatandaan ng Iyong nangingibabaw na kapangyarihan at ang mga katibayan ng Iyong banal na pagkakaisa. Iyong ginawa ang kaningningan nito na humigit pa sa karingalan ng araw, ng buwan at ng mga bituin, at ginawang humigit ang liwanag ng bawat matayog at maluwalhati, ng bawat sumisinag at makinang na liwanag. Hindi lamang iyon, Iyong tinanglawan ang Araw na ito, O aking Pinakamamahal, sa mismong mga liwanag ng Iyong di-maabot na Sarili at sa ganap na luwalhati ng Iyong sariling dakilang Diwa.
11.7 Magnified, then, be this Day whereon Thou hast revealed unto all things the effulgent lights of Thy glorious unity and cast upon all creation the radiance of Thy sovereign and transcendent oneness, the Day whereon Thou hast lifted the veil of concealment from the countenance of Thy beauty; burned away, through Thy gracious favour, the shrouds of idle fancy blinding the eyes of the people; and summoned all to partake of Thy nearness and reunion. Immensely glorified be this Day whereon the oceans of splendour and grace have surged and the rivers of bounty and justice have flowed, a Day whereon Thy bounty hath attained such a degree that every stammering tongue hath celebrated Thy praise, every blind eye hath beheld the lights of Thy beauty, and every deaf ear hath hearkened unto the glorious strains of the Dove of Thy oneness.	11.7 Dakilain kung gayon, ang Araw na ito, kung kailan Iyong isiniwalat sa lahat ng bagay ang maningning na mga liwanag ng Iyong maluwalhating pagkakaisa at ipinasinag sa buong kinapal ang kaningningan ng Iyong naghahari at nangingibabaw na kaisahan, ang Araw kung kailan ay Iyong itinaas ang lambong ng paglilihim mula sa mukha ng Iyong kagandahan; tinupok, sa pamamagitan ng Iyong magiliw na pagpapala, ang mga nakabalot na walang-katuturang hinagap na pumipiring sa mga mata ng mga tao; at tinawagan ang lahat upang makisalo sa Iyong pagiging malapit at sa muling pagsasama. Lubos na luwalhatiin ang Araw na ito kung kailan ang mga karagatan ng karingalan at biyaya ay dumaluyong at ang mga ilog ng pagpapala at katarungan ay umagos, ang Araw kung kailan ang Iyong kaloob ay umabot sa gayong antas na ang bawat dilang utal ay ipinagbunyi ang pagpuri sa Iyo, ang bawat matang bulag ay nakita ang mga liwanag ng Iyong kagandahan, at ang bawat taingang bingi ay nakarinig sa maluwalhating mga himig ng Kalapati ng Iyong kaisahan.
11.8 On this Day the poor have been enriched through the wonders of Thine incomparable wealth, the abased have been exalted through the manifold revelations of Thy majesty and glory, the sinful have partaken of the wine of Thy forgiveness, the sick have quaffed from the waters of Thy gracious healing, the disconsolate have taken refuge beneath the shade of the tree of Thy hope and bestowal, and the destitute have attained the shores of the sea of Thy grace and favour.	11.8 Sa araw na ito ang maralita ay pinayaman sa pamamagitan ng mga kamanghaan ng Iyong kayamanang walang-kahalintulad, ang mga aba ay dinakila sa pamamagitan ng napakaraming pagbubunyag ng Iyong kamahalan at kaluwalhatian, ang mga makasalanan ay nakibahagi sa alak ng Iyong kapatawaran, ang may karamdaman ay uminom mula sa mga tubig ng Iyong magiliw na pagpapagaling, ang nalulumbay ay nakatagpo ng kanlungan sa ilalim ng lilim ng puno ng Iyong pag-asa at kaloob, at ang kapus-palad ay nakarating sa dalampasigan ng karagatan ng Iyong biyaya at pagpapala.

11.9 Blind is the eye that faileth, on this Day, to behold Thee seated upon the throne of Thy sovereignty, or to witness Thine undisputed authority over all that Thou hast created to be the exponents of Thy names and attributes! Can any of Thy signs and tokens, O my God, be confounded with those that pertain to Thy creatures? Nay, by Thy glory! Whatsoever proceedeth from Thee and from Thy presence shineth as brightly as the noonday sun in the heaven of Thy justice, whilst all else, even though it be among the treasures of Thy creation or of the quintessence of Thy handiwork, fadeth into utter nothingness. And inasmuch as Thou hast assigned no partner unto Thyself, whatsoever is manifested from Thee hath likewise no peer or equal. And even though Thou hast shed upon all created things the effulgent lights of Thy sublime singleness, and nothing proceedeth from anything except it be manifested from Thee and be created at Thy behest, yet that which appeareth from Thine own Self excelleth and surpasseth all else in Thy heavens and on Thine earth, and thus the tokens of Thy glorious sovereignty are revealed before the eyes of men and Thy testimony is fulfilled before all creation.

11.10 Since Thy bounty hath suffused the whole universe and the lights of Thy countenance have illumined all created things, I beseech Thee by this Day, and by the hearts which Thou hast made to be the repositories of Thy knowledge and inspiration and the treasures of Thy revelation and recognition, to grant that the signs of Thine undisputed ascendancy may shine above the horizon of Thy command, that the showers of Thy surpassing mercy may rain from the heaven of Thy grace, and that the tokens of Thy deliverance may appear through the operation of Thy sovereign Will. Thus may Thy friends be released from the clutches of Thy foes, and Thy loved ones delivered from the hands of the wayward among Thy servants, that they may extol Thee, O Lord, with ringing voices in the supernal realms of Thy names and worship Thee with their entire beings in the kingdom of Thine attributes. And thus may Thy Name be exalted, Thy testimony established, Thy proof vindicated, Thy favour completed, Thy bounty fulfilled, Thy verses promulgated, and Thy signs expounded, in such wise that the entire world may be filled with the light of Thy countenance and all dominion may be Thine alone. No God is there but Thee, the Omnipotent, the Almighty, the All-Powerful, the All-Compelling.

11.9 Bulag ang matang hindi nakikita sa Araw na ito, na Ikaw ay nakaupo sa trono ng Iyong paghahari ni hindi nasasaksihan ang Iyong di-matutulang kapangyarihan sa lahat ng Iyong nilalang na maging mga sagisag ng Iyong mga pangalan at mga katangian. Ang alinman sa Iyong mga sagisag at mga palatandaan, O aking Diyos, mapagkakamalian bang nauukol sa Iyong mga nilalang? Hindi lamang iyon, saksi rito ang Iyong kaluwalhatian! Ang anumang nagbubuhay sa Iyo at mula sa Iyong kinaroroonan ay sumisikat nang kasinliwanag ng araw ng tanghaling-tapat sa kalangitan ng Iyong katarungan, samantalang ang lahat ng ibang bagay, kahit pa nabibilang ito sa mga kayamanan ng Iyong kinapal o ng pinakadiwa ng Iyong nilikha at naglalahang hanggang sa lubos na di-pag-iral. At yamang wala Kang hinirang na maging Iyong kapantay, ang anumang isinisiwalat mula sa Iyo sa gayundin ay walang kapantay o katumbas. At kahit na Iyong ipinasinag sa lahat ng nilikhang bagay ang maningning na mga liwanag ng Iyong kataas-taasang kaisahan, at walang nagbubuhay mula sa anuman maliban kung iyon ay ginawang mahayag mula sa Iyo at malikha sang-ayon sa Iyong utos, gayumpaman ang anumang lumilitaw mula sa Iyong angking Sarili ay higit na mahusay at nakahihigit sa lahat ng iba pa sa Iyong kalangitan at sa Iyong kalupaan, at sa gayon ang mga palatandaan ng Iyong maluwalhawing paghahari ay naibubunyag sa harap ng mga mata ng tao at ang Iyong patotoo ay natutupad sa harap ng buong kinapal.

11.10 Yamang ang Iyong biyaya ay pumuspos sa buong sanlibutan at ang mga liwanag ng Iyong mukha ay tinanglawan ang lahat ng nilalang na bagay, isinasamo ko sa Iyo alang-alang sa Araw na ito, at alang-alang sa mga puso ng Iyong ginawang maging mga repositoryo ng Iyong kaalaman at inspirasyon at mga ingatang-yaman ng Iyong rebelasyon at pagtanggap, na tulutang ang mga palatandaan ng Iyong di-matutulang pagwawagi ay sumikat sa itaas ng sugpungang-guhit ng Iyong kautusan, na ang mga ambon ng Iyong nakahihigit na habag ay umulan mula sa kalangitan ng Iyong biyaya, at ang mga tanda ng Iyong pagliligtas ay lumitaw sa pamamagitan ng pagkilos ng Iyong naghaharing Kalooban. Sa gayon ang Iyong mga kaibigan ay mapalalaya mula sa pagtangan ng Iyong mga kaaway, at ang Iyong mga minamahal ay masasagip mula sa mga kamay ng mga suwail mula sa Iyong mga tagapaglingkod, nang upang ipagbunyi Ka nila, O Panginoon, nang may dumadagundong na mga tinig sa makalangit na mga kaharian ng Iyong mga pangalan at sambahin Ka nang kanilang buong pagkatao sa kaharian ng Iyong mga katangian. At sa gayon ang Iyong Pangalan ay dadakilain, ang Iyong patotoo ay itatatag, ang Iyong katibayan ay patutunayan, ang Iyong pagpapala ay gagawing ganap, ang Iyong biyaya ay matutupad, ang Iyong mga bersikulo ay ipalalaganap, at ang Iyong mga palatandaan ay ipaliliwanag, sa gayon ang buong daigdig ay mapupuspos ng liwanag ng Iyong mukha at ang lahat ng kapangyarihan ay magiging Iyong Iyo lamang. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang

	Pinakamapangyarihan, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Ganap na Malakas, ang Lubos na Nakapipilit.
11.11 I entreat Thee, moreover, O my God, by Thy Name through which the Bird of the celestial Throne hath warbled in the Realm of the unseen the melodies of Thy transcendent unity, and the Dove of Thy Revelation hath sung forth in the Kingdom of eternity the paeans of Thy sovereign oneness, and the Holy Spirit hath magnified in wondrous tones Thine everlasting glory—I entreat Thee not to withhold from these servants the gentle breezes of the morn of Thy nearness and presence, nor to suffer them to be far removed from the sweet savours of the dawn of Thy reunion and recognition.	11.11 Isinasamo ko sa Iyo, bukod pa rito, O aking Diyos, sa pamamagitan ng Iyong Pangalan na sa pamamagitan niyon ang Ibon ng makalangit na Trono ay umawit sa Kaharian ng di-nakikita ng mga himig ng Iyong nangingibabaw na pagkakaisa, at ang Kalapati ng Iyong Rebelasyon ay umawit sa Kaharian ng kawalang-hanggan ng masasayang mga awitin ng Iyong naghaharing kaisahan, at ipinagbunyi ng Espiritu Santo sa kamangha-manghang mga tono ang Iyong walang-maliw na kaluwalhatian—isinasamo ko sa Iyong huwag ipagkait sa mga tagapaglingkod na ito ang mahinay na mga simoy ng umaga ng Iyong pagiging malapit at naroroon, ni huwag silang tulutang mailayo sa matatamis na lasa ng pamimitak ng Iyong muling pagsasama at pagkilala.
11.12 Grant, O my God, that this Festival may be a source of blessings for them and for all Thy loved ones. Supply them, then, with all the good Thou didst ordain in the heaven of Thy decree and purpose and in the Tablets of Thy protection and behest. Vanquish, then, O my God, in the course of this year, their enemies through the power of Thy wrath and of Thy resistless might, and ordain for them, O my God, all that I have asked of Thee and all that I have left unasked. Endue them, then, with such constancy in Thy love and in Thy Cause, that they may never break Thy Covenant nor violate Thy Testament to which they pledged themselves ere the creation of the heavens and the earth. Render them victorious through the most wondrous means that lie hid in the treasures of Thy power and the repositories of Thy might, and grant them, O my God, to attain the Hour Thou didst promise them in Thy latter Resurrection through the appearance of the Manifestation of Thine all-glorious Self—for this in truth is the very object of their existence and the existence of all things, the cause of their creation and the creation of all things. Suffer them then, O my God, to submit to Thy will under all conditions. Verily, Thou art the Lord of grace and bounty, of endless bestowal and unfettered sovereignty. And Thou art verily the Most Exalted, the Almighty, the All-Bountiful.	11.12 Tulutan, O aking Diyos, na ang Pistang ito ay maging pinagmumulan ng mga biyaya para sa kanila at para sa lahat ng Iyong mga minamahal. Ipagkaloob sa kanila, kung gayon, ang lahat ng kabutihang Iyong itinalaga sa kalangitan ng Iyong kautusan at layunin at sa mga Tableta ng Iyong pangangalaga at iniatas. Talunin, kung gayon, O aking Diyos, sa loob ng taong ito, ang kanilang mga kaaway sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Iyong poot at ng Iyong di-mapaglabanang lakas, at italaga para sa kanila. O aking Diyos, ang lahat ng aking hiningi sa Iyo at ang lahat ng aking hindi pa hinihingi. Pagkalooban sila, kung gayon, ng ganoong katatagan sa Iyong pag-ibig at sa Iyong Kapakanan, na hindi sila kailanman lalabag sa Iyong Kasunduan ni susuway sa Iyong Testamento na para doon ay sumumpa silang tuparin bago pa nilalang ang langit at lupa. Gawin silang matagumpay sa pamamagitan ng lubos na kamangha-manghang mga paraan na natatago sa mga ingatang-yaman ng Iyong lakas at sa mga repositoryo ng Iyong kapangyarihan, at tulutang matamo nila, O aking Diyos, ang oras na Iyong ipinangako sa kanila sa Iyong mas bagong Muling Pagkabuhay sa pamamagitan ng paglitaw ng Kahayagan ng Iyong Sariling ganap na maluwalhati—sapagkat ito sa katotohanan ang mismong layunin ng kanilang buhay at ng buhay ng lahat ng bagay, ang dahilan ng paglalang sa kanila at ng paglalang sa lahat ng bagay. Tulutang magawa nila, kung gayon, O aking Diyos, ang sumailalim sa Iyong kalooban sa lahat ng mga kalagayan. Tunay na Ikaw ang Panginoon ng biyaya at pagpapala, ng walang-hanggang kaloob at ng di-napipigilang paghahari. At Ikaw sa katunayan ang Pinakadakila, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Lubos na Mapagpala.
11.13 I beg Thee moreover, O my God, by all the Exponents of Thy names and all the Revealers of Thine attributes, not to number these Thy servants with those who outwardly observe the Festivals associated with the advent of Thy Manifestation, who honour and glorify these days as beseemeth their means and abilities, and yet who remain shut out as by a veil from the One Who is, through His command and decree, the Author of these	11.13 Isinasamo ko sa Iyo, higit pa rito, O aking Diyos, sa lahat ng mga Tagapagtaguyod ng Iyong mga pangalan at sa lahat ng mga Tagapagbunyag ng Iyong mga katangian, na huwag ibilang itong Iyong mga tagapaglingkod sa yaong mga sa panlabas na anyo ay ipinagdiriwang ang mga Pistang nauugnay sa pagsapit ng Iyong Kahayagan, na pinaparangalan at niluluwalhati ang mga araw na ito sang-ayon sa kanilang panustos at mga kakayahan, at gayumpaman ay nananatiling

observances and of all else, for thus will all their works be rendered vain, even though they perceive it not.	nalalambungan mula sa Kaniya na sang-ayon sa Kaniyang utos at batas, ay ang May-akda nitong mga pagdiriwang at ng lahat ng iba pa, sapagkat sa gayon ang lahat ng kanilang mga gawa ay mawawalan ng kabuluhan, kahit pa hindi nila ito nababatid.
11.14 I implore Thee, O my God, by the appearance of Him Whom Thou hast manifested in these days through Thy Name “He Who is Invoked”, and by His beauty, and His majesty, and the afflictions He hath been made to suffer, and His divine fragrances, and His sweet accents, and His grandeur, and His might, to grant that the eyes of Thy loved ones may be freed from the veils of ignorance and blindness and from the obscuring mists of doubt and wretchedness. Perchance they may fix their gaze upon the Tree of Thy Revelation and upon that which appeareth thereon of the wondrous leaves of Thine ancient eternity and the precious fruits of Thy holy unity, may take delight in them and in that which they contain of Thy hidden gifts and concealed knowledge, and may rid themselves thereby of attachment to aught else. This, verily, is but perfect grace and unalloyed blessing, and the very essence, origin, and ultimate abode thereof, for within the compass of Thy knowledge there is naught higher than this grace nor sweeter than this blessing. Thou, verily, art the King, the Omniscient, the Omnipotent, the Almighty, the All-Knowing, the All-Wise.	11.14 Isinasamo ko sa Iyo, O aking Diyos, sa paglitaw Niya na Iyong ginawang maihayag sa mga araw na ito sa pamamagitan ng Iyong Pangalang “Siya na Tinatawagan”, at sa pamamagitan ng Kaniyang kagandahan, at ng Kaniyang kamahalan, at ng mga pagdurusang ipinabata sa Kaniya, at ng Kaniyang banal na kabanguhan, at ng Kaniyang matatamis na punto, at ng Kaniyang karingalan, at ng Kaniyang lakas, na tulutang ang mga mata ng Iyong mga minamahal ay makalaya mula sa mga lambong ng kamangmangan at kabulagan, at mula sa naglilihim na mga ulap ng pag-aalinlangan at kapahamakan. Baka sakaling ititig nila ang kanilang paningin sa Puno ng Iyong Rebelasyon at doon sa mga lumitaw roon sa kamangha-manghang mga dahon ng Iyong napakatandang kawalang-hanggan at ng napakahalagang mga bunga ng Iyong banal na pagkakaisa, malugod sa mga ito at doon sa nilalaman ng mga ito na Iyong natatagong mga kaloob at lihim na kaalaman, at magawa nila sa pamamagitan niyon ang alisin mula sa kanilang mga sarili ang pangangapit sa anumang ibang bagay. Ito, sa katunayan, ay pawang ganap na biyaya at walang halong pagpapala, at ang pinakadiwa, ang pinagmulan, at pangwakas na himlayan niyon, sapagkat sa loob ng saklaw ng Iyong kaalaman ay wala nang higit na mataas pa kaysa sa biyayang ito ni anumang higit na matamis pa kaysa sa pagpapalang ito. Ikaw, sa katunayan, ang Hari, ang Nakababatid ng Lahat, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Ganap na Malakas, ang Lubos na Nakababatid, ang Lubos na Marunong.

– 12 –	– 12 –
Húr-i-‘Ujáb	Húr-i-‘Ujáb
(Tablet of the Wondrous Maiden)	(Tableta ng Kamangha-manghang Dilag)
12.1 The hallowed Beauty shone resplendent from behind the veil. How wondrous a thing, how wondrous indeed!	12.1 Ang banal na Kagandahan ay sumikat nang maningning mula sa likod ng tabing. Kamangha-manghang bagay, kamangha-manghang tunay!
12.1 And, lo, the flame of rapture caused all souls to swoon away. How wondrous is this, how wondrous indeed!	12.1 At masdan, ang apoy ng matinding kaligayahan at nagsanhi ng pagkahimatay ng lahat ng mga kaluluwa! Kamangha-mangha ito, kamangha-manghang tunay!
12.3 Rising up, they soared unto the blest pavilion ’neath the throne of heaven’s canopy. How wondrous a mystery, how wondrous indeed!	12.3 Sa pagtaas, pumailanlang sila sa pabilyong banal sa ilalim ng trono ng bubong ng langit. Kamangha-manghang hiwaga, kamangha-manghang tunay!
12.4 Say: The Maiden of Eternity unveiled Her face—may her wondrous beauty be exalted indeed!—	12.4 Sabihin: Inalis ng Dilag ng Kawalang-hanggan ang tabing sa Kaniyang mukha—nawa’y ang Kaniyang kamangha-manghang kagandahan ay dakilaing tunay!—

12.5 Shedding forth from earth to heaven its resplendent rays. How wondrous a light, how wondrous indeed!	12.5 Pinasisinag mula sa lupa patungo sa langit ang maningning na mga silahis nito. Kamangha-manghang liwanag, kamangha-manghang tunay!
12.6 A lightning glance She cast, as piercing as a shooting star—how wondrous Her glance, how wondrous indeed!—	12.6 Biglang sulyap ang Kaniyang ibinigay, tumatagos na waring bulalakaw—kamangha-mangha ang Kaniyang sulyap, kamangha-manghang tunay!—
12.7 A glance consuming every name and every title in its flames. How wondrous a feat, how wondrous indeed!	12.7 Ang sulyap na tumutupok sa bawat pangalan at bawat parangal sa mga apoy nito. Kamangha-manghang gawa, kamangha-manghang tunay!
12.8 To the dwellers of the realm of dust She turned Her gaze. How wondrous Her gaze, how wondrous indeed!	12.8 Sa mga nananahan sa kaharian ng alabok ay ibinaling Niya ang Kaniyang paningin. Kamangha-mangha ang Kaniyang paningin, kamangha-manghang tunay!
12.9 And then did all creation shake and pass away. How astounding a death, how astounding indeed!	12.9 At sa gayon ang buong kinapal ay nangatal at naglaho. Kamangha-manghang kamatayan, kamangha-manghang tunay!
12.10 She then let fall a raven lock, an ornament of spirit in the darkest night—how wondrous a hue, how wondrous indeed!—	12.10 Pagkatapos ay inilaglag Niya ang itim na buhok, isang palamuti sa espiritu sa pinadilim na gabi—kamangha-manghang kulay, kamangha-manghang tunay!—
12.11 From which the fragrant breezes of the spirit were perceived. How wondrous a scent, how wondrous indeed!	12.11 Mula roon ay nadama ang mababangong mga simoy ng espiritu. Kamangha-manghang amoy, kamangha-manghang tunay!
12.12 In Her right hand She bore the ruby wine and in Her left a portion of the finest fare. How wondrous a grace, how wondrous indeed!	12.12 Sa Kaniyang kanang kamay taglay Niya ang pulang alak at sa Kaniyang kaliwa ang bahagi ng pinakamasarap na pagkain. Kamangha-manghang biyaya, kamangha-manghang tunay!
12.13 With hands encrimsoned with Her ardent lovers' blood—how wondrous is this, how wondrous indeed!—	12.13 Ang mga kamay na namumula sa dugo ng Kaniyang maalab na mga mangingibig—kamangha-mangha ito, kamangha-manghang tunay!—
12.14 In cups and chalices She passed round the wine of life. How wondrous a draught, how wondrous indeed!	12.14 Sa mga tasa at mga kalis ay ipinamudmod Niya ang alak ng buhay. Kamangha-manghang lagok, kamangha-manghang tunay!
12.15 With harp and lute She sang in praise of Her Beloved. How wondrous a song, how wondrous indeed!	12.15 Kasabay sa harpa at gitara inawit Niya ang papuri sa Kaniyang Minamahal. Kamangha-manghang awit, kamangha-manghang tunay!
12.16 Whereat the hearts were melted in consuming flames. How wondrous a love, how wondrous indeed!	12.16 Sa gayon ang mga puso ay natunaw sa tumutupok na apoy. Kamangha-manghang pag-ibig, kamangha-manghang tunay!
12.17 Of Her sustaining beauty She bestowed a boundless share—how wondrous a share, how wondrous indeed!—	12.17 Mula sa Kaniyang tumutustos na kagandahan Siya ay nagkaloob ng walang-hanggang bahagi—kamangha-manghang bahagi, kamangha-manghang tunay!—
12.18 Then brought Her sword of charm upon Her lovers' necks. How wondrous a blow, how wondrous indeed!	12.18 Pagkatapos ay itinaga ang Kaniyang espada ng bighani sa leeg ng Kaniyang mga mangingibig. Kamangha-manghang pagtaga, kamangha-manghang tunay!
12.19 Her pearl-like teeth did flash, no sooner had She smiled. How wondrous a pearl, how wondrous indeed!	12.19 Ang malaperlas Niyang mga ngipin ay kuminang, agad na Siya'y ngumiti. Kamangha-manghang perlas, kamangha-manghang tunay!

12.20 Whereat the hearts of them that know cried out and wept. How wondrous a piety, how wondrous indeed!	12.20 Sa gayon ang mga puso nilang mga nakababati ay sumigaw at umiyak. Kamangha-manghang kabanalan, kamangha-manghang tunay!
12.21 But they that doubt and boast of self denied Her truth. How astounding a denial, how astounding indeed!	12.21 Subalit silang nag-aalinlangan at ipinagamalaki ang sarili ay itinatwa ang Kaniyang katotohanan. Kamangha-manghang pagtatwa, kamangha-manghang tunay!
12.22 And, hearing this, in sorrow, She repaired to Her abode. How astounding Her grief, how astounding indeed!	12.22 At nang marinig ito, buong lumbay Siyang umuwi sa Kaniyang tahanan. Kamangha-manghang pighati, kamangha-manghang tunay!
12.23 She returned from whence She came: How lofty were the steps She traced! How astounding a decree, how astounding indeed!	12.23 Bumalik Siya sa Kaniyang pinanggalingan: Napakatayog ng mga baitang na tinahak Niya! Kamangha-manghang pasiya, kamangha-manghang tunay!
12.24 She cried a cry of anguish, as to reduce all things to naught. How astounding Her woe, how astounding indeed!	12.24 Umiyak Siya ng iyak ng kapighatian, na ang lahat ng bagay ay nauwi sa kawalan. Kamangha-manghang dalamhati, kamangha-manghang tunay!
12.25 And from Her lips there streamed these words of warning and rebuke—how astounding a stream, how astounding indeed!—	12.25 At mula sa Kaniyang mga labi ay dumaloy rito ang mga salita ng babala at pagsaway—kamangha-manghang daloy, kamangha-manghang tunay!—
12.26 “Why do ye gainsay Me, O people of the Book?” How astounding is this, how astounding indeed!	12.26 “Bakit kayo tumututol sa Akin, O mga tao ng Aklat?” Kamangha-mangha ito, kamangha-manghang tunay!
12.27 “Claim ye to be the guided and the loved ones of the Lord?” By God! How astounding a lie, how astounding indeed!	12.27 Inangkin ba ninyong pinapatnubayan at minamahal kayo ng Panginoon?” Saksi ang Diyos! Kamangha-manghang kasinungalingan, kamangha-manghang tunay!
12.28 “O my friends,” She said, “We shall not come again,”—how wondrous a return, how wondrous indeed!—	12.28 “O Aking mga kaibigan,” Kaniyang sinabi, “Hindi na Kami muling babalik pa,”—kamangha-manghang pagbabalik, kamangha-manghang tunay!—
12.29 “But will conceal God’s secrets in His Scriptures and His Books,” as bidden by One mighty and bounteous indeed!	12.29 “Bagkus ay itatago ang mga lihim ng Diyos sa Kaniyang mga Santong Kasulatan at sa Kaniyang mga Aklat,” sa utos ng Isang makapangyarihan at mapagpalang tunay!
12.30 “Nor shall ye find Me till the Promised One appear on Judgement Day.” By My life! How astounding an abasement, how astounding indeed!	12.30 “Ni hindi ninyo Ako matatagpuan hanggang ang Siyang Ipinangako ay lilitaw sa Araw ng Paghuhukom. Saksi ang Aking buhay! Kamangha-manghang pagkaaba, kamangha-manghang tunay!

– 13 –	– 13 –
<i>He is the Most Holy, the Most Glorious.</i>	<i>Siya ang Pinakabanal, ang Pinakamaluwalhati.</i>
13.1 Praise be to Thee, O Thou our Lord the Most Merciful! This is one of the days of the festival Thou hast named Rīdván, a festival wherein Thou hast manifested Thy sovereignty over all who are in Thy heavens and on Thine earth, notwithstanding that the people have arisen to harm Thee and to extinguish Thy light, and wherein the Luminary of Thy oneness hath	13.1 Purihin Ka nawa, O Ikaw na aming Panginoong Pinakamahabagin! Ito ang isa sa mga araw ng pistang Iyong tinaguriang Rīdván, isang pista kung kailan Iyong ginawang mahayag ang Iyong kapangyarihan sa lahat ng nasa Iyong kalangitan at ng nasa Iyong kalupaan, sa kabila ng pagbangon ng mga tao upang saktan Ka at subhan ang Iyong liwanag, at kung kailan ang Tanglaw

shone forth from the dayspring of Thy House upon all things visible and invisible.	ng Iyong kaisahan ay sumikat mula sa pamimitak ng Iyong Tahanan sa lahat ng bagay na nakikita at di-nakikita.
13.2 I beseech Thee, O my God, by this Day and by Him Whom Thou hast made to be the Dawning-Place of Thy revelation and the Dayspring of Thine inspiration, to ordain for Thy loved ones the good of this world and of the world to come, and to number them with those whom naught can distract from Thy remembrance and praise. Strengthen, then, their hearts in such wise that the ascendancy of those who have disbelieved in Thee and in Thy signs may never dismay them.	13.2 Isinasamo ko sa Iyo, O aking Diyos, sa ngalan ng Araw na ito at sa ngalan Niya na Iyong ginawang maging Pook-Silangan ng Iyong kapahayagan at ng Pamimitak ng Iyong inspirasyon, na itataga para sa Iyong mga minamahal ang kabutihan ng daigdig na ito at ng daigdig na darating, at ibilang sila sa yaong mga walang makaaagaw ng pansin mula sa paggunita at pagpuri sa Iyo. Palakasin kung gayon ang kanilang mga puso sa gayong paraan na ang pangingibabaw ng mga hindi naniniwala sa Iyo at sa Iyong mga palatandaan kailanman ay hindi makapapangangamba sa kanila.
13.3 O Lord! Illumine their eyes with the light of Thy knowledge, and their hearts with the splendour of Thy countenance. Bind, then, their souls and spirits together, that through their unity all the inhabitants of Thy dominion may become united.	13.3 O Panginoon! Tanglawan ang kanilang mga mata ng liwanag ng Iyong kaalaman, at ang kanilang mga puso ng karingalan ng Iyong mukha. Bigkising sama-sama kung gayon, ang kanilang mga kaluluwa at mga espiritu, nang upang sa pamamagitan ng kanilang pagkakaisa ang lahat ng mga nananahan sa Iyong kaharian ay magkaisa.
13.4 Potent art Thou over all who are in the kingdoms of Thy revelation and Thy creation. Thou, verily, art the Almighty, the All-Bountiful. Praised be Thou, O Lord of the worlds!	13.4 May kapangyarihan Ka sa lahat ng nasa mga kaharian ng Iyong kapahayagan, at ng Iyong kinapal. Ikaw, sa katunayan, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Lubos na Mapagpala. Purihin Ka nawa, O Panginoon ng mga daigdig!

– 14 –	– 14 –
<i>In the name of God, the Almighty, the All-Bountiful!</i>	<i>Sa ngalan ng Diyos, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Lubos na Mapagpala!</i>
14.1 Glorified art Thou, O my God! I beseech Thee by this Day, and by Him Whom Thy sovereignty and Thy majesty and Thy might have manifested therein, and by the tears which Thine ardent lovers have shed in their remoteness and separation from Thee, and by the fire that hath consumed the hearts of them that yearn to behold Thy beauty, to send down upon us on this Day that which beseemeth Thy beauty and becometh Thy grace and Thy generosity.	14.1 Luwalhatiin Ka nawa, O aking Diyos! Isinasamo ko sa Iyo sa ngalan ng Araw na ito, at sa ngalan Niya na ginawang mahayag Siya roon sa pamamagitan ng Iyong paghahari at ng Iyong kamahalan at ng Iyong lakas, at sa ngalan ng mga luha ng Iyong maalab na mga mangingibig na pumatak dahil sa kanilang kalayuan at pagkawalay sa Iyo, at sa ngalan ng apoy na tumupok sa mga puso nilang mga nananabik na masilayan ang Iyong kagandahan, na ipababa sa amin sa Araw na ito yaong nararapat sa Iyong kagandahan at naangkop sa Iyong biyaya at Iyong kagandahang-loob.
14.2 O Lord! We are but poor creatures who have detached ourselves from all save Thee, set our faces towards the treasury of Thy wealth, and fled from remoteness in the hope of approaching Thee. Send down, then, upon us from the heaven of Thy Will that which will sanctify us from the world and from all that pertaineth thereunto, and attire us with the raiment Thou hast purposed for us through Thy grace and favours.	14.2 O Panginoon! Kami ay dukhang mga nilalang lamang na iniwalay ang aming mga sarili mula sa lahat liban sa Iyo, ibinaling ang aming mga mukha tungo sa imbakang ng Iyong kayamanan, at tumakas mula sa kalayuan sa pag-asang makalapit sa Iyo. Ipababa sa amin, kung gayon, mula sa langit ng Iyong kalooban yaong dadalisay sa amin mula sa daigdig at mula sa lahat ng nauugnay roon, at bihisin kami ng kasuotang Iyong nilayon para sa amin sa pamamagitan ng Iyong biyaya at mga pagpapala.
14.3 I beseech Thee moreover, O my God, by Thy Name which Thou hast made to be the treasury of Thy knowledge, the repository of Thy revelation, and the	14.3 Isinasamo ko sa Iyo, higit pa rito, O aking Diyos, sa pamamagitan ng Iyong Pangalan na Iyong ginawang maging imbakang ng Iyong kaalaman, ang

fountainhead of Thine inspiration, the Name through which Thou hast separated and united the faithful and the infidels, to clothe us in this Day with the vesture of Thy guidance and the mantle of Thy favour. Enable us, then, to champion Thy Cause, to assist Thy Faith, and to speak forth Thy Name before all who are in Thy heaven and on Thine earth, that every land may be filled with the wonders of Thy remembrance and every face illumined with the light of Thy countenance.	repository ng Iyong kapahayagan, at ang punong-bukal ng Iyong inspirasyon, ang Pangalan na sa pamamagitan niyon ay Iyong pinaghiwalay at pinagkaisa ang matatapat at ang mga di-nananalig na damtan kami sa Araw na ito ng kasuotan ng Iyong patnubay at ng manta ng Iyong pagpapala. Tulutan kami, kung gayon, na ipaglaban ang Iyong Kapakanan, na tumulong sa Iyong Pananampalataya, at na bigkasin ang Iyong Pangalan sa harap ng lahat ng nasa Iyong langit at ng nasa Iyong lupa, upang ang bawat lupain ay mapuspos ng mga kamanghaan ng paggunita sa Iyo at ang bawat mukha ay matanglawan ng liwanag ng Iyong mukha.
14.4 O Lord! We bear witness that Thou art God and that there is none other God but Thee. We testify that Thou hast from everlasting occupied so transcendent a station as to elude the grasp of even them that have recognized Thee, and that Thou wilt abide unto everlasting in heights of glory so inaccessible that the birds of the hearts of Thy devoted servants will forever fail to soar into the atmosphere of Thy knowledge.	14.4 O Panginoon! Sumasaksi kami na Ikaw ang Diyos at walang ibang Diyos liban sa Iyo. Sumasaksi kami na, mula sa kawalang-hanggan Ikaw ay nakaluklok na sa gayong napakataas na kalagayan na di-malirip ng kahit silang mga nakakilala na sa Iyo, at Ikaw ay mananatili magpakailanman sa gayong mga rurok ng kaluwalhatian di-maabot na ang mga ibon ng mga puso ng Iyong taimtim na mga tagapaglingkod ay laging mabibigong pumailanlang sa himpapawid ng Iyong kaalaman.
14.5 O Lord! All things bear witness to Thy unity, and whatsoever can be said to exist, whether visible or invisible, testifieth to Thy oneness. Thou, verily, hast sanctified Thy Self beyond the knowledge of aught save Thee, and hast exalted Thine Essence above the mention of all else. All the words and meanings that have been created in the realm of existence return, in the end, to that Word which hath flowed from the pen of Thy Command and the fingers of Thy Decree. Every great one is as naught before the evidences of Thy greatness, and every mighty one is as a thing forgotten before the revelations of Thy transcendent might.	14.5 O Panginoon! Ang lahat ng bagay ay sumasaksi sa Iyong kaisahan, at ang anumang masasabing umiiral, maging nakikita man o di-nakikita, ay sumasaksi sa Iyong kaisahan. Ikaw, sa katunayan, ay ginawang banal ang Iyong Sarili, nang higit sa kaalaman ng sinuman liban sa Iyong sarili, at dinakila ang Iyong Diwa nang higit na mataas kaysa sa pagbanggit ng lahat ng iba. Ang lahat ng mga salita, at mga kahulugang nilikha sa daigdig na umiiral ay bumabalik, sa wakas, sa Salitang iyon na dumaloy mula sa panulat ng Iyong Kautusan at sa mga daliri ng Iyong Batas. Ang bawat dakila ay tulad ng kawalan sa harap ng mga katibayan ng Iyong kadakilaan, at ang bawat makapangyarihan ay tulad ng limot na bagay sa harap ng mga paghahayag ng Iyong nangingibabaw na kapangyarihan.
14.6 O Lord! Thou seest Thy loved ones encircled by the workers of iniquity. I beseech Thee by that name of Thine whereby the fire of Thy wrath was kindled and the flames of Thine anger were made to blaze, to lay hold upon them that have oppressed Thy loved ones. Send down then upon us all that we have besought of the wonders of Thy grace and favour, and suffer us not to be debarred from turning towards Thee and drawing nigh unto the sanctuary of Thy transcendent oneness. Thou, verily, art that omnipotent One to Whose might all the atoms of the earth have from all eternity borne witness, and to Whose majesty all created things will ever testify. Thou, in truth, art the Lord of might and grandeur, and the Ruler of earth and heaven. No God is there but Thee, the Almighty, the All-Glorious, Whose help is implored by all.	14.6 O Panginoon! Iyong nakikita ang Iyong mga minamahal na napapalibutan ng mga gumagawa ng kasamaan. Isinasamo ko sa Iyo sa Iyong pangalan na sa pamamagitan niyon pinagningas ang apoy ng Iyong poot at lumagablab ang mga pagliyab ng Iyong galit, na sakmalin silang mga umapi sa Iyong mga minamahal. Ipababa, kung gayon, sa amin, ang lahat ng aming mga hiningi mula sa kamanghaan ng Iyong biyaya at pagpapala, ay huwag tulutang kami ay mahadlangan mula sa pagbaling tungo sa Iyo at paglapit sa santuwaryo ng Iyong nangingibabaw na kaisahan. Ikaw, sa katunayan, ang Siyang Ganap na Makapangyarihan na ang Kaniyang lakas ay sinasaksihan ng lahat ng mga atomo ng daigdig mula pa sa buong kawalang-hanggan, at ang Kaniyang kamahalan ay patuloy na sasaksihan ng lahat ng nilikhang bagay. Ikaw, sa katotohanan, ang Panginoon ng lakas at karingalan, at ang Namumuno sa lupa at langit. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Ganap na Maluwalhati, na ang Kaniyang tulong ay sinasamo ng lahat.

15.1 Praise be to Thee, O my God, for having cast in this Day the radiance of all Thy names upon all created things, O Thou Who art the Lord of glory, majesty, and grandeur; of power, might, and blessings! This is the Day whereon He Who is the Mouthpiece of God, the All-Possessing, the Inaccessible, the Most High, hath called out from the realm of eternity, saying: “The Kingdom is God’s, the Almighty, the Most Exalted, the Most Glorious!”

15.2 Lauded be Thy name, O Thou Who causest the winds to blow and the dawn to break, Who revealest the verses and unveilest the proofs! All things proclaim that Thou art God, and that there is none other God but Thee, the Sovereign, the All-Powerful, the Most Exalted, the Most Great. Magnified be Thy name, O Thou Who art the Fashioner of the heavens and the Creator of all names, Who sheddest Thy splendour upon all things through the power of Thy Most Great Name. This, verily, is the name whereby the Mystic Dove hath warbled upon the celestial bough, proclaiming: “All dominion belongeth forever unto God, our Lord, the Most Merciful!”

15.3 Glorified art Thou, O King of eternity, and Ruler of the nations, and Quickener of every mouldering bone! Praise be unto Thee, a praise that no earthly tongue can ever befittingly extol, a praise through which the outpourings of Thy mercy have rained upon all created things and the light of Thy countenance hath shone upon all who are in heaven and on earth. Praise be unto Thee, a praise that hath unloosed the tongue of every stammerer in Thy celebration, that hath drawn every remote one nigh unto the seat of Thy mighty throne, and that hath guided every thirsty one to the living waters of Thy bounty and the soft-flowing streams of Thy favour. Praise be unto Thee, a praise through which the fragrance of the robe of Thy mercy hath been wafted upon all who are in heaven and on earth, and the sweet smell of the roses of Thy Paradise hath been diffused over the dwellers of the cities of eternity, and every name hath been made to extol Thy remembrance and glory. Praise be unto Thee, a praise that hath endued the hearts of Thy loved ones with such constancy that no earthly veil can hinder them from fixing their gaze upon the horizon of Thy bounties, nor can the ascendancy of the oppressors deter them from beholding the wondrous light of Thy countenance. Praise be unto Thee, a praise that hath blotted out from the hearts of Thy servants the mention of aught else save Thee and aided them to teach Thy Cause and to blazon Thy remembrance in every region.

15.1 Purihin Ka nawa, O aking Diyos, dahil sa Araw na ito ay isinabog Mo ang kaningningan ng lahat ng Iyong mga pangalan sa lahat ng nilikhang bagay, O Ikaw na Siyang Panginoon ng kaluwalhatian, kamahalan at karingalan; ng kapangyarihan, lakas at pagpapala! Ito ang Araw kung kailan Siya na Tagapagsalita ng Diyos, ang Nagtataglay ng Lahat, ang Di-maabot, ang Pinakamataas, ay tumawag mula sa kaharian ng kawalang-hanggan, sinasabing: “Ang Kaharian ay sa Diyos, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Pinakadakila, ang Pinakamaluwalhati!”

15.2 Ipagbunyi ang Iyong pangalan, O Ikaw na Siyang sanhi ng paghihip ng mga hangin at ng pamimitak ng buwang-liwayway, Siyang nagpapahayag ng mga bersikulo at nagsisiwalat ng mga katibayan! Ipinapahayag ng lahat ng bagay na Ikaw ang Diyos, at walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Hari, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Pinakamataas, ang Pinakadakila. Dakilain nawa ang Iyong pangalan, O Ikaw na Siyang Humubog sa kalangitan at ang Maylalang ng lahat ng mga pangalan, O Ikaw na Siyang ipinapasikat ang Iyong karingalan sa lahat ng bagay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Iyong Pinakadakilang Pangalan. Ito, sa katunayan ang pangalang ginamit ng Mahiwagang Kalapati sa pag-awit sa makalangit na sanga, ipinapahayag na: “Ang lahat ng paghahari ay pag-aari magpakailanman ng Diyos, ang aming Panginoon, ang Pinakamahabagin!”

15.3 Luwalhatiin Ka nawa, O Hari ng kawalang-hanggan, at Pinuno ng mga bansa, at Bumubuhay sa bawat butong naaagnas. Ang papuri ay mapasa-Iyo, isang papuring sa pamamagitan niyon ang mga pagbuhos ng Iyong habag ay umulan sa lahat ng nilikhang bagay at ang liwanag ng Iyong mukha ay sumikat sa lahat ng nasa langit at ng nasa lupa. Ang papuri ay mapasa-Iyo, isang papuring kinalagan ang dila ng bawat nauutal sa pagdiriwang sa Iyo, na inilapit ang bawat malayo papalapit sa luklukan ng Iyong makapangyarihang trono, at na ginabayan ang bawat nauuhaw tungo sa nabubuhay na mga tubig ng Iyong biyaya at sa mahinay na dumadaloy na mga sapa ng Iyong pagpapala. Ang papuri ay mapasa-Iyo, isang papuring sa pamamagitan niyon ang kabanguhan ng kasuotan ng Iyong habag ay sumimoy sa lahat ng nasa langit at nasa lupa, at ang matamis na samyo ng mga rosas ng Iyong Paraiso ay pinalaganap sa mga nananahan sa mga lungsod ng kawalang-hanggan, at ang bawat pangalan ay ginawang ipagbunyi ang Iyong gunita at luwalhati. Ang papuri ay mapasa-Iyo, isang papuring nagkaloob sa mga puso ng Iyong mga minamahal ng gayong katapatan na walang makalupang lambong ang makapigil sa kanila mula sa pagtutok ng kanilang paningin sa sugpungang-guhit ng Iyong mga biyaya, ni hindi sila mapipigilan ng pangingibabaw ng mga maniniil upang masilayan ang kamangha-manghang liwanag ng Iyong mukha. Ang papuri ay mapasa-Iyo, isang papuring bumura mula sa mga puso ng Iyong mga

	tagapaglingkod ang pagbanggit ng anupaman liban sa Iyo at tinulungan silang ituro ang Iyong Kapakanan at ipagbigay-alam ang paggunita sa Iyo sa bawat rehiyon.
15.4 I beseech Thee, O my God, by Thy most excellent names and Thy most exalted attributes, and by them that have soared in the atmosphere of Thy nearness and good-pleasure and taken flight upon the wings of trust and detachment towards the Dayspring of Thy name, the All-Merciful, and by the blood that hath been shed for Thy sake, and by the sighs that have been uttered for Thy love, to accept from us on this day all our works in Thy path.	15.4 Isinasamo ko sa Iyo, O aking Diyos, sa pamamagitan ng Iyong pinakamahusay na mga pangalan at ng Iyong pinakadakilang mga katangian, at sa pamamagitan nilang mga pumailanlang sa himpapawid ng Iyong pagkalapit at mabuting kaluguran at lumipad sa mga pakpak ng pagtitiwala at pagkakawalay tungo sa Pamimitak ng Iyong pangalan, ang Lubos na Mahabagin, at sa pamamagitan ng dugong pinadanak alang-alang sa Iyo, at sa pamamagitan ng mga buntong-hininga na sinambit alang-alang sa pag-ibig sa Iyo, na tanggapin mula sa amin sa araw na ito ang lahat ng aming ginawa sa Iyong landas.
15.5 This is the Day whereon the All-Merciful shed the splendour of His effulgence upon all names. All glory be to that which God hath bestowed upon us!	15.5 Ito ang Araw kung kailan ay ipinasikat ng Lubos na Mahabagin ang kaningningan ng Kaniyang karingalan sa lahat ng mga pangalan. Ang lahat ng luwalhati ay maparoon sa ipinagkaloob ng Diyos sa atin!
15.6 This is the Day whereon He Who is the Hidden and the Unseen appeared before the eyes of all creation. All glory be to that which God hath bestowed upon us!	15.6 Ito ang Araw kung kailan Siya na Natatago at Di-nakikita ay lumitaw sa harap ng mga mata ng buong kinapal. Ang lahat ng luwalhati ay maparoon sa ipinagkaloob ng Diyos sa atin!
15.7 This is the Day whereon the Most Great Idol was shattered. All glory be to that which God hath bestowed upon us!	15.7 Ito ang Araw kung kailan ang Pinakamalaking Diyus-diyusan ay winasak. Ang lahat ng luwalhati ay maparoon sa ipinagkaloob ng Diyos sa atin!
15.8 This is the Day whereon the Lord of mercy revealed Himself unto all creation. All glory be to that which God hath bestowed upon us!	15.8 Ito ang Araw kung kailan ang Panginoon ng habag ay ibinunyag ang Kaniyang sarili sa buong kinapal. Ang lahat ng luwalhati ay maparoon sa ipinagkaloob ng Diyos sa atin!
15.9 This is the Day whereon Pharaoh was drowned and Moses beheld Him Who is the Beauty of the All-Glorious Lord. All glory be to that which God hath bestowed upon us!	15.9 Ito ang Araw kung kailan si Paraon ay nalunod at nakita ni Moises ang Siyang Kagandahan ng Panginoong Ganap na Maluwalhati. Ang lahat ng luwalhati ay maparoon sa ipinagkaloob ng Diyos sa atin!
15.10 This is the Day whereon the false gods of idle fancy were overthrown through the power of our Lord, the Almighty, the All-Knowing. All glory be to that which God hath bestowed upon us!	15.10 Ito ang Araw kung kailan ang huwad na diyus-diyusan ng walang-katuturang hinagap ay binuwag sa pamamagitan ng kapangyarihan ng ating Panginoon, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Lubos na Nakababatid. Ang lahat ng luwalhati ay maparoon sa ipinagkaloob ng Diyos sa atin!
15.11 This is the Day whereon the billows of the Most Great Ocean were made manifest in the Scene of transcendent glory. All glory be to that which God hath bestowed upon us!	15.11 Ito ang Araw kung kailan ang mga alon ng Pinakadakilang Karagatan ay ginawang mahayag sa Tagpo ng nangingibabaw na kaluwalhatian. Ang lahat ng luwalhati ay maparoon sa ipinagkaloob ng Diyos sa atin!
15.12 This is the Day whereon all created things were summoned to the presence of their Lord, the Inaccessible, the Most High. All glory be to that which God hath bestowed upon us!	15.12 Ito ang Araw kung kailan ang lahat ng nilikhang bagay ay tinawag patungo sa kinaroroonan ng kanilang Panginoon, ang Di-maabot, ang Pinakamataas. Ang lahat ng luwalhati ay maparoon sa ipinagkaloob ng Diyos sa atin!
15.13 This is the Day whereon all things testified to that whereunto the Tongue of Power hath testified before the Divine Lote-Tree. All glory be to that which God hath bestowed upon us!	15.13 Ito ang Araw kung kailan ang lahat ng bagay ay sumaksi roon sa pinatunayan ng Dila ng Kapangyarihan sa harap ng Banal na Punong-Lote. Ang lahat ng luwalhati ay maparoon sa ipinagkaloob ng Diyos sa atin!

– 16 –	– 16 –
<i>In the name of God, Who hath cast His splendour over all creation!</i>	<i>Sa ngalan ng Diyos, Siyang nagsabog ng Kaniyang karingalan sa buong kinapal!</i>
1. O concourse of earth and heaven! Give ear to the testimony of God that proceedeth from the mouth of your Lord, the All-Glorious. He verily hath testified, in Himself and by Himself, ere the heaven of His Cause was raised up and the clouds of His Decree were gathered together, that there is none other God but Him, and that He Who hath appeared is that Most Great Name through which His ancient proof and testimony have been established before all who are in the heavens and on the earth.	1. O kalipunan ng lupa at langit! Makinig sa patotoo ng Diyos na nagbubuhay mula sa bibig ng iyong Panginoon, ang Ganap na Maluwalhati. Siya sa katunayan ay sumaksi, sa Kaniyang Sarili at sa pamamagitan ng Kaniyang Sarili, bago pa itinaas ang kalangitan ng Kaniyang Kapakanan at tinipon ang mga ulap ng Kaniyang Kautusan, na walang ibang Diyos liban sa Kaniya, at Siyang lumitaw ay ang Pinakadakilang Pangalan na sa pamamagitan niyon ang Kaniyang napakatandang katibayan at patotoo ay itinatag sa harap ng lahat ng nasa langit at ng nasa lupa.
2. Verily God hath testified, in Himself and by Himself, and in His inmost Essence, that there is none other God but Him and that He Who is come through the power of truth is the Manifestation of His most excellent names and the Dawning-Place of His most exalted attributes. Through Him the voice of the mystic Morn rang out from the horizon of eternity and the Most Great Spirit spoke forth before the Divine Lote-Tree, saying: “This, verily, is He Who hath been intended in the Cities of Names and mentioned in the Tablets revealed from the empyrean of the Will of your Lord, the Ruler of earth and heaven. He, indeed, is the most great Instrument amidst the nations, Who hath come to regenerate the whole world.”	2. Ang Diyos sa katunayan ay sumaksi, sa Kaniyang Sarili at sa pamamagitan ng Kaniyang Sarili, at sa Kaniyang kaibuturang Diwa, na walang ibang Diyos liban sa Kaniya at na Siyang dumating sa pamamagitan ng kapangyarihan ng katotohanan ay ang Kahayagan ng Kaniyang pinakamahusay na mga pangalan at ang Pook-Silangan ng Kaniyang pinakadakilang mga katangian. Sa pamamagitan Niya ang tinig ng mahiwagang Umaga ay bumulalas mula sa sugpungang-guhit ng kawalang-hanggan at ang Pinakadakilang Espiritu ay nagwika sa harap ng Banal na Punong-Lote, sinasabing: “Ito, sa katunayan, ay Siyang nilalayon sa mga Lungsod ng mga Pangalan at binanggit sa mga Tabletang ipinahayag sa pinakamataas na kalangitan ng Kalooban ng iyong Panginoon, ang Namumuno sa lupa at langit. Siya, sa katunayan, ay ang pinakamatinding Instrumento sa kalagitnaan ng mga bansa, na Siya ay dumating upang muling buhayin ang buong daigdig.
3. Verily God hath testified, in Himself and by Himself, and ere the creation of the world and the manifestation of His names and attributes, that there is none other God but Him, and that He Who is come upon the clouds of divine decree is the Trust of God amongst you and the Revealer of His Essence in your midst.	3. Ang Diyos sa katunayan ay sumaksi, sa Kaniyang Sarili at sa pamamagitan ng Kaniyang Sarili, at bago pa nilalang ang daigdig at ipinahayag ang Kaniyang mga pangalan at mga katangian, na walang ibang Diyos liban sa Kaniya, at na Siyang dumating sa ibabaw ng mga ulap ng banal na kautusan ay ang Ipinagkatiwala ng Diyos sa inyo at ang Tagapagsiwalat ng Kaniyang Diwa sa kalagitnaan ninyo.
4. We verily behold, at this hour and from His realm, all the denizens of earth and heaven, and summon them to this Beauty that hath solaced the eyes of the inmates of Paradise and the dwellers of the tabernacle of holiness, them that have fixed their gaze on this Scene of resplendent glory and whom the veils of human limitations have failed to debar from beholding the countenance of God, the Almighty, the Most Wondrous. He it is Who proclaimeth within all things: “Verily, I am your Lord, the Merciful, the Compassionate. From time immemorial I was a Treasure hidden in a station unknown to all save Mine own Self, the All-Knowing, the All-Informed. Cast away all that ye possess and soar on the wings of detachment into this atmosphere wherein waft the breezes of the mercy of your Lord, the Ever-Forgiving, the Most Generous.”	4. Tunay na Aming nakikita, sa oras na ito at mula sa Kaniyang Kaharian, ang lahat ng mga nananahan sa lupa at langit at tinatawagan sila patungo sa Kagandahang ito na umaliw sa mga mata ng mga nananahan sa Paraiso at sa mga nakatira sa tabernakulo ng kabanalan, silang mga ipinako ang kanilang paningin sa Tagpong ito ng kaluwalhatiag nagniningning at hindi napigilan ng mga lambong ng mga hangganan ng tao mula sa pagmasid sa mukha ng Diyos, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Pinakakamangha-mangha, Siya ay yaong Siyang nagpapahayag sa loob ng lahat ng bagay: “Tunay na Ako ang inyong Panginoon, ang Mahabagin, ang Madamayin. Mula sa panahong di-magunita Ako ay isang Kayamanang natatago sa kalagayang walang nakababatid, liban sa Aking angking Sarili, ang Lubos na Nakababatid, ang Lubos na

	Nakaaalam. Itapon ang lahat ng inyong taglay at pumailanlang sa mga pakpak ng pagkawalay rito sa himpapawid kung saan ay sumisimoy ang mga hangin ng habag ng inyong Panginoon, ang Laging-Nagpapatawad, ang Pinakamapagbigay.”
5. By My life! The Day is come which from all eternity was concealed in the treasures of the might of your Lord. Rejoice in this blessed, this glorious and sublime Day. For He verily is Mine own Appearance amongst you, and whoso maketh the slightest distinction between Him and Me hath indeed strayed far from the straight path of truth. He it is Who hath caused the Mystic Dove to warble upon the twigs of the Tree of glory, saying: “By the one true God! The Best-Beloved of the worlds is come!”	5. Saksi ang Aking buhay! Sumapit na ang Araw na mula sa kawalang-hanggan ay inilihim sa mga ingatang-yaman ng kapangyarihan na iyong Panginoon. Magdiwang dito sa pinagpala, dito sa maluwalhati at kataas-taasang Araw. Sapagkat sa katunayan Siya ang Aking sariling paglitaw sa kalagitnaan ninyo, at ang sinumang magbigay ng kaliit-liitang pagkakaiba sa pagitan Niya at Ako sa katunayan ay lumihis nang malayo mula sa tuwid na daan ng katotohanan. Siya itong naging sanhi ng pag-awit ng Mistikong Kalapati sa mga sanga ng Puno ng kaluwalhatian, sinasabing: “Saksi ang iisang tunay na Diyos! Ang Pinakamamahal ng mga daigdig ay dumating na!”
6. Glorified art Thou, O Lord my God! Can anyone befittingly thank Thee for such blessings as Thou hast sent down from the heaven of Thy oneness and the firmament of Thy Will, blessings which Thou hast reserved for the people of Bahá in the realm of creation? Nay, by Thy might, O Thou the Beloved of the worlds and the sole Desire of them that have recognized Thee! Wert Thou to endow every creature of earth and heaven with a myriad tongues, even to the number of the atoms of the universe, and were they to yield Thee thanks, so long as Thy kingdom and Thy dominion endure, for the bounties which Thou hast bestowed upon Thy loved ones in this Day—a Day whereon Thou hast revealed Thyself in Thine own Essence and inmost Being to the dwellers of earth and heaven, and in Thy Beauty to the inhabitants of the cities of eternity, and through Thy Names to them that are immersed in the billowing oceans of grandeur—yet would their thanksgiving fade into nothingness before that which Thou hast bestowed upon them through Thy grace and bounty.	6. Luwalhatiin Ka nawa, O Panginoon kong Diyos! Magagawa ba ng sinuman ang pasalamat na Ka nang narapat dahil sa gayong mga pagpapalang Iyong ipinababa mula sa kalangitan ng Iyong kaisahan at sa langit ng Iyong Kalooban, mga pagpapalang inilaan para sa mga tao ni Bahá sa kaharian ng sangnilikha? Hindi lamang iyon, saksi ang Iyong kapangyarihan, O Ikaw na Minamahal ng mga daigdig at tanging Hangarin nilang mga kumilala sa Iyo! Kung Iyong pagkakalooban ang bawat nilalang sa lupa at langit ng napakaraming wika, kahit pa hanggang sa bilang ng mga atomo sa sansinukob, at kung sila ay magpapasalamat sa Iyo sa buong kahabaan ng pag-iral ng Iyong kaharian at Iyong kinasasakupan, dahil sa mga biyayang Iyong ipinagkaloob sa Iyong mga minamahal sa Araw na ito—isang Araw kung kailan Iyong inihayag ang Iyong sarili sa Iyong sariling Diwa at kaibuturang Sarili sa mga nananahan sa lupa at langit, at sa Iyong Kagandahan sa mga nananahan sa mga lungsod ng kawalang-hanggan, at sa pamamagitan ng Iyong mga Pangalan sa kanilang mga nakalugmok sa dumadaluyong na mga karagatan ng karingalan—gayumpaman ang kanilang pasalamat ay maglalaho sa ganap na kawalan sa harap ng Iyong ipinagkaloob sa kanila mula sa Iyong biyaya at pagpapala.
7. I know not, O my God, which among Thy gifts to extol in this Day, a Day that Thou hast made to be the source of all Thy days and the dawning-place whence the rays of the light of Thine Essence and the splendours of the glory of Thy countenance have shone forth. Shall I praise the heavenly repast which Thou hast sent down in this Day unto the people of Bahá, whom Thou hast singled out for Thy favour amongst the dwellers of earth and heaven? This, verily, is a sustenance borne in the vessel of Thy words, from every letter of which a myriad suns of divine wisdom and utterance dawn forth and the lights of authority and exposition shine resplendent. This, verily, is a sustenance whose substance is such inner meanings as had from everlasting lain concealed within Thine inviolable treasures and hidden beneath the tabernacles of Thy glory. Or shall I, O my God, extol	7. Hindi ko malaman, O aking Diyos, kung alin sa Iyong mga biyaya ang pupurihin sa Araw na ito, ang Araw na Iyong ginawang maging pinagmumulan ng lahat ng Iyong mga araw at ang pook-silangan na mula roon ang mga sinag ng liwanag ng Iyong Diwa at ang mga karingalan ng luwalhati ng Iyong mukha ay sumikat. Pupurihin ko ba ng makalangit na pagkain na Iyong ipinababa sa Araw na ito sa mga tao ni Bahá, na Iyong pinili para sa Iyong pagpapala mula sa mga nananahan sa lupa at langit? Ito sa katunayan ay isang panustos na taglay sa lalagyan ng Iyong mga salita, na mula sa bawat titik nito ang napakaraming mga araw ng banal na karunungan at pananalita ay namimitak at ang mga liwanag ng awtoridad at ng paliwanag ay sumisikat nang maningning. Ito, sa katunayan, ay isang panustos na ang laman niyon ay ang gayong panloob na mga

Thine appearance in this Day from the dawning-place of Thine Essence; or Thine establishment, before the gaze of all men, upon the throne of Thy name, the All-Bountiful; or yet Thy proclamation, through the Tongue of might and power, to all things visible and invisible? By Myself, the True One! The Hidden Secret and Treasured Mystery hath been revealed. Whosoever seeketh Me shall behold Me.	kahulugang nanatiling nakatago mula sa kawalang-hanggan sa loob ng Iyong di-nasasakop na mga ingatang-yaman at inilihim sa ilalim ng mga tabernakulo ng Iyong kaluwalhatian. O akin bang pupurihin, O aking Diyos, ang Iyong paglitaw, sa Araw na ito mula sa pook-silangan ng Iyong Diwa; o ang Iyong pagkaluklok sa harap ng paningin ng lahat ng tao, sa trono ng Iyong pangalan, ang Lubos na Mapagpala; o kaya ng Iyong pamamahayag sa pamamagitan ng Dila ng kapangyarihan at lakas, sa lahat ng bagay na nakikita at di-nakikita? Saksi ang Aking Sarili, ang Siyang Tunay! Ang Natatagong Lihim at ang Iniingatang Hiwaga ay ibinunyag na. Ang sinumang humanap sa Akin ay makikita Ako.
8. I swear by Thy glory, O Fashioner of names and Creator of earth and heaven! The tongues of Thy creatures are powerless to render thanks for the favours Thou hast bestowed upon them in this Day, a Day from which Thou hast made all Thy days to proceed. This is the Day whereon Thou hast summoned the well-favoured to the Dayspring of Thy nearness and the sincere to the Dawning-Place of the light of Thy countenance. This is the Day concerning which Thou didst covenant with every Prophet to herald unto all the advent of Him Who shall be manifested therein with Thy sovereign might and celestial power.	8. Isinusumpa Ko sa Iyong kaluwalhatian, O Maylalang ng mga pangalan at Manlilikha ng lupa at langit! Ang mga dila ng Iyong mga nilalang ay walang-kakayahang magbigay-pasasalamat sa mga pagpapalang Iyong ipinagkaloob sa kanila sa Araw na ito, isang Araw na Iyong ginawang pinagmumulan ng lahat ng Iyong mga araw. Ito ang Araw kung kailan Iyong tinawag ang mga pinagpalang maigi tungo sa Pamimitak ng Iyong kalapitan at matatapat tungo sa Pook-Silangan ng liwanag ng Iyong mukha. Ito ang Araw na tungkol dito ay gumawa Ka ng kasunduan sa bawat Propeta na ipamamalita sa lahat ang pagsapit Niya na Siyang ihahayag doon sa pamamagitan ng Iyong naghaharing lakas at makalangit na kapangyarihan.
9. This is the Day whereon Muhammad, the Apostle of God, cried out from the midmost heart of Paradise, saying: "O peoples of the earth! By God, the Beloved of the worlds and the Desire of every understanding heart is come! He, verily, is the One to Whose voice I hearkened on My Night Journey but Whose beauty I was not to behold until the days attained their consummation in this Day, a Day which is the adornment of all the days of God, the Sovereign Lord, the Almighty, the All-Praised. This is the Day whereon the rule of His grace and all-pervading mercy hath been so universally established as to embrace every soul, for He hath in truth summoned each and all to His presence and hath shed upon all things the splendour of His glorious and refulgent beauty."	9. Ito ang Araw kung kailan sinigaw ni Muhammad, ang Apostol ng Diyos, mula sa kaibuturang puso ng Paraiso, sinasabing: "O mga tao ng daigdig! Saksi ang Diyos ang Minamahal ng mga daigdig at ang Hangarin ng bawat nakauunawang puso ay dumating na! Siya, sa katunayan, ang Siya na ang Kaniyang tinig ang Aking narinig sa Aking Gabing Paglalakbay subalit ang Kaniyang kagandahan ay hindi Ko nasilayan hanggang sa sumapit ang katuparan ng mga araw sa Araw na ito, isang Araw na siyang palamuti ng lahat ng mga araw ng Diyos, ang Naghaharing Panginoon, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Lubos na Pinupuri. Ito ang Araw kung kailan ang pag-iral ng Kaniyang biyaya at habag na laganap sa lahat ay naitatag na sa lahat upang masaklaw ang bawat kaluluwa, sapagkat Kaniya nang tinawagan sa katotohanan ang bawat isa at ang lahat patungo sa Kaniyang kinaroroonan at ipinasikat na sa lahat ng bagay ang karingalan ng Kaniyang maluwalhati at napakaliwanag na kagandahan."
10. This is the Day whereon the Spirit^[5] proclaimed from the midmost heart of heaven: "O concourse of creation! He Who is the sovereign Ruler of all hath been made manifest. That which pertaineth to the Kingdom of My Lord hath been fulfilled. He Who is the Beloved of My heart and the Helper of My Cause is now come. Follow Him, and be not of those that have turned aside.	10. Ito ang Araw kung kailan ipinahayag ng Espiritu⁵ mula sa kaibuturang puso ng langit na: "O kalipunan ng nilalang! Siya na naghaharing Pinuno ng lahat ay ginawang mahayag yaong nauugnay sa Kaharian ng Aking Panginoon ay natupad na! Siya na Minamahal ng Aking puso at ang Tumutulong sa Aking Kapakanan ay dumating na. Sumunod sa Kaniya at

This is the Day whereon every veil hath been parted, and your Lord, the Almighty, the Most Bountiful, hath appeared and fulfilled through His appearance all that was promised aforetime. Hasten then to this resplendent, this most luminous Beauty!	huwag mapabilang sa kanilang mga lumihis. Ito ang Araw kung kailan ang bawat lambong ay hinawi, at ang iyong Panginoon, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Pinakamapagpala, ay dumating at tinupad sa pamamagitan ng Kaniyang pagdating ang lahat ng ipinangako noong naunang panahon. Magmadali kung gayon patungo rito sa maningning, dito sa pinakamakinang na Kagandahan!
11. “O priests! Tell Our servants to ring not the bells save in His name, the All-Glorious, the Most High. This is the Day whereon the sore athirst have attained the stream of everlasting life and the yearning souls have beheld the Vision of the All-Merciful. This is the Day whereon the lowly have been exalted, the poor enriched, the sick made whole, the deaf given to hear His melody, and the blind made to see. Render thanks, then, and be not of those who join partners with God. The Kingdom of God doth in truth circle round Him. It is for His sake that I adorned the cross with My body and then arose from the dead to perfect His remembrance amongst men.	11. “O mga pari! Sabihin sa Aming mga tagapaglingkod na huwag ibatingting ang mga kampana liban sa Kaniyang pangalan, ang Ganap na Maluwalhati, ang Pinakamataas. Ito ang araw kung kailan ang lubhang nauuhaw ay nakarating sa sapa ng walang-hanggang buhay at ang mga kaluluwang nananabik ay nasilayan ang Pangitain ng Lubos na Mahabagin. Ito ang Araw kung kailan ang hamak ay dinakila, ang maralita ay pinayaman, ang maysakit ay pinagaling, ang bingi ay nakarinig ng Kaniyang himig, at ang bulag ay nakakita. Magpasalamat kung gayon, at huwag mapabilang sa yaong mga nakikipantay sa Diyos. Ang Kaharian ng Diyos sa katotohanan, ay umiinog sa Kaniya. Alang-alang sa Kaniya ay Aking ipinalamuti sa krus ang Aking katawan at pagkatapos ay bumangon mula sa kamatayan upang gawing ganap ang Kaniyang alaala sa mga tao.
12. “O people of the Gospel! Take heed lest ye direct your prayers towards Me after having turned away from Mine all-glorious Father, Who changed, through His love, Abraham’s fire into light. He who awaiteth another when once He hath appeared is indeed in grievous error. Hasten, then, to the river of the mercy of your Lord, the All-Merciful, and beware lest ye withhold yourselves from its soft-flowing waters. We have, verily, reared you for this Day. Peruse ye the Book, that ye may apprehend the meaning of My words in My days. Verily, I revealed Myself only for the sake of His Cause, and I came amongst you solely to herald the Kingdom of God, your Lord and the Lord of the worlds. That which was hidden is now revealed, and that which was concealed is now come. Bestir yourselves to greet this Day, a Day whereon the gates of heaven have been flung open, and the clouds of eternity have rained down, and the Nightingale of His Cause hath warbled its melody upon the twigs of the Divine Lote-Tree, and the hearts of the Concourse on high have been seized with longing in the all-highest Paradise, and the Maids of Heaven have hastened forth from their celestial chambers towards His mighty Throne. Cast away all that ye possess and cleave unto that which hath been enjoined upon you by this Ancient Beauty.	12. “O mga tao ng Ebanghelyo! Mag-ingat na huwag ninyong idako ang inyong mga panalangin patungo sa Akin pagkatapos talikuran ang Aking Amang Ganap na Maluwalhati, na binago, sa pamamagitan ng Kaniyang pag-ibig, ang apoy ni Abraham upang maging liwanag. Siyang naghihintay ng iba sa panahong Siya ay dumating na ay tunay na nasa matinding kamalian. Magmadali, kung gayon, patungo sa ilog ng habag ng inyong Panginoon, ang Lubos na Mahabagin, at mag-ingat na hindi ninyo pigilan ang inyong mga sarili mula sa mahinay na dumadaloy na mga tubig nito. Tunay na Amin kayong inaruga para sa Araw na ito. Basahin ninyo ang Aklat nang upang maunawaan ninyo ang kahulugan ng Aking mga salita sa Aking mga araw. Tunay na isiniwalat Ko lamang ang Aking sarili alang-alang sa Kaniyang Kapakanan at dumating Ako sa piling ninyo tanging upang ipamalita ang Kaharian ng Diyos, ang inyong Panginoon, at ang Panginoon ng mga daigdig. Yaong natatago ay isiniwalat na ngayon, at yaong inilihim ay sumapit na. Pakilusin ang inyong mga sarili upang salubungin ang Araw na ito, ang Araw kung kailan ang mga pinto ng langit ay binuksan, at ang mga ulap ng kawalang-hanggan ay umulan, at ang Ruwisenyor ng Kaniyang Kapakanan ay umawit ng himig nito sa mga sanga ng Banal na Punong-Lote, at ang mga puso ng Kalipunan sa kaitaasan ay sinakmal ng paghahangad sa kataas-taasang Paraiso, at ang mga Dilag ng Langit ay nagmadali palabas sa kanilang mga silid na makalangit patungo sa Kaniyang makapangyarihang Trono. Itapon ang lahat ng inyong ari-arian at kumapit doon sa iniatas sa inyo nitong Napakatandang Kagandahan.
13. “O concourse of divines! Still your pens, for the Pen of Glory hath spoken. Lay aside your books, for the	13. “O kalipunan ng mga pari! Patahimikin ang inyong mga panulat, sapagkat ang Panulat ng

Book hath appeared that compriseth all that hath been said aforetime and sufficeth all the inhabitants of the earth. Rise above the horizon of certitude in the name of your Lord, the All-Merciful, and tear asunder the veils that have come between you and the Lord of all creation.	Kaluwalhatian ay nagsalita na. Isa-isantabi ang inyong mga aklat, sapagkat lumabas na ang Aklat na bumubuo sa lahat ng nasabi na noong naunang panahon at nakasasapat na para sa lahat ng nananahan sa daigdig. Bumangon sa itaas ng sugpungang-guhit ng katiyakan sa ngalan ng inyong Panginoon, ang Lubos na Mahabagin, at punitin ang mga lambong na namagitan sa inyo at ng Panginoon ng buong kinapal.
14. “Thus commandeth you the Spirit, Who offered up His life that the world might be quickened and that the Desire of every heart might appear. And He, verily, hath appeared through the power of truth. Follow Him, and cling not unto that which ye possess of the proclamations of former times. For the trumpet-blast hath been sounded, and lo! the earth of idle fancy hath been cleft asunder; and the Tongue of Grandeur hath spoken from the pavilion of glory, saying: The Kingdom in this Day is God’s, the All-Possessing, the Almighty, the Most Exalted, the Most Great! The dead have risen and the souls have been gathered together, and yet still We behold you entombed in the sepulchres of heedlessness and desire. Fear God, O people! Rise from amongst the dead and turn your faces towards the Dayspring of His grace which shineth above this resplendent horizon. I, verily, await His command, that by His leave I might descend into the world, even as I ascended from it. He, verily, hath the power to ordain whatsoever He pleaseth.	14. “Sa gayon ay inaatasan kayo ng Espiritu, Siyang nagbuwis ng Kaniyang buhay upang ang daigdig ay mabuhay at upang ang Mithiin ng bawat puso ay dumating na sa pamamagitan ng kapangyarihan ng katotohanan. Sumunod sa Kaniya, at huwag mangapit doon sa inyong taglay mula sa mga kapahayagan ng naunang mga panahon. Sapagkat, ang pakakak ay pinatunog na, at masdan! ang lupa ng walang kabuluhang kathang-isip ay biniyak; at ang Dila ng Karingalan ay nagsalita mula sa pabilyon ng kaluwalhatian, sinasabing: Ang Kaharian sa Araw na ito ay sa Diyos, ang Nagmamay-ari ng Lahat, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Pinakamataas, ang Pinakadakila! Ang mga patay ay nagsibangon na, at ang mga kaluluwa ay tinipon na at nakikita pa rin Namin kayong nakalibing sa mga libingan ng kapabayaan at pagnanasa. Matakot sa Diyos, O mga tao! Bumangon mula sa mga patay at ibaling ang inyong mga mukha patungo sa Pamimitak ng Kaniyang biyayang sumisikat sa itaas nitong maningning na sugpungang-guhit. Ako, sa katunayan, ay naghihintay sa Kaniyang utos, nang sang-ayon sa Kaniyang pahintulot ay maaari Akong pumanaog sa daigdig, tulad ng Aking pagpanhik mula roon. Siya, sa katunayan, ay may kapangyarihang italaga ang anumang ninanais Niya.
15. “O followers of the Gospel! Do ye seek Jerusalem, when He Who built the House of God therein by a mere indication of His will hath come? Far have ye wandered in the paths of error! Of a certainty, no deed will be accepted in this Day unless it be performed by His leave, and the invocation of no soul shall rise up unto God unless it be uttered for His love. Thus hath the decree been fulfilled and the command established by Him Who is the Almighty, the All-Knowing.”	15. “O mga tagasunod ng Ebanghelyo! Hinahanap ba ninyo ang Jerusalem, kung kailan Siyang nagtayo roon ng Bahay ng Diyos ay dumating na? Malayo na ang iginala ninyo sa mga landas ng pagkakamali! Tiyak na walang gawa ang tatanggapin sa Araw na ito maliban lamang kapag ito ay ginawa sa Kaniyang pahintulot, at ang panalangin ng sinumang kaluluwa ay papailanlang sa Diyos maliban lamang kung ito ay uusalin alang-alang sa pag-ibig sa Kaniya. Sa gayon ay tinupad ang kautusan at isinagawa ang iniatas Niya na Siyang Ganap na Makapangyarihan, ang Lubos na Nakababatid.”
16. This is the Day whereon Moses lifted up His voice from the Sinai of Our name, the Almighty, saying: “O people! Verily the Day is come! This is He at Whose separation I wept sore in the desert of longing, and for Whose love I bewailed in the wilderness of ardent love. And when I purposed to enter the sanctuary of His nearness and to gaze upon His beauty, He restrained Me through the power of His sovereign might and withheld Me from the desire of My heart. Whereupon He addressed Me, saying: ‘Thou shalt never behold Me!’ and returned Me to the splendours of the lights of His mighty Throne. Such was the longing with which I was then consumed as I am powerless to describe and the ears of the true believers unable to hear. But lo, He hath	16. Ito ang Araw kung kailan itinaas ni Moises ang Kaniyang tinig mula sa Sinai sa ngalan Namin, ang Ganap na Makapangyarihan, sinasabing: “O mga tao! Sa katunayan ang Araw ay sumapit na! Siya na sa pagkawalay sa Kaniya Ako ay humagulgol nang matindi sa disyerto ng pangungulila at dahil sa Kaniyang pagmamahal ay tumangis Ako sa kagubatan ng maalab ng pag-ibig. At nang nilayon Kong pumasok sa santuwaryo ng Kaniyang pagkalapit at tumitig sa Kaniyang kagandahan, pinigilan Niya Ako mula sa hangarin ng Aking puso. Sa gayon ay kinausap Niya Ako, sinabing: ‘Kailanman ay hindi Mo Ako makikita!’ at ibinalik Ako sa mga karingalan ng mga liwanag ng Kaniyang makapangyarihang Trono. Sa pagkagayon ay

now appeared with the power of truth and unveiled to you His beauty. At every moment He proclaimeth: ‘O concourse of creation, look and ye shall behold Me!’ By God, this is the Word that hath proceeded from the mouth of the Will of your Lord, the All-Merciful. It behoveth you to offer up your souls for His sake, if ye be of them that judge with fairness. Thus have I informed you, O people, of Him Whose remoteness hath lacerated My heart and Who hath made Me to quaff the cup of separation. Bear witness unto Him, and be not of the heedless. Blessed are your eyes for having beheld, and your ears for having hearkened. And woe unto them that have deprived themselves of this resplendent Vision.”	ganoon na lamang ang pagnanasang tumutupok sa Akin na wala Akong kakayahang ilarawan ito at hindi rin kayang marinig ng mga tainga ng mga tunay na mananampalataya. Subalit masdan, Siya ay nagpakita na ngayon taglay ang kapangyarihan ng katotohanan at isiniwalat sa inyo ang Kaniyang kagandahan. Sa bawat sandali ay ipinapahayag Niya: ‘O kalipunan ng nilalang, tumingin at makikita ninyo Ako!’ Saksi ang Diyos, ito ang Salitang nagbuhat mula sa bibig ng Kalooban ng inyong Panginoon, ang Lubos na Mahabagin. Nararapat sa inyo ang ialay ang inyong mga kaluluwa alang-alang sa Kaniya kung kayo ay nabibilang sa kanilang mga humuhusga nang makatarungan. Sa gayon ay ipinababatid Ko sa inyo, O mga tao, ang tungkol sa Kaniya na ang Kaniyang kalayuan ay lumaslas sa Aking puso at ginawa Niyang uminom Ako mula sa kopa ng paghihiwalay. Sumaksi sa Kaniya at huwag mapabilang sa mga pabaya. Pinagpala ang inyong mga mata dahil sa inyong saligan, at ang inyong mga tainga dahil sa inyong napakinggan. At kapighatian ang para sa kanilang mga ipinagkait sa kanilang mga sarili itong maringal na Pangitain.”
17. This is the Day whereon the Point of the Bayán^[6] called out from the midmost heart of Paradise, saying: “O people! This is He in Whose path I laid down My life. This is He for Whose sake I revealed Myself and of Whose presence I bore unto you the most joyful tidings. Beware lest ye deny the One but for Whom the Day-Star of the Bayán would never have dawned nor would the verses of the All-Merciful have been revealed. By God! He it is Who caused the morn of inner meaning and explanation to break, and the gates of divine reunion to be opened before the faces of all the peoples of the earth. It is by His Name that the cities of names have been adorned; it is by His remembrance that the hearts of the chosen ones have been set ablaze. Beware lest ye deal with Him as ye dealt with Me. I testify that I was but a herald of His Revelation unto all who are in heaven and on earth, and that I conditioned the Bayán upon His leave and good-pleasure. I swear by God! It is for His love that I rose up amongst you and consorted with you. Were it not for Him, I would assuredly not have revealed a single word or verse. Cling ye to the hem of the robe of His mercy, and hold fast to the cord of His love. This is the Day whereon every atom proclaimeth: ‘By the Possessor of all names and attributes! Verily, He Who is invoked by all that are in heaven is now come!’”	17. Ito ang Araw kung kailan ang Tuldok ng Bayán⁶ ay tumawag mula sa kaibuturang puso ng Paraiso, sinabing “O mga tao! Siya ito na sa Kaniyang landas ay inialay Ko ang Aking buhay. Siya ito na alang-alang sa Kaniya ay ipinahayag Ko ang Aking sarili at tungkol sa Kaniyang pag-iral ay inihatid Ko sa inyo ang pinakamasayang salita. Mag-ingat na hindi ninyo Siya itatwa na kung hindi dahil sa Kaniya ang Bituing-Araw ng Bayán ay hindi kailanman sumikat ni hindi rin sana naipahayag ang mga bersikulo ng Lubos na Mahabagin. Saksi ang Diyos! Siya itong naging sanhi ng pamimitak ng umaga ng panloob na kahulugan at paliwanag, at ng pagbukas ng mga pinto ng banal na muling pagsasama sa harap ng mga mukha ng lahat ng mga tao ng daigdig. Sa pamamagitan ng Kaniyang pangalan ang mga lungsod ng mga pangalan ay pinalamutian; sa pamamagitan ng paggunita sa Kaniya ang mga puso ng mga pinili ay pinagliyab. Mag-ingat na hindi ninyo Siya pakitunguhan katulad ng pakikitungo ninyo sa Akin. Ako ay sumasaksi na Ako’y pawang tagapamalita lamang sa Kaniyang Rebelasyon para sa lahat ng nasa langit at lupa, at na ginawa kong maibatay ang Bayán sa Kaniyang pahintulot at mabuting kaluguran. Isinusumpa Ko sa Diyos! Dahil sa pag-ibig sa Kaniya kaya Ako bumangon sa kalagitnaan ninyo at nakihalubilo sa inyo. Kung hindi dahil sa Kaniya, tiyak na hindi Ako nagpahayag ng kahit isang salita o bersikulo. Kumapit kayo sa laylayan ng damit sa kuldon ng Kaniyang pag-ibig. Ito ang araw kung kailan ipinapahayag ng bawat atomo: ‘Saksi ang Nagmamay-ari ng lahat ng mga pangalan at mga katangian! Sa katonayan, Siya na tinatawagan ng lahat ng nasa langit ay dumating na!’”
18. Praise be to Thee, O my God, for having adorned the preamble of the book of eternity with this most luminous Day, a Day whereon Thou didst shed the	18. Purihin Ka nawa, O aking Diyos, dahil sa pagpapalamuti sa paunang salita ng aklat ng kawalang-hanggan sa pamamagitan nitong

splendour of Thy most excellent names and most exalted attributes upon all created things. This, verily, is a Day whereon Thou hast ordained that each of Thy names be endowed with the potentialities of all Thy names. Blessed, then, be they that have turned towards Thee, attained Thy presence, and hearkened unto Thy call.	pinakamaluningning na Araw, isang Araw kung kailan Iyong pinasikat ang karingalan ng Iyong pinakamahusay na mga pangalan at pinakadakilang mga katangian sa lahat ng nilikhang bagay. Ito sa katunayan ay isang Araw kung kailan Iyong itinalaga ang bawat isa sa Iyong mga pangalan na pagkalooban ng natatagong mga kakayahan ng lahat ng Iyong mga pangalan. Pinagpala kung gayon, silang mga nagsibaling patungo sa Iyo, nakarating sa Iyong kinaroroonan at nakinig sa Iyong panawagan.
19. O Lord, my God! I beseech Thee by this Day, and by Thy most consummate Name through which the Most Great Ocean hath surged, to protect the people of Bahá from them that have disbelieved in Thy mighty signs. Make them then, O my God, to be the exponents of Thine ascendancy and Thy might, that they may arise to glorify Thee and to celebrate Thy praise amidst Thy servants, in such wise that neither the veils of the people of the earth, nor their insinuations, nor the onslaught of them that have arisen to put out Thy light, may keep them back from Thee. O God! Deprive them not of the gentle breezes that are wafting in this Day, a Day whereon every atom proclaimeth: “Verily, Thou art God; no God is there but Thee!” O Lord, adorn them with the ornaments of constancy and certitude, and cause them to be champions of Thy Cause amidst all creation.	19. O Panginoon, aking Diyos! Isinasamo ko sa Iyo sa pamamagitan ng Araw na ito, at sa pamamagitan ng Iyong pinakasakdal na Pangalan na sa pamamagitan niyon ang Pinakadakilang Karagatan ay dumaluyong, na pangalagaan ang mga tao ni Bahá mula sa kanilang mga hindi naniwala sa Iyong Makapangyarihang mga palatandaan. Gawin sila, kung gayon, O aking Diyos, na maging mga tagapagtaguyod ng Iyong pangingibabaw at Iyong lakas, nang magsibangon sila upang luwalhatiin Ka at upang ipagdiwang ang papuri sa Iyo sa kalagitnaan ng Iyong mga tagapaglingkod, sa gayong paraan na ang mga lambong ng mga tao sa daigdig ni ang kanilang mga pasaring, ni ang mga pananalakay nilang mga nagsibangon upang patayin ang Iyong ilaw, ay hindi magagawang pigilan sila mula sa Iyo. O Diyos! Huwag ipagkait sa kanila ang malumanay na mga hanging sumisimoy sa Araw na ito, isang Araw kung kailan ang bawat atomo ay nagpapahayag: “Tunay na Ikaw ang Diyos, walang ibang Diyos liban sa Iyo!” O Panginoon, gayakan sila ng mga palamuti ng katapatan at katiyakan at gawin silang mga kampeon ng Iyong Kapakanan sa kalagitnaan ng buong kinapal.
20. O my God and the God of all the worlds! O my desire and the desire of every understanding heart! I implore Thee, by Him Who hath caused the sun of Thy revelation and inspiration to dawn, to ordain for the people of this Day that which Thou hast ordained for the chosen ones amongst Thy servants. Send down then upon them such liberal effusions of Thy grace as none hath previously attained, and cause them to circle round the court of Thy nearness and the sanctuary of Thy presence. Inspire them, then, in Thy Cause with that which setteth ablaze the hearts and souls of men. Make each one of them to be as a lamp of Thy remembrance unto those servants of Thine whom self and passion have veiled from recognizing the Manifestation of Thine Essence and the Dayspring of Thy signs.	20. O aking Diyos at ang Diyos ng lahat ng mga daigdig! O aking hangarin at ang hangarin ng bawat nakauunawang puso! Isinasamo ko sa Iyo, sa ngalan Niya na Siyang naging sanhi ng pagsikat ng araw ng Iyong rebelasyon at inspirasyon, na itilaga para sa mga tao sa Araw na ito yaong itinalaga Mo para sa mga pinili mula sa Iyong mga tagapaglingkod. Ipababa kung gayon sa kanila ang gayong masaganang mga pagbuhos ng Iyong biyaya na wala pang nakatamo noong nakaraan, at gawin silang pumalibot sa korte ng Iyong kalapitan at sa santuwaryo ng Iyong kinaroroonan. Pasiglahin sila, kung gayon, sa Iyong Kapakanan sa pamamagitan niyong nagpapaliyab sa mga puso at mga kaluluwa ng tao. Gawin ang bawat isa kanila na maging tulad ng isang ilawan ng paggunita sa Iyo para doon sa Iyong mga tagapaglingkod na nilambungan ng sarili at ng kapusukan mula sa pagkilala sa Kahayagan ng Iyong Diwa at ng pamimitak ng Iyong mga palatandaan.
21. O Lord! Thou art He to Whose power and sovereignty every mighty one hath testified, and to Whose majesty and grace every great one hath borne witness. Bestow, then, upon Thy loved ones that which beseemeth this Day, a Day which Thou hast made to be a luminous ornament upon the brow of all Thy days, and	21. O Panginoon! Ikaw Siya na sinasaksihan ng bawat makapangyarihan ang Kaniyang lakas at paghahari, at pinatutunayan ng bawat dakila ang Kaniyang kamahalan at biyaya. Ipagkaloob kung gayon sa Iyong mga minamahal yaong nararapat sa Araw na ito, isang Araw na Iyong ginawang maging maningning

which Thou hast caused to shine above the horizon of eternity. Send down then upon them, from the clouds of Thy oneness and the heaven of Thy grace, that which will enable them to dispense with aught else except Thee.	na palamuti sa noo ng lahat ng Iyong mga araw, at na Iyong ginawang sumikat sa itaas ng sugpungang-guhit ng kawalang-hanggan. Ipababa kung gayon sa kanila, mula sa mga ulap ng Iyong kaisahan at mula sa langit ng Iyong biyaya yaong magbibigay-daan upang hayaan ang lahat liban sa Iyo.
22. O Lord! Give them to drink, from the hands of Thy mercy, a draught from that river of everlasting life that floweth from the right hand of Thy Throne, and aid them to abide by that which Thou hast revealed in Thy perspicuous Book. Thou, verily, ordainest as Thou plearest. No God is there but Thee, the Most Exalted, the Sovereign Protector, the All-Compelling, the Almighty, the Most Bountiful.	22. O Panginoon! Tulutan silang makainom, mula sa mga kamay ng Iyong habag, ng isang lagok mula roon sa ilog ng walang-hanggan buhay na dumadaloy sa kanang-kamay ng Iyong trono, at tulungan silang makasunod doon sa Iyong ipinahayag sa Iyong malinaw na Aklat. Tunay na Ikaw ay nagtatalaga sang-ayon sa Iyong ninanais. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Pinakadakila, ang Haring Nangangalaga, ang Lubos na Nakapipilit, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Pinakamapagpala.
– 17 –	– 17 –
<i>In the name of God, the Almighty, the Unconstrained!</i>	<i>Sa ngalan ng Diyos, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Di-napipigilan!</i>
1. Praise be to Thee, O my God, for having gathered together Thy loved ones to celebrate Thy Most Great Festival, whereon Thou didst shed the splendour of Thy most excellent names upon all who are in heaven and on earth, the Festival whereon the Day-Star of truth hath shone resplendent above the horizon of Thy will and the Ancient King ascended the throne of Thy mercy.	1. Purihin Ka nawa, O aking Diyos, yamang tinipon Mong sama-sama ang Iyong mga minamahal upang ipagdiwang ang Iyong Pinakadakilang Pista, kung kailan Iyong ipinasikat ang karingalan ng Iyong pinakamahusay na mga pangalan sa lahat ng nasa langit at ng nasa lupa, ang Pista kung kailan ang Bituing-Araw ng katotohanan ay sumikat nang maningning sa itaas ng sugpungang-guhit ng Iyong kalooban at ang Napakatandang Hari ay umakyat sa trono ng Iyong kahabagan.
2. This is the ninth day of Riḍván, O my God, and on this day one of Thy loved ones hath, as a token of his love for Thy Beauty and in the eagerness of his devotion to Thee, invited Him Who is the Manifestation of Thy Self and the Dayspring of Thy glory to leave His room in the prison for another. There he hath spread before Thy presence such of Thy gifts as he hath been able to provide, notwithstanding that the people had plundered all his possessions and the possessions of others among Thy loved ones. O Lord, since Thou hast gathered them round Thee and aided them to attain this surpassing grace, endue them with constancy in Thy Cause and bind their hearts together in such wise that no differences may arise in their midst. Grant, then, that they may guide all people unto this Luminary, the like of which the eye of creation hath never beheld and which standeth peerless in the realms of the seen and the unseen.	2. Ito ang ikasiyam na araw ng Riḍván, O aking Diyos, at sa araw na ito ang isa sa Iyong mga minamahal, bilang tanda ng kaniyang pag-ibig sa Iyong kagandahan at sa pananabik ng kaniyang pamimintuho sa Iyo, ay inaanyayahan Siya na Kahayagan ng Iyong Sarili at ang Pamimitak ng Iyong kaluwalhatian na lisanin ang Kaniyang silid sa kulungan at lumipat sa iba. Doon ay inihain niya sa Iyong harapan ang gayon sa Iyong mga kaloob na nakayanan niyang itustos, sa kabila ng pagsamsam ng mga tao ng lahat ng kaniyang mga ari-arian at ng mga ari-arian ng mga iba pa mula sa Iyong mga minamahal. O Panginoon, yamang tinipon Mo sila palibot sa Iyo at tinulungan silang matamo itong labis-labis na biyaya, pagkalooban sila ng katatagan sa Iyong kapakanan at bigkising sama-sama ang kanilang mga puso sa gayong paraan na walang mga hidwaan ang lilitaw sa pagitan nila. Tulutan kung gayon, na magawa nilang patnubayan ang lahat ng tao patungo sa Tanglaw na ito, na ang kahalintulad nito ay hindi kailanman nasilayan ng mata ng kinapal at iyon ay nakatayong walang katumbas sa mga kaharian ng nakikita at ng di-nakikita.
3. Thou well knowest, O Lord, that it hath been the desire of all that circle round Thee to receive Thee during the days of Riḍván. A few have been enabled, in accordance with their means, to attain this honour, while others, through its want, have been prevented therefrom.	3. Iyong lubos na batid, O Panginoon, na hangarin ng lahat ng nakapalibot sa Iyo ang maging panauhin Ka sa mga araw ng Riḍván. Ang mga ilan sang-ayon sa kanilang kakayahan ay natulutang matamo ang karangalang ito, samantalang ang mga iba, dahil sa

These have contented themselves with passing round in white vessels that crimson-coloured wine that is brewed from the leaves of China.^[7] I beseech Thee, O my God, by Thy Word which Thou hast made to be the lodestone of the hearts and souls of men, the Word whereby Thou hast drawn Thy servants unto the heaven of Thy loving-kindness and the horizon of Thy grace and bounty, to accept from the former all that they have accomplished in Thy path and to ordain for the latter the recompense of whatsoever they had purposed to accomplish. Thou, verily, art the Lord of bounty and generosity, of grace and glory. O Lord, help certain souls among them to know their own selves and to restrain their tongues, lest they utter that which would abase their stations and bring their works to naught. Thou, verily, hast power over all things.	kakapusan, ay napigilan mula roon. Nasiyahan na ang mga ito sa paghahain para sa lahat ng puting mga mangkok na naglalaman noong kulay-pulang alak na kinakatas mula sa mga dahon ng Tsina.⁷ Isinasamo ko sa Iyo, O aking Diyos, sa Iyong Salita na Iyong ginawang maging batubalani ng mga puso at mga kaluluwa ng mga tao, ang Salitang iyon na sa pamamagitan niyon ay Iyong inakit ang Iyong mga tagapaglingkod tungo sa langit ng Iyong nagmamahal na kabutihan at sa sugpungang-guhit ng Iyong biyaya at pagpapala, na tanggapin mula sa unang nabanggit ang gantimpala ng anumang nilayon nilang isagawa at italaga sa huling nabanggit ang gantimpala sa anumang nilayon nilang gawin. Ikaw, sa katunayan, ang Panginoon ng biyaya at kasaganaan, ng pagpapala at ng luwalhati. O Panginoon, tulungan ang tanging mga kaluluwa mula sa kanila na makilala ang kanilang mga sarili at pigilan ang kanilang mga dila, nang upang hindi nila bigkasin yaong magpapababa sa kanilang katayuan at mag-uuwi ng kanilang mga gawa sa kawalan. Ikaw, sa katunayan, ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay.
4. Thou hearest, O Lord, the lamentations of the sincere amongst Thy loved ones who were hindered from meeting Thee during these days, days which Thou hast ordained as a festival unto Thy people and as a treasure and honour unto the inhabitants of Thy realm.... Accept from them, O Lord, that which they have purposed in their love for Thee, and ordain for each and every one of them the recompense of such as have attained unto every good Thou hast in store. Thou, verily, hast power over all things.	4. Iyong naririnig, O Panginoon, ang mga hinagpis ng matatapat mula sa Iyong mga minamahal na napigilan mula sa pakikipagkita sa Iyo sa mga araw na ito, mga araw na iyong itinalaga bilang pista para sa Iyong mga tao at bilang isang kayamanan at karangalan para sa mga nananahan sa Iyong kaharian.... Tanggapin mula sa kanila, O Panginoon, yaong kanilang inilayon mula sa kanilang pag-ibig sa Iyo, at italaga para sa bawat isa at sa lahat nila ang gantimpala ng gayong nakatamo ng bawat kabutihang Iyong iniingatan. Ikaw, sa katunayan, ay mga kapangyarihan sa lahat ng bagay.
5. Look Thou moreover, O my God, with the glances of the eye of Thy mercy, upon Thy loved ones who are scattered in the land of H^á.^[8] They have tarried there ever since they were prevented from seeking shelter beneath the shade of the Tree of Thy oneness. O Lord, deny them not the things Thou dost possess. Verily, Thou art the Ruler of the heavens and of the earth. No God is there but Thee, the Almighty, the All-Wise. Praise be to Thee, O Lord of the worlds and Desire of all them that have recognized Thee!	5. Higit pa roon, Ikaw ay tumingin, O aking Diyos, sa pamamagitan ng mga sulyap ng mata ng Iyong kahabagan, tungo sa Iyong mga minamahal na nasa iba't ibang dako ng lupain ng H^á.⁸ Sila ay naghihintay roon mula nang sila'y pinigilan sa pagsilong sa lilim ng Puno ng Iyong kaisahan. O Panginoon, huwag ipagkait sa kanila ang mga bagay na Iyong taglay. Sa katunayan, Ikaw ay ang Namumuno sa mga kalangitan at sa kalupaan. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Lubos na Marunong. Purihin Ka nawa, O Panginoon ng mga daigdig at Hangarin nilang lahat na nakakilala sa Iyo.
6. The glory of Thy might beareth me witness, O my God! It behoveth all to lay down their lives for the sake of Thine ear that heareth the cries of Thine ardent lovers in every land and the sighs of Thy friends who suffer at the hands of Thine enemies. Verily, the voice of their lamentation hath been raised on account of their love for Thee, and their hearts are consumed with the fire of separation in Thy days. May my soul be a ransom for Thy long-suffering, O Countenance of glory, and may my spirit be a sacrifice for Thy forbearance, O Thou in Whose hand is the kingdom of earth and heaven!	6. Ang luwalhati ng Iyong lakas ay sumasaksi sa akin, O aking Diyos! Narapat sa lahat ang ialay ang kanilang mga buhay alang-alang sa Iyong taingang nakarinig ng mga iyak ng Iyong maalab na mga mangingibig sa bawat lupain, at ng mga buntong-hininga ng Iyong mga kaibigang nagdurusa sa mga kamay ng Iyong mga kaaway. Sa katunayan, ang tinig ng kanilang paghihinagpis ay itinaas dahil sa kanilang pag-ibig sa Iyo, at ang kanilang mga puso ay tinutupok ng apoy ng pagkawalay sa Iyong mga araw. Nawa'y ang aking kaluluwa ay maging panubos sa Iyong mahabang pagdurusa, O Mukha ng kaluwalhatian, at nawa'y ang

⁷ Ang tinutukoy ay tsaa.

⁸ Haifa.

	aking espiritu ay maging alay sa Iyong pagtitimpi, O Ikaw na nasa Kaniyang kamay ang Kaharian ng lupa at langit!
7. I swear by Thy glory, O Beloved of them that yearn after Thee and Desire of those who cherish Thy love! Were any man of insight to press upon this holy Tablet, he would see the blood of my heart flowing from it, a blood that hath melted for the love of Thee and of those who have been hindered from beholding Thy face after having directed their steps towards Thee and having come to abide within the city or its precincts. May my entire being be offered up as a sacrifice for Thy patience, O Lord of might and power! May my soul be a ransom for Thy forbearance, O Thou the fear of Whose wrath causeth the hearts of the dwellers of the kingdom of names to tremble!	7. Isinusumpa ko sa Iyong kaluwalhatian, O Minamahal nilang mga nananabik sa Iyo at Hangarin nilang mga minimithi ang Iyong pag-ibig! Kapag pipisilin ng sinumang may malalim na pang-unawa ang banal na Tabletang ito, makikita niyang dumadaloy mula rito ang dugo ng aking puso, dugong natunaw dahil sa pag-ibig sa Iyo at sa kanilang mga pinigilang makita ang Iyong mukha pagkatapos nilang idako ang kanilang mga hakbang patungo sa Iyo at nananahan na sa loob ng lungsod, o sa mga palibot nito. Nawa'y ang aking buong pagkatao ay maihain bilang alay para sa Iyong tiyaga, O Panginoon ng kapangyarihan at lakas! Nawa'y ang aking kaluluwa ay maging panubos sa Iyong pagtitimpi, O Ikaw na ang takot sa sa Kaniyang poot ay naging sanhi ng pangangatal ng mga nananahan sa kaharian ng mga pangalan.
8. Praise be to Thee, O solace of the hearts of the people of Bahá! I testify, O my God, that none besides Thee can fathom Thine inscrutable wisdom or apprehend the truths and mysteries enshrined in all that hath proceeded from the manifold tokens of Thy power and the manifestations of Thy will. I entreat Thee moreover, O my God, to graciously enable my loved ones to show their hospitality unto Thee through their character and their conduct, that the heavenly table of Thy loving-kindness may thereby be spread before all Thy servants and that all the peoples of the world may gather round it. This, verily, is the true meaning of offering hospitality unto one's fellow men. Thy might and Thy power are, verily, equal to all things. Praise be to Thee, O Lord of the worlds, Thou Whose power embraceth the heavens and the earth!	8. Purihin Ka nawa, O aliw ng mga puso ng mga tao ng Bahá! Sumasaksi ako, O aking Diyos, na walang iba liban sa Iyo ang makaaarok sa Iyong di-mawaring dunong o makatatanto sa mga katotohanan at mga hiwagang nadadambana sa lahat ng nagbubuhay mula sa napakaraming palatandaan ng Iyong kapangyarihan at mga kapahayagan ng Iyong kalooban. Isinasamo ko sa Iyo higit pa rito, O aking Diyos, na buong giliw na tulutang magawa ng aking mga minamahal ang maipakita sa Iyo ang kanilang mabuting pagtanggap sa panauhin sa pamamagitan ng kanilang pagkatao at kanilang asal, nang sa gayon ang makalangit na hapag ng Iyong nagmamahal na kabutihan ay mailatag sa harap ng lahat ng Iyong mga tagapaglingkod at upang ang lahat ng mga tao ng daigdig ay magsipagtipon palibot nito. Ito sa katunayan, ang tunay na kahulugan ng pag-aalay ng mabuting pagtanggap sa kapwa-tao. Ang Iyong kapangyarihan at ang Iyong lakas, sa katunayan, ay nakasasapat sa lahat ng bagay. Purihin Ka nawa, O Panginoon ng mga daigdig, Ikaw na ang Kaniyang kapangyarihan ay sumasakop sa mga kalangitan at sa kalupaan!
– 18 –	– 18 –
<i>In the name of God, the Most Glorious!</i>	<i>Sa ngalan ng Diyos, ang Pinakamaluwalhati!</i>
1. Glorified art Thou, O Lord my God! This is one of the days of Thy Ridván Festival whereon Thou didst shed the splendour of Thy name, the All-Merciful, upon all the peoples of the earth, and didst manifest Thy power and Thy sovereignty unto all created things. Thou seest, O Lord, how on this day one of Thy loved ones hath invited the Manifestation of Thine Essence from His room to another room in this prison, wherein a gathering hath been held in Thy name and adorned with the ornament of Thine own Self, in such wise that the Sun of Thy beauty hath shone forth above its horizon. Blessed be the one who hath attained thereunto, blessed the day that hath been honoured with Thy revelation,	1. Luwalhatiin Ka nawa, O Panginoon kong Diyos! Ito ay isa sa mga araw ng Iyong Pista ng Ridván, kung kailan Iyong ipinasikat ang karingalan ng Iyong pangalan, ang Lubos na Mahabagin, sa lahat ng mga sambayanan ng daigdig at ginawang mahayag ang Iyong kapangyarihan at Iyong paghahari sa lahat ng nilikhang bagay. Iyong nakikita, O Panginoon, kung paanong sa araw na ito ay inanyayahan ng isa sa Iyong mga minamahal ang Kahayagan ng Iyong Diwa mula sa Kaniyang silid patungo sa ibang silid sa piitang ito, kung saan ay nagkaroon ng pagtitipon bilang parangal sa Iyong pangalan at pinalamutihan ng Iyong angking Sarili, na sa gayong paraan sumikat ang Araw ng Iyong katotohanan sa itaas ng sugpungang-guhit nito.

and blessed the land that hath been illumined by the light of Thy Countenance.	Pinagpala siyang nakadalo roon, pinagpala ang araw na pinarangalan ng Iyong rebelasyon, at pinagpala ang lupaing tinanglawan ng liwanag ng Kaniyang Mukha.
2. O Lord! Ordain for him, and for Thy servants who have been hindered from meeting Thee, the recompense decreed for such as have attained Thy presence and convened a gathering to exalt Thy name and Thy remembrance. Write down, then, for them what Thou hast written down for such as enjoy near access to Thee. Thy might, in truth, is equal to all things.	2. O Panginoon! Italaga para sa kaniya at para sa Iyong mga tagapaglingkod na pinigilan mula sa pakikipagkita sa Iyo, ang gantimpalang itinalaga para sa yaong mga nakarating sa Iyong kinaroroonan at nagdaos ng pagtitipon upang dakilain ang Iyong pangalan at Iyong gunita. Isulat para sa kanila kung gayon, yaong Iyong isinulat para sa mga nagtatamasa ng pagiging malapit sa Iyo. Ang Iyong kapangyarihan, sa katotohanan, ay sapat sa lahat ng bagay.
– 19 –	– 19 –
<i>He is God.</i>	<i>Siya ay Diyos.</i>
1. Glorified art Thou, O Lord my God! This is one of the days of Thy Ridván Festival whereon a corner of this prison hath been decked forth for the appearance of Him Who is the Exponent of Thy beauty, granting the request of one whose ardent devotion hath prompted him to invite Thee. All praise be to Thee, inasmuch as Thou hast, as a token of Thy bounty unto them that abide beneath Thy shadow and circle round Thy being, shone forth on this day above the horizon of the prison with such splendour as to illumine the entire creation.	1. Luwalhatiin Ka nawa, O Panginoon aking Diyos! Ito ang isa sa mga araw ng Iyong Pista ng Ridván kung kailan ang isang sulok ng piitang ito ay ginayakan para sa pagdating Niya na Siyang Kinatawan ng Iyong kagandahan, na pinaunlakan ang kahilingan niya na nag-anyaya sa Iyo bunga ng nag-aalab na pagmamahal. Ang lahat ng papuri ay mapasa-Iyo, yamang bilang tanda ng Iyong biyaya sa kanilang mga nananahan sa ilalim ng Iyong lilim at lumilibot sa Iyong sarili, Ikaw ay sumikat sa araw na ito sa itaas ng sugpungang-guhit ng piitan taglay ang gayong karingalan na natanglawan ang buong kinapal.
2. This is the Day whereon Thou didst unloose Thy tongue and bestow in abundance the gems of inner meaning and utterance upon the peoples of the world. Quicken, then, O Lord, through this heavenly cup, all who dwell on earth, and ordain that which will be profitable unto those among the people of Bahá who long to behold Thy face, but whom the misdeeds of Thine enemies have debarred therefrom, O King of Names and Ruler of earth and heaven. Bestow upon them, moreover, a portion of Thy manifold bounties in these days whereon every abased one hath been exalted, every faithful soul invested with Thy grace, every chilled heart enkindled, every poor one enriched, and every seeker sent forth upon the path.	2. Ito ang Araw kung kailan Iyong kinalagan ang Iyong dila at masaganang ipinagkaloob ang mga hiyas ng panloob na kahulugan at pananalita sa mga sambayanan ng daigdig. Bigyang-buhay, kung gayon, O Panginoon, sa pamamagitan nitong makalangit na kopa ang lahat ng mga nananahan sa daigdig, at italaga yaong magiging kapaki-pakinabang sa mga tao ni Bahá na nagnanasang masilayan ang Iyong mukha, subalit napigilan sila roon ng masasamang gawain ng Iyong mga kaaway, O Hari ng mga Pangalan at Namumuno sa lupa at langit. Ipagkaloob sa kanila, bukod pa rito, ang isang bahagi ng Iyong napakaraming biyaya sa mga araw na ito kung kailan ang bawat hamak ay dinakila, ang bawat matapat na kaluluwa ay pinagkalooban ng Iyong pagpapala, ang bawat nanlalamig na puso ay pinarikit, ang bawat dukha ay pinayaman, at ang bawat naghahanap ay pinahayo sa landas.
3. Lauded art Thou, O Lord, for having singled out Thy loved ones and chosen them from amongst Thy people, and for having turned Thy gaze towards them from this spot wherein He Who is the Embodiment of Thy Cause lieth imprisoned. O Lord, withhold not from them the things Thou dost possess, but so enrapture their hearts through the breezes of Thy Revelation that they may detach themselves from all else but Thee and set their faces towards the court of Thy grace and generosity. Potent art Thou to do what Thou pleasest, and powerful art Thou over all things. All praise be to Thee, O Desire of the worlds!	3. Purihin Ka nawa, O Panginoon, dahil sa pagbubukod sa Iyong mga minamahal at sa pagpili sa kanila mula sa Iyong mga tao, at dahil sa pagbaling ng Iyong tingin tungo sa kanila mula sa pook na ito kung saan Siya na Kinatawan ng Iyong Kapakanan ay nakakulong. O Panginoon, huwag ipagkait sa kanila ang mga bagay na Iyong taglay, bagkus ay tulutang lubos na mabighani ang kanilang mga puso sa pamamagitan ng mga simoy ng Iyong Rebelasyon na magagawa nilang iwalay ang kanilang mga sarili mula sa lahat liban sa Iyo at ituon ang kanilang mga mukha patungo sa korte ng Iyong biyaya at kagandahang-loob. Ganap ang Iyong kakayahang gawin ang Iyong ninanais, at may

	kapangyarihan Ka sa lahat ng bagay. Ang lahat ng papuri ay mapasa-Iyo, O Hangarin ng mga daigdig!
– 20 –	– 20 –
<i>He is the Most Holy, the Most Glorious.</i>	<i>Siya ang Pinakabanal, ang Pinakamaluwalhati.</i>
1. All praise be to Thee, O Lord my God! This is one of the days of Thy Ridván Festival whereon a servant of Thine hath extended an invitation to the Manifestation of Thine Essence and the Revealer of Thy Sovereignty, and hath decked forth a place in the prison to receive Thine all-glorious Beauty, O Thou Who art the Lord of earth and heaven! All glory be to this hour wherein He Who is the Dayspring of Thy transcendent might hath directed His steps from one room of the prison to another. I beseech Thee, O Thou Who art the King of Names and Creator of earth and heaven, to write down for such of Thy loved ones as have been debarred from entering the precincts of Thy mercy and standing before the throne of Thy might the recompense decreed for such as have attained Thy presence and beheld Him Who is Thy Beauty.	1. Ang lahat ng papuri ay mapasa-Iyo, O Panginoon kong Diyos! Ito ang isa sa mga araw ng Iyong Pista ng Ridván, kung kailan ang isang tagapaglingkod Mo ay nagpaabot ng paanyaya sa Kahayagan ng Iyong Diwa at Tagapagsiwalat ng Iyong Paghahari, at ginayakan ang isang lugar sa piitan upang istimahin ang Iyong Kagandahang Ganap na Maluwalhati, O Ikaw na Siyang Panginoon ng lupa at langit! Ang lahat ng luwalhati ay mapasaoras na ito kung kailan Siya na Siyang Pamimitak ng Iyong nangingibabaw na kapangyarihan ay idinako ang Kaniyang mga yapak mula sa isang silid ng piitan patungo sa kabilang silid. Isinasamo ko sa Iyo, O Ikaw na Siyang Hari ng mga Pangalan at Maylikha ng lupa at langit, na isulat para sa Iyong mga minamahal na pinigilan mula sa pagpasok sa kapaligiran ng Iyong habag at mula sa pagtayo sa harap ng trono ng Iyong kapangyarihan, ang gantimpalang itinalaga sa yaong mga nakarating sa Iyong kinaroroonan at nasilayan Siya na Iyong Kagandahan.
2. Thou hearest, O Lord, their sighs and lamentations in their separation and remoteness from Thee. I beseech Thee to ordain for them all the good Thou dost possess. Potent art Thou to do as Thou wilt. No God is there but Thee, the Almighty, the All-Praised.	2. Iyong naririnig, O Panginoon, ang kanilang mga buntong-hininga at mga pagdadalamhati bunga ng kanilang pagkawalay at kalayuan sa Iyo. Isinasamo ko sa Iyong itataga para sa kanila ang lahat ng kabutihang Iyong taglay. Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ninanais. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Lubos na Pinupuri.
– 21 –	– 21 –
Lawḥ-i-‘Āshiq va Ma‘shúq	Lawḥ-i-‘Āshiq va Ma‘shúq
(Tablet of the Lover and the Beloved)	(Tableta ng Mangingibig at ng Minamahal)
<i>He is the Exalted, the Transcendent, the All-Highest.</i>	<i>Siya ang Dakila, ang Nangingibabaw, ang Pinakamataas.</i>
1. Release yourselves, O nightingales of God, from the thorns and brambles of wretchedness and misery, and wing your flight to the rose-garden of unfading splendour. O My friends that dwell upon the dust! Haste forth unto your celestial habitation. Announce unto yourselves the joyful tidings: “He Who is the Best-Beloved is come! He hath crowned Himself with the glory of God’s Revelation, and hath unlocked to the face of men the doors of His ancient Paradise.” Let all eyes rejoice, and let every ear be gladdened, for now is the time to gaze on His beauty, now is the fit time to hearken to His voice. Proclaim unto every longing lover: “Behold, your Well-Beloved hath come among men!” and to the messengers of the Monarch of love impart the tidings: “Lo, the Adored One hath appeared arrayed in the fullness of His glory!” O lovers of His beauty! Turn the anguish of your separation from Him into the joy of	1. Palayain ang inyong mga sarili, O mga ruwisenyor ng Diyos, mula sa mga tinik at mga sukal ng pagiging kahabag-habag at matinding paghihirap, at lumipad kayo patungo sa hardin ng rosas ng di-nagmamaliw na karilagan. O Aking mga kaibigang nananahan sa alabok! Magmadali patungo sa inyong makalangit na tahanan. Ipatalastas sa inyong mga sarili ang magandang balita: “Siya na Siyang Pinakamamahal ay dumating na! Ipinutong Niya sa Kaniyang sarili ang luwalhati ng Rebelasyon ng Diyos, at binuksan sa mukha ng mga tao ang mga pinto ng Kaniyang napakatandang Paraiso.” Tulutang magdiwang ang lahat ng mga mata, at tulutang maligayahan ang bawat tanga, sapagkat ngayon ang panahon upang tumitig sa Kaniyang kagandahan, ngayon ang angkop na panahon upang makinig sa Kaniyang tinig. Ipahayag sa bawat nananabik na mangingibig: “Masdan, ang iyong

an everlasting reunion, and let the sweetness of His presence dissolve the bitterness of your remoteness from His court.	Pinakamamahal ay dumating na sa mga tao!” at sa mga mensahero ng Hari ng pag-ibig ibahagi ang balitang: “Masdan, Siyang Sinasamba ay lumitaw na nang nadaramtan ng Kaniyang lubos na kaluwalhatian!” O mga mangingibig ng Kaniyang kagandahan! Baguhin ang pagdurusang inyong pagkawalay sa Kaniya upang maging kaligayahan ng di-nagmamaliw na muling pagsasama sa Kaniya, at tulutang tunawin ng katamisan ng Kaniyang kinaroroonan ang kapaitan ng inyong kalayuan sa Kaniyang korte.
2. Behold how the manifold grace of God, which is being showered from the clouds of Divine glory, hath, in this day, encompassed the world. For whereas in days past every lover besought and searched after his Beloved, it is the Beloved Himself Who now is calling His lovers and is inviting them to attain His presence. Take heed lest ye forfeit so precious a favour; beware lest ye belittle so remarkable a token of His grace. Abandon not the incorruptible benefits, and be not content with that which perisheth. Lift up the veil that obscureth your vision, and dispel the darkness with which it is enveloped, that ye may gaze on the naked beauty of the Beloved’s face, may behold that which no eye hath beheld, and hear that which no ear hath heard.	2. Masdan kung paano ang napakaraming biyaya ng Diyos, na pinauulan mula sa mga alapaap ng Banal na kaluwalhatian, ay sumasaklaw sa daigdig sa araw na ito. Dahil samantalang noong nakaraang mga araw ang bawat mangingibig ay sumamo at hinanap ang kaniyang Minamahal, ang Minamahal na Mismo ang Siyang tumatawag sa Kaniyang mga mangingibig at inaanyayahan silang humarap sa Kaniyang kinaroroonan. Mag-ingat na hindi ninyo pakawalan ang ganoong kahalagang pagpapala; mag-ingat na hindi ninyo maliitin ang ganoong kahanga-hangang palatandaan ng Kaniyang biyaya. Huwag itapon ang di-nasisirang mga kapakinabangan, at huwag masiyahan doon sa naglalaho. Itaas ang lambong na pumipiring sa inyong paningin, at pawiin ang karimlang bumabalot dito, nang upang masilayan ninyo ang lantad na kagandahan ng mukha ng Minamahal, mapagmasdan yaong di-nakita ng alinmang mata, at marinig yaong di-narinig ng alinmang tainga.
3. Hear Me, ye mortal birds! In the Rose-Garden of changeless splendour a Flower hath begun to bloom, compared to which every other flower is but a thorn, and before the brightness of Whose glory the very essence of beauty must pale and wither. Arise, therefore, and, with the whole enthusiasm of your hearts, with all the eagerness of your souls, the full fervour of your will, and the concentrated efforts of your entire being, strive to attain the paradise of His presence, and endeavour to inhale the fragrance of the incorruptible Flower, to breathe the sweet savours of holiness, and to obtain a portion of this perfume of celestial glory. Whoso followeth this counsel will break his chains asunder, will taste the abandonment of enraptured love, will attain unto his heart’s desire, and will surrender his soul into the hands of his Beloved. Bursting through his cage, he will, even as the bird of the spirit, wing his flight to his holy and everlasting nest.	3. Dinggin Ako, kayong mga ibong mortal! Sa Hardin ng Rosas ng di-nagbabagong karilagan ang isang Bulaklak ay nagsimula nang umusbong, na kapag inihambing dito ang bawat ibang bulaklak ay pawang tinik lamang, at sa harap ng liwanag ng Kaniyang kaluwalhatian ang pinakadiwa ng kagandahan ay namumutla at nangungulunttoy. Bumangon, kung gayon, at taglay ang buong sigla ng inyong mga puso, ang lahat ng kasabikan ng inyong mga kaluluwa, ang lubos na alab ng inyong kalooban, at ang nagtitikang mga pagsisikap ng inyong buong pagkatao, sikaping makarating sa paraiso ng Kaniyang kinaroroonan, at magpunyagi upang malanghap ang halimuyak ng Bulaklak na di-nagmamaliw, upang huminga ng matatamis na samyo ng kabanalan, at upang makamtan ang isang bahagi nitong pabango ng makalangit na kaluwalhatian. Ang sinumang sumunod sa payong ito ay wawasakin ang kaniyang mga tanikala, malalasan ang pagsuko sa tulirong pag-ibig, makakamtan ang hangarin ng kaniyang puso, at isusuko ang kaniyang kaluluwa sa mga kamay ng kaniyang Minamahal. Sa pagwasak sa kaniyang hawla tulad ng ibon ng espiritu, papailanlang siya patungo sa kaniyang banal at walang-maliw na pugad.
4. Night hath succeeded day, and day hath succeeded night, and the hours and moments of your lives have come and gone, and yet none of you hath, for one instant, consented to detach himself from that which perisheth. Bestir yourselves, that the brief moments that are still yours may not be dissipated and lost. Even as	4. Ang gabi ay sumunod sa araw, at ang araw ay sumunod sa gabi, at ang mga oras at mga sandali ng inyong mga buhay ay sumapit at naglaho, at gayumpaman ay wala sa inyo ang pumayag, ng kahit isang saglit, na iwalay ang kaniyang sarili mula roon sa naglalaho. Pakilusin ang mga sarili nang ang maikling

the swiftness of lightning your days shall pass, and your bodies shall be laid to rest beneath a canopy of dust. What can ye then achieve? How can ye atone for your past failure?	mga sandaling nalalabi sa inyo ay hindi malustay at mawala. Kasintulin ng kidlat ay maglalaho ang inyong mga araw, at ang inyong mga katawan ay ihihimlay sa ilalim ng bubong na alabok. Ano pa ang magagawa ninyo sa panahong iyon? Paano pa ninyo maiwawasto ang inyong nakaraang pagkukulang?
5. The everlasting Candle shineth in its naked glory. Behold how it hath consumed every mortal veil. O ye moth-like lovers of His light! Brave every danger, and consecrate your souls to its consuming flame. O ye that thirst after Him! Strip yourselves of every earthly affection, and hasten to embrace your Beloved. With a zest that none can equal make haste to attain unto Him. The Flower, thus far hidden from the sight of men, is unveiled to your eyes. In the open radiance of His glory He standeth before you. His voice summoneth all the holy and sanctified beings to come and be united with Him. Happy is he that turneth thereunto; well is it with him that hath attained, and gazed on the light of so wondrous a countenance.	5. Ang Kandilang di-nagmamaliw ay sumisinag sa lantad na kaluwalhatian nito. Masdan kung paano nito tinutupok ang bawat lambong na mortal. O kayong tulad ng gamugamong mga mangingibig ng Kaniyang liwanag! Harapin nang buong tapang ang bawat panganib, at itilaga ang inyong mga kaluluwa sa tumutupok na apoy nito. O kayong mga nauuhaw sa Kaniya! Alisin mula sa inyong mga sarili ang bawat makalupang pagmamahal, at magmadali upang yapusin ang inyong Minamahal. Taglay ang siglang di-mapantayan ng sinuman, magmadaling makarating sa Kaniya. Ang Bulaklak, na hanggang ngayon ay natatago mula sa paningin ng mga tao, ay isiniwalat na sa harap ng inyong mga mata. Sa lantad na kaningningan ng Kaniyang luwalhati ay nakatayo Siya sa harap ninyo. Tinatawag ng Kaniyang tinig ang lahat ng banal at konsagradong mga nilalang na lumapit at makiisa sa Kaniya. Maligaya ang siyang bumaling doon; mabuti ang kalagayan niyang nakarating, at nasilayan ang liwanag ng gayong kamangha-manghang mukha.
– 22 –	– 22 –
<i>In Thy name, the Most Wondrous, the Most Glorious!</i>	<i>Sa Iyong Pangalan, ang Lubhang Kamangha-mangha, ang Pinakamaluwalhati!</i>
1. Since Thou hast, O my God, stablished Thyself upon the throne of Thy transcendent unity, and ascended the mercy-seat of Thy oneness, it becometh Thee to blot out from the hearts of all beings whatsoever may keep them back from gaining admittance into the sanctuary of Thy Divine mysteries, and may shut them out from the tabernacle of Thy Divinity, that all hearts may mirror Thy beauty, and may reveal Thee, and speak of Thee, and that all created things may show forth the tokens of Thy most august sovereignty, and shed the splendours of the light of Thy most holy governance, and that all who are in heaven and on earth may laud and magnify Thy unity, and give Thee glory, for having manifested Thy Self unto them through Him Who is the Revealer of Thy oneness.	1. Yamang Iyong iniluklok ang Iyong sarili, O aking Diyos, sa trono ng Iyong nangingibabaw na pagkakaisa, at pumanhik sa upuan ng habag ng Iyong kaisahan, nararapat sa Iyong katkatin mula sa mga puso ng lahat ng nilalang ang anumang makapipigil sa kanila upang makapasok sa santuwaryo ng Iyong Banal na mga hiwaga, nang maisalamin ng lahat ng puso ang Iyong kagandahan, at maihayag Ka, at maisalita Ka, at upang ang lahat ng nilikhang bagay ay maipakita ang mga palatandaan ng Iyong lubhang kapita-pitagang paghahari, at maipasikat ang mga karingalan ng liwanag ng Iyong pinakabanal na pamamahala, at upang ang lahat ng nasa langit at ng nasa lupa ay mapuri at maipagbunyi ang Iyong pagkakaisa, at magbigay luwalhati sa Iyo, dahil sa paghahayag ng Iyong Sarili sa kanila sa pamamagitan Niya na Siyang Tagapagbunyag ng Iyong kaisahan.
2. Divest, then, Thy servants, O my God, of the garments of self and desire, or grant that the eyes of Thy people may be lifted up to such heights that they will discern in their desires naught except the stirring of the gentle winds of Thine eternal glory, and may recognize in their own selves nothing but the revelation of Thine own merciful Self, that the earth and all that is therein may be cleansed of whatever is alien to Thee, or anything that manifesteth aught save Thy Self. All this can be fulfilled throughout Thy dominion by Thy word	2. Hubaran, kung gayon, ang Iyong mga tagapaglingkod, O aking Diyos, ng mga damit ng sarili at pagnanasa, o ipagkaloob na maitaas ang mga mata ng Iyong mga tao sa gayong mga rurok na wala silang makikita sa kanilang mga pagnanasa liban sa paghihip ng mahinay na mga hangin ng Iyong kaluwalhatiang walang-maliw, at makikilala sa kanilang mga sarili ang walang iba liban sa pagkahayag ng Iyong angking mahabaging Sarili, upang ang daigdig at ang lahat ng naroroon ay madalisay mula sa anumang naiiba sa Iyo, O naghahayag ng anuman liban sa Iyong Sarili. Ang

of command, “Be,” and it is! Nay, even swifter than this, and yet the people understand not.	lahat ng ito ay maaaring matupad sa kabuuan ng Iyong kaharian sa pamamagitan ng Iyong salitang nag-uutos na, “Maging,” at iyon ay nagiging! Hindi lamang iyon, higit na mabilis pa kaysa rito, at gayumpaman ang mga tao ay hindi nakauunawa.
3. Glorified, immeasurably glorified art Thou, O my Beloved! I swear by Thy glory! I recognize this very moment that Thou hast granted all for which I have supplicated Thee, in this blessed night which, as decreed by Thee, calleth to remembrance Him Who was the Companion of Thy beauty and the Beholder of Thy face, ere I had been mentioned by Thee, or called into being within the court of Thy holiness. I perceive that Thou hast made all things to be the manifestations of Thy behest, and the revelations of Thy handiwork, and the repositories of Thy knowledge, and the treasures of Thy wisdom. I recognize, moreover, that were any of the revelations of Thy names and Thine attributes to be withheld, though it be the weight of a grain of mustard seed, from whatsoever hath been created by Thy power and begotten by Thy might, the foundations of Thine everlasting handiwork would thereby be made incomplete, and the gems of Thy Divine wisdom would become imperfect. For the letters of negation, no matter how far they may be removed from the holy fragrances of Thy knowledge, and however forgetful they may become of the wondrous splendours of the dawning-light of Thy beauty, which are shed from the heaven of Thy majesty, must needs exist in Thy realm, so that the words which affirm Thee may thereby be exalted.	3. Maluwalhati, lubhang maluwalhati Ka, O aking Minamahal! Isinusumpa ko sa Iyong kaluwalhatian! Aking kinikilala sa mismong sandaling ito na Iyong ipinagkaloob ang lahat ng aking isinamo sa Iyo, sa pinagpalang gabing ito na, sang-ayon sa Iyong iniutos, gumugunita sa Kaniya na Siyang kasama ng Iyong kagandahan at ang Nagmamasid sa Iyong mukha, nang bago Mo pa ako binanggit, o nilalang sa loob ng korte ng Iyong kabanalan. Aking nababatid na Iyong ginawa ang lahat ng bagay upang maging mga kahayagan ng Iyong kautusan, at mga pagsisiwalat ng Iyong likhang-kamay at mga repositoryo ng Iyong kaalaman, at mga ingatang-yaman ng Iyong karunungan. Aking nakikilala, bukod pa rito, na kung ang alinman sa mga pagsisiwalat ng Iyong mga pangalan at ng Iyong mga katangian ay ipagkait, kahit na iyon ay sa timbang ng isang butil ng buto ng mustasa, mula sa anumang nilikha ng Iyong kapangyarihan at isinilang ng Iyong lakas, ang mga saligan ng Iyong walang-maliw na likhang-kamay sa gayon ay hindi magiging buo, at ang mga hiyas ng Iyong Banal na karunungan, ay hindi magiging ganap. Sapagkat ang mga titik ng pagtutol, gaano man kalayo ang mga ito mula sa mga banal na halimuyak ng Iyong kaalaman, at gaano man nito nalilimot ang kamangha-manghang mga karingalan ng namimitak na liwanag ng Iyong kagandahan, na sumisinag mula sa langit ng Iyong kamahalan, ay kailangang umiral sa Iyong kaharian, nang sa gayon ang mga salitang nagpapatotoo sa Iyo ay dadakilain.
4. Thy might beareth me witness, O my Well-Beloved! The entire creation hath been called into being to exalt Thy triumph and to establish Thine ascendancy, and all the bounds that have been set by Thee are but the signs of Thy sovereignty, and proclaim the power of Thy might. How great, how very great, are the revelations of Thy wondrous power in all things! They are such that the lowliest among Thy creatures hath been made by Thee a manifestation of Thy most august attribute, and the most contemptible token of Thy handiwork hath been chosen as a recipient of Thy most mighty name. Poverty, as decreed by Thee, hath been made the means for the revelation of Thy riches, and abasement a path leading to Thy glory, and sinfulness a cause for the exercise of Thy forgiveness. By them Thou hast demonstrated that to Thee belong Thy most excellent titles, and unto Thee pertain the wonders of Thy most exalted attributes.	4. Ang Iyong kapangyarihan ay sumasaksi sa akin, O aking Pinakamamahal! Ang buong kinapal ay nilikha upang dakilain ang Iyong tagumpay at upang itatag ang Iyong pagwawagi, at ang lahat ng mga hangganang Iyong itinakda ay mga palatandaan lamang ng Iyong paghahari, at ipinapahayag ang lakas ng Iyong kapangyarihan, Napakadakila, lubhang napakadakila, ang mga pagsisiwalat ng Iyong kamangha-manghang kapangyarihan sa lahat ng bagay! Gayon ang mga ito na ang pinakahamak sa Iyong mga nilalang ay Iyong ginawang maging isang paghahayag ng Iyong sukdulang kapita-pitagang katangian, at ang pinakakalait-lait na tanda ng Iyong likhang-kamay ay piniling maging tagapagtanggap ng Iyong pinakamakapangyarihang pangalan. Ang karukhaan, sang-ayon sa Iyong iniatas, ay ginawang maging kaparaanan ng pagsisiwalat ng Iyong mga kayamanan, at ang paghamak ay ginawang daan patungo sa Iyong kaluwalhatian, at ang pagiging makasalanan ay ginawang sanhi ng paggamit ng Iyong kapatawaran. Sa pamamagitan ng mga ito ay Iyong ipinakita na Ikaw ang may-ari ng Iyong pinakamahusay na taguri, at sa Iyo tumutukoy ang mga kamanghaan ng Iyong pinakadakilang mga katangian.
5. Since Thou hast purposed, O my God, to cause all created things to enter into the tabernacle of Thy	5. Yamang Iyong nilayon, O aking Diyos, na gawing makapasok ang lahat ng nilikhang bagay sa loob

transcendent grace and favour, and to waft over the entire creation the fragrances of the raiment of Thy glorious unity, and to look upon all things with the eyes of Thy bounty and Thy oneness, I beseech Thee, therefore, by Thy love, which Thou hast made to be the mainspring of the revelations of Thine eternal holiness, and the flame that gloweth within the hearts of such of Thy creatures as yearn towards Thee, to create, this very moment, for those of Thy people who are wholly devoted to Thee, and for such of Thy loved ones as love Thee, out of the essence of Thy bounty and Thy generosity, and from the inmost spirit of Thy grace and Thy glory, Thy Paradise of transcendent holiness, and to exalt it above everything except Thee, and to sanctify it from aught else save Thyself. Create, moreover, within it, O my God, out of the lights shed by Thy throne, handmaidens who will intone the melodies of Thy wondrous and most sweet invention, that they may magnify Thy name with such words as have not been heard by any of Thy creatures, be they the inmates of Thy heaven or the dwellers of Thine earth, nor been comprehended by any of Thy people. Unlock, then, the gates of this Paradise to the faces of Thy loved ones, that haply they may enter them in Thy name, and by the power of Thy sovereignty, that thereby the sovereign bounties vouchsafed by Thee unto Thy chosen ones and the transcendent gifts granted unto Thy trusted ones may be perfected, that they may extol Thy virtues with such melodies as none can either intone or describe, and that none of Thy people may conceive the design of appearing in the guise of any of Thy chosen ones, or of emulating the example of Thy loved ones, and that none may fail to discern between Thy friends and Thine enemies, or to distinguish them that are devoted to Thee from such as stubbornly oppose Thee. Potent art Thou to do what Thou wilt, and powerful and supreme art Thou over all things.

6. Exalted, immeasurably exalted art Thou, O my Beloved, above the strivings of any of Thy creatures, however learned, to know Thee; exalted, immensely exalted art Thou above every human attempt, no matter how searching, to describe Thee! For the highest thought of men, however deep their contemplation, can never hope to outsoar the limitations imposed upon Thy creation, nor ascend beyond the state of the contingent world, nor break the bounds irrevocably set for it by Thee. How can, then, a thing that hath been created by Thy will that overruleth the whole of creation, a thing that is itself a part of the contingent world, have the

ng tabernakulo ng Iyong nangingibabaw na biyaya at pagpapala, at upang pasimuyin sa buong kinapal ang mga halimuyak ng kasuotan ng Iyong maluwalathing pagkakaisa, at upang tingnan ang lahat ng bagay sa pamamagitan ng mga mata ng Iyong biyaya at ng Iyong kaisahan, isinasamo ko sa Iyo, samakatwid, sa pamamagitan ng Iyong pag-ibig, na Iyong ginawang maging punong-bukal ng mga pagsisiwalat ng Iyong kabanalang walang-maliw, at sa pamamagitan ng apoy na lumiliyab sa mga puso ng Iyong mga nilalang na nananabik sa Iyo, na likhain, sa mismong sandaling ito, para sa Iyong mga taong ganap na nakatalaga sa Iyo, at para sa Iyong mga minamahal na nagmamahal sa Iyo, mula sa pinakadiwa ng Iyong pagpapala at ng Iyong kabutihang-loob, at mula sa kaibuturang espiritu ng Iyong biyaya at ng Iyong kaluwalhatian, ang Iyong Paraiso na nangingibabaw na kabanalan, at ang dakilain ito nang higit sa lahat liban sa Iyong sarili, at ang dalisayin ito mula sa anuman liban sa Iyong sarili. Likhain, higit pa roon, sa loob nito, O aking Diyos, mula sa mga liwanag na sumisinag mula sa Iyong trono, ang mga babaeng tagapaglingkod na aawit ng mga himig ng Iyong kamangha-mangha at pinakamatamis na nilikha, upang maipagbunyi nila ang Iyong pangalan sa pamamagitan ng gayong mga salitang hindi pa naririnig ng alinman sa Iyong mga nilikha, maging sila ay nananahan sa Iyong kalangitan o nakatira sa Iyong kalupaan ni hindi rin naunawaan ng alinman sa Iyong mga tao. Buksan, kung gayon, ang mga pinto nitong Paraiso sa harap ng mga mukha ng Iyong mga minamahal, nang sakaling pumasok sila rito sa Iyong pangalan, at ang kapangyarihan ng Iyong paghahari, nang sa ganoon ang sukdulang mga biyayang ipinagkaloob Mo sa Iyong mga pinili at ang napakahusay na mga kaloob na ibinigay Mo sa Iyong mga pinagkakatiwalaan ay maging ganap, nang sa ganoon ay pupurihin nila ang Iyong mga kabutihan sa pamamagitan ng gayong mga himig na walang makadadalit ni makapaglalarawan, at nang sa ganoon ay walang sinuman sa Iyong mga tao ang makapag-iisip ng pakanang lumitaw sa anyo ng alinman sa Iyong mga pinili, o ng pakikipantay sa halimbawa ng Iyong mga minamahal, at nang sa ganoon ay walang magkamali sa panginigilatis sa pagitan ng Iyong mga kaibigan at Iyong mga kaaway, o makilala ang pagkakaiba ng mga deboto sa Iyo mula sa mga sutil na lumalaban sa Iyo. May kakayahan Kang gawin ang Iyong ninanais, at makapangyarihan at pinakamataas Ka sa lahat ng bagay.

6. Dakila, di-masukat ang Iyong kadakilaan, O aking Minamahal, nang higit na mataas kaysa sa mga pagsisikap ng alinman sa Iyong mga nilalang upang makilala Ka, gaanuman siya karunong; dakila, di-masukat ang Iyong kadakilaan, nang higit na mataas kaysa sa bawat pagsisikap ng taong ilarawan Ka, gaanuman siya masikhay! Sapagkat ang pinakamataas na kaisipan ng tao, gaanuman kalalim ng kaniyang pag-iisip, kailanman ay walang pag-asang pumailanlang nang higit na matayog kaysa sa mga hangganang itinakda sa Iyong kinapal, ni hindi makatataas nang lampas sa kalagayan ng walang-katiyakang daigdig, ni

power to soar into the holy atmosphere of Thy knowledge, or reach unto the seat of Thy transcendent power?	hindi mababali ang mga hangganang walang-pasubaling ipinataw Mo rito. Paano magagawa, kung gayon, ng isang bagay na nilikha ng Iyong kaloobang namumuno sa buong kinapal, isang bagay na ito mismo ay bahagi ng walang katiyakang daigdig, ang magtaglay ng kakayahang pumailanlang sa banal na kapaligiran ng Iyong kaalaman, o makarating sa luklukan ng Iyong nangingibabaw na kapangyarihan?
7. High, immeasurably high art Thou above the endeavours of the evanescent creature to soar unto the throne of Thine eternity, or of the poor and wretched to attain the summit of Thine all-sufficing glory! From eternity Thou didst Thyself describe Thine own Self unto Thy Self, and extol, in Thine own Essence, Thine Essence unto Thine Essence. I swear by Thy glory, O my Best-Beloved! Who is there besides Thee that can claim to know Thee, and who save Thyself can make fitting mention of Thee? Thou art He Who, from eternity, abode in His realm, in the glory of His transcendent unity, and the splendours of His holy grandeur. Were any one except Thee to be deemed worthy of mention, in all the kingdoms of Thy creation, from the highest realms of immortality down to the level of this nether world, how could it, then, be demonstrated that Thou art established upon the throne of Thy unity, and how could the wondrous virtues of Thy oneness and Thy singleness be glorified?	7. Napakataas, di-masukat ang kataasan Mo nang higit sa mga pagsisikap ng mga naglalahong nilalang upang makalipad sa trono ng Iyong kawalang-hanggan, o ng dukha at aba upang marating ang tugatog ng Iyong kaluwalhatiang nakasasapat sa lahat! Mula sa kawalang-hanggan ay Iyong inilarawan ang Iyong Sarili sa Iyong Sarili, at ipinagbunyi, mula sa Iyong Pinakadiwa, ang Iyong Pinakadiwa sa Iyong Pinakadiwa. Isinusumpa ko sa Iyong kaluwalhatian O aking Pinakamamahal! Sino ang naroroon liban sa Iyo ang makapagsasabing nakikilala Ka, at sino bukod sa Iyo ang angkop na makababanggit sa Iyo? Ikaw ang Siyang nananahan, mula sa kawalang-hanggan, sa Kaniyang kaharian, sa kaluwalhatian ng Kaniyang nangingibabaw na pagkakaisa, at sa mga kaningningan ng Kaniyang banal na karingalan. Kung ang sinuman liban sa Iyo ay ituturing na nararapat sa pagbanggit, sa lahat ng mga kaharian ng Iyong kinapal, mula sa kataas-taasang mga kahariang walang-kamatayan hanggang sa antas nitong daigdig sa ibaba, sa gayon ay paano maipakikilalang Ikaw ay nailuklok sa trono ng Iyong pagkakaisa, at paano luluwalhatiin ang kamangha-manghang mga kabutihan ng Iyong kaisahan at ng Iyong pag-iisa?
8. I bear witness, this very moment, to what Thou hast testified for Thine own Self, ere Thou hadst created the heavens and the earth, that Thou art God, and that there is none other God besides Thee. Thou hast from everlasting been potent, through the Manifestations of Thy might, to reveal the signs of Thy power, and Thou hast ever made known, through the Daysprings of Thy knowledge, the words of Thy wisdom. No one besides Thee hath ever been found worthy to be mentioned before the Tabernacle of Thy unity, and none except Thyself hath proved himself capable of being praised within the hallowed court of Thy oneness.	8. Sumasaksi ako, sa mismong sandaling ito, sa Iyong pinatotohanan tungkol sa Iyong angking Sarili, bago Mo pa nilikha ang mga kalangitan at ang kalupaan, na Ikaw ang Diyos, at na walang ibang Diyos liban sa Iyo. Ikaw mula sa kawalang-hanggan ay may kakayahan, sa pamamagitan ng mga Kahayagan ng Iyong kapangyarihan, na isiwalat ang mga palatandaan ng Iyong lakas, at Iyong laging ipinababatid, sa pamamagitan ng mga Pamimitak ng Iyong kaalaman, ang mga salita ng Iyong karunungan. Walang iba liban sa Iyo ang kailanman natagpuang nararapat sa pagbanggit sa harap ng Tabernakulo ng Iyong pagkakaisa, at wala liban sa Iyo ang nagawang patunayang nararapat siya sa pagpuri sa loob ng banal na korte ng Iyong kaisahan.
9. Praise be to Thee, O my God, that Thou hast revealed Thy favours and Thy bounties; and glory be to Thee, O my Beloved, that Thou hast manifested the Day-Star of Thy loving-kindness and Thy tender mercies. I yield Thee such thanks as can direct the steps of the wayward towards the splendours of the morning light of Thy guidance, and enable those who yearn towards Thee to attain the seat of the revelation of the effulgence of Thy beauty. I yield Thee such thanks as can cause the sick to draw nigh unto the waters of Thy healing, and can help those who are far from Thee to approach the living fountain of Thy presence. I yield	9. Purihin Ka nawa, O aking Diyos, na Iyong isiniwalat ang Iyong mga kaloob at Iyong mga pagpapala; at luwalhatiin Ka nawa, O aking Minamahal, sapagkat Iyong ginawang mahayag ang Bituing-Araw ng Iyong mapagmahal na kabutihan at ng Iyong masuyong mga kahabagan. Ibinibigay ko sa Iyo ang gayong pasasalamat na makapagdadako ng mga hakbang ng mga pabaya patungo sa mga karingalan ng liwanag ng umaga ng Iyong pamamatnubay, at tutulutan silang mga nananabik sa Iyo na matamo ang luklukan ng pagsisiwalat ng Iyong kagandahan. Ibinibigay ko sa Iyo ang gayong pasasalamat na makapaglalapit ng mga may

Thee such thanks as can divest the bodies of Thy servants of the garments of mortality and abasement, and attire them in the robes of Thine eternity and Thy glory, and lead the poor unto the shores of Thy holiness and all sufficient riches. I yield Thee such thanks as can enable the Heavenly Dove to warble forth, upon the branches of the Lote-Tree of Immortality, her song: “Verily, Thou art God. No God is there besides Thee. From eternity Thou hast been exalted above the praise of aught else but Thee, and been high above the description of any one except Thyself.” I yield Thee such thanks as can cause the Nightingale of Glory to pour forth its melody in the highest heaven: “‘Alí (the Báb), in truth, is Thy servant, Whom Thou hast singled out from among Thy Messengers and Thy chosen Ones, and made Him to be the Manifestation of Thyself in all that pertaineth unto Thee, and that concerneth the revelation of Thine attributes and the evidences of Thy names.” I yield Thee such thanks as can stir up all things to extol Thee, and to glorify Thine Essence, and can unloose the tongues of all beings to magnify the sovereignty of Thy beauty. I yield Thee such thanks as can fill the heavens and the earth with the signs of Thy transcendent Essence, and assist all created things to enter the Tabernacle of Thy nearness and Thy presence. I yield Thee such thanks as can make every created thing to be a book that shall speak of Thee, and a scroll that shall unfold Thy praise. I yield Thee such thanks as can stablish the Manifestations of Thy sovereignty upon the throne of Thy governance, and set up the Exponents of Thy glory upon the seat of Thy Divinity. I yield Thee such thanks as can make the corrupt tree to bring forth good fruit through the holy breaths of Thy favours, and revive the bodies of all beings with the gentle winds of Thy transcendent grace. I yield Thee such thanks as can cause the signs of Thine exalted singleness to be sent down out of the heaven of Thy holy unity. I yield Thee such thanks as can teach all things the realities of Thy knowledge and the essence of Thy wisdom, and will not withhold the wretched creatures from the doors of Thy mercy and Thy bountiful favour. I yield Thee such thanks as can enable all who are in heaven and on earth to dispense with all created things, through the treasures of Thine all-sufficing riches, and can aid all created things to reach unto the summit of Thine almighty favours. I yield Thee such thanks as can assist the hearts of Thine ardent lovers to soar into the atmosphere of nearness to Thee, and of longing for Thee, and kindle the Light of Lights within the land of ‘Íráq. I yield Thee such thanks as can detach them that are nigh unto Thee from all created things, and draw them to the throne of Thy names and Thine attributes. I yield Thee such thanks as can cause Thee to forgive all sins and trespasses, and to fulfil the needs of the peoples of all religions, and to waft the fragrances of pardon over the entire creation. I yield Thee such thanks as can enable them that recognize Thy unity to scale the heights of Thy love, and cause such as are devoted to Thee to ascend unto the Paradise of Thy presence. I yield Thee such thanks as can satisfy the wants of all such as seek

karamdaman sa mga tubig ng Iyong lunas, at matutulungan ang mga malalayo sa Iyo upang makalapit sa nabubuhay na bukal ng Iyong kinaroroonan. Ibinibigay ko sa Iyo ang gayong pasasalamat na makahuhubad sa mga katawan ng Iyong mga tagapaglingkod ng kasuotan ng paglalaho at pagkaaba, at daramtan sila ng mga baro ng Iyong kawalang-hanggan at ng Iyong kaluwalhatian, at aakayin ang maralita tungo sa mga dalampasigan ng Iyong kabanalan at mga kayamanang nakasasapat sa lahat. Ibinibigay ko sa Iyo ang gayong pasasalamat na makatutulot sa pag-awit ng Makalangit na Kalapati sa mga sanga ng Punong-Lote ng Kawalang-kamatayan ng kaniyang himig na: “Tunay na Ikaw ang Diyos. Walang ibang Diyos liban sa Iyo. Mula sa kawalang-hanggan Ikaw ay higit na dakila kaysa sa papuri ng sinuman liban sa Iyo, at higit na mataas kaysa sa paglalarawan ng sinuman liban sa Iyong sarili.” Ibinibigay ko sa Iyo ang gayong pasasalamat na magsasanhi ng pag-awit ng Ruwisenyor ng Kaluwalhatian ng himig nito sa kataas-taasang kalangitan: “Si ‘Alí (ang Báb) sa katotohanan, ay ang Iyong tagapaglingkod na Siyang Iyong ibinukod mula sa Iyong mga Sugo at Iyong mga Pinili, at ginawa Siyang maging Kapahayagan ng Iyong sarili sa lahat ng nauukol sa Iyo, at ng nauugnay sa pagsisiwalat ng Iyong mga katangian at ng mga katibayan ng Iyong mga pangalan.” Ibinibigay ko sa Iyo ang gayong pasasalamat na makapupukaw sa lahat ng bagay upang ipagbunyi Ka, at upang luwalhatiin ang Iyong Diwa, at magagawang kalagan ang mga dila ng lahat ng mga nilalang upang dakilain ang paghahari ng Iyong kagandahan. Ibinibigay ko sa Iyo ang gayong pasasalamat na makapupuspos sa mga kalangitan at ng kalupaan ng mga palatandaan ng Iyong Diwa, at matutulungan ang lahat ng nilikhang bagay upang makapasok sa Tabernakulo ng pagiging malapit sa Iyo at sa Iyong kinaroroonan. Ibinibigay ko sa Iyo ang gayong pasasalamat na makagagawa sa bawat nilikhang bagay na maging aklat na magsasaysay tungkol sa Iyo, at ng isang pergaminong maglaladlad ng papuri sa Iyo. Ibinibigay ko sa Iyo ang gayong pasasalamat na makapagluluklok ng mga Kahayagan ng Iyong paghahari sa trono ng Iyong pamamahala at maitatatag ang mga Kinatawan ng Iyong kaluwalhatian sa luklukan ng Iyong Pagkadiyos. Ibinibigay ko sa Iyo ang gayong pasasalamat na makapagpapabunga ng magandang prutas mula sa bulok na puno sa pamamagitan ng mga banal na hininga ng Iyong mga pagpapapala, at muling bubuhayin ang mga katawan ng lahat ng nilalang sa pamamagitan ng mahinay na mga hangin ng Iyong nangingibabaw na biyaya. Ibinibigay ko sa Iyo ang gayong pasasalamat na makapagsasanhi ng pagbaba ng palatandaan ng Iyong dakilang kaisahan mula sa kalangitan ng Iyong banal na pagkakaisa. Ibinibigay ko sa Iyo ang gayong pasasalamat na makapagtuturo sa lahat ng bagay ng mga realidad ng Iyong kaalaman at ng diwa ng Iyong karunungan, at hindi makapipigil sa mga abang nilalang mula sa pintuan ng Iyong habag at ng Iyong masaganang pagpapala. Ibinibigay ko sa Iyo ang gayong pasasalamat na makatutulot sa lahat ng nasa kalangitan at nasa kalupaan

Thee, and realize the aims of them that have recognized Thee. I yield Thee such thanks as can blot out from the hearts of men all suggestions of limitations, and inscribe the signs of Thy unity. I yield Thee such thanks as that with which Thou didst from eternity glorify Thine own Self, and didst exalt it above all peers, rivals, and comparisons, O Thou in Whose hands are the heavens of grace and of bounty, and the kingdoms of glory and of majesty!

na ipagpaliban ang lahat ng nilikhang bagay sa pamamagitan ng mga kabang-yaman ng Iyong mga kayamanang nakasasapat sa lahat, at makatutulong sa lahat ng nilikhang bagay, upang makaabot sa ruok ng Iyong mga pagpapalang makapangyarihan. Ibinibigay ko sa Iyo ang gayong pasasalamat na makatutulong sa mga puso ng Iyong maalab na mga mangingibig upang lumipad sa himpapawid ng pagiging malapit sa Iyo, at ng pananabik sa Iyo, at upang parikitin ang Liwanag ng mga Liwanag sa lupain ng 'Irâq. Ibinibigay ko sa Iyo ang gayong pasasalamat na makapagwawalay sa kanilang mga malalapit sa Iyo mula sa lahat ng nilikhang bagay, at makapaglalapit sa kanila sa trono ng Iyong mga pangalan at Iyong mga katangian. Ibinibigay ko sa Iyo ang gayong pasasalamat na makapagpapatawad sa lahat ng mga kasalanan at mga paglalabag, at upang matupad ang mga pangangailangan ng mga tao ng lahat ng relihiyon, at upang pasimuyin ang mga halimuyak ng kapatawaran sa buong sangnilikha. Ibinibigay ko sa Iyo ang gayong pasasalamat na magtutulot sa kanilang mga kumilala sa Iyong pagkakaisa na makaakyat sa mga tugatog ng Iyong pag-ibig, at maging sanhi ng pagpanhik ng mga nakatalaga sa Iyo roon sa Paraiso ng Iyong kinaroroonan. Ibinibigay ko sa Iyo ang gayong pasasalamat na makatutustos sa mga pangangailangan ng lahat ng mga naghahanap sa Iyo, at makatutupad sa mga layunin ng mga kumilala sa Iyo. Ibinibigay ko sa Iyo ang gayong pasasalamat na mabubura mula sa mga puso ng mga tao ang lahat ng pahiwatig ng mga hangganan, at maiuukit ang mga palatandaan ng Iyong pagkakaisa. Ibinibigay ko sa Iyo ang gayong pasasalamat na Iyong ginamit mula sa kawalang-hanggan upang luwalhatiin ang Iyong Sarili, at dinakila ito nang higit na mataas kaysa sa lahat ng mga kahalintulad, mga karibal at mga paghahambing, O Ikaw na nasa Kaniyang mga kamay ang mga kalangitan ng biyaya at ng pagpapala, at ang mga kaharian ng kaluwalhatian at kamahalan.

^{10.} Lauded be Thy name, O Lord my God, and my Master! Thou bearest witness, and seest, and knowest the things that have befallen Thy loved ones in Thy days, and the continual trials, and the successive tribulations, and the incessant afflictions, which have been sent down upon Thine elect. Such hath been their plight that the earth became too strait for them, and they were encompassed by the evidences of Thy wrath and the signs of Thy fear in every land, and the doors of Thy mercy and Thy loving-kindness were shut against them, and the garden of their hearts was deprived of the overflowing showers of Thy grace and Thy bountiful favours. Wilt Thou withhold, O my God, from such as love Thee the wonders of Thine ascendancy and triumph? Wilt Thou shatter, O my Beloved, the hopes which they who are devoted to Thee have fixed on Thy manifold bounties and gifts? Wilt Thou keep back, O my Master, those that have recognized Thee from the shores of Thy sanctified knowledge, or wilt Thou cease to rain down upon the hearts of such as desire Thee the showers of Thy transcendent grace? No, no, and to this Thy glory beareth me witness! I testify this very moment that Thy

^{10.} Purihin nawa ang Iyong Pangalan, O Panginoon, aking Diyos, at aking Hari! Iyong sinasaksihan, at nakikita at nababatid ang mga bagay na sumapit sa Iyong mga minamahal sa Iyong mga araw, at ang tuloy-tuloy na mga pagsubok, at ang sunod-sunod na mga salaghati, at ang walang puknat na mga pahirap, na pinababa sa Iyong mga pinili. Gayon na lamang ang kanilang suliranin, na ang daigdig ay naging masyadong makitid para sa kanila, at sila ay napalibutan ng mga patunay ng Iyong poot at ng mga palatandaan ng takot sa Iyo sa bawat lupain, at ang mga pinto ng Iyong habag at ng Iyong mapagmahal na kabaitan ay naisara sa kanila, at ang hardin ng kanilang mga puso ay pinagkaitan ng nag-uumapaw na mga ulan ng Iyong biyaya at ng Iyong masaganang mga pagpapala. Iyo bang ipagkakait, O aking Diyos mula sa mga nagmamahal sa Iyo ang mga kamanghaan ng Iyong pangingibabaw at pagwawagi? Iyo bang wawasakin, O aking Minamahal, ang mga pag-asang ipinako nilang mga deboto sa Iyo sa Iyong napakaraming mga biyaya at mga kaloob? Iyo bang pipigilan, O aking Panginoon, yaong mga kumilala sa Iyo mula sa mga dalampasigan ng Iyong banal na

mercy hath surpassed all created things, and Thy loving-kindness encompassed all that are in heaven and all that are on earth. From everlasting the doors of Thy generosity were open to the faces of Thy servants, and the gentle winds of Thy grace were wafted over the hearts of Thy creatures, and the overflowing rains of Thy bounty were showered upon Thy people and the dwellers of Thy realm.	kaalaman, o Iyo bang ihihinto ang pag-ulan sa mga puso ng gayong mga naghahangad sa Iyo ng mga ambon ng Iyong nangingibabaw na biyaya? Hindi, hindi, at dito ay sumasaksi sa akin ang Iyong kaluwalhatian! Sumasaksi ako sa mismong sandaling ito na ang Iyong habag ay higit pa sa lahat ng nilikhang bagay, at ang Iyong nagmamahal na kabaitan ay sumasaklaw sa lahat ng nasa langit at sa lahat ng nasa lupa. Mula sa kawalang-hanggan ang mga pinto ng Iyong biyaya ay nakabukas sa mga mukha ng Iyong mga tagapaglingkod, at ang mga mahinay na hangin ng Iyong biyaya ay sumisimoy sa mga puso ng Iyong mga nilalang, at ang nag-uumapaw na mga ulan ng Iyong pagpapala ay pinaulan sa Iyong mga tao at sa mga nananahan sa Iyong kaharian.
11. I know full well Thou hast delayed to manifest Thy triumph in the kingdom of creation by reason of Thy knowledge which embraceth both the mysteries of Thy decree, and the hidden things ordained behind the veils of Thine irrevocable purpose, that thereby those who have entered beneath the shadow of Thy transcendent mercy may be separated from those who have dealt disdainfully with Thee, and turned back from Thy presence at the time when Thou didst manifest Thy most exalted Beauty.	11. Lubos kong nababatid na Iyong ipinagpaliban ang pagsisiwalat ng Iyong tagumpay sa kaharian ng sangnilikha dahil sa Iyong kaalamang sumasaklaw kapuwa sa mga hiwaga ng Iyong kautusan, at sa natatagong mga bagay na itinalaga sa likod ng lambong ng Iyong di-nababaling layunin, nang sa gayon yaong mga nakapasok sa lilim ng Iyong nangingibabaw na kahabagan ay maihiwalay mula sa yaong mga mapanghamak na nakitungo sa Iyo, at tumalikod mula sa Iyong kinaroroonan sa panahong Iyong ipinahayag ang Iyong pinakadakilang Kagandahan.
12. Exalted, immeasurably exalted art Thou, therefore, O my Beloved! Forasmuch as Thou hast divided, in Thy realm, Thy loved ones from Thine enemies, and hast perfected Thy most weighty testimony and Thy most infallible Proof unto all who are in heaven and on earth, have mercy, then, upon those who were brought low in Thy land, by reason of what hath befallen them in Thy path. Exalt them, then, O my God, through the power of Thy might and the potency of Thy will, and raise them up to proclaim Thy Cause through Thine omnipotent sovereignty and purpose.	12. Dakila, di-masukat ang Iyong kadakilaan, kung gayon, O aking Minamahal! Yamang Iyong inihiwalay, sa Iyong kaharian ang Iyong mga minamahal mula sa Iyong mga kaaway, at ginawang ganap ang Iyong pinakamatimbang na patotoo at ang Iyong lubos na walang-salang Katibayan para sa lahat ng nasa langit at ng nasa lupa, mahabag, kung gayon, sa mga hinamak sa Iyong lupain, dahil sa sumapit sa kanila sa Iyong landas. Dakilain sila, kung gayon, O aking Diyos sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Iyong lakas at sa bisa ng Iyong kalooban, at ibangon sila upang ibalita ang Iyong Kapakanan sa pamamagitan ng Iyong makapangyarihan sa lahat na paghahari at layunin.
13. I swear by Thy glory! My sole purpose in showing forth Thine ascendancy hath been to glorify Thy Cause, and to magnify Thy word. I am persuaded that if Thou wert to delay to send down Thy victory and to demonstrate Thy power, the signs of Thy sovereignty would assuredly perish in Thy land, and the tokens of Thy rule would be blotted out throughout Thy dominion.	13. Isinusumpa ko sa Iyong kaluwalhatian! Ang aking tanging layunin sa paglalantad ng Iyong pangingibabaw ay upang luwalhatiin ang Iyong Kapakanan, at upang dakilain ang Iyong salita. Ako ay naniniwalang kapag Iyong inantalang ipababa ang Iyong tagumpay at ilantad ang Iyong kapangyarihan, ang mga tanda ng Iyong paghahari ay tiyak na mapupuksa sa Iyong lupain, at ang mga sagisag ng Iyong pamumuno ay mabubura sa kahabaan ng Iyong nasasakupan.
14. My breast is straitened, O my God, and sorrows and vexations have compassed me round, for I hear among Thy servants every praise except Thy wondrous praise, and behold amidst Thy people the evidences of all things save the evidences of what Thou hast prescribed unto them by Thy behest, and destined for them through Thy sovereign will, and ordained unto them by Thine overruling decree. They have strayed so far from Thee that should any of Thy loved ones deliver unto them the wondrous tokens of Thy unity, and the	14. Naninikip ang aking dibdib, O aking Diyos, at ang mga dalamhati at mga suliranin ay nakapalibot sa akin, sapagkat naririnig ko mula sa Iyong mga tagapaglingkod ang bawat papuri liban sa kamangha-manghang papuri sa Iyo, at namamasdan sa Iyong mga tao ang mga bakas ng lahat ng bagay liban sa mga bakas ng Iyong iniaatas sa kanila sa pamamagitan ng Iyong kautusan, at itinalaga sa kanila sa pamamagitan ng Iyong naghaharing kalooban, at iniutos sa kanila sa pamamagitan ng Iyong namamayaning kautusan. Sila ay

gem-like utterances that attest Thy transcendent oneness, they would thrust their fingers into their ears, and would cavil at him and mock him. All this hast Thou set down through Thine all-encompassing sovereignty, and apprehended through Thine omnipotent supremacy.	naligaw nang napakalayo mula sa Iyo na kung sakaling ang alinman sa Iyong minamahal ay maghahatid sa kanila ng kamangha-manghang sagisag ng Iyong pagkakaisa at ng malahiyas na mga pananalitang sumasaksi sa Iyong nangingibabaw na kaisahan, ipapasok nila ang kanilang mga daliri sa kanilang mga tainga, at tututol sila nang walang katuturan at kukutyain siya. Ang lahat ng ito ay Iyong itinakda sa pamamagitan ng Iyong paghaharing nakasasaklaw sa lahat, at lubusang nabatid sa pamamagitan ng Iyong ganap na makapangyarihang pangingibabaw.
15. Glorified, immeasurably glorified art Thou, O my Master! Look, then, upon the hearts which, in their love for Thee, have been transfixed by the darts of Thine enemies, and the heads which were borne on spears for the sake of the exaltation of Thy Cause and the glorification of Thy name. Have pity, then, upon those hearts which have been consumed by the fire of Thy love, and been touched by such tribulations as are known only unto Thee.	15. Maluwalhati, di-masukat ang Iyong kaluwalhatian, O aking Panginoon! Tumingin, kung gayon, sa mga pusong tinusok ng mga palaso ng Iyong mga kaaway dahil sa pag-ibig nila sa Iyo, at sa mga ulong tinuhog ng mga sibat alang-alang sa pagdadakila sa Iyong Kapakanan at sa pagluluwalhati sa Iyong pangalan. Maawa, kung gayon, sa mga pusong natupok sa apoy ng Iyong pag-ibig, at dinapuan ng gayong mga pagsubok na Ikaw lamang ang nakababatid.
16. All laud and honour to Thee, O my God! Thou well knowest the things which, for a score of years, have happened in Thy days, and have continued to happen until this hour. No man can reckon, nor can any tongue tell, what hath befallen Thy chosen ones during all this time. They could obtain no shelter, nor find any refuge in which they could abide in safety. Turn, then, O my God, their fear into the evidences of Thy peace and Thy security, and their abasement into the sovereignty of Thy glory, and their poverty into Thine all-sufficient riches, and their distress into the wonders of Thy perfect tranquillity. Vouchsafe unto them the fragrances of Thy might and Thy mercy, and send down upon them, out of Thy marvellous loving-kindness, what will enable them to dispense with all except Thee, and will detach them from aught save Thyself, that the sovereignty of Thy oneness may be revealed and the supremacy of Thy grace and Thy bounty demonstrated.	16. Ang lahat ng papuri at parangal ay mapasa-Iyo, O aking Diyos! Iyong mahusay na nababatid ang mga bagay, na sa loob ng dalawampung taon, ay naganap sa Iyong mga araw, at patuloy na nagaganap hanggang sa oras na ito. Walang tao ang makatutuos, at walang dila ang makasasaysay, sa sumapit sa Iyong mga pinili sa buong panahong ito. Hindi sila makakuha ng anumang kanlungan kung saan maaari silang mamalagi sa kaligtasan. Baguhin, kung gayon, O aking Diyos, ang kanilang takot upang maging mga katibayan ng Iyong kapayapaan at Iyong kaligtasan, at ang kanilang pagkaaba upang maging paghahari ng Iyong kaluwalhatian, at ang kanilang karukhaan upang maging Iyong kayamanang nakasasapat sa lahat at ang kanilang pagdurusa upang maging kamanghaan ng Iyong ganap na katiwasayan. Ipagkaloob sa kanila ang mga halimuyak ng Iyong lakas at ng Iyong habag, at ipababa sa kanila, mula sa Iyong kahanga-hangang mapagmahal na kabaitan, yaong makatutulot na maipagpaliban nila ang lahat bukod sa Iyo, upang ang paghahari ng Iyong kaisahan ay maibunyag at ang pananaig ng Iyong biyaya at ng Iyong pagpapala ay maipakita.
17. Wilt Thou not, O my God, look upon the tears which Thy loved ones have shed? Wilt Thou not pity, O my Beloved, the eyes which have been dimmed by reason of their separation from Thee, and because of the cessation of the signs of Thy victory? Wilt Thou not behold, O my Master, the hearts wherein have beaten the wings of the dove of longing and love for Thee? By Thy glory! Things have come to such a pass that hope hath well nigh been banished from the hearts of Thy chosen ones, and the breaths of despair are ready to seize them, by reason of what hath befallen them in Thy days.	17. Iyo bang hindi titingnan, O aking Diyos, ang mga luhang pumatak mula sa Iyong mga minamahal? Ikaw ba ay hindi mahahabag, O aking Minamahal, sa mga matang nagdidilim dahil sa kanilang pagkawalay sa Iyo, at dahil sa paghinto ng mga palatandaan ng Iyong tagumpay? Iyo bang hindi mamasdan, O aking Panginoon, ang mga puso kung saan kumukumpas ang mga pakpak ng mga kalapati ng pananabik at pagmamahal sa Iyo? Saksi ang Iyong kaluwalhatian! Ang mga bagay ay dumating na sa gayong yugto na halos nawala na ang pag-asa mula sa mga puso ng Iyong mga pinili, at ang mga hininga ng kabiguan ay handa nang sumakmal sa kanila, dahil sa mga sinapit nila sa Iyong mga araw.
18. Behold me, then, O my God, how I have fled from myself unto Thee, and have abandoned my own	18. Masdan ako, kung gayon, O aking Diyos, kung paanong tumakas ako mula sa aking sarili patungo sa

being that I may attain unto the splendours of the light of Thy Being, and have forsaken all that keepeth me back from Thee, and maketh me forgetful of Thee, in order that I may inhale the fragrances of Thy presence and Thy remembrance. Behold how I have stepped upon the dust of the city of Thy forgiveness and Thy bounty, and dwelt within the precincts of Thy transcendent mercy, and have besought Thee, through the sovereignty of Him Who is Thy Remembrance and Who hath appeared in the robe of Thy most pure and most august Beauty, to send down, in the course of this year, upon Thy loved ones what will enable them to dispense with any one except Thee, and will set them free to recognize the evidences of Thy sovereign will and all-conquering purpose, in such wise that they will seek only what Thou didst wish for them through Thy bidding, and will desire naught except what Thou didst desire for them through Thy will. Sanctify, then, their eyes, O my God, that they may behold the light of Thy Beauty, and purge their ears, that they may listen to the melodies of the Dove of Thy transcendent oneness. Flood, then, their hearts with the wonders of Thy love, and preserve their tongues from mentioning any one save Thee, and guard their faces from turning to aught else except Thyself. Potent art Thou to do what pleaseth Thee. Thou, verily, art the Almighty, the Help in Peril, the Self-Subsisting.

19. Protect, moreover, O my Beloved, through Thy love for them and through the love they bear to Thee, this servant, who hath sacrificed his all for Thee, and expended whatsoever Thou hast given him in the path of Thy love and Thy good-pleasure, and preserve him from all that Thou abhorrest, and from whatsoever may hinder him from entering into the Tabernacle of Thy holy sovereignty, and from attaining the seat of Thy transcendent oneness. Number him, then, O my God, with such as have allowed nothing whatever to deter them from beholding Thy beauty, or from meditating on the wondrous evidences of Thine everlasting handiwork, that he may have fellowship with none except Thee, and turn to naught save Thyself, and discover in whatever hath been created by Thee in the kingdoms of earth and heaven nothing but Thy wondrous Beauty and the revelation of the splendours of Thy face, and be so immersed beneath the billowing oceans of Thine overruling providence and the surging seas of Thy holy unity, that he will forget every mention except the mention of Thy transcendent oneness, and banish from his soul the traces of all evil suggestions, O Thou in Whose hands are the kingdoms of all names and attributes!

Iyo, at nilisan ang aking sarili upang matamo ko ang mga karingalan ng liwanag ng Iyong Sarili, at tinalikuran ang lahat ng nakapigil sa akin mula sa Iyo, at ginagawa akong makalimot sa Iyo, upang aking malanghap ang mga halimuyak ng Iyong kinaroroonan at ng Iyong gunita. Masdan kung paanong ako ay yumapak sa alabok ng lungsod ng Iyong kapatawaran at Iyong biyaya, at nanahan sa loob ng mga kapaligiran ng Iyong nangingibabaw na habag, at nagsumamo sa Iyo, sa pamamagitan ng paghahari Niya na Siyang Alaala Mo at na Siyang lumitaw sa damit ng Iyong pinakadalisay at lubos na kapita-pitagang Kagandahan, na ipababa, sa loob ng taong ito, sa Iyong mga minamahal, yaong makatutulot na maipagpaliban nila ang lahat bukod sa Iyo at palalayain sila upang makilala ang mga katibayan ng Iyong naghaharing kalooban at layuning nakasasakop sa lahat, sa gayong paraan na kanilang hahanapin lamang yaong hinahangad Mo para sa kanila sa pamamagitan ng Iyong utos, at nanaisin ang walang iba liban sa Iyong ninanais para sa kanila sa pamamagitan ng Iyong kalooban. Pabanalin, kung gayon, ang kanilang mga mata, O aking Diyos, upang makita nila ang liwanag ng Iyong Kagandahan, at linisin ang kanilang mga tainga, upang makinig sila sa mga himig ng Kalapati ng Iyong nangingibabaw na kaisahan. Puspusin ang kanilang mga puso, kung gayon, sa mga kamanghaan ng Iyong pag-ibig, at iligtas ang kanilang mga dila mula sa pagbanggit ng sinuman liban sa Iyo, at tanuran ang kanilang mga mukha mula sa pagbaling sa anuman liban sa Iyong sarili. Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ninanais. Ikaw, sa katunayan, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap.

19. Ipagsanggalang, higit pa rito, O aking Minamahal, sa pamamagitan ng Iyong pag-ibig sa kanila at sa pamamagitan ng pag-ibig na taglay nila para sa Iyo, ang tagapaglingkod na ito, na ipinagpakasakit ang lahat sa kaniya alang-alang sa Iyo at ginugol ang anumang Iyong ibinigay sa kaniya sa landas ng Iyong pag-ibig at ng Iyong mabuting kaluguran, at iligtas siya mula sa lahat ng Iyong kinasusuklanan, at mula sa anumang makapigil sa kaniya mula sa pagpasok sa Tabernakulo ng Iyong banal na paghahari, at mula sa pagdating sa luklukan ng Iyong nangingibabaw na kaisahan. Ibilang siya, kung gayon, O aking Diyos, sa gayong mga walang anumang tinutulatang makapigil sa kanila upang masilayan ang Iyong Kagandahan o upang limiin ang kamangha-manghang mga katibayan ng Iyong walang-maliw na likhang-kamay, nang magawa niyang magkaroon ng mabuting samahan sa walang iba liban sa Iyo, at matuklasan sa anumang Iyong nilikha sa mga kaharian ng lupa at langit ang walang iba liban sa Iyong kamangha-manghang Kagandahan at ang pagbubunyang ng mga karingalan ng Iyong mukha, at nang lubusang mailubog sa ilalim ng dumadaluyong na mga karagatan ng Iyong namamayaning kalinga at ng umaalon na mga dagat ng Iyong banal na pagkakaisa, na malilimot niya ang bawat pagbanggit liban sa pagbanggit sa Iyong nangingibabaw na kaisahan, at itataboy mula sa kaniyang kaluluwa ang mga bakas ng lahat ng

	masasamang pahiwatig, O Ikaw na nasa Kaniyang mga kamay ang mga kaharian ng lahat ng mga pangalan at mga katangian!
20. Lauded be Thy name, O Thou Who art the Goal of my desire! I swear by Thy glory! How great is my wish to attain unto a detachment so complete that were there to appear before me those countenances which are hid within the chambers of chastity, and the beauty of which Thou didst veil from the eyes of the entire creation, and whose faces Thou didst sanctify from the sight of all beings, and were they to unveil themselves in all the glory of the splendours of Thine incomparable beauty, I would refuse to look upon them, and would behold them solely for the purpose of discerning the mysteries of Thy handiwork, which have perplexed the minds of such as have drawn nigh unto Thee, and awed the souls of all them that have recognized Thee. I would, by Thy power and Thy might, soar to such heights that nothing whatsoever would have the power to keep me back from the manifold evidences of Thy transcendent dominion, nor would any earthly scheme shut me out from the manifestations of Thy Divine holiness.	20. Luwalhatiin nawa ang Iyong pangalan, O Ikaw na Siyang layunin ng aking hangarin! Isinusumpa ko sa Iyong kaluwalhatian! Napakalaki ng aking hangaring makatamo ng buong-buong pagkawalay na kapag lumitaw sa harap ko yaong mga mukhang itinatago sa loob ng mga silid ng kalinisang-puri, at ang kagandahan niyon ay Iyong tinatabingan mula sa mga mata ng buong kinapal, at ang mga mukhang iyon ay Iyong dinalisay mula sa paningin ng lahat ng nilalang, at kung aalisin nila ang kanilang mga lambong upang iladlad ang buong kaluwalhatian ng mga karingalan ng Iyong kagandahang walang kahalintulad, tatangi akong tumingin sa mga iyon, at titingnan lamang sila para sa tanging layunin ng pagtutuklas sa mga hiwaga ng Iyong likhang-kamay, na tumuliro sa mga kaisipan ng gayong mga nagsilapit sa Iyo, at gumilalas sa mga kaluluwa ng lahat sa kanilang mga kumilala sa Iyo. Gagawin ko, sa pamamagitan ng Iyong lakas at ng Iyong kapangyarihan, ang pumailanlang sa gayong mga kataasan na walang anumang bagay ang makapigipil sa akin mula sa napakaraming katibayan ng Iyong nangingibabaw na paghahari, ni hindi ako mahahadlangan ng anumang makalupang pakana mula sa mga kapahayagan ng Iyong Makadiyos na kabanalan.
21. Glorified, immeasurably glorified art Thou, O my God, and my Beloved, and my Master, and my Desire! Shatter not the hopes of this lowly one to attain the shores of Thy glory, and deprive not this wretched creature of the immensities of Thy riches, and cast not away this suppliant from the doors of Thy grace, and Thy bounty, and Thy gifts. Have mercy, then, upon this poor and desolate soul who hath sought no friend but Thee, and no companion except Thee, and no comforter save Thee, and no beloved apart from Thee, nor cherished any desire but Thyself.	21. Maluwalhati, di-masukat ang Iyong kaluwalhatian, O aking Diyos, at aking Minamahal, at aking Panginoon, at aking Hangarin! Huwag biguin ang mga pag-asa ng hamak na ito upang makarating sa mga dalampasigan ng Iyong kaluwalhatian, at huwag ipagkait dito sa sawimpalad na nilalang ang mga kalakihan ng Iyong mga kayamanan, at huwag itaboy itong nagmamakaawa mula sa mga pintuan ang Iyong biyaya, at ng Iyong pagpapala, at ng Iyong mga kaloob. Maawa, kung gayon, sa kahabag-habag at nalulumbay na kaluluwang ito na walang hinanap na kaibigan liban sa Iyo, at walang kasama bukod sa Iyo, at walang tagapag-alo kundi Ikaw, at walang minamahal bukod sa Iyo, ni walang minimithing hangarin kundi Ikaw.
22. Cast, then, upon me, O my God, the glances of Thy mercy, and forgive me my trespasses and the trespasses of them that are dear to Thee, and which come in between us and the revelation of Thy triumph and Thy grace. Cancel Thou, moreover, our sins which have shut off our faces from the splendours of the Day-Star of Thy favours. Powerful art Thou to do Thy pleasure. Thou ordainest what Thou willest, and art not asked of what Thou wishest through the power of Thy sovereignty, nor canst Thou be frustrated in whatsoever Thou prescribest through Thine irrevocable decree. No God is there save Thee, the Almighty, the Most Powerful, the Ever-Living, the Most Compassionate.	22. Idako sa akin, kung gayon, O aking Diyos, ang mga sulyap ng Iyong kahabagan, at patawarin ang aking mga kasalanan at ang mga kasalanan nilang mga minamahal Mo, at yaong mga sumisingit sa pagitan namin at ng pagsisiwalat ng Iyong tagumpay at Iyong biyaya. Iyong pawiin, bukod pa rito, ang aming mga pagkakamaling humadlang sa aming mga mukha mula sa mga karingalan ng Bituing-Araw ng Iyong mga pagpapala. Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ikalulugod. Iyong itinalalaga ang Iyong hinahangad, at hindi pinaghahanapan ang Iyong ninanais mula sa kapangyarihan ng Iyong paghahari, ni hindi Ka maaring mabigo sa anumang Iyong iniutos mula sa Iyong di-mababaling batas. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Pinakamalakas, ang Laging-Nabubuhay, ang Pinakamadamayin.

– 23 –	– 23 –
Súriy-i-Qalam	Súriy-i-Qalam
(Súrih of the Pen)	(Súrih ng Panulat)
This is the Súrih of the Pen, which hath been sent down from the heaven of eternity unto them that have fixed their gaze upon His Throne.	Ito ang Súrih ng Panulat na ipinababa mula sa langit ng kawalang-hanggan para sa mga nagsipako ng kanilang paningin sa Kaniyang Trono.
<i>In the name of God, the Most Wondrous, the Most Glorious!</i>	<i>Sa ngalan ng Diyos, ang Pinakanakamamangha, ang Pinakamaluwalhati!</i>
1. O Pen of the Most High! Bear thou witness, in thine own self, that verily He is God and that there is none other God but Me, the Help in Peril, the Self-Subsisting. Bear thou witness, then, by thine own essence, that verily I am God and that there is none other God but Him, that all have been created at My behest and that all abide by My command. Bear thou witness, moreover, by thine inmost being, that this is the Beauty of God which hath dawned above the horizon of the Unseen, a Beauty that hath ever been, and shall ever remain, unknown to all save Himself. He, verily, is the Almighty, the All-Glorious, the Best-Beloved. Through but one of His effulgences the Day-Stars of majesty and grandeur have shone forth, the hearts of the denizens of the everlasting realm and the sanctified realities that lay hid beneath the mystic veil have been called into being, and the secrets of all that was and shall be have been laid bare.	1. O Panulat ng Pinakamataas! Sumaksi ka, sa iyong angking sarili, na sa katunayan Siya ang Diyos at walang ibang Diyos liban sa Akin, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap. Sumaksi, kung gayon, sa pamamagitan ng iyong sariling diwa, na sa katunayan Ako ang Diyos at na walang ibang Diyos liban sa Kaniya, na ang lahat ay nilikha ayon sa Aking iniatas at ang lahat ay sumusunod sa Aking utos. Sumaksi ka, higit pa rito, sa pamamagitan ng iyong kaibuturang sarili, na ito ay ang Kagandahan ng Diyos na sumikat sa itaas ng sugpungang-guhit ng Di-nakikita, isang Kagandahang laging naging, at patuloy na mananatiling, di-nababatid ng lahat liban sa Kaniyang sarili. Siya, sa katunayan, ay ang Ganap na Makapangyarihan, ang Ganap na Maluwalhati, ang Pinakamamahahal. Sa pamamagitan ng isa lamang sa Kaniyang mga kaningningan ang mga Bituing-Araw ng kamahalan at karingalan ay sumikat, ang mga puso ng mga nananahan sa kahariang walang-maliw at ang konsagradong mga realidad na natatago sa ilalim ng mistikong lambong ay ginawang umiral, at ang mga lihim ng lahat ng naging at ng lahat ng magiging ay isiniwalat.
2. O Pen! Let nothing dismay thee, for unto thee have We vouchsafed the inviolable protection of Our sovereign might and power, and into thee have We breathed a spirit, one breath of which would, if wafted upon the bodies of all existence, cause them to arise from their couches, unloose their tongues, speak forth, and bear witness in their inmost being that there is none other God but Me, the Powerful, the Glorious, the Exalted, the Mighty, the Peerless, the All-Subduing, the Self-Subsisting.	2. O Panulat! Huwag tulutang maligalig ka ng anumang bagay, sapagkat ay ipinagkaloob Namin sa Iyo ang di-malalansag na pangangalaga ng Aming naghaharing kapangyarihan at lakas, at inihinga Namin sa iyo, ang isang diwa, na kapag ang isang hinga mula rito ay pasisimuyin sa mga katawan ng lahat ng umiiral, magsasanhi ito ng pagbangon nila mula sa kanilang mga higaan, kakalagan ang kanilang mga dila, magsasalita, at sasaksi mula sa kanilang sarili na walang ibang Diyos liban sa Akin, ang Makapangyarihan, ang Maluwalhati, ang Dakila, ang Malakas, ang Walang-kahambing, ang Lubos na Nakasusupil, ang Sariling-Ganap.
3. O Pen of Command! Be assured in thyself, and reveal then unto all beings a measure of that which God bestowed upon thee ere the creation of words and letters and the fashioning of all things, and ere the establishment of the kingdom of names and attributes and the revelation of His mighty and guarded Tablet. Say: This is a Power unsurpassed from all eternity to all eternity, could ye but know it, O concourse of the Spirit, and this is a Beauty unrivalled from the beginning that hath no beginning, could ye but perceive it. Say: Whoso conceiveth the least design to confront this Pen, to	3. O Panulat ng Utos! Maging tiyak sa iyong sarili, at ipahayag sa gayon sa lahat ng nilalang ang isang sukat ng yaong ipinagkaloob ng Diyos sa iyo bago pa nilikha ang mga salita at mga titik at ang paghugis sa lahat ng bagay, at bago pa itatag ang kaharian ng mga pangalan at mga katangian at sa pagpapahayag ng Kaniyang makapangyarihan at iniingatang Tableta. Sabihin: Ito ay isang Kapangyarihang hindi nahihigitan mula pa sa kawalang-hanggan hanggang sa kawalang-hanggan, kung inyo lamang nalalaman ito, O kalipunan ng Espiritu, at ito ay isang Kagandahang walang kapantay

presume partnership with it, to gain intimate access unto it, or to fully grasp that which emanateth from it, be assured that the Evil One doth whisper within his breast. Thus hath the Divine Command been issued, could ye but understand. Say: By God! None hath ever been, nor shall ever be, able to rival Me amidst all creation. Thus hath it been inscribed by the Pen of divine revelation, could ye but comprehend it. Say: A single letter of Mine utterance hath, verily, brought forth the entire universe, the realities of all things, and worlds which none can fathom save God, the Almighty, the Most Manifest.	mula pa sa simula na walang simula, kung inyo lamang nababatid ito. Sabihin: Ang sinumang mag-isip ng kaliit-liitang pakana upang sagupain ang Panulat na ito, upang mag-angkin ng pagiging kapantay nito, upang magtamo ng matalik na paglapit dito, o upang lubusang mawari yaong nagbubuhat dito, tiyak na ang Siyang Masama ay bumubulong sa kaniyang dibdib. Sa gayon ay inilabas ang Banal na Kautusan, kung iyo lamang nauunawaan. Ang isang titik lamang ng Aking pananalita, sa katunayan, ay lumalang sa buong sanlibutan, sa mga realidad ng lahat ng bagay, at sa mga daigdig na walang makaarok liban sa Diyos, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Pinakahayag.
4. O Pen! Give ear unto that which the unbelievers have imputed to thee. Say: O assemblage of malice! Perish in your hatred, in your envy and your unbelief! By Him Who is the Eternal Truth! This is that Pen through a mere intimation of whose will the souls of the Concourse on high, and the realities of the denizens of the everlasting realm, and the essences of human hearts and minds, were all fashioned. This is that Pen through but a movement of which the sun of might and grandeur, and the moon of loftiness and sanctity, and the stars of grace and favour, were called into existence. This is that Pen through which were created the all-highest Paradise and all that abide therein, and the celestial garden and all that pertaineth thereto, could ye but comprehend. Say: Through but a single stroke have been manifested the knowledge of all that was and shall be, and the creation of all things past and future. Open then your eyes that ye may bear witness to this truth.	4. O Panulat! Pakinggan yaong ipinaratang sa iyo ng mga hindi sumasampalataya. Sabihin: O Kalipunan ng masama! Mamatay sa inyong pagkamuhí, sa inyong inggit at sa inyong kawalan ng pagsasampalataya! Saksi Siya na Siyang Walang-maliw na Katotohanan! Ito ang Panulat na iyon na sa pawang pagpapahiwatig lamang ng kalooban nito ay hinubog ang lahat ng mga kaluluwa ng Kalipunan sa kaitaasan at ang mga realidad ng mga nananahan sa patuloy na namamalaging kaharian, at ang mga pinakadiwa ng mga puso at kaisipan ng tao. Ito ang Panulat na iyon na sa pamamagitan ng iisang kilos lamang niyon, ang araw ng kapangyarihan at karingalan, at ang buwan ng katayugan at kabanalan, at ang mga diwata ng biyaya at pagpapala, ay nilalang. Ito ang Panulat na iyon na sa pamamagitan niyon ay nilikha ang kataas-taasang Paraiso at ang lahat ng nananahan doon, at ang makalangit na hardin at ang lahat ng nauukol doon, kung nakauunawa lamang kayo. Sabihin: Sa pamamagitan ng iisang guhit lamang ay ginawang maging hayag ang kaalaman ng lahat ng naging at magiging, at ang paglikha ng lahat ng bagay ng nakaraan at hinaharap. Buksan kung gayon ang inyong mga mata upang magawa ninyong sumaksi sa katotohanang ito.
5. O Pen! Content thyself with that which thou hast so far intimated to the world of thy sovereignty and power, for the hearts of the envious are well-nigh bursting. Veil, then, thy Cause, and reveal no more than this, for thy words would rend asunder the heavens of ancient glory, and cleave in twain the earth of holiness itself, and cause the inmates of the realm of grandeur to swoon away. Be patient in thy heart, for the people of the world are incapable of beholding thy sovereignty or perceiving thy manifold signs, how much less of recognizing Him Who hath created and fashioned thee through but a single word of His utterance! Exalted is thy Lord above all that thou hast revealed in the past or wilt manifest in the future. Exalted is He above all that His sincere and well-favoured servants have comprehended or will ever comprehend. Content thyself, then, with that which thou hast thus far revealed. I swear by the One True God! Should all that are in the heavens and on earth and whatsoever lieth between them—whether trees, fruits, leaves, twigs, branches, rivers, oceans, or mountains—encounter a single word of thy pronouncement, they would assuredly speak forth that which the Burning Bush, springing from the soil of	5. O Panulat! Masiyahan ka na iyong ipinabatid na sa daigdig yaong ukol sa iyong paghahari at kapangyarihan, sapagkat ang mga puso ng mga naiinggit ay halos pumuputok na. Lambungan, kung gayon, ang iyong Kapakanan at huwag nang isiwalat ang higit pa rito, sapagkat ang iyong mga salita ay bibiyak sa mga kalangitan ng napakatandang kaluwalhatian, at mababaak nito ang kalupaan ng kabanalan mismo, at gagawing himatayin ang mga nananahan sa kaharian ng karingalan. Maging matiisin sa iyong puso, sapagkat ang mga tao ng daigdig ay walang-kakayahang tumingin sa iyong paghahari o mamalas ang iyong napakaraming palatandaan, lalo nang hindi ang makilala Siya na Siyang lumalang at humubog sa iyo sa pamamagitan ng iisang salita lamang na Kaniyang sinambit! Napakadakila ng iyong Panginoon kaysa sa lahat ng iyong ipinahayag sa nakaraan o ipahahayag sa hinaharap. Higit na mataas Siya kaysa sa lahat ng naunawaan o mauunawaan kailanman ng Kaniyang matapat at mahusay na pinagpalang mga tagapaglingkod. Masiyahan ka na, kung gayon, doon sa iyong ipinahayag na hanggang dito. Sumasaksi Ako sa lisang Tunay na Diyos! Kung ang lahat ng nasa

divine revelation, spoke unto Moses in that holy and blessed Vale.	kalangitan at nasa kalupaan at ang anumang nasa pagitan ng mga ito—maging mga puno, mga bunga, mga dahon, mga siit, mga sanga, mga ilog, mga dagat, o mga bundok—ay makaririnig sa isang salita ng iyong pamamahayag, tiyak na ibubulalas nila yaong isinalita ng Umaapoy na Palumpong kay Moises, nang iyon ay umusbong mula sa lupa ng banal na rebelasyon doon sa banal at pinagpalang Lambak na iyon.
6. O Pen! Give ear unto the wondrous account of that which God hath graciously bestowed upon thee. Detach thyself, then, from all thou dost possess, and announce unto the people the joyful tidings of the appearance of the Most Exalted Word in this mighty Revelation, that haply they may recognize their Creator and renounce all else but Him. Call then upon the Concourse on high to rejoice, saying: O ye exponents of grandeur sheltered beneath the tabernacle of majesty! O ye denizens of the dominion of power abiding beneath the canopy of glory! O ye dwellers of the kingdom of the seen and the unseen situate in the furthestmost precincts beyond the ocean of eternity! O ye manifestations of the divine names in the highest heaven! Let your hearts rejoice in this Most Great Festival wherein God Himself proffereth this most pure chalice unto such as stand before Him with beseeming lowliness and humility. Adorn, then, your souls with the silken vesture of certitude and your bodies with the broidered robe of the All-Merciful, for lo, a light hath dawned forth and shone resplendent from the horizon of My brow, before whose revelation all that are in the heavens and on earth have bowed down in adoration, could ye but perceive it.	6. O Panulat! Makinig sa kamangha-manghang kasaysayan niyon na buong-giliw na ipinagkaloob sa iyo ng Diyos. Iwalay ang iyong sarili, kung gayon, mula sa lahat ng iyong taglay, at ipahayag sa mga tao ang masayang balita ng pagdating ng Pinakadakilang Salita sa makapangyarihang Rebelasyon na ito, nang sakaling makilala nila ang kanilang Manlilikha at talikuran ang lahat liban sa Kaniya. Tawagan kung gayon ang Kalipunan sa kaitaasan upang magdiwang, nagsasabing: O kayong mga kinatawan ng karingalan na sumilong sa ilalim ng Tabernakulo ng kamahalan! O kayong mga nananahan sa kaharian ng kapangyarihang nakatira sa ilalim ng bubong ng kaluwalhatian! O kayong mga nananahan sa kahariang nakikita at di-nakikita na matatagpuan sa kadulu-duluhang mga hangganan sa kabila ng karagatan ng kawalang-hanggan! O kayong mga kahayagan ng mga banal na pangalan sa kaitaasang kalangitan! Tulutang magdiwang ang inyong mga puso sa Pinakadakilang Pista na ito kung kailan ang Diyos Mismo ay nag-aalok nitong pinakadalisay na kalis sa gayong mga nakatayo sa harap Niya nang may nararapat na pagpapakumbaba at kababaang-loob. Gayakan, kung gayon, ang inyong mga kaluluwa ng sedang kasuotan ng katiyakan at ang inyong mga katawan ng burdadong baro ng Lubos na Mahabagin, sapagkat masdan, ang isang liwanag ay namitak at sumikat nang maningning mula sa sugpungang-guhit ng Aking noo, na sa harap ng pagsisiwalat nito, ang lahat ng nasa langit at nasa lupa ay yumukod sa pagsamba, kung inyo lamang nababatid iyon.
7. Say: I swear by the one true God that there hath never appeared in all creation another like unto Him. Whoso asserteth otherwise hath gainsaid the testimony of God and is accounted among the faithless in His mighty and well-guarded Tablet. Say: This is the Light through which the inhabitants of the celestial world and their inner realities have been brought forth, and through which the embodiments of the heavenly realm and their inmost essences have been raised up. This is the Light through which God hath created worlds that have neither beginning nor end, worlds whereof none hath the slightest intimation save those whom their Lord hath willed. Thus do We disclose unto you the hidden mysteries, that haply ye may ponder the signs of God. Say: This, verily, is the Light before whose effulgence every head hath bowed down in lowliness, and before whose manifestation the hearts of the well-favoured of God, and the souls of His holy ones, and the inmost realities of His true worshippers, and beyond them His honoured servants, have prostrated themselves in adoration.	7. Sabihin: Aking isinusumpa sa iisang tunay na Diyos na kailanman ay walang lumitaw sa buong sangnilikha ng isa pang katulad Niya. Ang sinumang magsasabi ng iba pa kaysa rito at tumututol sa patotoo ng Diyos ay nabibilang sa mga di-matapat sa Kaniyang makapangyarihan at pinagkaiingat-ingatang Tableta. Sabihin: Ito ang Liwanag na sa pamamagitan niyon ang mga nananahan sa makalangit na daigdig at ang kanilang panloob na mga realidad ay nilalang, at na sa pamamagitan niyon ang mga kinatawan ng makalangit na kaharian at ang kanilang kaibuturang mga diwa ay ibinangon. Ito ang Liwanag na ginamit ng Diyos sa paglikha ng mga daigdig na kapuwa walang simula ni katapusan, mga daigdig na walang nakababatid sa kaliit-liitang bahid niyon liban sa yaong mga niloob ng kanilang Panginoon. Sa gayon ay isinisiwalat Namin sa iyo ang natatagong mga hiwaga, nang sakaling iyong nilay-nilayin ang mga tanda ng Diyos. Sabihin: Sa katunayan ito ang Liwanag na sa harap niyon ang bawat ulo ay yumukod sa pagpapakumbaba, at sa harap ng mga kapahayagan niyon ang mga puso ng mga pinagpalang

	maigi ng Diyos, at ang mga kaluluwa ng Kaniyang mga banal at ang kaibuturang mga realidad ng mga tunay na sumasamba sa Kaniya, at higit pa sa kanila, ang Kaniyang kagalang-galang na mga tagapaglingkod, ay nagpatirapa ng kanilang mga sarili sa pagsamba.
8. O inmates of the holy sanctuary! I swear by God! He in very truth is the Sanctuary of God amongst you and His sacred Precinct in your midst, the holy Site of the Spirit before your eyes and the Station of both inner and outer peace and security. Take heed lest ye deprive yourselves of the Sanctuary of His knowledge. Hasten unto Him and tarry not. This is that Sanctuary round which circle the Manifestations of the Divine Being and the Embodiments of His eternal Reality, and whose court God hath hallowed beyond the reach of the outcast and the ungodly. This, verily, is that Sanctuary the blessing of whose service is sought by the Maids of Heaven, and them that dwell in the depths of the Most Great Ocean, and them that abide in the habitation of holiness and the realm of reunion—and yet the people, for the most part, comprehend not.	8. O mga nananahan sa banal na santuwaryo! Isinusumpa Ko sa Diyos: Siya sa mismong katotohanan ay ang Santuwaryo ng Diyos sa inyo at ang Kaniyang banal na Kapaligiran sa kalagitnaan ninyo, ang banal na Pook ng Espiritu sa harap ng inyong mga mata, at ang Kalagayan ng kapuwa panloob at panlabas na kapayapaan at kaligtasan. Mag-ingat na hindi ninyo ipagkait sa inyong mga sarili ang Santuwaryo ng Kaniyang kaalaman. Magmadali patungo sa Kaniya at huwag mag-atubili. Ito ang Santuwaryong iyon na umikot sa palibot niyon ang mga Kahayagan ng Maykapal at ang mga Kinatawan ng Kaniyang walang-maliw na Realidad, na ang Kaniyang korte ay ginawa ng Diyos na maging banal na higit pa sa maaabot ng itinaboy at ng hindi makadiyos. Ito, sa katunayan, ang Santuwaryong iyon, na ang pagpapala ng paglilingkod roon ay sinisikap makamtan ng mga Dilag ng Langit, at nilang mga nananahan sa mga kailaliman ng Pinakadakilang Karagatan, at nilang mga nananahan sa tahanan ng kabanalan at ng kaharian ng muling pagsasama—at gayumpaman ang mga tao, sa karamihan, ay hindi nakababatid.
9. O denizens of earth and heaven! Abandon your couches and undertake the Most Great Pilgrimage for the sake of this pure and refulgent Beauty. Should God witness your inability to do so, He will exempt you therefrom and command you instead to approach Him with heart and soul. And they alone shall attain this who behold all that is in the heavens and on the earth as a day wherein none was deemed worthy of mention.^[9] These are they to whom their Lord will give to drink, from His own hands, of the sealed wine of holiness. Verily, whoso turneth his face towards this most blessed and luminous Spot, round him shall circle resplendent suns whose effulgence knoweth neither beginning nor end, and above the horizon of his heart there shall dawn that Sun of suns before Whose light the orbs of worldly names are wrapped in darkness, if ye be of them that understand.	9. O mga nananahan sa lupa at langit! Lisanin ang inyong mga higaaan at isagawa ang Pinakadakilang Peregrinasyon alang-alang sa dalisay at napakaningning na Kagandahang ito. Kung makikita ng Diyos na kayo ay walang kakayahang isagawa ito, gagawin Niyang hindi kayo masaklaw niyon at sa halip ay iuutos sa inyong lumapit sa Kaniya sa puso't kaluluwa. At sila lamang ang makatatamo nito na nakikita ang lahat ng nasa langit at nasa lupa bilang isang araw kung kailan ay walang itinuring na nararapat sa pagbanggit.⁹ Ang mga ito ay silang mga aabutan ng kanilang Panginoon, mula sa sarili Niyang mga kamay, upang uminom ng selyadong alak ng kabanalan. Sa katunayan, ang sinumang magbaling ng kaniyang mukha tungo sa pinakamapagpala at maningning na Pook na ito, sa palibot niya ay iikot ang makinang na mga araw na ang luningning niyon ay walang simula ni katapusan, at sa itaas ng sugpungang-guhit ng kaniyang puso ay doon mamimitak ang Araw ng mga araw na iyon na sa harap ng liwanag Niyon ang mga globo ng makamundong mga pangalan ay nababalot sa karimlan, kung ikaw ay nabibilang sa mga nakauunawa.
10. O Pen! Proclaim unto the concourse of eternity, saying: O ye that rove in the arenas of immortality! O ye that abide beneath the tabernacle of grandeur! O ye gem-like realities that lie hid from the eyes of creation! Descend from your lofty retreats to celebrate and rejoice, and to quaff from the cup of everlasting life that the	10. O Panulat! Ipahayag sa lipunan ng kawalang-hanggan, sabihin: O kayong mga gumagala sa mga larangan ng kawalan ng kamatayan! O kayong mga nananahan sa ilalim ng lilim ng tabernakulo ng karingalan! O kayong malahiya na mga realidad na natatago mula sa mga mata ng kinapal! Pumanaog mula

⁹ Ihambing sa Qur'án 76:1.

hand of the All-Glorious is proffering on this Day. This, in truth, is a Day the like of which hath never been witnessed in all creation, a Day whereon the Eye of Grandeur hath been cheered in the Seat of transcendent glory. O ye bearers of the throne of God! Adorn the most great throne on this Day, for the unseen Beauty hath appeared—He Whose presence the inmates of the all-highest Paradise and the dwellers of the garden of repose have thus far been powerless to attain. Say: By God! The Hidden Secret hath appeared in the plenitude of His glory and hath solaced by His beauty the eyes of all things seen and unseen, and beyond them the eyes of them that have cleansed their souls with the holy waters streaming from the ocean of the Name of their Lord, the Most Manifest.	sa inyong matayog na mga himlayan upang ipagbunyi at ipagdiwang, at upang uminom mula sa kopa ng kawalang-hanggang buhay na inaalok ng kamay ng Ganap na Maluwalhati sa Araw na ito. Ito, sa katotohanan, ay isang Araw na ang kahalintulad nito ay hindi pa kailanman nasaksihan ng buong sangnilikha, isang Araw kung kailan ang Mata ng Karingalan ay pinaligaya sa Luklukan ng nangingibabaw na kaluwalhatian. O kayong mga nagtataglay sa trono ng Diyos! Palamutihan ang pinakadakilang trono sa Araw na ito, sapagkat ang di-nakikitang Kagandahan ay lumitaw na—Siya na ang Kaniyang kinaroroonan hanggang sa ngayon ay hindi nagawang marating ng mga nananahan sa kataas-taasang Paraiso at ng mga nakatira sa hardin ng pamamahinga. Sabihin: Saksi ang Diyos! Ang Natatagong Lihim ay lumitaw sa kasagsagan ng Kaniyang Kaluwalhatian at inalo sa pamamagitan ng Kaniyang kagandahan ang mga mata ng lahat ng bagay na nakikita at di-nakikita, at higit pa roon, ang mga mata nilang mga nagsipaglinis ng kanilang mga kaluluwa sa pamamagitan ng mga banal na tubig na dumadaloy mula sa karagatan ng Pangalan ng kanilang Panginoon, ang Pinakahayag.
11. Say: This is a Day whereon God hath made His own Self known and revealed it unto all who are in the heavens and on earth, a day whereon He hath established His sovereign ascendancy over the kingdoms of revelation and creation. How exalted, then, is this holy, this most blessed and best-beloved grace! This is a Day, moreover, whereon the Ancient Beauty hath appeared with such an adorning as to cause the veils to be rent asunder, and the mysteries to be revealed, and the fruits to spring forth, and all things to utter the praise of their Lord, the Unconstrained—a Day whereon the earth and all that it holdeth, and the heavens and all that they contain, and the mountains and all that they conceal, and the oceans and all that they treasure in their depths, have laid bare their secrets, though the people remain veiled therefrom. This is a day whereon the idols of misbelief and worldly desire have been shattered and the Ancient Beauty hath ascended His mighty throne. The Spirit of glory hath called out from the precincts of eternity, and the Most Holy Spirit from the Divine Lote-Tree, and the Spirit of command from the Tree beyond which there is no passing, and the Spirit of might from the exalted dominion, and the faithful Spirit from the right hand of the Burning Bush, saying: “Hallowed be the Lord of mercy, Who hath appeared in the world of existence invested with that which mortal eyes had never beheld!” Say: He it is Who through a movement of His finger causeth the creatures of earth and heaven to perish, Who through a word of His mouth bringeth them to life again, and Who through a mere intimation of His glance turneth all creation unto the presence of God, the Help in Peril, the Almighty, the Best-Beloved.	11. Sabihin: Ito ay ang Araw kung kailan ay ginawa ng Diyos na makilala ang Kaniyang angking Sarili at isiniwalat ito sa lahat ng nasa kalangitan at nasa kalupaan, ang araw kung kailan itinatag Niya ang Kaniyang naghaharing pangingibabaw sa mga kaharian ng rebelasyon at paglalang. Napakadakila, kung gayon, nitong banal, nitong lubos na pinagpala at pinakamamahal na biyaya! Ito ang Araw, higit pa roon, kung kailan ang Napakatandang Kagandahan ay lumitaw nang taglay ang gayong palamuti na nagsanhi ito ng pagpilas ng mga lambong, at ng pagkabunyag ng mga hiwaga, at ng pagsibol ng mga bunga, at ng pag-usal ng lahat ng bagay ng papuri sa kanilang Panginoon, ang Di-napipigilan—isang Araw kung kailan ang kalupaan at ang lahat ng naroroon, at ang kalangitan at ang lahat ng nilalaman niyon, at ang mga kabundukan at ang lahat ng nililihim niyon, at ang mga karagatan at ang lahat ng iniingatan sa mga kailaliman niyon, ay ibinunyag ang kanilang mga lihim, bagaman ang mga tao ay nananatiling nalalambungan mula roon. Ito ang araw kung kailan ang mga diyus-diyusan ng maling paniniwala at makamundong hangarin ay winasak at ang Napakatandang Kagandahan ay pumanhik sa Kaniyang makapangyarihang trono. Ang Espiritu ng kaluwalhatian ay tumawag mula sa kapaligiran ng kawalang-hanggan, at ang Pinakabanal na Espiritu mula sa Banal na Punong-Lote, at ang Espiritu ng kautusan mula sa Puno na hindi maaaring malampasan, at ang Espiritu ng lakas mula sa dakilang kaharian, at ang matapat na Espiritu mula sa kanang-kamay ng Umaapoy na Palumpong, nagsasabing: “Sambahin ang Panginoon ng habag, Siyang lumitaw sa umiiral na daigdig taglay yaong hindi kailanman nasilayan ng mga matang naglalaho!” Sabihin: Siya iyon na sa pamamagitan ng isang kilos ng Kaniyang daliri ay ginawang mamatay ang mga nilalang sa lupa at langit, Siya na sa pamamagitan ng isang salita mula sa Kaniyang bibig ay muli silang binuhay, at Siya

	na sa pamamagitan ng isang pahiwatig lamang ng Kaniyang sulyap ay binaling ang buong sangnilikha tungo sa kinaroroonan ng Diyos, ang Tulong sa Panganib, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Pinakamamahal.
12. Say: O concourse of monks! Abandon the churches wherein ye have glorified your Lord, for He Who ascended unto heaven hath in very truth come down again and circleth round the Throne of God. I swear by the one true God! In this Day the bells are pealing out in My remembrance, the Trumpet soundeth My praise, and the Bugle proclaimeth My Name, the Help in Peril, the Self-Subsisting. Deprive not yourselves of the grace of this day; hasten rather to the seat of the Throne, forsake that which ye possess, and take fast hold of the Cord of God, Who hath arisen and manifested Himself and spoken forth for all to hear.	12. Sabihin: O kalipunan ng mga monghe! Lisanin ang mga simbahan kung saan niluwalhati ninyo ang inyong Panginoon, sapagkat Siyang pumanhik sa langit, sa pawang katotohanan, ay muling bumaba at lumilibot sa Trono ng Diyos. Isinusumpa Ko sa iisang tunay na Diyos! Sa Araw na ito ang mga kampana ay pinababatingting sa paggunita sa Akin, ang Pakakak ay pinatutunog sa pagpuri sa Akin, at ang Torotot ay nagpahayag sa Aking Pangalan, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap. Huwag ipagkait sa inyong mga sarili ang biyaya ng araw na ito; sa halip ay magmadali patungo sa luklukan ng Trono, iwanan ang nasa inyo, kumapit nang mahigpit sa Kuldon ng Diyos, Siyang bumangon at inihayag ang Kaniyang sarili at nagsalita upang marinig ng lahat.
13. O inhabitants of the realms of the seen and the unseen! Sing, O sing the most joyous melodies on this Festival of God which hath appeared with the power of truth and to which the former and latter generations had never attained, could ye but know it. This is the Day whereon the Pen of God hath absolved all who are in the heavens and on earth. Thus hath His eternal command shone forth from the dayspring of His Pen, that ye may rejoice in your souls and be of those whose hearts are gladdened.	13. O mga nananahan sa mga kaharian ng nakikita at di-nakikita! Awitin, awitin ang pinakamasayang mga himig sa Pista ng Diyos na ito na sumapit taglay ang kapangyarihan ng katotohanan at na kailanman ay hindi nakamtan ng nauna o ng nahuling mga salinlahi, kung inyo lamang nababatid ito. Ito ang Araw kung kailan ay pinawalang-sala ng Panulat ng Diyos ang lahat ng mga nasa kalangitan at kalupaan. Sa gayon ang Kaniyang kautusang walang maliw ay suminag mula sa buwang-liwayway ng Kaniyang Panulat, upang magawa ninyong magdiwang sa inyong mga kaluluwa at mapabilang sa yaong mga maligaya ang mga puso.
14. O Pen! Announce unto the Maid of Paradise: ^[10] “By God! This day is thy day. Come forth as thou willest, and array thyself as thou pleasest with the broidered robe of names and the silken vesture of immortality. Emerge then from thine eternal habitation even as the sun that dawneth from the countenance of Bahá. Descend from thy lofty heights and, standing betwixt earth and heaven, lift the veil of concealment from thy luminous face and shine forth above the horizon of creation as the black-eyed Damsel, that haply the most great veil may be torn away from the eyes of these people and they may behold the Scene of transcendent glory, the Beauty of God, the Most Holy, the Most Powerful, the Best-Beloved.”	14. O Panulat! Ipatalastas sa Dilag ng Paraiso: ¹⁰ “Saksi ang Diyos! Ang araw na ito ay iyong araw. Lumabas sang-ayon sa iyong kagustuhan, at gayakan ang iyong sarili sang-ayon sa iyong nais sa burdadong baro ng mga pangalan at ng sedang damit ng walang-hanggang buhay. Lumabas kung gayon mula sa iyong tahanang walang-maliw tulad ng araw na namimitak mula sa mukha ni Bahá. Pumanaog mula sa iyong matayog na mga ruok at habang nakatayo sa pagitan ng lupa at langit, ay itaas ang lambong ng paglilihim mula sa iyong maningning na mukha at sumikat sa itaas ng sugpungang-guhit ng sangnilikha tulad ng Dilag na itim ng mga mata, nang sakaling ang pinakamatinding lambong ay maalis mula sa mga mata ng mga taong ito at nang masilayan nila ang Tagpo ng nangingibabaw na kaluwalhatian, ang Kagandahan ng Diyos, ang Pinakabanal, ang Pinakamakapangyarihan, ang Pinakamamahal.”
15. “O Ancient Beauty! The unbelievers, verily, are lost in the stupor of idle fancy and are powerless to turn their eyes towards the most hallowed Court. Through the sovereign potency of Thine inviolable protection, Thou hast shielded me beneath the veils of light and guarded my beauty from the gaze of Thine enemies. Thine is the	15. “O Napakatandang Kagandahan! Ang mga hindi sumasampalataya sa katunayan ay naliligaw sa pagkatulala ng walang kabuluhang hinagap at wala silang kakayahang ibaling ang kanilang mga mata tungo sa pinakabanal na Korte. Sa pamamagitan ng naghaharing bisa ng Iyong di-malalansag na

¹⁰ Dito nagsisimula ang pag-uusap sa pagitan ng Dilag ng Langit at ni Bahá'u'lláh, nang salitan sa bawat parapo.

power to command; Thou ordainest as Thou pleasest through Thy word ‘Be’, and it is.”	pangangalaga, ako ay Iyong ipinagsanggalang sa ilalim ng mga lambong ng liwanag at pinangalagaan ang aking kagandahan mula sa paningin ng Iyong mga kaaway. Sa Iyo ang kapangyarihang mag-utos: Ikaw ay nagtatalaga sang-ayon sa Iyong ninanais sa pamamagitan ng Iyong salitang ‘Maging’ at iyon ay nagiging.”
16. “O Maid of Bahá! Step forth from the court of eternity, but let not thy most pure gaze linger upon the faces of mortal men. I swear by the one true God! None save them that are possessed of true insight can ever hope to behold thee in this most sublime vision. Leave the kingdom of names on thy right and the dominion of attributes on thy left, and shine forth by My leave above the horizon of Mine inviolable protection, divested of all that hath been created in the realm of Revelation and shorn of all that hath appeared in the kingdom of creation, that thou mayest manifest the beauteous image of God in all regions. Intone, then, the sweetest of melodies betwixt earth and heaven, that all existence may be detached from aught save the face of thy Lord, the Most Holy, the Most Gracious, the Well-Beloved. Beam forth above the horizon of the Ridván with the beauty of the All-Merciful, and let thy fragrant locks flow upon thy bosom, that the perfume of the garment of thy most gracious Lord may be diffused throughout the world. Hide not thy luminous form from the eyes of the concourse of Revelation, and withhold not thine ethereal veil of holiness from the gaze of the people. Present thyself, then, before the Throne with thy locks flowing, thine arms bejewelled, thy countenance blushing, thy cheeks aglow, and thine eyes adorned, and take hold of the snow-white chalice in My most exalted Name. Proffer then to the denizens of the realm of eternity the crimson wine of Mine all-glorious Beauty, that haply the concourse of Revelation may sanctify their souls in this most august Festival by virtue of this pure draught, and that they may emerge from behind the veil of concealment through the power of Mine almighty and all-powerful, Mine all-subduing and self-subsisting sovereignty.”	16. “O Dilag ni Bahá! Humakbang pasulong mula sa bulwagan ng kawalang-hanggan, subalit huwag hayaang magtagal ang iyong paningin sa mga mukha ng naglalahong mga tao. Isinusumpa Ko sa iisang tunay na Diyos! Wala liban sa kanilang mga nagtataglay ng tunay na malalim ng pag-unawa ang kailanman ay makaaasang masilayan ka sa lubos na pinakadakilang pangitaing ito. Iwanan ang kaharian ng mga pangalan sa iyong dakong kanan at ang kaharian ng mga katangian sa iyong dakong kaliwa, at suminag alinsunod sa Aking pahintulot sa itaas ng sugpungang-guhit ng Aking di-mapipinsalang pangangalaga, hubad sa lahat ng nilikha sa kaharian ng Rebelasyon, at natabas ang lahat ng lumitaw sa kaharian ng kinapal, nang upang iyong mailantad ang magandang larawan ng Diyos sa lahat ng dako. Dalitin, kung gayon, ang pinakamatamis na mga himig sa pagitan ng lupa at langit, nang ang lahat ng umiiral ay maiwalay sa anuman liban sa mukha ng iyong Panginoon, ang Pinakabanal, ang Pinakamagiliw, ang Pinakamamahál. Sumikat sa itaas ng sugpungang-guhit ng Ridván sa kagandahan ng Lubos na Mahabagin, at hayaang nakalugay ang iyong mabangong buhok sa iyong dibdib, upang ang pabango ng kasuotan ng iyong pinakamagiliw na Panginoon ay kumalat sa buong daigdig. Huwag itago ang iyong maningning na anyo mula sa mga mata ng kalipunan ng Rebelasyon, at huwag ipagkait ang iyong makalangit na lambong ng kabanalan mula sa paningin ng mga tao. Iharap ang iyong sarili, kung gayon, sa harap ng trono nang nakalugay ang iyong buhok, may alahas sa iyong mga bisig, namumula ang iyong mukha, nagniningning ang iyong mga pisngi, at ginayakan ang iyong mga mata, at tanganan ang kalis na kasimputi ng niyebe sa Aking pinakadakilang Pangalan. Ialok sa gayon sa mga nananahan sa kaharian ng kawalang-hanggan ang krimson ng alak ng Aking Kagandahang Ganap na Maluwalhati, nang sakaling ang kalipunan ng Rebelasyon ay magawang pagbanalin ang kanilang mga kaluluwa sa lubhang kapita-pitagang Pistang ito sa pamamagitan nitong dalisay na inumin, at nang upang lumabas sila mula sa likod ng tabing ng paglalambong sa pamamagitan ng bisa ng Aking ganap na makapangyarihan at ganap na malakas, ng Aking lubos na nakasusupil at sariling-ganap na paghahari.”
17. “By God! I am the Maid of Heaven, abiding in the midmost heart of Paradise, hidden behind the veil of the All-Merciful and concealed from the eyes of men. From time immemorial I remained shrouded in the veil of sanctity beneath the Tabernacle of Grandeur. I heard a most sweet call from the right hand of the throne of my Lord, the Most Exalted, and I saw Paradise itself set in motion and all its inhabitants stirred up in their longing to attain the presence of God, the All-Glorious.	17. “Saksi ang Diyos! Ako ang Dilag ng Langit, na nananahan sa kaibuturang puso ng Paraiso, na natatago sa likod ng lambong ng Lubos na Mahabagin at nalilihim mula sa mga mata ng tao. Mula pa sa panahong baon sa limot ako ay nababalot sa lambong ng kabanalan sa ilalim ng Tabernakulo ng Karingalan. Narinig ko ang napakatamis na tawag mula sa kanang kamay ng trono ng aking Panginoon, ang Pinakadakila, at nakita ko ang mismong Paraiso ay pinakilos at ang lahat ng mga

Whereupon another call was raised: ‘By God! The Beloved of the worlds is come! Blessed be the one who attaineth His presence, and beholdeth His face, and giveth ear to His most holy, His most glorious and beloved utterance. The Voice of God hath enraptured the souls of the Concourse on high and the hearts of the dwellers of the everlasting realm, and the all-consuming ecstasies of love have caused them to tremble with yearning and to fix their gaze upon the court of sanctity, the station of unapproachable glory.’ Were I to speak in every tongue, I would nonetheless be powerless to describe that which I beheld in that state. And yet, in spite of this grace that hath encompassed all things, and this rapture that hath overtaken all that are immersed beneath the ocean of names, behold, I found the people of the Bayán veiled and heedless, and lying as dead in the graves of oblivion. O people of the Bayán! Reckon ye to be treading the path of the spirit even as ye have rejected this Revelation? Nay, by my Beauty, which God hath ordained as the manifestation of His own Beauty amongst all the former and latter generations!”	nananahan doon ay nabulabog sa pagnanasa nilang marating ang kinaroroonan ng Diyos, ang Ganap na Maluwalhati. Sa gayon ang isa pang tawag ay sinambit: “Saksi ang Diyos! Ang Minamahal ng mga daigdig ay dumating na! Pinagpala siyang nakarating sa Kaniyang kinaroroonan, at nakita ang Kaniyang mukha at nakinig sa Kaniyang banal, sa Kaniyang pinakamaluwalhati at minamahal na pananalita. Ang Tinig ng Diyos ay nagpagalak sa mga kaluluwa ng Kalipunan sa kaitaasan at sa mga puso ng mga nananahan sa kahariang walang maliw, at ang nakatutupok sa lahat ng mga kaligayahan ng pag-ibig ay nagsanhi sa kanilang manginig sa pananabik at tumitig sa korte ng kabanalan, ang kalagayan ng di-malalapitang kaluwalhatian.’ Kung ako ay makapagsasalita sa bawat wika, gayumpaman ay hindi ko magagawang ilarawan yaong aking nakita sa ganoong kalagayan. At gayunpaman, sa kabila ng pagpapalang ito na sumasaklaw sa lahat ng bagay, at ng matinding kaligayahang ito na umabot sa lahat ng nakalubog sa ilalim ng karagatan ng mga pangalan, masdan, natagpuan ko ang mga tao ng Bayan na nalalambungan at pabaya, at nakabulagta na parang mga patay sa libingan ng pagkalimot. O mga tao ng Bayán! Sa palagay ba ninyo ay tinatahak ninyo ang landas ng espiritu samantalang itinatwa ninyo ang Rebelasyong ito? Hindi lamang iyon, saksi ang aking Kagandahan, na iniutos ng Diyos na maging kahayagan ng Kaniyang sariling Kagandahan mula sa lahat ng nauna at nahuling mga salinlahi!”
18. “O Maid of holiness! Forsake the mention of such people, for their hearts are as immovable as stones and impervious to all but the promptings of idle fancy. For they remain immature in the Cause of God and suckle the milk of ignorance at the breast of waywardness. Leave them to dwell upon the dust, and warble thou My melodies in the realm of eternity. Apprise, then, the inhabitants of Paradise of that which hath been manifested in the kingdom of creation. Thus may they become attracted by Thy sweet accents, hasten towards this hallowed and promised Beauty, and become fully apprised of this Day—a Day whereon all things have been adorned with the ornament of names, a Day whereon every poor one hath found the source of true wealth and every deprived and sinful soul hath attained forgiveness.”	18. “O Dilag ng kabanalan! Lisanin ang pagbanggit sa gayong mga tao, sapagkat ang kanilang mga puso ay di-natinag tulad ng mga bato at di-tinatablan ng lahat liban sa mga udyok ng walang-kabuluhang mga hinagap. Sapagkat sila ay nananatiling walang kaganapang-isip sa Kapakanan ng Diyos at sumususo ng gatas ng kamangmangan mula sa dibdib ng kasutilan. Hayaan silang manahan sa alabok, at iyong awitin ang Aking mga himig sa kaharian ng kawalang-hanggan. Ipabatid, kung gayon, sa mga nananahan sa Paraiso yaong ginawang maging hayag sa kaharian ng kinapal. Sa gayon ay maaakit sila sa Iyong matatamis na mga puntó, magmadali patungo sa banal at ipinangakong Kagandahan na ito, at lubusang mabatid ang Araw na ito—ang Araw kung kailan ang lahat ng bagay ay ginayakan ng palamuti ng mga pangalan, ang Araw kung kailan ay natagpuan ng bawat maralita ang pinagmumulan ng tunay na kayamanan at nakamtan ng bawat pinagkaitan at makasalanang kaluluwa ang kapatawaran.”
19. O people! Seek ye in these days the grace of God and His all-embracing mercy, and beware lest ye follow in the footsteps of every veiled and heedless soul.	19. O mga tao! Hanapin ninyo sa mga araw na ito ang biyaya ng Diyos at ang Kaniyang habag na sumasaklaw sa lahat, at mag-ingat na hindi kayo sumunod sa mga yapak ng bawat nalalambungan at pabayang kaluluwa.
20. Thus the summons of the Pen regarding this blessed and fated account endeth, in this Tablet.	20. Sa gayon ay nagwawakas ang panawagan ng Panulat ukol sa pinagpala at itinadhanang kuwentong ito, sa Tabletang ito.

– 24 –	– 24 –
<i>He is the Ever-Abiding.</i>	<i>Siya ang Laging-Namamalagi.</i>
1. It is the Festival of Riḍván, the vernal season wherein the Beauty of the All-Glorious was revealed betwixt earth and heaven. In this wondrous Day the gates of Paradise were flung open before the faces of all people, at the behest of Him Who is the All-Praised, and the outpourings of divine mercy rained down from the clouds of celestial favour upon His countless embodiments and manifestations in the world of being.	1. Ito ang Pista ng Riḍván, ang panahon ng tagsibol kung kailan ang Kagandahan ng Ganap na Maluwalhati ay ginawang maihayag sa pagitan ng lupa at langit. Sa kamangha-manghang Araw na ito ang mga pinto ng Paraiso ay ibinukas sa harap ng mga mukha ng lahat ng tao, sang-ayon sa utos Niya na Siyang Ganap na Pinupuri, at ang mga pagbuhos ng banal na habag ay umulan mula sa mga ulap ng makalangit na pagpapala sa Kaniyang di-mabilang na mga kinatawan at mga kahayagan sa daigdig ng umiiral.
– 25 –	– 25 –
1. Another letter of thine, which made mention of the hallowed and blessed days of Riḍván, was received. Praise be to God, there wafted therefrom the sweet savours of the rose-garden of true knowledge and inner meaning. Should the people of the world resolve, one and all, to extol the days that We passed in the garden of Najíb Páshá, which hath been designated as the Garden of Riḍván, they would find themselves utterly incapable thereof and would confess to their powerlessness.	1. Ang isa pa sa iyong mga liham, na bumabanggit sa banal at pinagpalang mga araw ng Riḍván, ay natanggap na. Purihin ang Diyos, humahalimuyak mula roon ang matatamis na samyo ng hardin ng rosas ng tunay na kaalaman at panloob na kahulugan. Kung ipapasiya ng mga tao sa daigdig, ng bawat isa at ng lahat, na ipagbunyi ang mga araw na itinigil Namin sa hardin ni Najíb Páshá, na tinaguriang Hardin ng Riḍván, matutuklasan nilang ganap na wala silang gayong kakayahan at aaminin ang kanilang kawalan ng lakas.
2. Verily, the eye of creation hath never beheld the light of those days, nor hath the gaze of humankind ever witnessed their like. The approach of Him Who is the Desire of the world, His entrance into that garden, His ascent upon the throne of utterance, and the words that streamed forth from the mouth of His will at that moment shall forever transcend every earthly mention. Any attribute that might be ascribed unto them, any praise wherewith they might be extolled will fail to do justice to the dust that hath been ennobled by His footsteps, how much less to His mighty throne, His manifest establishment thereon, and His pervasive and all-embracing utterance. Indeed, the splendours of that Day elude the understanding and comprehension of the peoples of the world.	2. Sa katunayan, ang mata ng kinapal ay hindi kailanman nakita ang liwanag ng mga araw na iyon, ni hindi rin nasilayan kailanman ng sangkatauhan ang katulad niyon. Ang paglapit Niya na Siyang Mithiin ng daigdig, ang pagpasok Niya sa harding iyon, ang pagpanhik Niya sa trono ng pananalita, at ang mga salitang dumaloy mula sa bibig ng Kaniyang kalooban sa sandaling iyon ay mananatili magpakailanman nang higit na mataas sa bawat makalupang pagbanggit. Ang anumang katangiang maiuugnay sa mga iyon, ay hindi makasasapat sa alabok na pinarangalan ng Kaniyang mga yapak, gaano pa kaya sa Kaniyang makapangyarihang trono, sa Kaniyang hayag na pagkaluklok doon, at sa Kaniyang pananalitang laganap at nakasasaklaw sa lahat. Sa katunayan, ang mga karingalan ng Araw na iyon ay hindi maaarok ng pag-unawa at kabatiran ng mga tao sa daigdig.
3. That garden hath been named after its caretaker, who was called Riḍván. Those were the days whereon the All-Merciful cast the splendour of all His names over all who are in His heaven and on His earth. Some among His chosen ones had the honour of witnessing those days and beholding that which was manifested therein. In the arrival and departure of the Ancient Beauty, the signs and tokens of God were made clear and evident, and the light of Revelation was made to shine forth in the plenitude of its glory. Verily, His majesty was exalted, His power magnified, and His sovereignty revealed.	3. Ang harding iyon ay ipinangalan sa tagapangalaga niyon, na tinaguriang Riḍván. Sa mga araw na iyon ay ipinasinag ng Lubos na Mahabagin ang karingalan ng lahat ng Kaniyang mga pangalan sa lahat ng mga nasa Kaniyang langit at nasa Kaniyang lupa. Ang ilan sa Kaniyang mga pinili ay binigyan ng karangalang masaksihan ang mga araw na iyon at makita yaong ginawang mahayag doon. Sa pagdating at sa pag-alis ng Napakatandang Kagandahan, ang mga palatandaan at mga sagisag ng Diyos ay ginawang malinaw at hayag, at ang liwanag ng Rebelasyon ay ginawang sumikat sa kasagsagan ng kaluwalhatian niyon. Sa katunayan, ang Kaniyang kamahalan ay dinakila, ang Kaniyang kapangyarihan ay ipinagbunyi, ang Kaniyang paghahari ay isiniwalat.

4. This servant^[1] besought his Lord to write down for His chosen ones the recompense of this Day and of that which shone forth thereon above the horizon of the will of our Lord, the All-Knowing, the All-Wise. Upon perusing thy letter, I presented myself before His throne and read it in its entirety in His presence. He graciously heard it and said, blessed and exalted be His utterance: “In My Name that hath shed its radiance upon all that are in heaven and on earth. O ‘Alí! Upon thee be My glory and My loving-kindness. Thou hast attained aforetime, and wilt continue hereafter to attain, unto My mention and My favour, and unto the Ocean and its waves, and the Light and its effulgence, and the Lote-Tree and its fruits, and the Sun and its rays. We have sent down unto thee, from the heaven of Our providence and bounty, verses whose import the wisest and most learned of men are powerless to apprehend. We beseech God, exalted and glorified be He, to aid thee at all times to serve His Cause amidst His servants, and to supply thee under all conditions, from the cup of His favour, with the living waters of His recognition, that all men may draw nigh unto His court of holiness and His throne of glory. He, verily, is the Almighty, the Most Powerful.	4. Ang tagapaglingkod¹¹ na ito ay humiling sa kaniyang Panginoon na isulat para sa Kaniyang mga pinili ang gantimpala ng Araw na ito at ang yaong suminag doon mula sa sugpungang-guhit ng kalooban ng ating Panginoon, ang Nakababatid ng Lahat, ang Ganap na Marunong. Matapos basahin ang iyong liham, iniharap ko ang aking sarili sa Kaniyang trono at binasa ang kabuuan nito sa harap Niya. Buong giliw Niyang pinakinggan iyon at sinabi, purihin at dakilain ang Kaniyang salita: “Sa Aking Pangalang nagpasikat ng kaningningan nito sa lahat ng nasa langit at nasa lupa. O ‘Alí! Mapasaiyo ang Aking Kaluwalhatian at ang Aking nagmamahal na kabaitan. Ikaw ay nakatamo pagkaraan nito, sa Aking pagbanggit at sa Aking pagpapala, at sa Karagatan at sa mga alon niyon, at sa Liwanag at sa kaningningan niyon, at sa Punong-Lote at sa mga bunga niyon, at sa Araw at sa mga sinag niyon. Ipinababa Namin sa iyo, mula sa kalangitan ng Aming kalinga at biyaya, ang mga bersikulong di-malirip ng pinakamarunong at pinakadalubhasang mga tao ang kahulugan niyon. Isinasamo Namin sa Diyos, dakilain at luwalhatiin nawa Siya, na tulungan Ka sa lahat ng panahon upang makapaglingkod sa Kaniyang Kapakanan sa kalagitnaan ng Kaniyang mga tagapaglingkod, at ipagkaloob sa iyo sa lahat ng kalagayan, mula sa kopa ng Kaniyang pagpapala, ang nabubuhay na mga tubig ng pagkilala sa Kaniya, upang ang lahat ng tao ay makalapit sa Kaniyang korte ng kabanalan at sa Kaniyang trono ng kaluwalhatian. Siya sa katunayan, ay ang Ganap na Makapangyarihan, ang Pinakamalakas.
5. “Thou didst mention the days of Ridván and those who gathered in thy house and in other homes to remember God, the Lord of the throne on high and of earth below, the King of this matchless Day. Well is it with the home that hath been adorned with My favour, within whose walls My remembrance hath been glorified, and which hath been honoured with the presence of such of My loved ones as have extolled My praise, clung to the cord of My providence, and recited My verses. These, verily, are among those honoured servants whom God hath extolled in the Qayyúmu’l-Asmá’ and other Holy Books. He, verily, is the One Who heareth all, Who seeth all, and Who is ready to answer.	5. “Iyong binanggit ang mga araw ng Ridván at yaong mga nagsipagtipon sa iyong tahanan, at sa iba pang mga tahanan upang gunitain ang Diyos, ang Panginoon ng trono sa kaitaasan at ng lupa sa ibaba, ang Hari nitong walang kahalintulad na Araw. Mabuti para sa tahanan ang ginayakan ng Aking pagpapala, na sa loob ng mga dingding niyon, ang paggunita sa Akin ay niluwalhati, at pinarangalan sa pagdalaw ng Aking mga minamahal na nagbunyi sa Aking papuri, nangapit sa kuldong ng Aking kalinga at inusal ang Aking mga bersikulo. Ang mga ito, sa katunayan, ay kabilang sa kagalang-galang na mga tagapaglingkod na pinuri ng Diyos sa Qayyúmu’l-Asmá’ at sa iba pang Banal ng mga Aklat. Siya, sa katunayan, ay ang Siyang nakaririnig ng lahat, Siyang nakakikita sa lahat, at Siyang nakahandang tumugon.
6. “We, verily, have heard their remembrance and praise of this Announcement concerning which the Concourse on high hath cried out: By God! This is the Great Announcement which hath been mentioned in the Qur’án and in the former Books revealed by God, the Lord of the worlds. He, verily, praiseth His own Self on their behalf and mentioneth Himself through their tongues. He, verily, is the Most Generous, the Lord of grace abounding. Blessed the steadfast soul that hath stood unswayed by the tempestuous gales of doubt	6. “Sa katunayan, narinig Namin ang kanilang paggunita at papuri sa Patalastas na ito na tungkol doon ay isinigaw ng Kalipunan sa kaitaasan na: Saksi ang Diyos! Ito ang Dakilang Patalastas na binanggit sa Qur’án at sa naunang mga Aklat na ipinahayag ng Diyos, ang Panginoon ng mga daigdig. Sa katunayan ay pinupuri Niya ang Kaniyang angking Sarili sa ngalan nila at binabanggit ang Kaniyang sarili sa pamamagitan ng kanilang mga dila. Siya, sa katunayan, ang Pinakamapagbigay, ang Panginoon ng masaganang

¹¹ Si Mírzá Áqá Ján, ang tagapagsulat ni Bahá’u’lláh, na ang unang bahagi ng tabletang ito ay ipinahayag sa kaniyang tinig.

which the enemies have unleashed. And blessed the faithful one that hath remained unshaken by the onslaught of the hosts of oppression and the ascendancy of the exponents of denial, them that have fallen prey to their own idle imaginings and repudiated the very One to Whom they claim allegiance. These, verily, are accounted among the lost in My manifest Book.	biyaya. Pinagpala ang matatag na kaluluwang di-natitinag ng rumaragasang mga bagyo ng pag-aalinlangan na pinukaw ng mga kaaway. At pinagpala ang matapat na nanatiling di-nayayanig ng pagsalakay ng mga hukbo ng paniniil at ng pangigingabaw ng mga kinatawan ng pagtatatwa, silang mga nilamon ng sarili nilang mga hinagap na walang katuturan at itinatwa Siya na sinasabi nilang matapat sila sa Kaniya. Ang mga ito, sa katunayan, ay nabibilang sa mga naliligaw sa Aking hayag na Aklat.
7. “O ‘Alí! Call upon My loved ones on My behalf. Convey unto them My praise, My remembrance, and My greetings, that the sweet fragrances of the bounty of thy Lord may attract them and draw them nigh unto God, the Almighty, the All-Praised. We, moreover, call to remembrance My handmaidens and My leaves who have held fast to My Tree and clung to the hem of My mighty and luminous Robe. Upon thee, and upon them, man and woman alike, be the glory of God, the Compassionate, the Ever-Forgiving, the Most Merciful.”	7. “O ‘Alí! Dalawin ang Aking mga minamahal sa ngalan Ko. Ihatid sa kanila ang Aking papuri, ang Aking paggunita, at ang Aking pagbati, nang upang ang matatamis na halimuyak ng biyaya ng iyong Panginoon ay umakit sa kanila at ilapit sila sa Diyos, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Lubos na Pinupuri. Higit pa roon, Aming ginugunita ang Aming mga babaeng tagapaglingkod at ang Aming mga dahong kumapit sa Aming Puno at nangapit sa laylayan ng Aming makapangyarihan at maningning na Baro. Mapasaiyo, at mapasakanila, kapuwa lalaki at babae, ang luwalhati ng Diyos, ang Madamayin, ang Laging-Nagpapatawad, ang Pinakamahabagin.”
• • •	• • •
Declaration of the Báb	Ang Pamamahayag ng Báb
– 26 –	– 26 –
Lawḥ-i-Náqús	Lawḥ-i-Náqús
(Tablet of the Bell)	(Tableta ng Kampana)
<i>He is the All-Glorious.</i>	<i>Siya ang Ganap na Maluwalhati.</i>
1. This is the garden of Paradise, wherein arise the anthems of God, the Help in Peril, the Self-Subsisting; wherein ascend the soul-entrancing melodies warbled by the Nightingale of Eternity upon the twigs of the Divine Lote-Tree; wherein abide the Maids of Heaven whom none hath touched save God, the All-Glorious, the Most Holy; and wherein lieth enshrined that which draweth the needy to the shores of the ocean of true wealth and guideth the people to the Word of God. And this, verily, is naught but the manifest truth.	1. Ito ang hardin ng Paraiso, kung saan ay nagbubuhat ang mga awit ng Diyos, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap; mula saan ay pumapailanlang ang nakabibighani sa kaluluwang mga himig na inaawit ng Ruwisenyor ng Kawalang-hanggan sa mga sanga ng Banal na Punong-Lote; kung saan ay nananahan ang mga Dilag ng Langit na walang nakahipo liban sa Diyos, ang Ganap na Maluwalhati, ang Pinakabanal; at kung saan ay nadadambana yaong umaakit sa nangangailangan patungo sa mga dalampasigan ng karagatan ng tunay na kayamanan at ginagabayan ang mga tao patungo sa Salita ng Diyos. At ito, sa katunayan, ay walang iba kundi ang hayag na katotohanan.
2. By Thy name “He”! Verily Thou art “He”, O Thou Who art “He”!^[12]	2. Saksi ang Iyong pangalang “Siya”! Sa katunayan, Ikaw ay “Siya” O Ikaw na Siya ang “Siya”!¹²
3. O Monk of the Divine Unity! Ring out the bell, for the Day of the Lord is come and the Beauty of the All-Glorious hath ascended His blessed and resplendent	3. O Monghe ng Banal na Pagkakaisa! Ibatingting ang kampana, sapagkat sumapit na ang Araw ng Panginoon at ang Kagandahan ng Maluwalhati sa Lahat

¹² Sa Tafsír-i-Hú ipinaliliwanag ni Baha’u’llah na ang pangalang “Siya” (o *Huwa*, na binubuo ng mga titik na Há’ at Váv) ay ang Pinakadakilang Pangalan ng Diyos, sapagkat ito ay isang salamin kung saan ang lahat ng mga pangalan at mga katangian ng Diyos ay sama-samang inilalarawan.

throne. Praise be to Thee, O Thou Who art “He”, O Thou besides Whom there is none but “He”!	ay pumanhik sa Kaniyang banal at maningning na trono. Purihin Ka nawa, O Ikaw na “Siya”, O Ikaw na liban sa Iyo ay walang iba kundi “Siya”!
4. O Húd, Prophet of the Divine Decree! Sound the clarion in the name of God, the All-Glorious, the Most Bountiful, for the Temple of holiness hath been established upon the seat of supernal glory. Praise be to Thee, O Thou Who art “He”, O Thou besides Whom there is none but “He”!	4. O Húd, Propeta ng Banal na Kautusan! Patunugin ang pakakak sa ngalan ng Diyos, ang Maluwalhati sa Lahat, ang Pinakamapagpala, sapagkat ang Templo ng kabanalan ay itinatag na sa luklukan ng matayog na kaluwalhatian. Purihin Ka nawa, O Ikaw na “Siya”, O Ikaw na liban sa Iyo ay walang iba kundi “Siya”!
5. O Countenance of immortality! Pluck with the fingers of the spirit the sacred and wondrous strings, for the Beauty of the Divine Essence hath appeared, arrayed in a silken vesture of light. Praise be to Thee, O Thou Who art “He”, O Thou besides Whom there is none but “He”!	5. O Mukha ng kawalan ng kamatayan! Kalabitin ng mga daliri ng espiritu ang banal at kamangha-manghang mga kuwerdas, sapagkat ang Kagandahan ng Banal na Diwa ay lumitaw na, nang nadaramtan sa sutlang kasuotan ng liwanag. Purihin Ka nawa, O Ikaw na “Siya”, O Ikaw na liban sa Iyo ay walang iba kundi “Siya”!
6. O Angel of light! Sound a blast upon the trumpet at the advent of this Revelation, for the letter Há’ hath been joined to the letter of ancient glory. ^[13] Praise be to Thee, O Thou Who art “He”, O Thou besides Whom there is none but “He”!	6. O Anghel ng liwanag! Patunugin ang trumpeta sa pagsapit ng Rebelasyong ito, sapagkat ang titik ng Há’ ay ikinabit sa titik ng napakatandang kaluwalhatian. ¹³ Purihin Ka nawa, O Ikaw na “Siya”, O Ikaw na liban sa Iyo ay walang iba kundi “Siya”!
7. O Nightingale of heaven! Warble upon the boughs of this celestial garden in the name of the Beloved, for the beauty of the Rose hath appeared from behind an impenetrable veil. Praise be to Thee, O Thou Who art “He”, O Thou besides Whom there is none but “He”!	7. O Ruwisenyor ng langit! Umawit sa mga sanga nitong makalangit na hardin sa ngalan ng Minamahal, sapagkat ang kagandahan ng Rosas ay lumitaw mula sa likod ng di-malampasang lambong. Purihin Ka nawa, O Ikaw na “Siya”, O Ikaw na liban sa Iyo ay walang iba kundi “Siya”!
8. O Songster of Paradise! Trill out upon the twigs in these wondrous days, for God hath cast His effulgent rays upon all created things. Praise be to Thee, O Thou Who art “He”, O Thou besides Whom there is none but “He”!	8. O Mang-aawit ng Paraiso! Umawit sa mga siit ng kamangha-manghang mga araw na ito, sapagkat ipinasikat ng Diyos ang Kaniyang maningning na mga sinag sa lahat ng nilikhang bagay. Purihin Ka nawa, O Ikaw na “Siya”, O Ikaw na liban sa Iyo ay walang iba kundi “Siya”!
9. O Bird of eternity! Soar aloft in these heights, for the Bird of faithfulness hath soared in the atmosphere of divine nearness. Praise be to Thee, O Thou Who art “He”, O Thou besides Whom there is none but “He”!	9. O Ibon ng kawalang-hanggan! Lumipad sa mga katayugang ito, sapagkat ang Ibon ng katapatan ay lumipad sa himpapawid ng banal na kalapitan. Purihin Ka nawa, O Ikaw na “Siya”, O Ikaw na liban sa Iyo ay walang iba kundi “Siya”!
10. O denizens of Paradise! Sing out and chant in the sweetest of tones, for the melody of God hath been raised within the Tabernacle of matchless sanctity. Praise be to Thee, O Thou Who art “He”, O Thou besides Whom there is none but “He”!	10. O mga nananahan sa Paraiso! Umawit at dalitin, sa pinakamatamis na mga tono, sapagkat ang himig ng Diyos na itinaas na sa loob ng Tabernakulo ng walang-kahalintulad na kabanalan. Purihin Ka nawa, O Ikaw na “Siya”, O Ikaw na liban sa Iyo ay walang iba kundi “Siya”!
11. O inmates of the Kingdom! Intone the name of the Beloved, for the beauty of His Cause hath shone forth from behind the veils, adorned with a luminous spirit. Praise be to Thee, O Thou Who art “He”, O Thou besides Whom there is none but “He”!	11. O mga nananahan sa Kaharian! Dalitin ang pangalan ng Minamahal, sapagkat ang kagandahan ng Kaniyang Kapakanan ay suminag na mula sa likod ng mga lambong, pinalamutihan ng nagniningning na espiritu. Purihin Ka nawa, O Ikaw na “Siya”, O Ikaw na liban sa Iyo ay walang iba kundi “Siya”!
12. O dwellers of the kingdom of names! Bedeck the furthest reaches of heaven, for the Most Great Name is come, riding upon the clouds of transcendent majesty.	12. O mga nananahan sa kaharian ng mga pangalan! Gayakan ang kasuluk-sulukan ng langit, sapagkat ang Pinakadakilang Pangalan ay dumating na, lulan ng mga

¹³ Yaon ay, ang titik na “B” sa pangalang “Bahá.”

Praise be to Thee, O Thou Who art “He”, O Thou besides Whom there is none but “He”!	ulap ng nangingibabaw na kamahalan. Purihin Ka nawa, O Ikaw na “Siya”, O Ikaw na liban sa Iyo ay walang iba kundi “Siya”!
13. O inhabitants of the Dominion of divine attributes in the Realm of Glory! Make ready to enter the presence of God, for the soft breezes of holiness have wafted from the sanctuary of the Divine Essence, and this, verily, is a conspicuous bounty. Praise be to Thee, O Thou Who art “He”, O Thou besides Whom there is none but “He”!	13. O mga nananahan sa Kaharian ng banal na mga katangian sa Kaharian ng Kaluwalhatian! Maghanda upang pumasok sa kinaroroonan ng Diyos, sapagkat ang mahinay na mga hangin ng kabanalan ay sumimoy na mula sa santuwaryo ng Banal na Diwa, at ito sa katunayan ay isang maliwanag na biyaya. Purihin Ka nawa, O Ikaw na “Siya”, O Ikaw na liban sa Iyo ay walang iba kundi “Siya”!
14. O paradise of the Divine Unity! Rejoice within thyself, for the paradise of God, the Most Exalted, the All-Powerful, the All-Knowing, hath appeared. Praise be to Thee, O Thou Who art “He”, O Thou besides Whom there is none but “He”!	14. O paraiso ng Banal na Pagkakaisa! Magdiwang sa loob ng iyong sarili, sapagkat ang paraiso ng Diyos, ang Pinakadakila, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Lubos na Nakababatid, ay lumitaw na. Purihin Ka nawa, O Ikaw na “Siya”, O Ikaw na liban sa Iyo ay walang iba kundi “Siya”!
15. O heaven of grandeur! Render thanks unto God within thine inmost being, for the heaven of holiness hath been upraised in the firmament of a heart of stainless purity. Praise be to Thee, O Thou Who art “He”, O Thou besides Whom there is none but “He”!	15. O langit ng karingalan! Magpasalamat sa Diyos sa iyong kaloob-loobang sarili sapagkat ang langit ng kabanalan ay itinaas na sa kalangitan ng isang pusong walang-bahid ang kadalisan. Purihin Ka nawa, O Ikaw na “Siya”, O Ikaw na liban sa Iyo ay walang iba kundi “Siya”!
16. O sun of worldly dominion! Eclipse thy face, for above the horizon of a resplendent morn there have shone the rays of the Day-Star of eternity. Praise be to Thee, O Thou Who art “He”, O Thou besides Whom there is none but “He”!	16. O araw ng makalupang paghahari! Takpan ang iyong mukha, sapagkat sa itaas ng sugpungang-guhit ng isang maningning na umaga, ay sumikat na ang mga sinag ng Bituing-Araw ng kawalang-hanggan. Purihin Ka nawa, O Ikaw na “Siya”, O Ikaw na liban sa Iyo ay walang iba kundi “Siya”!
17. O earth of knowledge! Swallow up thy learning, for the Earth of true knowledge hath been outspread through Him Who is the Self of God, the All-Glorious, the All-Bountiful, the Most High. Praise be to Thee, O Thou Who art “He”, O Thou besides Whom there is none but “He”!	17. O lupa ng kaalaman! Lunukin ang iyong kaalaman, sapagkat ang Lupa ng tunay na kaalaman ay inilatag na sa pamamagitan Niya na Siyang Sarili ng Diyos, ang Lubos na Maluwalhati, ang Lubos na Mapagpala, ang Pinakamataas. Purihin Ka nawa, O Ikaw na “Siya”, O Ikaw na liban sa Iyo ay walang iba kundi “Siya”!
18. O lamp of earthly sovereignty! Put out thy light, for the Lamp of God hath been lit within the niche of eternity and hath illumined all that are in heaven and all that are on earth. Praise be to Thee, O Thou Who art “He”, O Thou besides Whom there is none but “He”!	18. O ilawan ng makalupang paghahari! Patayin ang iyong liwanag, sapagkat ang Ilawan ng Diyos ay sinindihan na sa lagayan ng kawalang-hanggan at tinanglawan niyon ang lahat ng nasa langit at ang lahat ng nasa lupa. Purihin Ka nawa, O Ikaw na “Siya”, O Ikaw na liban sa Iyo ay walang iba kundi “Siya”!
19. O seas of the world! Still the pounding of your waves, for a most wondrous Cause hath made to surge the Crimson Sea. Praise be to Thee, O Thou Who art “He”, O Thou besides Whom there is none but “He”!	19. O mga karagatan ng daigdig! Patigilin ang pagdaluyong ng inyong mga alon, sapagkat ginawang umalon ng isang kamangha-manghang Kapakanan ang Krimson ng Dagat. Purihin Ka nawa, O Ikaw na “Siya”, O Ikaw na liban sa Iyo ay walang iba kundi “Siya”!
20. O Peacock of the Divine Unity! Utter thy plaintive cry amidst the thickets of the celestial world, for the melody of God hath sounded near on every side. Praise be to Thee, O Thou Who art “He”, O Thou besides Whom there is none but “He”!	20. O Paboreal ng Banal na Pagkakaisa! Ihuni ang iyong malungkot na huni sa kalagitnaan ng mga sukal ng makalangit na daigdig, sapagkat ang himig ng Diyos ay tumugtog nang malapit sa bawat dako. Purihin Ka nawa, O Ikaw na “Siya”, O Ikaw na liban sa Iyo ay walang iba kundi “Siya”!
21. O Cockerel of eternity! Sound thy call in the forests of the empyrean heaven, for the Summoner of	21. O Tandang ng kawalang-hanggan! Tumilaok sa mga kagubatan ng kataas-taasang langit, sapagkat ang

God hath cried out from every lofty height. Praise be to Thee, O Thou Who art “He”, O Thou besides Whom there is none but “He”!	Tagapagtawag ng Diyos ay tumawag na nang malakas mula sa bawat matayog na rurok. Purihin Ka nawa, O Ikaw na “Siya”, O Ikaw na liban sa Iyo ay walang iba kundi “Siya”!
22. O concourse of ardent lovers! Rejoice in your souls, for the day of separation hath ended, and the Covenant hath been fulfilled, and the Beloved hath appeared arrayed in sublime and majestic beauty. Praise be to Thee, O Thou Who art “He”, O Thou besides Whom there is none but “He”!	22. O kalipunan ng maalab na mga mangingibig! Magdiwang sa inyong mga kaluluwa, sapagkat ang araw ng paghihiwalay ay nagwakas na, at ang Kasunduan ay natupad na, at ang Minamahal ay dumating na sa sukdulan at naghaharing kagandahan. Purihin Ka nawa, O Ikaw na “Siya”, O Ikaw na liban sa Iyo ay walang iba kundi “Siya”!
23. O assemblage of mystic knowers! Let your hearts be filled with joy, for the time of remoteness hath passed, and the spirit of certitude hath appeared, and the countenance of the celestial Youth hath beamed forth, adorned with the ornament of holiness in the paradise of His name, the Almighty. Praise be to Thee, O Thou Who art “He”, O Thou besides Whom there is none but “He”!	23. O kalipunan ng mistikong mga nakababatid! Tulutang mapuspos ng kaligayahan ang inyong mga puso, sapagkat ang panahon ng pagiging malayo ay lumipas na, at ang diwa ng katiyakan ay lumitaw na, at ang mukha ng makalangit na Kabataan ay sumikat na, gayak sa palamuti ng kabanalan sa paraiso ng Kaniyang pangalan, ang Lubos na Makapangyarihan. Purihin Ka nawa, O Ikaw na “Siya”, O Ikaw na liban sa Iyo ay walang iba kundi “Siya”!
24. Glorified art Thou, O Lord, my God! I beseech Thee by Thy Day through which Thou didst bring forth all other days, and in a single moment whereof Thou didst reckon up the appointed time of all that have been and all that shall be—Praise be to Thee, O Thou Who art “He”, O Thou besides Whom there is none but “He”!—	24. Luwalhatiin Ka nawa, O Panginoon, aking Diyos! Isinasamo ko sa Iyo sa ngalan ng Iyong Araw, na sa pamamagitan niyon ay Iyong inilabas ang lahat ng ibang mga araw at sa isang saglit niyon ay Iyong tinuos ang takdang oras ng lahat ng naging at ng lahat ng magiging—Purihin Ka nawa, O Ikaw na “Siya”, O Ikaw na liban sa Iyo ay walang iba kundi “Siya”!—
25. And by Thy Name which Thou hast made the sovereign of the kingdom of names and the ruler of all who are in heaven and all who are on earth—Praise be to Thee, O Thou Who art “He”, O Thou besides Whom there is none but “He”!—	25. At sa pamamagitan ng Iyong Pangalan na Iyong ginawang maging hari ng kaharian ng mga pangalan at ng namumuno sa lahat ng nasa langit at ng lahat ng nasa lupa—Purihin Ka nawa, O Ikaw na “Siya”, O Ikaw na liban sa Iyo ay walang iba kundi “Siya”!—
26. To graciously enable Thy servants to dispense with all but Thee, to draw nigh unto Thee, and to become detached from aught else save Thee. Thou, verily, art the God of power, of might and mercy. Praise be to Thee, O Thou Who art “He”, O Thou besides Whom there is none but “He”!	26. Upang buong-giliw na magawa ng Iyong mga tagapaglingkod ang ipagpaliban ang lahat bukod sa Iyo, at lumapit sa Iyo, at maging nakawalay sa lahat liban sa Iyo. Ikaw, sa katunayan, ang Diyos ng kapangyarihan, ng lakas at ng habag. Purihin Ka nawa, O Ikaw na “Siya”, O Ikaw na liban sa Iyo ay walang iba kundi “Siya”!
27. Enable them then, O my God, to bear witness to Thy unity and to testify to Thy oneness in such wise that they may behold naught save Thee and shut their eyes to all else. Thou, in truth, art powerful to do what pleaseth Thee. Praise be to Thee, O Thou Who art “He”, O Thou besides Whom there is none but “He”!	27. Tulutang magawa nila, kung gayon, O aking Diyos, ang sumaksi sa Iyong pagkakaisa at ang magpatotoo sa Iyong kaisahan sa gayong paraan na wala silang makikita bukod sa Iyo at ipipikit ang kanilang mga mata sa lahat ng ibang bagay. Ikaw, sa katotohanan, ay makapangyarihan upang gawin ang Iyong ninanais. Purihin Ka nawa, O Ikaw na “Siya”, O Ikaw na liban sa Iyo ay walang iba kundi “Siya”!
28. Kindle, then, within their breasts, O my Beloved, the fire of Thy love, that it may burn away the mention of aught else, and that they may testify within themselves that from everlasting Thou hast dwelt within the inaccessible heights of Thine eternity, that Thou wert alone with none beside Thee, and that Thou wilt continue unto everlasting to be what Thou hast ever been. No God is there but Thee, the Lord of might and	28. Pangingasin, kung gayon, sa kanilang mga dibdib, O aking Minamahal, ang apoy ng Iyong pag-ibig, upang tupukin nito ang pagbanggit ng anumang ibang bagay, at nang upang magawa nilang magpatotoo sa loob ng kanilang mga sarili na mula pa sa kawalang-hanggan Ikaw ay nananahan na sa di-maabot na mga rurok ng Iyong kawalang-hanggan, na Ikaw ay nag-iisa at walang kasama, at Ikaw ay magpapatuloy magpakailanman na

bounty. Praise be to Thee, O Thou Who art “He”, O Thou besides Whom there is none but “He”!	mananatiling ganoon pa rin. Walang Diyos bukod sa Iyo, ang Panginoon ng lakas at biyaya. Purihin Ka nawa, O Ikaw na “Siya”, O Ikaw na liban sa Iyo ay walang iba kundi “Siya”!
29. For were Thy servants who long to scale the heights of Thy unity to set their hearts upon aught except Thee, they could not be reckoned among such as have truly believed, nor would the sign of Thy singleness be found within them. Praise be to Thee, O Thou Who art “He”, O Thou besides Whom there is none but “He”!	29. Sapagkat kung ang Iyong mga tagapaglingkod na nagnanasang makaakyat sa mga ruok ng Iyong pagkakaisa ay itutuon ang kanilang mga puso sa anuman bukod sa Iyo, hindi sila maaaring maibilang sa gayong mga tunay na naniniwala, ni hindi rin matatagpuan sa loob nila ang tanda ng Iyong kaisahan. Purihin Ka nawa, O Ikaw na “Siya”, O Ikaw na liban sa Iyo ay walang iba kundi “Siya”!
30. Glorified art Thou, O Lord my God! Such being the case, I implore Thee to send down from the clouds of Thy mercy that which shall purify the hearts of Thine ardent lovers and sanctify the souls of those who adore Thee. Raise them up, then, through Thy transcendent power, and render them victorious over all who dwell on earth. This, indeed, is that which Thou hast promised Thy loved ones through Thy word of truth: “And We desire to show favour to those who were brought low in the land, and to make them spiritual leaders among men, and to make of them Our heirs.” ¹⁴ Praise be to Thee, O Thou Who art “He”, O Thou besides Whom there is none but “He”!	30. Luwalhatiin Ka nawa, O Panginoon, aking Diyos! Yamang ganoon ang kalagayan, isinasamo ko sa Iyo, na ipababa mula sa mga ulap ng Iyong habag yaong dadalisay sa mga puso ng Iyong maalab na mga mangingibig at pababalanin ang mga kaluluwa ng mga sumasamba sa Iyo. Ibangon sila, kung gayon, sa pamamagitan ng Iyong nangingibabaw na kapangyarihan, at gawin silang matagumpay sa lahat ng nananahan sa daigdig. Ito, sa katunayan, ay yaong Iyong ipinangako sa Iyong mga minamahal sa pamamagitan ng Iyong salita ng katotohanan: “At ninanais Naming magbigay ng pagkalinga sa mga hinamak sa lupain, at ang gawin silang mga espirital na pinuno sa mga tao, at gawin silang Aming mga tagapagmana.” ¹⁴ Purihin Ka nawa, O Ikaw na “Siya”, O Ikaw na liban sa Iyo ay walang iba kundi “Siya”!
– 27 –	– 27 –
Lawḥ-i-<u>G</u>hulámu’l-<u>K</u>huld	Lawḥ-i-<u>G</u>hulámu’l-<u>K</u>huld
(Tablet of the Immortal Youth)	(Tableta sa Kabataang Walang-kamatayan)
<i>This is a remembrance of that which was revealed in the year sixty in the days of God, the Almighty, the Help in Peril, the All-Glorious, the All-Knowing.</i>	<i>Ito ay isang paggunita roon sa ipinahayag sa taóng animnapu sa mga araw ng Diyos, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Tulong sa Panganib, ang Lubos na Maluwalhati, ang Nakababatid ng Lahat.</i>
1. Lo, the gates of Paradise were unlocked, and the hallowed Youth came forth bearing a serpent plain. ¹⁵ Rejoice! This is the immortal Youth, come with crystal waters.	1. Masdan, ang mga pinto ng Paraiso ay binuksan, at ang banal na Kabataan ay lumabas dala ang isang malinaw na ahas. ¹⁵ Magdiwang! Ito ang Kabataang walang-kamatayan, dumating na taglay ang Kristal na mga tubig.
2. Upon His face was a veil woven by the fingers of might and power. Rejoice! This is the immortal Youth, come with a mighty name.	2. Sa Kaniyang mukha ay isang lambong na hinabi ng mga daliri ng lakas at kapangyarihan. Magdiwang! Ito ang Kabataang walang-kamatayan, dumating na taglay ang isang makapangyarihang pangalan.
3. Upon His brow there shone a beauteous crown, which cast its splendour upon all who are in heaven and all who are on earth. Rejoice! This is the immortal Youth, come with a mighty cause.	3. Sa Kaniyang noo ay kuminang ang magandang korona, na ipinasikat ang karingalan nito sa lahat ng nasa langit at ng lahat ng nasa lupa. Magdiwang! Ito ang Kabataang walang-kamatayan, dumating na taglay ang isang makapangyarihang kapakanan.

¹⁴ Qur’án 28:5.

¹⁵ Tingnan ang Qur’án 7:107.

4. Upon His shoulders there fell the locks of the spirit, like unto black musk upon white and lustrous pearls. Rejoice! This is the immortal Youth, come with a transcendent cause.	4. Sa Kaniyang mga balikat ay nakalugay ang buhok ng espiritu, tulad ng itim na pabango sa puti at maningning na mga perlas. Magdiwang! Ito ang Kabataang walang-kamatayan, dumating na taglay ang isang nangingibabaw na kapakanan.
5. On His right hand was a ring adorned with a pure and blessed gem. Rejoice! This is the immortal Youth, come with a mighty spirit.	5. Sa Kaniyang kanang-kamay ay ang singsing na pinalamutihan ng dalisay at pinagpalang hiyas. Magdiwang! Ito ang Kabataang walang-kamatayan, dumating na taglay ang isang malakas na espiritu.
6. Upon it was graven, in a secret and ancient script: “By God! A most noble Angel is this.” ^[16] And the hearts of the inmates of the eternal realm cried out: “Rejoice! This is the immortal Youth, come with an ancient light.”	6. Nakaukit doon, sa isang lihim at napakatandang paraan ng pagsulat: “Saksi ang Diyos! Isang lubos na maharlika ang Anghel ito.” ¹⁶ At ang mga puso ng mga nananahan sa kahariang walang-maliw ay sumigaw: “Magdiwang! Ito ang Kabataang walang-kamatayan, dumating na taglay ang isang napakatandang liwanag.”
7. Upon His right cheek was a mark whose sight caused every man of understanding to waver in his faith. And they that dwell behind the veil of the Unseen exclaimed: “Rejoice! This is the immortal Youth, come with a mighty secret.”	7. Sa Kaniyang kanang pisngi ay may bakas na naging sanhi ng pag-alinlangan ng pananalig ng bawat taong nakauunawa. At silang mga nananahan sa likod ng tabing ng Di-nakikita, ay bumulalas: “Magdiwang! Ito ang Kabataang walang-kamatayan, dumating na taglay ang isang malaking lihim.”
8. This is the Point from which the knowledge of the former and the latter generations hath been unfolded. And the denizens of the Kingdom intoned: “Rejoice! This is the immortal Youth, come with a mighty knowledge.”	8. Ito ang Tuldok na mula roon ang kaalaman ng nauna at ng nahuling mga salinlahi ay ibinulatlat. At dinalit ng mga nananahan sa Kaharian na: “Magdiwang! Ito ang Kabataang walang-kamatayan, dumating na taglay ang isang malawak na kaalaman”
9. This, verily, is the Horseman of the Spirit Who circleth round the fount of everlasting life. And they that lie concealed in the retreats of the highest heaven cried out: “Rejoice! This is the immortal Youth, come with a mighty unveiling.”	9. Ito, sa katunayan, ay ang Kabalyero ng Espiritu na lumilibot sa bukal ng walang-hanggang buhay. At silang mga natatago sa mga himlayan ng kataas-taasang kalangitan ay sumigaw ng: “Magdiwang! Ito ang Kabataang walang-kamatayan, dumating na taglay ang malaking pagsisiwalat.”
10. He descended from the tabernacle of beauty till He stood, even as the sun in the midmost heaven, arrayed with a beauty at once peerless and transcendent. Rejoice! This is the immortal Youth, come with the most joyful tidings!	10. Pumanaog Siya mula sa tabernakulo ng kagandahan hanggang sa nakatayo Siya, tulad ng araw sa kalagitnaan ng langit, gayak sa kagandahang kapuwa walang-kahalintulad at nangingibabaw. Magdiwang! Ito ang Kabataang walang-kamatayan, dumating na taglay ang pinakamasayang balita!
11. Standing in the midmost heaven, He shone forth like unto the sun in its meridian splendour, illumining the seat of divine beauty with His mighty Name. Whereupon the Crier cried out: “Rejoice! This is the Beauty of the Unseen, come with a mighty spirit.”	11. Nakatindig sa kalagitnaan ng langit, Siya ay sumisinag na tulad ng araw sa karingalan nito sa tanghaling-tapat, tinatanglawan ang luklukan ng banal na kagandahan sa pamamagitan ng Kaniyang makapangyarihang Pangalan. Sa gayon ang Tagapamalita ay sumigaw: “Magdiwang! Ito ang Kagandahan ng Di-nakikita, dumating na taglay ang isang makapangyarihang espiritu”.
12. And the Maids of Heaven cried out from their celestial chambers: “Hallowed be the Lord, the most excellent of all creators!” And the nightingale sang sweetly: “Rejoice! This is the immortal Youth, Whose like the eyes of the favoured ones of Heaven have never beheld.”	12. At ang mga Dilag ng Langit ay nagwika mula sa kanilang makalangit na mga silid: “Sambahin ang Panginoon, ang pinakamahasag sa lahat ng mga manlilikha!” At umawit nang matamis ang ruwisenyor: “Magdiwang! Ito ang Kabataang walang-kamatayan, na

¹⁶ Ihambing sa Qur’án 12:31.

	ang kahalintulad Niya ay hindi kailanman nakita ng mga mata ng mga pinagpala ng Langit.”
13. And lo, the gates of Paradise were unlocked a second time with the key of His Great Name. “Rejoice! This is the immortal Youth, come with a mighty name.”	13. At masdan, ang mga pinto ng Paraiso ay binuksan sa pangalawang pagkakataon sa pamamagitan ng susi ng Kaniyang Dakilang Pangalan. “Magdiwang! Ito ang Kabataang walang kamatayan, dumating na taglay ang isang makapangyarihang pangalan.”
14. And the Maid of beauty shone forth even as the dawning sun above the horizon of a resplendent morn. Rejoice! This is the divine Maiden, come with surpassing beauty.	14. At ang Dilag ng kagandahan ay sumikat tulad ng namimitak na araw sa itaas ng sugpungang-guhit ng isang maningning na umaga. Magdiwang! Ito ang banal na Dilag, dumating na taglay ang labis-labis na kagandahan.
15. She came forth with such adorning as to seize with longing desire the minds of them that are nigh unto God. Rejoice! This is the Maid of Heaven, come with alluring charm.	15. Siya ay lumabas sa gayong paggayak na sinakmal ng sabik na pagnanasa ang mga kaisipan nilang mga malalapit sa Diyos. Magdiwang! Ito ang Dilag ng Langit, dumating na taglay ang nakabibighaning panghalina.
16. Descending from the chambers of eternity, she sang in accents that entranced the souls of the sincere. Rejoice! This is the immortal Beauty, come with a mighty secret.	16. Pumapanaog mula sa mga silid ng kawalang-hanggan, umawit siya sa mga tonong bumighani sa mga kaluluwa ng mga matatapat. Magdiwang! Ito ang Kagandahang walang-kamatayan, dumating na taglay ang isang matinding lihim.
17. Suspended in the air, she let fall a single lock of her hair from beneath her luminous veil—Rejoice! This is the Maid of Heaven, come with a wondrous spirit—	17. Nakalutang sa ere, inihulog niya ang isang hibla ng kaniyang buhok mula sa ilalim ng kaniyang maningning na lambong—Magdiwang! Ito ang Dilag ng Langit, dumating na taglay ang kamangha-manghang espiritu—
18. Shedding the fragrance of that lock upon all creation. Whereupon the faces of the holy ones grew pale and the hearts of the ardent lovers were filled with the blood of anguish. Rejoice! This is the Maid of Heaven, come with the sweetest fragrance.	18. Pinasasamyo ang kabanguhan ng hiblang iyon sa buong kinapal. Sa gayon ang mga mukha ng mga banal ay namutla at ang mga puso ng mga maalab na mangingibig ay nalipos ng dugo ng dalamhati. Magdiwang! Ito ang Dilag ng Langit, dumating na taglay ang pinakamatamis na kabanguhan.
19. By God! Whosoever closeth his eyes to her beauty hath fallen prey to grave deception and manifest error. Rejoice! This is the immortal Beauty, come with a shining light.	19. Saksi ang Diyos! Ang sinumang magpikit ng kaniyang mga mata sa kaniyang kagandahan ay nasadlak sa malalang pagkakalinlang at malinaw na pagkakamali. Magdiwang! Ito ang Kagandahang walang-kamatayan, dumating na taglay ang nagniningning na liwanag.
20. She turned, and round her circled the inhabitants of both this world and the world to come. Rejoice! This is the Maid of Heaven, come with a mighty dispensation.	20. Siya ay umikot, at sa palibot niya ay umikot ang mga nananahan ng kapuwa daigdig na ito at ng daigdig na darating. Magdiwang! Ito ang Dilag ng Langit, dumating na taglay ang isang makapangyarihang dispensasyon.
21. She advanced, arrayed with a rare and glorious adorning, till she stood face to face before the Youth. Rejoice! This is the immortal Beauty, come with enchanting grace.	21. Siya ay sumulong, nagagayakan ng pambihira at maluwalhating palamuti, hanggang sa nakatayo siya sa harap ng Kabataan. Magdiwang! Ito ang Kagandahang walang-kamatayan, dumating na taglay ang nakabibighaning kahinhinan.
22. From beneath her veil she drew forth her hand, golden tinged as a sunbeam falling upon the face of a stainless mirror. Rejoice! This is the immortal Beauty, come with a resplendent adorning.	22. Mula sa ilalim ng kaniyang lambong ay inilabas niya ang kaniyang kamay, na waring ginintuan tulad ng sinag ng araw sa salaming walang bahid. Magdiwang!

	Ito ang Kagandahang walang-kamatayan, dumating na taglay ang isang kumikinang na palamuti.
23. Her incomparable ruby fingers seized the hem of the veil that hid the face of the Youth—Rejoice! This is the immortal Beauty, come with a mighty glance—	23. Ang Kaniyang walang-kahalintulad na mga daliring ruby ay humawak sa laylayan ng lambong na tumatabing sa mukha ng Kabataan—Magdiwang! Ito ang Kagandahang walang-kamatayan, dumating na taglay ang isang matinding sulyap—
24. And drew it back, whereupon the pillars of the Throne on high were made to tremble. Rejoice! This is the immortal Youth, come with a mighty cause.	24. At hinawi iyon, at sa gayon ang mga haligi ng Trono sa kaitaasan ay nayanig. Magdiwang! Ito ang Kabataang walang-kamatayan, dumating na taglay ang isang makapangyarihang kapakanan.
25. Then did the spirits of all created things part from their bodies. Rejoice! This is the immortal Youth, come with a mighty cause.	25. Sa gayon, ang mga espiritu ng lahat ng nilikhang bagay ay humiwalay sa kanilang mga katawan. Magdiwang! Ito ang Kabataang walang-kamatayan, dumating na taglay ang isang makapangyarihang kapakanan.
26. And the inmates of Paradise rent their garments asunder as they caught a lightning glimpse of His ancient and shining countenance. Rejoice! This is the immortal Youth, come with an effulgent light.	26. At pinunit ng mga nananahan sa Paraiso ang kanilang mga damit nang magkaroon sila ng napakabilis na sulyap sa Kaniyang napakatanda at nagniningning na mukha. Magdiwang! Ito ang Kabataang walang-kamatayan, dumating na taglay ang kumikinang na liwanag.
27. At that moment the Voice of the Eternal was heard from beyond the veil of clouds with a sweet and enchanting call. Rejoice! This is the immortal Youth, come with a mighty enchantment.	27. Sa sandaling iyon ang Tinig ng Walang-hanggan ay narinig mula sa kabila ng lambong ng mga ulap ang isang matamis at kabigha-bighaning panawagan. Magdiwang! Ito ang Kabataang walang-kamatayan, dumating na taglay ang isang matinding kabighanian.
28. And from the source of God's inscrutable decree the Tongue of the Unseen proclaimed: "By God! The like of this Youth the eyes of the former generations have never beheld." Rejoice! This is the immortal Youth, come with a mighty cause.	28. At mula sa pinagmumulan ng di-malirip na kautusan ng Diyos ang Dila ng Di-nakikita ay nagpahayag: "Saksi ang Diyos! Ang kahalintulad ng Kabataang ito ay hindi kailanman nasilayan ng mga mata ng naunang mga salinlahi." Magdiwang! Ito ang Kabataang walang-kamatayan, dumating na taglay ang isang makapangyarihang kapakanan.
29. And the maids of holiness cried out from the chambers of exalted dominion. Rejoice! This is the immortal Youth, come with manifest sovereignty.	29. At ang mga dilag ng kabanalan ay sumigaw mula sa mga silid ng dakilang kaharian. Magdiwang! Ito ang Kabataang walang-kamatayan, dumating na taglay ang hayag na paghahari.
30. By God! This is that Youth Whose beauty is the ardent desire of the celestial Concourse. Rejoice! This is the immortal Youth, come with a mighty cause.	30. Saksi ang Diyos! Ito ang Kabataang iyon na ang Kaniyang kagandahan ang maalab na hangarin ng makalangit na Kalipunan. Magdiwang! Ito ang Kabataang walang-kamatayan, dumating na taglay ang isang makapangyarihang kapakanan.
31. Then did the Youth lift up His head to the concourse of heavenly angels—Rejoice! This is the immortal Youth, come with a mighty spirit—	31. Sa gayon ay itinaas ng Kabataan ang Kaniyang ulo tungo sa kalipunan ng makalangit na mga anghel—Magdiwang! Ito ang Kabataang walang-kamatayan, dumating na taglay ang isang matinding espiritu—
32. And gave voice to a single word, whereupon the denizens of heaven arose, one and all, to a new life. Rejoice! This is the immortal Youth, come with a mighty trumpet blast.	32. At nagbigay tinig sa isang salita, at sa gayon ang mga nananahan sa langit ay nagsibangon, ang bawat isa at ang lahat sa isang panibagong buhay. Magdiwang! Ito ang Kabataang walang-kamatayan, dumating kasabay ng isang malakas na pagtunog ng pakakak.

33. He looked then upon the inhabitants of the earth with a wondrous glance. Rejoice! This is the immortal Youth, come with a mighty glance.	33. Pagkatapos ay tumingin Siya sa mga nananahan sa lupa sa pamamagitan ng isang kamangha-manghang sulyap. Magdiwang! Ito ang Kabataang walang-kamatayan, dumating na taglay ang isang matinding sulyap.
34. And with that glance He gathered them together each and all. Rejoice! This is the immortal Youth, come with a mighty cause.	34. At sa sulyap na iyon ay tinipon Niya sila, ang bawat isa at ang lahat. Magdiwang! Ito ang Kabataang walang-kamatayan, dumating na taglay ang isang makapangyarihang kapakanan.
35. With another look He signalled to a chosen few, then repaired to His habitation in the everlasting Paradise. And this, truly, is a mighty cause!	35. Sa isa pang sulyap ay sumenyas Siya sa ilang mga pinili, pagkatapos ay umuwi sa Kaniyang tahanan sa namamalaging Paraiso. At ito, sa katunayan, ay isang makapangyarihang kapakanan!
36. The Herald of Eternity proclaimeth from his cloud-wrapped throne: O ye that wait expectant in the vale of patience and fidelity! O ye that long to soar in the atmosphere of nearness and reunion! The celestial Youth, hidden ere now within the inviolable treasures of God, hath appeared, even as the Sun of Reality and the Eternal Spirit, from the Dawning-Place of changeless splendour, adorned with the ornament of the Almighty and the beauty of the All-Praised. He hath rescued all who are in heaven and on earth from the perils of death and extinction, clothed them in the garment of true and everlasting existence, and bestowed upon them a new life.	36. Ipinapahayag ng Tagapamalita ng Kawalang-hanggan mula sa kaniyang tronong nababalot ng mga ulap: O kayong mga naghihintay nang buong pag-asam sa lambak ng tiyaga at katapatan! O kayong mga sabik na pumailanlang sa himpapawid ng pagkalapit at muling pagsasama. Ang makalangit na Kabataan, na inilihim hanggang ngayon sa loob ng di-maloloobang mga imbakang-yaman ng Diyos, ay lumitaw na, tulad ng Araw ng Realidad at ng Espiritung Walang-maliw, mula sa Pook-Silangan ng di-nagbabagong karingalan, ginagayakan ng palamuti ng Lubos na Makapangyarihan at ng kagandahan ng Lubos na Pinupuri. Sinagip Niya ang lahat ng nasa langit at nasa lupa mula sa mga panganib ng kamatayan at pagkapuksa, binihisan sila ng kasuotan ng tunay at walang maliw na pag-iral, at pinagkalooban sila ng panibagong buhay.
37. That concealed Word upon which the souls of all the Messengers of God and His Chosen Ones have ever depended hath manifested itself out of the invisible world into the visible plane. No sooner had this hidden Word shone forth from the Realm of inmost being and absolute singleness to illumine the peoples of the earth than a breeze of mercy wafted therefrom, purifying all things from the stench of sin and arraying the countless forms of existence and the reality of man with the vesture of forgiveness. So great was the wondrous grace which pervaded all things that through the utterance of the letters "B" and "E" the gems that lay hid within the repositories of this contingent world were brought forth and made manifest. Thus were the seen and the unseen joined in one garment, and the hidden and the manifest clothed in a single robe; thus did utter nothingness attain the realm of eternity, and pure evanescence gain admittance into the court of everlasting life.	37. Yaong natatagong Salita na laging nakabatay roon ang mga kaluluwa ng lahat ng mga Sugo ng Diyos at ng Kaniyang mga Pinili ay ginawang mahayag ang sarili nito mula sa di-nakikitang daigdig tungo sa nakikitang daigdig. Agad na suminag itong natatagong Salita mula sa Kaharian ng kaibuturang pag-iral at ganap na kaisahan upang tanglawan ang mga tao ng daigdig nang humihip ang isang simoy ng kahabagan mula roon, dinalisay ang lahat ng bagay mula sa masamang amoy ng kasalanan, at binihisan ang di-mabilang na anyo ng nabubuhay at ang realidad ng tao sa kasuotan ng kapatawaran. Ganoon kalaki ang kamangha-manghang biyayang lumaganap sa lahat ng bagay na sa pamamagitan ng pagbigkas ng mga pantig na "Ma" at "Ging", ang mga hiyas na natatago sa loob ng imbakan nitong walang-katiyakang daigdig ay inilabas at ginawang mahayag. Sa gayon ang nakikita at di-nakikita ay pinagsama sa iisang damit, at ang natatago at ang hayag ay dinamtan ng iisang kasuotan; sa gayon ang ganap na kawalan ay nakatamo sa kaharian ng kawalang-hanggan, at ang pawang naglalaho ay nakapasok sa bulwagan ng walang-hanggang buhay.
38. Wherefore, O ye lovers of the beauty of the All-Glorious! O ye that ardently seek the court of the presence of the Almighty! This is the day of nearness and reunion, not the time for contention and idle words. If ye be sincere lovers, behold the beauty of the Best-Beloved shining clear and resplendent as the true	38. Samakatwid, O kayong mga mangingibig ng kagandahan ng Lubos na Maluwalhati! O kayong maalab na naghahanap sa korte ng kinaroroonan ng Lubos na Makapangyarihan! Ito ang araw ng pagiging malapit at ng muling pagsasama, hindi ang panahon para sa pagtatalo at walang-katuturang mga salita. Kung kayo

morn. It behoveth you to be free from all attachment, whether to yourselves or to others; nay, ye should renounce existence and non-existence, light and darkness, glory and abasement alike. Sever your hearts from all transitory things, from all idle fancies and vain imaginings, that ye may, pure and unsullied, enter the realm of the spirit and partake with radiant hearts of the splendours of everlasting holiness.	ay matatapat na mga mangingibig, masdan ang kagandahan ng Pinakamamahal na sumisikat nang malinaw at maningning tulad ng tunay na umaga. Nararapat sa inyo ang maging malaya sa lahat ng pagmamahal, maging sa inyong sarili o sa mga iba; hindi lamang iyon, dapat ninyong talikuran kapuwa ang pag-iral at di-pag-iral, ang liwanag at karimlan, ang luwalhati at pagkaaba. Iwalay ang inyong mga puso mula sa lahat ng naglalahong bagay, mula sa lahat ng walang-katuturang hinagap at walang-kabuluhang kathang-isip, upang inyong magawa nang dalisay at walang bahid, ang pumasok sa kaharian ng espiritu, at makibahagi, habang nagniningning ang mga puso, sa mga karingalan ng kabanalang namamalagi magpakailanman.
39. O friends! The wine of eternal life is flowing. O lovers! The face of the Beloved is unveiled and unconcealed. O companions! The fire of the Sinai of love is burning bright and resplendent. Cast off the burden of love for this world and every attachment thereto, and, even as luminous, heavenly birds, soar in the atmosphere of the celestial Paradise and wing your flight to the everlasting nest. For devoid of this, life itself hath no worth, and bereft of the Beloved, the heart is of no account.	39. O mga kaibigan! Ang alak ng walang-hanggang buhay ay bumubuhos. O mga mangingibig! Ang mukha ng Minamahal ay inalisan ng lambong at hindi na natatago. O mga kasama! Ang apoy ng Sinai ng pag-ibig ay lumiliyab nang maliwanag at maningning. Ibaba ang pasanin ng pagmamahal sa daigdig na ito at ng bawat pangangapit dito, at tulad ng maningning at makalangit na mga ibon ay pumapailanlang sa himpapawid ng makalangit na Paraiso at lumipad patungo sa pugad na namamalagi magpakailanman. Sapagkat kapag wala nito, ang mismong buhay ay walang halaga, at kapag wala ang Minamahal, ang puso ay walang saysay.
40. Yea, the moth-like lovers of the All-Glorious at every instant offer up their lives round the consuming flame of the Friend, occupying themselves with naught save Him. Yet not every bird can aspire to such heights. God, verily, guideth whom He willeth unto His mighty and exalted path.	40. Oo, tulad ng gamugamo ang mga mangingibig ng Lubos na Maluwalhati ay nag-aalay ng kanilang mga buhay sa bawat sandali sa palibot ng nakatutupok na apoy ng Kaibigan, pinagkakaabalahan nila ang walang iba liban sa Kaniya. Gayumpaman hindi bawat ibon ay ang magagawang maghangad ng ganiyang mga ruok. Ang Diyos, sa katunayan, ay gumagabay sa kaninuman na Kaniyang ninanais patungo sa Kaniyang napakadakila at matayog na landas.
41. Thus do We bestow upon the dwellers of the mystic realm that which shall draw them nigh unto the right hand of everlasting life and enable them to attain unto that station which hath been upraised in the heaven of holiness.	41. Sa gayon ay ipinagkakaloob Namin sa mga nananahan sa mistikong kaharian yaong maglalapit sa kanila tungo sa kanang kamay ng walang-hanggang buhay at tutulutan silang makamtan ang kalagayang itinaas sa langit ng kabanalan.
– 28 –	– 28 –
<i>He is the Ever-Abiding, the Most Exalted, the Most Great.</i>	<i>Siya ang Laging-Namamalagi, ang Pinakamataas, ang Pinakadakila.</i>
1. Lo, the Tongue of Glory hath called aloud and the Word of God hath cried out, proclaiming: “The Kingdom is God’s, the Creator of the heavens and the Lord of all names!” And yet the people, for the most part, are heedless. The entire creation resoundeth with the melodies of the All-Merciful, the realms of sanctity are redolent with the fragrance of His raiment, and the Most Great Name hath shed the splendour of His glory upon all who dwell on earth, and yet the people are wrapped in a palpable veil.	1. Masdan, ang Dila ng Kaluwalhatian ay tumawag nang malakas at ang Salita ng Diyos ay sumigaw, ipinahayag na: “Ang Kaharian ay sa Diyos, ang Maykapal ng mga kalangitan at ang Panginoon ng lahat ng mga pangalan!” At gayumpaman ang karamihan sa mga tao ay hindi nakikinig. Ang buong sangnilikha ay dumaragundong sa mga himig ng Lubos na Mahabagin, ang mga kaharian ng kabanalan ay napakabango sa halimuyak ng Kaniyang kasuotan, at ang Pinakadakilang Pangalan ay nagbuhos ng karingalan ng Kaniyang kaluwalhatian sa lahat ng nananahan sa daigdig, at

	gayumpaman ang mga tao ay nababalot sa nadaramang lambong.
2. O Pen of Glory! Intone the anthems of grandeur, for We have inhaled the fragrance of reunion at the approach of that Day whereon the kingdom of names was adorned with the ornament of Our Name, the Exalted, the Most High. No sooner was this Day mentioned before the Throne than the Maids of Heaven chanted a wondrous melody, the Nightingale pealed out its heavenly song, and the All-Merciful gave voice to that which enraptured the souls of the Messengers of God, His chosen ones, and those who enjoy near access to Him.	2. O Panulat ng Kaluwalhatian! Dalitin ang mga awit ng mga karingalan, sapagkat nalanghap Namin ang kabanguhan ng muling pagsasama habang papalapit ang Araw na iyon kung kailan ang kaharian ng mga pangalan ay ginayakan ng palamuti ng Aming Pangalan, ang Dakila, ang Pinakamataas. Agad nang banggitin ang Araw na ito sa harap ng Trono, ang mga Dilag ng Langit ay nagdalit ng nakamamanghang himig, inawit ng Ruwisenyor ang makalangit na awitin nito, at binigkas ng Lubos na Mahabagin yaong nagpapagalak sa mga kaluluwa ng mga Sugo ng Diyos, na Kaniyang mga pinili, at yaong mga nagtatamasa ng pagiging malapit sa Kaniya.
3. This is the eve of that Day from whose horizon the ancient Morn hath dawned forth with the splendour of the light beaming from that effulgent horizon. Say: This is the Day whereon God established the Covenant concerning Him Who is the voice of Truth ^[17] by sending forth the One ^[18] Who imparted unto humankind the glad-tidings of this Great Announcement. This is the Day whereon the Most Great Sign appeared and proclaimed this mighty Name, captivating thereby all created things with the reviving breezes of the verses of God. Happy the one that hath recognized his Lord and is numbered with them that have attained His presence.	3. Ito ang bisperas ng Araw na iyon kung kailan ay sumikat mula sa sugpungang-guhit niyon ang napakatandang Umaga taglay ang karingalan ng liwanag na sumisinag mula sa maningning na sugpungang-guhit na iyon. Sabihin: Ito ang Araw kung kailan itinatag ng Diyos ang Kasunduan ukol sa Kaniya na Siyang tinig ng Katotohanan ¹⁷ sa pamamagitan ng pagpapadala sa Kaniya ¹⁸ na Siyang nagbahagi sa sangkatauhan ng magandang balita ng Dakilang Patalastas na ito. Ito ang Araw kung kailan ang Pinakadakilang Palatandaan ay lumitaw at ipinahayag itong makapangyarihang Pangalan, at nabighani sa gayon ang lahat ng nilikhang bagay sa pamamagitan ng muling bumubuhay na mga simoy ng mga bersikulo ng Diyos. Maligaya ang siyang nakakilala sa kaniyang Panginoon at nabibilang sa kanilang mga nakarating sa Kaniyang kinaroroonan.
4. Say: He, verily, is the most perfect Balance established amongst the nations, through Whom the measures of all things are made manifest by Him Who is the All-Knowing, the All-Wise. He it is Who hath intoxicated every understanding heart with the wine of His utterance, and Who hath torn asunder the veils through the power of My Name that overshadoweth the worlds. He, verily, hath ordained the Bayán to be a leaf of this Garden and adorned it with the mention of this incomparable Remembrance. He hath admonished all men not to withhold themselves from the Dayspring of ancient glory, nor to cling, at the time of His manifestation, to such tales and traditions as are current amongst them. Thus hath it been decreed in accordance with that which He hath revealed, and unto this beareth witness He Who speaketh the truth. No God is there beside Me, the Almighty, the Most Generous.	4. Sabihin: Siya, sa katunayan, ang pinakaganap na Timbangan na itinatag sa pagitan ng mga bansa, na sa pamamagitan Niya ang mga sukat ng lahat ng bagay ay ginagawang maging hayag Niya na Siyang Nakababatid ng Lahat, ang Lubos na Marunong. Siya ang lumango ng bawat nakauunawang puso sa pamamagitan ng alak ng Kaniyang pananalita, at Siya ang pumunit ng mga lambong sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Aking Pangalang lumililim sa buong daigdig. Siya, sa katunayan, ang nagtalaga sa Bayán na maging isang dahon sa Hardin na ito at pinalamutihan ito ng pagbanggit nitong walang-kahalintulad na Paggunita. Pinaalalahanan Niya ang lahat ng tao na huwag ipagkait sa kanilang mga sarili ang Pamimitak ng napakatandang kaluwalhatian, ni huwag mangapit, sa oras ng Kaniyang pamamahayag, sa gayong mga kuwento at mga kaugaliang nauuso sa kanila. Ganoon ang itinalaga sang-ayon sa Kaniyang ipinahayag, at dito ay sumasaksi Siya na nagsasabi ng katotohanan. Walang Diyos liban sa Akin, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Pinakamapagbigay.
5. They that have turned away from the latter Manifestation have indeed failed to recognize the former. Thus hath it been ordained by the Author of all	5. Silang mga tumatalikod sa mas bagong Kahayagan ay tunay na nabigo sa pagkilala sa nauna. Ganoon ang itinalaga ng May-akda ng lahat ng mga

¹⁷ Bahá'u'lláh.

¹⁸ Ang Báb.

causes in this mighty adornment. Say: He, verily, announced unto you this Root; wherefore they that are held back by reason of a mere branch are in truth accounted among the dead. Alas, the people are clinging to the branch and have turned away from God, the King, the Glorious, the All-Praised. He conditioned all that He hath revealed upon Mine acceptance and made every matter contingent upon this manifest and resistless Cause. But for Me, He would not have uttered a single word, nor would He have manifested Himself before all who are in heaven and on earth. How often did He lament My banishment, My captivity, and My tribulations! That which was sent down in the Bayán beareth witness unto this, could ye but perceive it. Powerful indeed is the one who, through the might of God, hath become severed from all else but Him, and powerless the one who hath turned away from Him after He hath appeared with manifest sovereignty.	kapakanan sa makapangyarihang palamuting ito. Sabihin: Sa katunayan ay ipinatalastas Niya sa inyo ang Ugat na ito; samakatwid silang mga napipigilan ng pawang sanga lamang, sa katotohanan ay nabibilang sa mga patay. Sayang, ang mga tao ay nakapangapit sa sanga at tumalikod sa Diyos, ang Hari, ang Maluwalhati, ang Lubos na Pinupuri. Ang lahat ng Kaniyang ipinahayag ay ginawa Niyang maging batay sa Aking pagtanggap at ginawa ang bawat bagay na bumatay rito sa hayag at di-mapigilang Kapakanan. Kung hindi dahil sa Akin hindi sana Siya bumigkas ng kahit isang salita, ni hindi rin Niya sana ipinahayag ang Kaniyang sarili sa harap ng lahat ng nasa langit at nasa lupa. Napakadulas Niyang ipinaglumbay ang Aking pagkapatapon, ang Aking pagkakulong, at ang Aking mga pagdurusa. Yaong ipinababa sa Bayán ay sumasaksi rito, kung kayo ay nakababatid lamang. Tunay na makapangyarihan siya, na sa pamamagitan ng lakas ng Diyos, ay naihiwalay ang lahat liban sa Kaniya, at walang kakayahan ang siyang tumalikod sa Kaniya matapos Siyang dumating taglay ang hayag na paghahari.
6. O peoples of the earth! Make mention of God on this Day whereon the Spirit hath spoken and the realities of those who were created by the Word of God, the Mighty, the Exalted, have ascended unto Him. It behoveth everyone on this day to rejoice with exceeding gladness, to clothe himself in his finest attire, to celebrate the praise of his Lord, and to give thanks unto Him for this most great favour. Blessed are they that have apprehended the purpose of God, and woe betide the heedless.	6. O mga tao ng daigdig! Banggitin ang Diyos sa Araw na ito kung kailan nagsalita na ang Espiritu at mga realidad ng yaong mga nilikha ng Salita ng Diyos, ang Makapangyarihan, ang Dakila, ay pumanhik sa Kaniya. Narapat sa bawat isa sa araw na ito ang magdiwang sa labis na kaligayahan, ang damtan ang kaniyang sarili ng kaniyang pinakamagandang damit, ang ipagdiwang ang papuri ng kaniyang Panginoon, at ang magbigay pasasalamat sa Kaniya dahil sa pinakamalaking pagpapalang ito. Pinagpala silang mga naunawaan ang layunin ng Diyos, at kasawian ang sasapit sa pabaya.
7. Having revealed this Tablet on this night, We desire to send it unto thee as a token of Our grace, that thou mayest be of those who are grateful. After thou hast received it, recite it in the presence of the loved ones of God, that they may hearken unto that which the Tongue of Grandeur hath pronounced and be of those who act in accordance with its counsels. Thus have We singled thee out and adorned thee with that raiment wherewith We have adorned the pure in heart. Praise be to God, the Lord of the worlds!	7. Yamang ipinahayag ang Tabletang ito sa gabing ito, nais Naming ipadala ito sa inyo bilang tanda ng Aming biyaya, upang kayo ay mapabilang sa mga mapagpasalamat. Kapag natanggap na ninyo ito, basahin ito sa harap ng mga minamahal ng Diyos, nang upang makinig sila roon sa sinabi ng Dila ng Karingalan at mapabilang sa mga kumikilos sang-ayon sa mga payo nito. Sa gayon ay pinili Namin kayo at pinalamutihan kayo ng kasuotan na Aming ginawang palamuti sa mga dalisay ang puso. Purihin ang Diyos, ang Panginoon ng mga daigdig!
. . .	. . .
Ascension of Bahá'u'lláh	Pagsasakabilang-buhay ni Bahá'u'lláh
– 29 –	– 29 –
Súriy-i-Ghuṣn	Súriy-i-Ghuṣn
(Tablet of the Branch)	(Tableta ng Sanga)
<i>He it is Who abideth forever in the Realm of Glory.</i>	<i>Siya iyon na Siyang namamalagi magpakailanman sa Kaharian ng Kaluwalhatian.</i>
1. The Cause of God hath come down upon the clouds of utterance, while they that have joined partners with Him are afflicted with a sore torment. The hosts of	1. Ang Kapakanan ng Diyos ay bumaba nang lulan sa mga ulap ng pananalita, samantalang silang mga nakipantay sa Kaniya ay pinarurusahan ng matinding

Divine Revelation, bearing the banners of celestial inspiration, have descended from the heaven of His Tablet in the name of God, the Almighty, the Most Powerful, and the faithful rejoice in His victory and dominion, while the deniers are filled with dismay.	pahirap. Ang mga hukbo ng Banal na Rebelasyon, tangan ang mga bandila ng makalangit na inspirasyon, ay pumanaog mula sa langit ng Kaniyang Tableta sa ngalan ng Diyos, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Pinakamalakas, at nagdiriwang ang mga matatapat sa Kaniyang pagwawagi at paghahari, samantalang ang mga nagtatwa ay puspos ng kabiguan.
2. O people! Do ye flee from the mercy of God after it hath pervaded all that is in the heavens and on the earth? Barter not away that mercy wherewith God hath favoured you, nor withhold yourselves therefrom, for they that turn away are indeed in grievous loss. The mercy of God is like unto the verses that are sent down from one same heaven: The true believers quaff therefrom the wine of everlasting life, while the ungodly drink a scalding draught. And whensoever the verses of God are rehearsed unto them, the fire of hatred is kindled in their breasts. Thus do they barter away the bounty that God hath bestowed upon them and are reckoned among the heedless.	2. O mga tao! Tumatakas ba kayo mula sa habag ng Diyos matapos itong lumaganap sa lahat ng nasa langit at ng lupa? Huwag ipagpalit ang habag na iyon na ibiniyaya ng Diyos sa inyo, ni huwag pigilan ang inyong mga sarili mula roon, sapagkat silang mga habag ng Diyos ay tulad ng mga bersikulong ipinababa mula sa iisang magkaparehong langit: Ang mga tunay na sumasampalataya ay nakaiinom mula roon ng alak ng walang-hanggang buhay, samantalang ang mga di-makadiyos ay nakaiinom ng nakapapasong inumin. At sa tuwing ang mga bersikulo ng Diyos ay binibigkas sa kanila, ang apoy ng pagkamuhi ay lumiliyab sa kanilang mga dibdib. Sa gayon, ay ipinagpapalit nila ang biyayang ipinagkaloob ng Diyos sa kanila at napapabilang sila sa mga pabaya.
3. Strive, O people, to enter beneath the sheltering shadow of the Word of God. Quaff, then, from it the choice wine of inner meaning and explanation, for it is the repository of the living waters of the All-Glorious and hath appeared from the horizon of the Will of the All-Merciful with matchless splendour. Say: Out of this Most Great Ocean there hath branched the Pre-existent Sea; blessed the one that hath attained and found repose upon its shores.	3. Magsumikap, O mga tao, upang makapasok sa ilalim ng kumakalingang lilim ng Salita ng Diyos. Inumin mula roon, kung gayon, ang piling alak ng panloob na kahulugan at paliwanag, sapagkat ito ang imbakan ng nabubuhay na mga tubig ng Lubos na Maluwalhati, at lumitaw mula sa sugpungang-guhit ng Kalooban ng Lubos na Mahabagin taglay ang karingalang walang-kahalintulad. Sabihin: Mula sa Pinakadakilang Karagatan na ito ay nagsanga ang Dagat na Umiiral bago pa sa simula; pinagpala siyang nakarating at nakatagpo ng katahimikan sa mga dalampasigan nito.
4. There hath branched from the Sadratu'l-Muntahá this sacred and glorious Being, this Branch of Holiness; well is it with him that hath sought His shelter and abideth beneath His shadow. Verily the Limb of the Law of God hath sprung forth from this Root which God hath firmly implanted in the Ground of His Will, and Whose Branch hath been so uplifted as to encompass the whole of creation. Magnified be He, therefore, for this sublime, this blessed, this mighty, this exalted Handiwork! Draw nigh unto Him, O people, and taste the fruits of wisdom and knowledge that have proceeded from Him Who is the Almighty, the All-Knowing. Whoso hath failed to taste thereof is deprived of God's bounty, though he partake of all that the earth can produce, could ye but perceive it!	4. Mula sa Sadratu'l-Muntahá ay nagsanga itong banal at maluwalhating Nilalang, itong Sanga ng Kabanalan; napakabuti para sa kaniya na naghanap sa kanlungan Niya at namalagi sa ilalim ng lilim Niya. Sa katunayan ang Sanga ng Batas ng Diyos ay sumibol mula sa Ugat na ito na matatag na itinanim ng Diyos sa Lupa ng Kaniyang Kagustuhan, at ang Kaniyang Sanga ay lubhang itinaas upang sumaklaw sa buong sangnilikha. Dakilain Siya kung gayon dahil dito sa maringal, dito sa pinagpala, dito sa makapangyarihang Likhang-kamay! Lumapit sa Kaniya, O mga tao, at tikman ang mga bunga ng karunungan at kaalamang nagbuhat sa Kaniya na Siyang Lubos na Makapangyarihan, ang Nakababatid ng Lahat. Ang sinumang hindi nagawang tumikim doon ay pinagkaitan ng biyaya ng Diyos, bagaman siya ay nakikibahagi sa lahat ng maaring magbuhat sa daigdig, kung inyo lamang mababatid ito.
5. A Word hath, as a token of Our grace, gone forth from the Most Great Tablet—a Word which God hath adorned with the ornament of His own Self, and made it sovereign over the earth and all that is therein, and a sign of His greatness and power among its people, that all may glorify thereby their Lord, the Almighty, the	5. Isang Salita, bilang tanda ng Aming pagpapala, ay lumabas mula sa Pinakadakilang Tableta—isang Salita na ginayakan ng Diyos ng palamuti ng Kaniyang angking Sarili, at ginawa itong maghari sa ibabaw ng kalupaan at sa lahat ng naroroon, at isang sagisag ng Kaniyang kadakilaan at lakas sa mga tao nito; nang sa

All-Powerful, the All-Wise, and extol the praise of their Creator and the sanctity of the Soul of God that holdeth sway over all created things. This, verily, is none other than a Word sent down by Him Who is the All-Knowing, the Ancient of Days.	gayon ay magawa ng lahat sa pamamagitan niyon ang luwalhatiin ang kanilang Panginoon, ang Lubos na Makapangyarihan, at ipagbunyi ang papuri ng kanilang Manlilikha at ang kabanalan ng Kaluluwa ng Diyos na namumuno sa lahat ng nilikhang bagay. Ito, sa katunayan, ay walang iba kundi isang Salitang ipinababa Niya na Siyang Nakababatid ng Lahat, ang Napakatanda sa mga Araw.
6. Render thanks unto God, O people, for His appearance; for verily He is the most great Favour unto you, the most perfect bounty upon you; and through Him every mouldering bone is quickened. Whoso turneth towards Him hath turned towards God, and whoso turneth away from Him hath turned away from My Beauty, hath repudiated My Proof, and transgressed against Me. He is the Trust of God amongst you, His charge within you, His manifestation unto you and His appearance among His favoured servants.	6. Magpasalamat sa Diyos, O mga tao, sa pagdating Niya; sapagkat tunay na Siya ang pinakadakilang Pagpapala sa inyo, ang pinakaganap na Biyaya sa inyo; at sa pamamagitan Niya ang bawat naaagnas na buto ay binigyang buhay. Ang sinumang bumaling patungo sa Kaniya ay bumaling sa Diyos, at ang sinumang bumaling palayo sa Kaniya ay bumaling palayo sa Aking Kagandahan, itinakwil ang Aking Katunayan, at nagkasala laban sa Akin. Siya ang Ipinagkatiwala ng Diyos sa piling ninyo, ang ipinaalaga Niya sa loob ninyo, ang kahayagan Niya sa inyo at ang anyo Niya sa Kaniyang minamahal na mga tagapaglingkod.
7. Thus was I bidden to deliver unto you the message of God, your Creator, and I have fulfilled that whereunto I was bidden. Unto this bear witness God, and His angels, and His Messengers, and His sanctified servants. Inhale, then, the sweet savours of Paradise from its roses and be not of them that are deprived. Hasten to win your share of the grace which God hath bestowed upon you and suffer not yourselves to be veiled therefrom.	7. Sa gayon ay inatasan Akong ihatid sa inyo ang kalatas ng Diyos, ang Maykapal ninyo, at Aking tinupad yaong iniatas sa Akin. Dito ay sumasaksi ang Diyos, at ang Kaniyang mga anghel, at ang Kaniyang mga Sugo, at ang Kaniyang banal na mga tagapaglingkod. Langhapin kung gayon, ang matatamis na mga samyo ng Paraiso mula sa mga rosas nito at huwag mapabilang sa kanilang mga pinagkaitan. Magmadali upang makamtan ang inyong bahagi ng biyayang ipinagkaloob ng Diyos sa inyo at huwag tulutang malambungan ang inyong mga sarili mula roon.
8. We have sent Him down in the form of a human temple. Blest and sanctified be God Who createth whatsoever He willeth through His inviolable, His infallible decree. They who deprive themselves of the shadow of the Branch are lost in the wilderness of error, are consumed by the heat of worldly desires, and are of those who will assuredly perish.	8. Pinababa Namin Siya sa anyo ng isang templo ng tao. Mapagpala at banal ang Diyos na Siyang lumikha sa anumang ninanais Niya sa pamamagitan ng Kaniyang di-malalabag, ng Kaniyang di-nagkakamaling utos. Sila na pinagkaitan ang kanilang mga sarili ng lilim ng Sanga, ay naliligaw sa kagubatan ng pagkakamali, tinutupok ng init ng makamundong mga hangarin, at nang nakatitiyak, sila yaong mapupuksa.
9. O people! Hasten to enter beneath the shadow of God, that it may shield you from the blazing heat of this Day wherein none shall find shelter or refuge save under the shadow of His Name, the Ever-Forgiving, the Most Compassionate. Attire yourselves, O people, with the raiment of certitude, that it may protect you from the darts of idle fancy and vain imaginings and that ye may be numbered with the faithful in these days—days wherein none may attain certitude nor achieve constancy in the Cause of God save by renouncing that which is current amongst men and by turning towards this hallowed and refulgent Beauty.	9. O mga tao! Magmadaling pumasok sa ilalim ng anino ng Diyos, nang upang maikubli kayo nito mula sa matinding init ng araw na ito kung kailan ay walang makatatagpo ng lilim o kalinga liban sa ilalim ng anino ng Kaniyang Pangalan, ang Laging-Nagpapatawad, ang Pinakamadamayin. Damtan ang inyong mga sarili, O mga tao, ng kasuotan ng katiyakan, nang upang mapangalagaan kayo nito mula sa mga palaso ng walang-katuturang hinagap at walang-kabuluhang mga kathang-isip, at nang upang kayo ay mapabilang sa mga matatapat sa mga araw na ito—mga araw kung kailan ay walang makatatamo ng katiyakan o magkakamit ng katatagan sa Kapakanan ng Diyos liban lamang sa pamamagitan ng pagtatakwil sa yaong nauuso sa mga tao at sa pagbaling patungo sa banal at maningning na Kagandahang ito.
10. O people! Will ye take a false deity for your helper rather than God? Will ye follow the Most Great	10. O mga tao! Kukuha ba kayo ng huwad na diyus-diyusan bilang katulong ninyo sa halip ng Diyos?

Idol before your Lord, the Almighty, the Most Powerful?^[19] Forsake their mention, O people, and seize the cup of life in the name of your Lord, the All-Merciful. By the righteousness of God! A single drop from this cup quickeneth all humankind, could ye but know it.	Susunod ba kayo sa Pinakamalaking Diyus-diyusan sa harap ng inyong Panginoon, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Pinakamalakas?¹⁹ Talikuran ang pagbanggit sa kanila, O mga tao, at sunggaban ang kopa ng buhay sa ngalan ng inyong Panginoon, ang Lubos na Mahabagin sa Lahat. Saksi ang pagkamatuwid ng Diyos! Ang isang patak mula sa kopang ito ay nagbibigay-buhay sa buong sangkatauhan kung kayo lamang ay nakababatid.
11. Say: None shall be immune in this Day from God's decree; none shall find refuge save in Him. This, verily, is the truth, and aught else is but manifest error. God hath made it incumbent upon all to teach His Cause to the extent of their ability. Such is the decree that the Finger of might and power hath recorded in the Tablets of supernal glory. Whoso quickeneth but a single soul in this Revelation, it is as though he had quickened all humanity: Him will God, on the Day of Resurrection, raise again to life in the paradise of His oneness, adorned with the raiment of His own Self, the Sovereign Protector, the Almighty, the All-Bountiful. Such is the nature of the assistance ye can render to your Lord, and naught else is worthy of mention in this Day in the presence of God, your Lord and the Lord of your sires of old.	11. Sabihin: Walang hindi tatablan sa Araw na ito ng kautusan ng Diyos; walang makatatagpo ng kanlungan liban sa Kaniya. Ito, sa katunayan, ang katotohanan, at ang lahat ng iba ay pawang malinaw na kamalian lamang. Ginawa ng Diyos na maging tungkulin ng lahat ang ituro ang Kaniyang Kapakanan sa abot ng kanilang kakayahan. Ganoon ang kautusang isinulat ng Daliri ng kapangyarihan at lakas sa mga Tableta ng makalangit na kaluwalhatian. Ang sinumang magbigay-buhay sa kahit isa lamang kaluluwa sa Rebelasyong ito, waring binigyan-buhay na niya ang buong sangkatauhan: Siya ay ibabangon ng Diyos, sa Araw ng Muling Pagkabuhay, upang mabuhay muli sa paraiso ng Kaniyang kaisahan, na nagagayakan ng kasuotan ng Kaniyang angking Sarili, ang Naghaharing Tagapangalaga, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Lubos na Mapagpala. Ganoon ang uri ng tulong na inyong maibibigay sa inyong Panginoon, at wala nang iba pa ang karapat-dapat sa pagbanggit sa Araw na ito sa harap ng Diyos, ang inyong Panginoon at ang Panginoon ng inyong mga ninuno noong unang panahon.
12. As for thee, O servant, give ear unto that which We have admonished thee in this Tablet, and seek at all times the grace of thy Lord. Disseminate this Tablet amongst them that have believed in God and in His signs, that they may observe its injunctions and be numbered with the righteous.	12. At para naman sa iyo, O tagapaglingkod, makinig doon sa ipinaalala Namin sa iyo sa Tabletang ito, at hanapin sa lahat ng panahon ang biyaya ng iyong Panginoon. Ipamudmod ang Tabletang ito sa kanilang mga naniniwala sa Diyos at sa Kaniyang mga palatandaan, upang magawa nilang sumunod sa mga kautusan nito, at mapabilang sa mga matuwid.
13. Say: O people! Spread not disorder on the earth nor dispute with your fellow men, for this would ill beseem them that occupy, beneath the shadow of their Lord, the station of such as are faithful to the one true God. Whensoever ye encounter a thirsty soul, give him to drink from the cup of everlasting life; and whensoever ye find a hearing ear, recite unto him the verses of God, the Powerful, the Mighty, the Compassionate. Unloose your tongues with kindly words and, should ye find the people inclined towards the Sanctuary of God, summon them to the truth; otherwise leave them to their own selves and to that condition which is the reality of the nethermost fire. Beware lest ye cast the pearls of inner meaning before the blind and the barren in heart, inasmuch as they are deprived of beholding the light and are unable to distinguish the worthless pebble from the precious and gleaming pearl. Wert thou for a thousand years to recite unto a stone the verses of wondrous glory, would it ever be affected by them or comprehend their significance? Nay, by thy Lord, the All-Merciful, the	13. Sabihin: O mga tao! Huwag magkalat ng kaguluhan sa daigdig ni makipagtalo sa inyong mga kapwa-tao, sapagkat ito ay hindi nababagay sa mga nakaluklok, sa ilalim ng anino ng kanilang Panginoon, sa kalagayan ng gayong mga matatapat sa iisang tunay na Diyos. Sa tuwing kayo ay makatagpo ng kaluluwang nauuhaw, painumin siya mula sa kopa ng walang-hanggang buhay; at sa tuwing makatagpo kayo ng taingang nakaririnig, bigkasin sa kaniya ang mga bersikulo ng Diyos, ang Malakas, ang Makapangyarihan, ang Madamayin. Kalagan ang inyong mga dila ng mabait na mga salita, at kung matagpuan ninyong nakahilig ang mga tao tungo sa Santuwaryo ng Diyos, tawagin sila sa katotohanan; kung hindi hayaan sila sa kanilang mga sarili at sa kalagayang iyon na siyang realidad ng pinakamalalim na apoy. Mag-ingat na hindi ninyo isabog ang mga perlas ng panloob na kahulugan sa harap ng bulag at ng tigang ang puso, yamang ipinagkait sa kanilang makita ang liwanag at hindi makilala ang pagkakaiba ng walang-halagang bato mula sa

¹⁹ Tingnan ang Qur'an 4:51.

Most Compassionate! Wert thou to recite unto the deaf all the verses of God, would they hear a single letter thereof? Nay, by His ancient and glorious Beauty!	mamahalin at maningning na perlas. Kung iyong bibigkasin sa bato ang mga bersikulo ng kamangha-manghang kaluwalhatian sa kahabaan ng isang libong taon, kailanman ay maapektuhan ba ito ng mga iyon o mauunawaan ang kahulugan niyon? Hindi, saksi ang iyong Panginoon, ang Lubos na Mahabangin, ang Pinakamadamayin! Kung inyong bibigkasin sa mga bingi ang lahat ng mga bersikulo ng Diyos, maririnig ba nila ang kahit isang titik niyon? Hindi, saksi ang Kaniyang napakatanda at maluwalhating Kagandahan!
14. Thus have We imparted unto thee the gems of divine wisdom and utterance, that thou mayest fix thy gaze upon thy Lord and rid thyself of all attachment to the world. May His spirit rest upon thee and upon them that abide within the habitation of holiness and that are endued with true constancy in the Cause of their Lord.	14. Sa gayon ay ibinahagi Namin sa iyo ang mga hiyas ng banal na karunungan at pananalita, nang upang maipako mo ang iyong paningin sa iyong Panginoon at magawang alisin mula sa iyong sarili ang lahat ng pangangapit sa daigdig. Harinawang ang Kaniyang espiritu ay pumataw sa iyo at sa kanilang mga nananahan sa tahanan ng kabanalan at pinagkalooban ng tunay na katatagan sa Kapakanan ng kanilang Panginoon.
– 30 –	
Lawḥ-i-Rasúl	Lawḥ-i-Rasúl
(Tablet to Rasúl)	(Tableta sa Rasúl)
<i>Verily, I am the One Who abideth disconsolate beneath the canopy of this world.</i>	<i>Tunay na Ako ang Siyang nananahan nang walang aliw sa ilalim ng lilim ng daigdig na ito.</i>
1. O Rasúl! Shouldst thou ask concerning the Sun of the heaven of inner meaning, know that it hath been eclipsed by the clouds of envy; and shouldst thou enquire regarding the Moon of the realm of everlasting holiness, be apprised that it hath been obscured by the shrouds of hatred; and shouldst thou search after the Star of the firmament of unseen reality, be informed that it hath sunk below the horizon of malice. Behold, a lone Ḥusayn assailed by a hundred thousand deadly foes! Behold, a solitary Abraham compassed by a myriad tyrant kings! ^[20] Behold, one stainless Soul that vast multitudes aim to seize! Behold, one single Throat that countless daggers seek to pierce!	1. O Rasúl! Kung ikaw ay magtatanong tungkol sa Araw ng langit ng panloob na kahulugan, alaming ito ay natakpan ng mga ulap ng inggit; at kung ikaw ay magtatanong tungkol sa Buwan ng kaharian ng walang-katapusang kabanalan, alaming ito ay natabunan ng mga pambalot ng pagkamuhi; at kung iyong hahanapin ang Bituin ng kalangitan ng di-nakikitang realidad, alaming ito ay lumubog na sa ilalim ng sugpungang-guhit ng masamang hangarin. Masdan, ang nag-iisang Ḥusayn ay sinasalakay ng daan libong nakamamatay na kaaway! Masdan, ang nag-iisang Abraham ay napapalibutan ng napakaraming haring maniniil! ^[20] Masdan, ang nag-iisang Kaluluwang walang-bahid na nilalayong sunggaban ng napakalawak na mga karamihan! Masdan, ang nag-iisang Lalamunan na sinisikap laslasin ng di-mabilang na mga panaksak!
2. Not a single night in Mine earthly life did I find rest; not a single day was I granted repose. At one time My severed head was sent as a trophy from land to land; at another I was suspended in the air. At one time I had for a boon companion him who dealt Me a fatal blow; at another I had for a close associate him who profaned My remains. Every morn, as I arose from My bed, a fresh affliction awaited Me; and every eve, as I repaired to the solitude of My chamber, a sore trial was in store. In the succession of My woes there was no reprieve, and in the onslaught of My sorrows there was no respite.	2. Wala ni isang gabi ng Aking makalupang buhay na nagkaroon Ako ng pahinga; wala ni isang araw na binigyan Ako ng katahimikan. Sa isang panahon ang Aking pinugot na ulo ay ipinadala bilang trofeo mula sa sunod-sunod na lupain; sa iba pang panahon ibinitin ako sa ere. Sa isang panahon ang Aking mahal na kasama ang siyang nagbigay ng pamatay na dagok sa Akin; may iba pang panahon na ang Aking matalik na kasama ang siyang lumapastangan sa Aking mga labî. Sa tuwing umaga, sa pagbangon Ko sa Aking higaan, ang panibagong pahirap ay nag-aabang sa Akin; at sa tuwing gabi, sa pagretiro Ko sa pag-iisa sa Aking silid, ang

²⁰ “Nakamamatay na mga kaaway” (lit., “mga Shimr”) at “haring maniniil” (lit., “mga Nimrod”): Si Shimr ang nagbigay ng dagok na pumatay kay Imâm Ḥusayn, samantalang si Nimrod ang umuusig kay Abraham.

	malupit na pagsubok ay naghihintay. Ang pagkasunod-sunod ng Aking mga pighati ay walang puknat, at ang pagsalakay ng Aking mga kalungkutan ay walang pahinga.
3. Notwithstanding all this, I stood against Mine enemies manifest as the sun and appeared before the dwellers of the heavenly kingdom bright as the moon. Not for an instant did I seek to preserve Mine own life, and not for a moment did I pursue Mine own ease and comfort. I offered up My soul in the path of My Beloved and laid down My life for His sake. My fortress was My reliance on God, and My shield Mine attachment to that peerless Friend; Mine armour was Mine unfailing trust in Him, and My hosts Mine ardent hope in His grace.	3. Sa kabila ng lahat nito, tumayo Ako laban sa Aking mga kaaway nang kasinghayag ng araw at humarap sa mga nananahan sa makalangit na kaharian nang kasinliwanag ng buwan. Ni isang saglit ay hindi Ko sinikap iligtas ang sarili Kong buhay, at ni isang sandali ay hindi Ko hinabol ang sarili Kong kaluwagan at ginhawa. Inialay Ko ng Aking kaluluwa sa landas ng Aking Minamahal at ibinigay ang Aking buhay alang-alang sa Kaniya. Ang Aking kuta ay ang pagsalig Ko sa Diyos, at ang Aking kalasag ay ang pagmamahal Ko sa walang-kahalintulad na Kaibigang iyon; ang Aking baluti ay ang di-nagbabago Kong pagtitiwala sa Kaniya, at ang Aking mga hukbo ay ang maalab Kong pag-asam sa Kaniyang pagpapala.
4. At length My revelation aroused the envy of My foes and elicited the rancour of the malicious. O My Rasúl! Wert thou to gaze with a keen and discerning eye, thou wouldst behold all things—yea, verily, even the denizens of the Realm on high—sharing in Mine anguish and sorrow. O Rasúl! The oppressive gloom of satanic envy hath concealed the resplendent Morn of the spirit, and the darksome veils of malice have obscured the refulgent rays of the Day-Star of eternal holiness.	4. Sa kalaunan ang Aking Rebelasyon ay pumukaw sa inggit ng Aking mga kaaway at umani ng matinding poot mula sa masasama. O Aking Rasúl! Kung ikaw ay titingin gamit ang matalas at kumikilatis na mata, iyong mapagmamasdan ang lahat ng bagay—oo, sa katunayan, kahit ang mga nananahan sa Kaharian sa kaitaasan—na nakikiramay sa Aking pighati at kalungkutan. O Rasúl! Ang nakasasakal na lagim ng malademonyong inggit ay naitago ang maningning na Umaga ng espiritu, at ang madidilim na mga lambong ng masamang hangarin ay nagpalabo sa kumikinang na mga sinag ng Bituing-Araw ng kabanalang walang maliw.
5. At this present hour the Ancient King hath purposed to take leave of this wayward people. Yet none knoweth whether, even after His departure, this Essence of God's mercy will be spared the sting of these venomous serpents, as was clearly witnessed after His first banishment.	5. Sa kasalukuyang oras na ito ay nilalayan ng Napakatandang Kagandahan ang lisanin itong suwail na sambayanang. Subalit walang nakababatid kung matapos Niyang humayo ay makaliligtas itong Diwa ng habag ng Diyos mula sa tuklaw nitong makamandag na mga ahas, tulad ng malinaw na nasaksihan pagkaraan ng Kaniyang unang pagkapatapon.
6. O Rasúl! Canst thou perceive the plight of this wronged and banished Soul Who findeth Himself sore tried by two contending peoples, and Who hath neither the pity of His foes nor the compassion of His friends? I swear by My Beauty that the afflictions I suffer at the hands of Mine enemies are a hundred thousand times easier to bear! Render thanks unto God that thou art not fully acquainted with the condition of Him Who is the Eternal King and that which He hath been made to suffer. These indeed are days whose like the eye of creation hath never seen.	6. O Rasúl! Batid mo ba ang suliranin nitong Kaluluwang pinagkasalahan at ipinatapon na natagpuan ang Kaniyang sariling malupit na sinusubok ng dalawang magkalaban na sambayanan, at wala ni ang awa ng Kaniyang mga kaaway ni ang malasakit ng Kaniyang mga kaibigan? Isinusumpa Ko sa Aking Kagandahan na ang mga pahirap na dinanas Ko sa mga kamay ng Aking mga kaaway ay mas madaling tiisin nang daan-libong ulit! Magpasalamat sa Diyos na hindi mo lubos na nababatid ang kalagayan Niya na Siyang Haring Walang-maliw at ang ipinalasap sa Kaniya. Ito sa katunayan ang mga araw na ang kahalintulad nito ay hindi pa nakita ng mata ng kinapal.
7. Strive, then, that thou mayest forsake the path of illusion and imitation and gain admittance into the realm of inner vision and the kingdom of spiritual discoveries. For in these days all are bewildered in the drunkenness of ignorance, save those whom thy Lord hath willed to spare. Some consider the fading mirage to be the billowing ocean and reckon the impenetrable darkness as the radiant morn. Others, having forsaken the river of	7. Magsumikap, kung gayon, upang iyong magawang lisanin ang landas ng guniguni at paggaya at magawang makapasok sa kaharian ng panloob na paningin at ng kaharian ng espiritwal na mga katuklasan. Sapagkat sa mga araw na ito ang lahat ay tuliro sa pagkalasing sa kamangmangan, liban lamang sa niloloob ng Panginoon na iligtas. Ipinagpapalagay ng ilan na ang naglalahong ilusyon ay ang dumadaluyong na karagatan

eternal life, content themselves with a vanishing drop. Such is the state and condition of the people: “Thus have We created the souls in divers conditions.” ²¹	at itinuturing ang napakatinding karimlan bilang nagniningning na umaga. Ang mga iba, yamang nilisan na ang ilog ng walang-hanggang buhay, ay nasisiyahan na ang kanilang mga sarili sa naglalahong patak. Ganoon ang kinahinatnan at kalagayan ng mga tao: “Sa gayon ay nilikha Namin ang mga kaluluwa sa magkakaibang mga kalagayan.” ²¹
8. As to thee, O Rasúl, shouldst thou wish to take flight in the atmosphere of My love, it behoveth thee to soar above the kingdoms of earth and heaven and all that they contain, that thou mayest attain the paradise of the good-pleasure of the All-Glorious. Well is it with them that have entered therein!	8. At ukol naman sa iyo, O Rasúl, kung iyong ninanais ang lumipad sa himpapawid ng Aking pag-ibig, kailangan mong pumailanglang sa itaas ng mga kaharian ng lupa at langit at ng lahat ng kanilang nilalaman, nang upang iyong marating ang paraiso ng mabuting kaluguran ng Lubos na Maluwalhati. Mabuti para sa kanilang mga nakapasok na roon!
– 31 –	– 31 –
Lawḥ-i-Maryam	Lawḥ-i-Maryam
(Tablet to Maryam)	(Tableta kay Maryam)
<i>Sorrowful is He at My sorrows.</i>	<i>Nagdadalamhati Siya sa Aking mga dalamhati.</i>
1. O Maryam! The wrongs which I suffer have blotted out the wrongs suffered by My First Name ²² from the Tablet of creation. The clouds of divine decree have at every moment rained down upon this manifest Beauty the showers of tribulation. My banishment from My homeland was for the sake of none but the Beloved; My exile was in no other path save that of His good-pleasure. In the midst of heaven-sent trials I glowed bright as a candle, and in the face of divinely ordained afflictions I stood as firm as a mountain. In manifesting the outpourings of His grace I was even as a bounteous cloud, and in laying hold on the foes of the peerless King I was even as a burning flame.	1. O Maryam! Ang mga kasalanang ipinadanas sa Akin ay bumura sa mga kasalanang pinalasap sa Aking Unang Pangalan ²² mula sa Tableta ng kinapal. Ang mga ulap ng banal na kautusan ay nagpaulan sa bawat sandali sa hayag na Kagandahang ito ng mga ulan ng pahirap. Ang pagkapatapon Ko mula sa Aking inang-bayan ay alang-alang sa walang iba kundi sa Minamahal; ang Aking pagkadisteryo ay sa walang ibang landas liban sa Kaniyang mabuting kaluguran. Sa kalagitnaan ng mga pagsubok na ipinadala ng langit, Ako ay nagniningning nang tulad ng isang kandila at sa harap ng mga pahirap na itinalaga ng Maykapal, Ako ay nakatayong matatag nang tulad ng bundok. Sa paghahayag ng mga pagbuhos ng Kaniyang biyaya, Ako ay naging tulad ng isang masaganang ulap, at sa pagsagupa sa mga kaaway ng Haring walang kahalintulad, Ako ay tulad ng nagliliyab na apoy.
2. The clear tokens of My power roused the envy of My foes, and the compelling evidences of My wisdom stirred the hatred of the malevolent: Not a single night did I repose in peace; not a single morn did I awake in tranquillity. I swear by the beauty of God that Ḥusayn ²³ shed tears of anguish at the wrongs I suffered and Abraham cast Himself into the flames for the sake of the afflictions I sustained. Wert thou to gaze with discernment, thou wouldst behold the Eye of Grandeur weeping sore beneath the tabernacle of sanctity, and the Essence of Majesty lamenting within the realms of loftiness. Unto this beareth witness the Tongue of truth and glory.	2. Ang malinaw na mga tanda ng Aking Kapangyarihan ay pumukaw sa inggit ng Aking mga kaaway, at ang kapani-paniwalang mga katibayan ng Aking karunungan ay gumising sa poot ng masasamang-loob: Ni isang gabi ay hindi Ako nakapahinga nang tahimik; ni isang umaga ay hindi Ako nagising sa katiwasayan. Isinusumpa Ko sa kagandahan ng Diyos na dumaloy ang mga luha ng pighati mula kay Ḥusayn ²³ dahil sa mga kasalanang pinalasap sa Akin at inihagis ni Abraham ang Kaniyang sarili sa apoy dahil sa mga pahirap na dinanas Ko. Kung ikaw ay titingin nang may pag-unawa, iyong makikita ang Mata ng Karingalan na matinding umiiyak sa ilalim ng tabernakulo ng kabanalan, at ang Pinakadiwa ng Kamahalan ay nananaghoy sa loob ng mga kaharian ng kataasan.

²¹ Ihambing sa Qur’án 71:14.

²² Ang Báb.

²³ Imám Ḥusayn.

	Sumasaksi rito ang Dila ng katotohanan at kaluwalthatian.
3. O Maryam! From the land of Tā,^[24] after countless afflictions, We reached ‘Irāq, at the bidding of the Tyrant of Persia,^[25] where, after the fetters of Our foes, We were afflicted with the perfidy of Our friends. God knoweth what befell Me thereafter! At length, abandoning My home and all that was therein, and renouncing My life and all that pertained thereunto, I retired alone and companionless. I roamed the wilderness of resignation, travelling in such wise that in My exile every eye wept sore over Me, and all created things shed tears of blood because of My anguish. The birds of the air were My companions and the beasts of the field My associates. In such wise did I, even as the flash of the spirit, pass over this fleeting world. For two years or rather less, I shunned all else but God, and closed Mine eyes to all except Him, that haply the fire of hatred may die down and the heat of jealousy abate.	3. O Maryam! Mula sa lupain ng Tā,²⁴ pagkaraan ng di-mabilang na mga pahirap, dumating Kami sa ‘Irāq, sang-ayon sa iniutos ng Maniniil ng Persiya,²⁵ kung saan, pagkatapos ng mga tanikala sa paa buhat sa Aming mga kaaway, pinahirapan naman Kami ng pagsasalawahan ng Aming mga kaibigan. Batid ng Diyos kung ano ang sumapit sa Akin pagkatapos noon! Sa kalaunan sa paglisan sa Aking tahanan at ng lahat ng naroroon, at sa pagtalikod sa Aking buhay at sa lahat ng nauugnay roon, Ako ay lumayo nang nag-iisa at walang kasama. Gumala ako sa kagubatan ng pagpapasadiyos, naglalakbay sa gayong paraan na ang bawat mata ay lumuluha nang matindi sa Aking pagkapatapon, at ang lahat ng nilikhang bagay ay lumuluha ng dugo dahil sa Aking dalamhati. Ang mga ibon sa himpapawid ang Aking mga kasama at ang mga hayop sa parang ang Aking mga kahalubilo. Sa gayong paraan, tulad ng kisap ng espiritu, ay nagdaan Ako sa naglalahong daigdig na ito. Sa loob ng dalawang taon o kulang doon, iniwasan Ko ang lahat liban sa Diyos, at ipinikit ang Aking mga mata sa lahat liban sa Kaniya, nang sakaling ang apoy ng poot ay humupa at ang init ng inggit ay humina.
4. O Maryam! To divulge the heavenly secrets would be unbefitting, and to disclose the celestial mysteries would be unseemly. By “secrets” is meant naught other than the treasures enshrined within Mine own Being. By the righteousness of God! I have borne what no man, be he of the past or of the future, hath borne or will bear.	4. O Maryam! Ang isiwalat ang makalangit na mga lihim ay hindi nararapat, at ang ibunyag ang makalangit na mga hiwaga ay hindi angkop. Ang kahulugan ng “mga lihim” ay walang iba kundi ang mga kayamanang nadadambana sa Aking angking Sarili. Saksi ang pagkamatuwid ng Diyos! Aking binatâ yaong hindi binatâ o babatahin ng sinumang tao, maging noong nakaraan o sa hinaharap.
5. During this period of retirement none, whether among My brothers or any other soul, sought to investigate the matter, let alone to grasp its significance, though its import surpasseth the creation of earth and heaven. And yet, I swear by God, every breath drawn in the course of My journey was better than the service of both worlds, and my very retreat was the mightiest testimony and the most perfect and conclusive evidence. Yea, true vision is needed, if one is to behold the Scene of transcendent glory, inasmuch as the blind one is deprived of beholding his own countenance, much less the Countenance of eternal holiness. How can a mere shadow comprehend the One Who casteth it? How can a handful of clay grasp the subtle reality of the heart?	5. Sa panahong ito ng pagretiro, wala mula sa Aking mga kapatid o ng alinmang ibang kaluluwa, ang nagsumikap na saliksikin ang bagay na ito, lalo nang hindi unawain ang kahulugan niyon, bagaman ang kahalagahan niyon ay higit pa sa paglalang ng lupa at langit. At gayumpaman ay isinusumpa Ko sa Diyos na ang bawat hininga sa paglalakbay Kong iyon ay higit na mabuti pa kaysa sa paglilingkod sa kapuwa daigdig, at ang Aking mismong pagretiro ay ang pinakamatibay na patotoo at ang pinakaganap at kapani-paniwalang katibayan. Oo, tunay na paningin ang kinakailangan, upang makita ang Tagpo ng nangingibabaw na kaluwalthatian, yamang ang bulag ay hindi nakikita ang sarili niyang mukha, lalo nang hindi ang Mukha ng kabanalang walang-maliw. Paano mauunawaan ng pawang anino lamang ang Siyang pinagmulan ng aninong iyon? Paano mauunawaan ng isang dakot ng luwad ang pinong realidad ng puso?
6. At last the divine decree prompted certain spiritual souls to remember this Canaanite Youth.^[26] Armed with a number of petitions, they searched in every place and enquired from every person, until they	6. Sa wakas pinukaw ng banal na kautusan ang tanging mga kaluluwang espiritalwal upang maalala itong Kabataang taga-Canaan.²⁶ Nasasandatahan ng ilang mga pagsamo, naghanap sila sa bawat lugar at nagtanong

²⁴ Tīhrān.

²⁵ Nāṣiri’ d-Din Shāh.

²⁶ Joseph.

found in a mountain cave a trace of this traceless One. He, verily, guideth all things unto the Straight Path.^[27] I swear by the Day-Star of eternal truth that the arrival of these souls so astonished and amazed this poor and exiled Soul that My pen is powerless to describe it. Perchance a steel-sharp pen will emerge from the realm of eternity, rend the veils asunder, and reveal these secrets with perfect truth and absolute sincerity; or haply an eloquent tongue will speak and bring forth the pearls of the spirit from the shell of silence. And this indeed would not be hard of accomplishment for God. In brief, the hand of Him Who is the Unconstrained broke the seal of the mysteries—this, however, none can perceive save them that are endued with true understanding, nay rather, them that have severed themselves from all things.	mula sa bawat tao, hanggang sa natagpuan nila sa isang yungib sa kabundukan ang isang bakas Niya na walang bakas. Siya, sa katunayan, ay gumagabay sa lahat ng bagay patungo sa Tuwid na Landas.²⁷ Isinusumpa Ko sa Bituing-Araw ng katotohanang walang-maliw na ang pagdating ng mga kaluluwang ito ay lubusang nakagulat at nakagitla sa kahabag-habag at ipinatapon na Kaluluwang ito na hindi kayang ilarawan ng Aking panulat. Baka sakaling may panulat na kasintalim ng bakal ang lilitaw mula sa kaharian ng kawalang-hanggan, pupunitin ang mga lambong, at ihahayag ang mga lihim na ito nang may ganap na katotohanan at lubos na katapatan; o baka sakaling ang matatas na dila ay magwiwika at ilalabas ang mga perlas ng espiritu mula sa kabibi ng katahimikan. At ito sa katunayan ay hindi mahirap isagawa ng Diyos. Sa maikling salita, ang Kamay Niya na Di-napipigilan ang bumasag sa selyo ng mga hiwaga—ito, gayumpaman, ay walang nakababatid liban sa kanilang mga pinagkalooban ng tunay na pag-unawa, hindi lamang iyon, sa halip ay silang mga iniwalay ang kanilang mga sarili mula sa lahat ng bagay.
7. So it was that the Luminary of the world returned to ‘Irāq, where We found no more than a handful of souls, faint and dispirited, nay utterly lost and dead. The Cause of God had ceased to be on any one’s lips, nor was any heart receptive to its message. This lowly Servant arose then with such vigour to protect and promote the Cause of God that methinks a new resurrection was ushered in. The glory of the Cause became manifest in every town and its fair name exalted in every city, to such an extent that all the rulers treated it with tolerance and benevolence.	7. Sa gayon ang Tanglaw ng daigdig ay bumalik sa ‘Irāq, kung saan ang natagpuan lamang Namin ay isang dakot ng mga kaluluwa, matamlay at nanghihina, hindi lamang iyon, ganap na naglaho at patay na. Ang Kapakanan ng Diyos ay hindi na matagpuan sa kaninumang labi, ni wala ring pusong handang tumanggap sa mensahe nito. Ang hamak na Tagapaglingkod na ito ay bumangon sa gayon nang taglay ang ganoong sigla upang pangalagaan at itaguyod ang Kapakanan ng Diyos na waring nagkaroon ng panibagong muling pagkabuhay. Ang luwalhati ng Kapakanan ay naging hayag sa bawat bayan at ang magandang reputasyon nito ay dinakila sa bawat lungsod, sa gayong antas na ang lahat ng mga namumuno ay pinakitunguhan ito nang mapagparaya at nang may kabutihan.
8. O Maryam! The determination evinced by this Servant to withstand the onslaught of His foes from every sect and kindred so deepened their rancour that it can scarcely be depicted or imagined. Thus was it ordained by the Lord of might and power.	8. O Maryam! Ang pagtitikang ipinamalas ng Tagapaglingkod na ito upang mapaglaban ang pagsalakay ng Kaniyang mga kaaway mula sa bawat sekta at angkan ay lubhang nagpalalim sa kanilang poot na halos hindi ito mailarawan o magunita. Ganoon ang itinalaga ng Panginoon ng lakas at kapangyarihan.
9. O Maryam! The Pen of the Ancient of Days proclaimeth: Among the foremost duties prescribed is to cleanse one’s heart of all but God. Sanctify then thy heart from aught save the Friend, that thou mayest be made worthy to enter the court of communion.	9. O Maryam! Ang panulat ng Napakatanda sa mga Araw ay nagpapahayag: Kabilang sa pangunahing mga tungkulin ay ang linisin ang sariling puso mula sa lahat liban sa Diyos. Dalisayin kung gayon ang iyong puso mula sa lahat liban sa Kaibigan, upang ikaw ay maging karapat-dapat na pumasok sa korte ng pakikipagniig.
10. O Maryam! Free thyself from the fetters of blind imitation, that thou mayest gain admittance into the blissful realm of detachment. Sever thy heart from the world and all that is therein, that thou mayest attain to the sovereign rule of faith and be not debarred from the	10. O Maryam! Palayain ang iyong sarili mula sa mga tanikala ng bulag na paggaya, upang ikaw ay makapasok sa napakaligayang kaharian ng pagkawalay. Putulin ang pagmamahal ng iyong puso sa daigdig at sa lahat ng naroroon, upang iyong makamtan ang

Sanctuary of the All-Merciful. Through the power of renunciation, rend asunder the veil of idle fancy and enter the hallowed retreats of certitude.	naghaharing pamumuno ng pananalig at hindi masarhan mula sa Santuwaryo ng Mahabagin sa Lahat. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagtalikod, punitin ang lambong ng walang-kabuluhang hinagap at pumasok sa banal na mga kanlungan ng katiyakan.
11. O Maryam! Though a tree be laden with a myriad leaves and fruits, a gust of autumnal wind sufficeth to obliterate them all. Remove not, then, thy gaze from the very root of the Tree of Divinity and the branch of the Lote-Tree of celestial glory. Consider the ocean, how serene it lieth, how majestically it reposeth within its bed. Yet the winds of the will of the eternal Beloved cause countless ripples and innumerable swells to appear upon its surface, each wave distinct and divergent from the others. All the peoples of the world today are preoccupied with the ebb and flow of these waves, and are oblivious of the stupendous might of that Sea of seas whose every movement layeth bare the signs of Him Who is the Unconstrained.	11. O Maryam! Bagaman ang isang puno ay hitik sa napakaraming dahon at mga bunga, gayumpaman ang isang hihip ng hangin ng taglagas ay sapat na upang pawiin itong lahat. Huwag alisin, kung gayon, ang iyong pagtitig sa mismong ugat ng Puno ng Poong Maykapal at sa sanga ng Punong-Lote ng makalangit na luwalhati. Isipin ang dagat, kung anong tahimik nito, kung anong dingal ito nakahimlay. Gayumpaman ang mga hangin ng kalooban ng walang-maliw na Minamahal ay nagsasanhi ng paglitaw ng di-mabilang na mga alon at walang-katapusang pagdaluyong sa ibabaw nito, na ang bawat alon ay naiiba at bukod sa lahat ng iba. Ang lahat ng tao ng daigdig ay abala sa panahong ito sa paghupa at pagtaas ng mga along ito, at walang kamalayan sa napakatinding lakas niyong Dagat ng mga dagat na ang bawat pagkilos niyon ay nagsiwalat ng mga tanda Niya na Siyang Di-napipigilan.
12. Commune, O Maryam, with the Spirit of the All-Merciful and, shunning the company and kinship of the Evil One, seek shelter within the inviolable protection of the Lord of bounty, that haply the hand of His loving-kindness may deliver thee from the path of selfish pursuits and direct thy steps towards the realm of transcendent glory.	12. Makipagniig, O Maryam, sa Espiritu ng Mahabagin sa Lahat at, samantalang inihiwasan ang pakikisama at pakikipag kamag-anak sa Kaniya na Masama, sikaping magkanlong sa loob ng di-malansag na pangangalaga ng Panginoon ng biyaya, nang upang ang kamay ng Kaniyang mapagmahal na kabaitan ay magligtas sa iyo mula sa landas ng makasariling mga gawain at maidako ang iyong mga yapak tungo sa kaharian ng nangingibabaw na luwalhati.
13. Abandon these fleeting shadows, O Maryam, and turn towards the Day-Star of unfading splendour. Every shadow oweth its existence and motion to the presence of the sun; for were the latter to withhold its grace for a single moment, all things would sink beneath the veil of non-existence. How sad and regrettable indeed that one should occupy oneself with the transitory things of this world and be debarred from the Dayspring of eternal holiness!	13. Lisanin itong naglalahong mga anino, O Maryam, at bumaling tungo sa Bituing-Araw ng karingalang walang-maliw. Utang ng bawat anino ang pag-iral at pagkilos nito sa pagsikat ng araw; sapagkat kung ipagkakait ng huling nabanggit ang biyaya nito nang kahit isang saglit, ang lahat ng bagay ay lulubog sa ilalim ng lambong ng hindi pag-iral. Napakalungkot at nakapagsisisi kung pagkakaabalahan ng isang tao ang naglalahong mga bagay ng daigdig na ito at mapipigilan mula sa Pamimitak ng kabanalang walang-maliw.
14. O Maryam! Appreciate the value of these days, for erelong thou shalt no longer behold the Celestial Youth in this contingent realm, but shalt perceive the signs of grief in all created things. Soon shall ye bite your fingers' ends in remorse, for ye shall fail to find this Youth, even were ye to search out the reaches of earth and heaven. Thus hath the decree been sent down from the realm of transcendent glory. Yea, erelong thou shalt behold all existence biting its fingers in bereavement over this Youth, and, search as it may through the entirety of every earth and every heaven, yet will it fail to attain His presence.	14. O Maryam! Alamin ang kahalagahan ng mga araw na ito, sapagkat di-magtatagal ay hindi mo na makikita ang Makalangit na Kabataan sa walang-katiyakang daigdig na ito, bagkus ay makikita ang mga palatandaan ng kalungkutan sa lahat ng nilikhang bagay. Di-magtatagal ay kakagatin ninyo ang mga dulo ng inyong mga daliri sa pagsisisi, sapagkat hindi na ninyo matatagpuan ang Kabataang ito, kahit pa halughugin man ninyo ang kasuluk-sulukan ng lupa at langit. Sa gayon ay ipinababa ang utos mula sa kaharian ng nangingibabaw na luwalhati. Oo, di-magtatagal ay iyong makikita na ang buong sangnilikha ay kinakagat ang mga daliri nito sa pangungulila sa Kabataang ito, at maghanap pa man sila sa kabuuan ng bawat lupa at bawat langit, gayumpaman ay mabibigo silang makarating sa Kaniyang kinaroroonan.

15. In brief, matters have come to such a pass that this Servant hath resolved to retire alone from the midst of this wretched people. Apart from the women of the Household who must needs remain with Me, I shall admit no one else to Our company, not even the attendants of My consort. Let us see then what God hath purposed. I depart, whilst My companions are the tears I shed and Mine associates the sighs I utter; My solace is My pen and the delight of My soul is Mine own beauty; My hosts are My reliance upon God and Mine armies are My trust in Him. Thus have We imparted unto thee a measure of the mysteries of this matter, that thou mayest be of them that apprehend.	15. Sa maikling salita, ang mga bagay ay dumating na sa ganoong gusot na ipinasiya nitong Tagapaglingkod na lisanin nang mag-isa ang piling nitong imbing mga tao. Liban sa mga babae ng Tahanan na kailangang manatili sa piling Ko, ay wala na Akong tatanggapin bilang Aming mga kasamahan, kahit pa mga katulong ng Aking kabiyak. Tingnan natin sa gayon kung ano ang nilayon ng Diyos. Ako ay aalis, samantalang ang Aking mga kasama ay ang pumapatak Kong mga luha at ang Aking mga kaugnayan ay ang Aking mga buntong-hininga; ang Aking pang-aliw ay ang Aking panulat at ang kaluguran ng Aking kaluluwa ay ang Aking sariling kagandahan; ang Aking mga hukbo ay ang Aking pagsalig sa Diyos at ang Aking mga kawal ay ang Aking pagtitiwala sa Kaniya. Sa gayon ay ibinahagi Namin sa iyo ang isang sukat ng mga hiwaga ng bagay na ito, upang ikaw ay mapabilang sa yaong mga nakauunawa.
16. O Maryam! All the waters of the world and its rivers have flowed from the eyes of this Youth, which, even as the clouds, have rained down their tears at the wrongs He hath suffered. In short, We have ever offered up Our life and soul in the path of the Beloved, and We are thankful and content in the face of whatever may befall Us. At one time My head was raised aloft on a spear, and at another it fell into the hands of My deadly enemy. At one time I was cast into the fire, and at another I was suspended in the air. Such indeed hath been the treatment that the ungodly have meted out to Us.	16. O Maryam! Ang lahat ng mga tubig ng daigdig at ang mga ilog nito ay dumaloy na mula sa mga mata ng Kabataang ito, na tulad ng mga ulap, ay nagpaulan ng mga luha dahil sa mga kasalanang ipinalasap sa Kaniya. Sa maikling salita, patuloy Naming iniaalay ang Aming buhay at kaluluwa sa landas ng Minamahal, at Kami ay nagpapasalamat at nasisiyahan sa harap ng anumang sumapit sa Amin. Sa isang panahon, ang Aking ulo ay itinaas sa dulo ng tabak, at sa isa pang panahon ito ay napasakamay ng Aking nakamamatay na kaaway. Sa isang panahon Ako ay inihagis sa apoy, at sa iba pang panahon Ako ay ibinitin sa ere. Ganoon sa katunayan ang pakikitungong ipinakita sa Amin ng mga hindi makadiyos.
17. O Maryam, We have called this Tablet “the choicest of lamentations” and “the vernal shower of tears”. We have dispatched it unto thee that thou mayest weep, at thy heart’s ease, and share in the agonies and afflictions of the Ancient Beauty.	17. O Maryam, tinagurian Namin ang Tabletang ito, “ang pinakapiling pagdadalamhati” at “ang tagsibol na ulan ng mga luha”. Ipinadala Namin ito sa iyo upang ikaw ay magtangis, sa kaluwagan ng iyong puso, at nang makibahagi sa mga dalamhati at mga pagdurusa ng Napakatandang Kagandahan.
– 32 –	– 32 –
Kitáb-i-‘Ahd	Kitáb-i-‘Ahd
(Book of the Covenant)	(Aklat ng Kasunduan)
1. Although the Realm of Glory hath none of the vanities of the world, yet within the treasury of trust and resignation We have bequeathed to Our heirs an excellent and priceless Heritage. Earthly treasures We have not bequeathed, nor have We added such cares as they entail. By God! In earthly riches fear is hidden and peril is concealed. Consider ye and call to mind that which the All-Merciful hath revealed in the Qur’án: “Woe betide every slanderer and defamer, him that layeth up riches and counteth them.”^[28] Fleeting are the riches of the world; all that perisheth and changeth is not, and hath never been, worthy of attention, except to a recognized measure.	1. Kahiman ang Kaharian ng Kaluwalhatian ay wala noong mga karangyaan ng daigdig, gayumpaman sa loob ng ingatang-yaman ng pagtitiwala at ganap na pagsang-ayon ng kalooban ay ipinamana Namin sa Aming mga tagapagmana ang isang napakahusay at walang-kasinghalagang pamana. Ang mga kayamanan ng daigdig ay hindi Namin ipinamana, ni hindi rin Namin idinagdag ang gayong mga alalahanin na kakailanganin ng mga ito. Saksi ang Diyos! Sa makalupang kayamanan ang takot ay natatago at ang panganib ay nalilihim. Nilay-nilayin ninyo at alalahanin yaong ipinahayag ng Lubos na Mahabagin sa Qur’án: “Kapighatian ang mararanasan ng bawat nagsisinungaling at naninirang-puri, siya na maimot na nag-iimpok ng mga kayamanan at nagbibilang ng mga

	iyon.”²⁸ Panandalian ang mga kayamanan ng daigdig; ang lahat ng naglalaho at nagbabago ay hindi, at kailanman ay hindi, naging karapat-dapat sa pagpapahalaga, liban lamang sa isang naitakdang sukat.
2. The aim of this Wronged One in sustaining woes and tribulations, in revealing the Holy Verses and in demonstrating proofs hath been naught but to quench the flame of hate and enmity, that the horizon of the hearts of men may be illumined with the light of concord and attain real peace and tranquillity. From the dawning-place of the divine Tablet the day-star of this utterance shineth resplendent, and it behoveth everyone to fix his gaze upon it: We exhort you, O peoples of the world, to observe that which will elevate your station. Hold fast to the fear of God and firmly adhere to what is right. Verily I say, the tongue is for mentioning what is good, defile it not with unseemly talk. God hath forgiven what is past. Henceforward everyone should utter that which is meet and seemly, and should refrain from slander, abuse and whatever causeth sadness in men. Lofty is the station of man! Not long ago this exalted Word streamed forth from the treasury of Our Pen of Glory: Great and blessed is this Day—the Day in which all that lay latent in man hath been and will be made manifest. Lofty is the station of man, were he to hold fast to righteousness and truth and to remain firm and steadfast in the Cause. In the eyes of the All-Merciful a true man appeareth even as a firmament; its sun and moon are his sight and hearing, and his shining and resplendent character its stars. His is the loftiest station, and his influence educateth the world of being.	2. Ang layunin Niya na Pinagkasalahang ito sa pagbabata ng mga pighati at mga paghihirap, sa pagpapahayag ng mga Banal na Bersikulo at sa pagpapakita ng mga katibayan ay walang iba kundi ang pawiin ang lagablab ng pagkamuhi at poot, upang ang guhit-tagpuan ng mga puso ng tao ay maliwanagan ng liwanag ng pagkakasundo at matamo ang tunay na kapayapaan at katiwasayan. Mula sa pook ng bukang-liwayway ng banal na Tableta ang bituing-araw ng pananalitang ito ay buong-dingal na nagniningning, at nararapat sa bawat isa na ituon ang kaniyang paningin dito. Pinapayuhan Namin kayo, O mga tao ng daigdig, na gawin yaong makapagpapataas ng inyong katayuan. Mangapit nang mahigpit sa takot sa Diyos at matatag na panindigan yaong tumpak. Tunay na sinasabi Ko, ang dila ay para sa pagbanggit ng kabutihan, huwag itong dungisan ng hindi kanais-nais na pananalita. Pinatawad na ng Diyos ang nakaraan. Mula ngayon ang bawat isa ay dapat sabihin yaong karapat-dapat at kanais-nais, at dapat magpigil sa paninirang-puri, pagmamalabis at anumang makapagdudulot ng kalungkutan sa mga tao. Lubhang marangal ang katayuan ng tao! Hindi pa natatagalan na ang dakilang Salita na ito ay dumaloy mula sa ingatang-yaman ng Aming Panulat ng Kaluwalhatian: Dakila at pinagpala ang Araw na ito—ang Araw nang ang lahat ng natatago sa loob ng tao ay ibinunyag at gagawaing mabunyag. Napakataas ang katayuan ng tao, kung siya ay mahigpit na mangangapit sa katarungan at katotohanan at mananatiling matatag at matapat sa Kapakanan. Sa mga mata ng Lubos na Mahabagin, ang tunay na tao ay nagmimistulang isang kalangitan; ang araw at buwan nito ay ang kaniyang paningin at pandinig, at ang kaniyang nagniningning at kumikinang na ugali ang mga bituin nito. Nasa sa kaniya ang pinakamatayog na katayuan, at ang kaniyang impluwensiya ang magtuturo sa daigdig ng nilikha.
3. Every receptive soul who hath in this Day inhaled the fragrance of His garment and hath, with a pure heart, set his face towards the all-glorious Horizon is reckoned among the people of Bahá in the Crimson Book. Grasp ye, in My Name, the chalice of My loving-kindness; drink then your fill in My glorious and wondrous remembrance.	Ang bawat kaluluwang handang tumanggap na nakalanghap ng halimuyak ng Kaniyang damit sa Araw na ito at, nang may dalisay na puso na nagbaling ng kaniyang mukha tungo sa maluwalhati sa lahat na Guhit-tagpuan, ay ipinalagay na kabilang sa mga tao ni Bahá sa loob ng Krimson na Aklat. Hawakan ninyo, sa Aking Ngalan, ang kalis ng Aking mapagmahal na kagandahang-loob, at inumin, kung gayon, ang inyong bahagi sa Aking maluwalhati at kamangha-manghang alaala.
4.	

O ye that dwell on earth! The religion of God is for love and unity; make it not the cause of enmity or dissension. In the eyes of men of insight and the beholders of the Most Sublime Vision, whatsoever are the effective means for safeguarding and promoting the happiness and welfare of the children of men have already been revealed by the Pen of Glory. But the foolish ones of the earth, being nurtured in evil passions and desires, have remained heedless of the consummate wisdom of Him Who is, in truth, the All-Wise, while their words and deeds are prompted by idle fancies and vain imaginings.	O kayong mga nananahan sa daigdig! Ang relihiyon ng Diyos ay para sa pag-ibig at pagkakaisa, huwag itong gawing sanhi ng pagkamuhí o pagtatalo. Sa mga mata ng mga taong may malinaw na pagkaunawa at sa mga nakakita sa Pinakadakilang Pangitain, anuman ang mabisang mga pamamaraan ng pangangalaga at pagtataguyod ng kaligayahan at kagalingan ng mga anak ng tao ay naipahayag na ng Panulat ng Kaluwalhatian. Ngunit ang mga hangal ng daigdig, dahil sa pinalaki sa masasamang simbuyo ng damdamin at hangarin, ay nananatiling pabaya sa ganap na karunungan Niya, na sa katotohanan, ay Siyang Lubos na Marunong, samantalang ang kanilang mga salita at mga gawa ay inuudyukan ng mga walang-kabuluhang guniguni at walang-saysay na mga haka-haka.
5.	
O ye the loved ones and the trustees of God! Kings are the manifestations of the power, and the daysprings of the might and riches, of God. Pray ye on their behalf. He hath invested them with the rulership of the earth and hath singled out the hearts of men as His Own domain.	O kayong mga minamahal at mga pinagkakatiwalaan ng Diyos! Ang mga hari ay ang mga kahayagan ng lakas, at ang mga panimulang-bukal ng kapangyarihan at kayamanan ng Diyos. Manalangin kayo para sa kanila. Ipinagkaloob Niya sa kanila ang pamumuno sa daigdig at pinili Niya ang mga puso ng tao para sa Kaniyang Sariling kaharian.
6.	
Conflict and contention are categorically forbidden in His Book. This is a decree of God in this Most Great Revelation. It is divinely preserved from annulment and is invested by Him with the splendour of His confirmation. Verily He is the All-Knowing, the All-Wise.	Ang pag-aaway at pagtatalo ay walang-pasubaling ipinagbabawal sa Kaniyang Aklat. Ito ang utos ng Diyos sa Pinakadakilang Rebelasyon na ito. Ito ay banal na pinangangalagaan mula sa pagpapawalang-bisa at pinagkalooban Niya ito ng kaluwalhatian ng Kaniyang pagpapatibay. Tunay na Siya ang Nakaaalam ng Lahat, ang Lubos na Marunong.
7.	
It is incumbent upon everyone to aid those daysprings of authority and sources of command who are adorned with the ornament of equity and justice. Blessed are the rulers and the learned among the people of Bahá. They are My trustees among My servants and the manifestations of My commandments amidst My people. Upon them rest My glory, My blessings and My grace which have pervaded the world of being. In this connection the utterances revealed in the Kitáb-i-Aqdas are such that from the horizon of their words the light of divine grace shineth luminous and resplendent.	Tungkulin ng bawat isa na tulungan yaong mga pinanggagalingan ng kapangyarihan at mga pinagmumulan ng pamumuno na nagagayakan ng palamuti ng karampatang-sukat at ng katarungan. Pinagpala ang mga pinuno at mga maalam sa mga tao ni Bahá. Sila ang Aking mga katiwala sa Aking mga tagapaglingkod at mga kahayagan ng Aking mga kautusan sa Aking mga tao. Harinawang mapasakanila ang Aking luwalhati, ang Aking mga pagpapala at ang Aking biyaya na lumaganap sa umiiral na daigdig. Kaugnay nito ang mga wikang ipinahayag sa Kitáb-i-Aqdas ay ganoon na mula sa guhit-tagpuan ng kanilang mga salita, ang liwanag ng banal na biyaya ay sumisikat nang maningning at maringal.
8.	
O ye My Branches! A mighty force, a consummate power lieth concealed in the world of being. Fix your	O kayong mga Sanga Ko! Isang makapangyarihang lakas, isang sukdulang kapangyarihan ang natatago sa umiiral na daigdig. Ituon ang inyong mga paningin dito

gaze upon it and upon its unifying influence, and not upon the differences which appear from it.	at sa nakapagbubuklod na bisa nito, at hindi sa mga pagkakaiba na lumilitaw mula rito.
9.	
The Will of the divine Testator is this: It is incumbent upon the Aghsán, the Afnán and My kindred to turn, one and all, their faces towards the Most Mighty Branch. Consider that which We have revealed in Our Most Holy Book: “When the ocean of My presence hath ebbed and the Book of My Revelation is ended, turn your faces towards Him Whom God hath purposed, Who hath branched from this Ancient Root.” The object of this sacred verse is none except the Most Mighty Branch [‘Abdu’l-Bahá]. Thus have We graciously revealed unto you Our potent Will, and I am verily the Gracious, the All-Bountiful. Verily God hath ordained the station of the Greater Branch [Mírzá Muḥammad-‘Alí] to be beneath that of the Most Great Branch [‘Abdu’l-Bahá]. He is in truth the Ordainer, the All-Wise. We have chosen “the Greater” after “the Most Great”, as decreed by Him Who is the All-Knowing, the All-Informed.	Ang Habilin ng banal na May-akda ng Testamento ay ito: Tungkulin ng mga Aghsán, ng mga Afnán at ng Aking mga kaanak na ibaling ng bawat isa at ng lahat, ang kanilang mga mukha sa Pinakamakapangyarihang Sanga. Nilay-nilayin yaong ipinahayag Namin sa Aming Pinakabanal na Aklat: “Kapag ang karagatan ng Aking pagiging kapiling ninyo ay kumati na at ang Aklat ng Aking Rebelasyon ay nagwakas na, ibaling ang inyong mga mukha sa Kaniya na nilayon ng Diyos, Siya na nagsanga mula sa Napakatandang Ugat na ito.” Ang tinutukoy ng banal na bersikulong ito ay walang iba kundi ang Pinakamakapangyarihang Sanga [‘Abdu’l-Bahá]. Samakatwid, magiliw Naming ipinahayag sa inyo ang Aming makapangyarihang Habilin, at Ako sa katunayan ang Magiliw, ang Lubos na Makapangyarihan. Tunay na itinalaga ng Diyos na ang katayuan ng Higit na Dakilang Sanga [Mírzá Muḥammad-‘Alí] ay mapasailalim doon sa Pinakadakilang Sanga [‘Abdu’l-Bahá]. Siya sa katunayan ang Nagtatalaga, ang Lubos na Marunong. Pinili Namin na ang “Higit na Dakila” ay sumunod sa “Pinakadakila”, sang-ayon sa iniatas Niya na Nakaaalam ng Lahat, ang Nakababatid ng Lahat.
10.	
It is enjoined upon everyone to manifest love towards the Aghsán, but God hath not granted them any right to the property of others.	Ipinag-uutos sa lahat na magpakita ng pagmamahal sa mga Aghsán, subalit hindi sila binigyan ng Diyos ng karapatan sa mga ari-arian ng iba.
11.	
O ye My Aghsán, My Afnán and My kindred! We exhort you to fear God, to perform praiseworthy deeds and to do that which is meet and seemly and serveth to exalt your station. Verily I say, fear of God is the greatest commander that can render the Cause of God victorious, and the hosts which best befit this commander have ever been and are an upright character and pure and goodly deeds.	O kayo na Aking mga Aghsán, Aking mga Afnán at Aking mga Kamag-anakan! Pinapayuhan Namin kayong matakot sa Diyos, gumawa ng kapuri-puring mga gawain at isagawa yaong nararapat at naaangkop na magpapadakila sa inyong katayuan. Tunay na Aking sinasabi, ang takot sa Diyos ang pinakadakilang pinuno na makapagbibigay ng tagumpay sa Kapakanan ng Diyos, at ang mga hukbo na lagi at hanggang ngayon ay nararapat sa pinunong ito ay ang matuwid na ugali at ang dalisay at mabuting mga gawa.
12.	
Say: O servants! Let not the means of order be made the cause of confusion and the instrument of union an occasion for discord. We fain would hope that the people of Bahá may be guided by the blessed words: “Say: All things are of God.” This exalted utterance is like unto water for quenching the fire of hate and enmity which smouldereth within the hearts and breasts of men. By this single utterance contending peoples and kindreds	Sabihin: O mga tagapaglingkod! Huwag tulutan ang pamamaraan ng kaayusan na maging dahilan ng kaguluhan at ang kaparaanan ng pagkakaisa na maging sanhi ng pagtatalo. Maligaya Kaming umaasa na papatnubayan ang mga tao ni Bahá ng banal na mga salitang: “Sabihin: ang lahat ng bagay ay mula sa Diyos.” Ang dakilang pahayag na ito ay tulad ng tubig na sumusugpo sa apoy ng pagkamuhi at poot na

will attain the light of true unity. Verily He speaketh the truth and leadeth the way. He is the All-Powerful, the Exalted, the Gracious.	nagbabaga sa mga puso at mga dibdib ng mga tao. Sa pamamagitan ng nag-iisang pahayag na ito, ang nag-aaway na mga tao at mga kaanak ay matatamo ang liwanag ng tunay na pagkakaisa. Tunay na Siya ay nagsasabi ng katotohanan at nag-aakay sa landas. Siya ang Lubos na Malakas, ang Dakila, ang Magiliw.
13.	
It is incumbent upon everyone to show courtesy to, and have regard for, the Aghsán, that thereby the Cause of God may be glorified and His Word exalted. This injunction hath time and again been mentioned and recorded in the Holy Writ. Well is it with him who is enabled to achieve that which the Ordainer, the Ancient of Days, hath prescribed for him. Ye are bidden moreover to respect the members of the Holy Household, the Afnán and the kindred. We further admonish you to serve all nations and to strive for the betterment of the world.	Tungkulin ng bawat isa na magpakita ng paggalang at magkaroon ng pagpapahalaga sa mga Aghsán, upang sa ganoon ay luwalhatiin ang Kapakanan ng Diyos at dakilain ang Kaniyang Salita. Ang utos na ito ay muli't muling binanggit at itinala sa Banal na Kasulatan. Mapalad siya na makatutupad sa iniatas sa kaniya ng Nagtatalaga, ang Napakatanda sa mga Araw. Bukod dito, inaatasan kayong igalang ang mga kasapi ng Banal na Sambahayan, ang mga Afnán at ang mga kamag-anakan. Pinapaalalahanan din Namin kayong paglingkuran ang lahat ng mga bansa at magsikap para sa pagpapabuti ng daigdig.
14. That which is conducive to the regeneration of the world and the salvation of the peoples and kindreds of the earth hath been sent down from the heaven of the utterance of Him Who is the Desire of the world. Give ye a hearing ear to the counsels of the Pen of Glory. Better is this for you than all that is on the earth. Unto this beareth witness My glorious and wondrous Book. ^[29]	14. Yaong makatutulong sa pagbabago ng daigdig at sa kaligtasan ng mga sambayanan at ng mga kaanak ng kalupaan ay ipinadala na mula sa kalangitan ng pananalita Niya na Hangarin ng daigdig. Ibaling ang taingang nakikinig sa mga payo ng Panulat ng Kaluwalhatian. Higit na mabuti ito para sa inyo kaysa sa lahat ng nasa kalupaan. Sumasaksi rito ang Aking maluwalhati at kamangha-manghang Aklat. ²⁹
– 33 –	– 33 –
The Tablet of Visitation	Ang Tableta ng Pagdalaw
1. The praise which hath dawned from Thy most august Self, and the glory which hath shone forth from Thy most effulgent Beauty, rest upon Thee, O Thou Who art the Manifestation of Grandeur, and the King of Eternity, and the Lord of all who are in heaven and on earth! I testify that through Thee the sovereignty of God and His dominion, and the majesty of God and His grandeur, were revealed, and the Day-Stars of ancient splendour have shed their radiance in the heaven of Thine irrevocable decree, and the Beauty of the Unseen hath shone forth above the horizon of creation. I testify, moreover, that with but a movement of Thy Pen Thine injunction “Be Thou” hath been enforced, and God’s hidden Secret hath been divulged, and all created things have been called into being, and all the Revelations have been sent down.	1. Ang papuring nagliwayway buhat sa Iyong kamahal-mahalang Sarili, at ang kaluwalhatian ng sumikat buhat sa Iyong maningning na Kagandahan, ay nananahan sa Iyo, O Ikaw na Kapahayagan ng Kamaharlikahan, at Hari ng Kawalang-hanggan, at Panginoon ng lahat ng nasa langit at nasa lupa! Pinatutunayan ko na sa pamamagitan Mo ang paghahari ng Diyos at ang Kaniyang kaharian, at ang kamaharlikahan, at ang kamahalan ng Diyos at ang Kaniyang karingalan, ay nahayag, at ang mga Bituing-Araw ng matandang karilagan ay nagpalaganap ng kanilang ningning sa langit ng Iyong di-mababaling kautusan, at ang Kagandahan ng Di-nakikita ay sumikat sa itaas ng guhit-sugpungan ng santinakpan. Higit dito ay pinatutunayan ko na sa isa lamang kilos ng Iyong Panulat ang Iyong utos na “Ikaw ay maging” ay naipatupad, at ang nakatagong Lihim ng Diyos ay naihayag, at lahat ng nilikhang bagay ay tinawag sa pagkabuhay, at lahat ng Rebelasyon ay ipinapanaog.
2. I bear witness, moreover, that through Thy beauty the beauty of the Adored One hath been unveiled, and through Thy face the face of the Desired One hath shone forth, and that through a word from Thee Thou	2. Higit dito ay pinatutunayan ko na sa pamamagitan ng Iyong kagandahan, ang kagandahan ng Sinasamba ay inalisan ng takip, at sa pamamagitan ng Iyong mukha, ang mukha ng Hinahangad ay sumikat, at

²⁹ Itong salin ng Kitáb-i-Ahd ay unang inilathala sa *Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá'u'lláh Pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas*.

hast decided between all created things, causing them who are devoted to Thee to ascend unto the summit of glory, and the infidels to fall into the lowest abyss.	sa pamamagitan ng isang salita buhat sa Iyo, nakapamili Ka sa lahat ng mga bagay na nilalang, yaong matatapat sa Iyo ay tinulutan Mong makaakyat sa ruok ng kaluwalhatian, at ang mga walang pananampalataya ay mahulog sa pinakamalalim na bangin.
3. I bear witness that he who hath known Thee hath known God, and he who hath attained unto Thy presence hath attained unto the presence of God. Great, therefore, is the blessedness of him who hath believed in Thee, and in Thy signs, and hath humbled himself before Thy sovereignty, and hath been honoured with meeting Thee, and hath attained the good-pleasure of Thy will, and circled around Thee, and stood before Thy throne. Woe betide him that hath transgressed against Thee, and hath denied Thee, and repudiated Thy signs, and gainsaid Thy sovereignty, and risen up against Thee, and waxed proud before Thy face, and hath disputed Thy testimonies, and fled from Thy rule and Thy dominion, and been numbered with the infidels whose names have been inscribed by the fingers of Thy behest upon Thy holy Tablets.	3. Pinatutunayan ko na ang nakakilala sa Iyo ay nakakilala sa Diyos, at ang nakarating sa Iyong kinaroroonan ay nakarating sa kinaroroonan ng Diyos. Dakila samakatwid, ang pagpapala niya na nanampalataya sa Iyo, at sa Iyong mga tanda, at nagpakababa sa harap ng Iyong kapangyarihan, at naging karangalan ang pakikipagtagpo sa Iyo, at nakamtan ang mabuting kasiyahan ng Iyong kalooban, at nakaligid sa Iyo, at nakatayo sa harap ng Iyong trono. Kapighatian ay mapapasa-Kaniya na sumalansang sa Iyo, at tumanggi sa Iyo, at nagpawalang-saysay sa Iyong mga tanda, at tumutol sa Iyong paghahari, at nagbangon laban sa Iyo at nagpalalo sa harap ng Iyong mukha, at pinakipagtalunan ang Iyong mga patunay, at tumakas sa Iyong pamamahala at sa Iyong kaharian, at napabilang sa mga walang pananampalataya na ang mga pangalan ay naititik ng mga daliri ng Iyong utos sa Iyong mga banal na Tableta.
4. Waft, then, unto me, O my God and my Beloved, from the right hand of Thy mercy and Thy loving-kindness, the holy breaths of Thy favours, that they may draw me away from myself and from the world unto the courts of Thy nearness and Thy presence. Potent art Thou to do what pleaseth Thee. Thou, truly, hast been supreme over all things.	4. Pasimuyin Mo kung gayon patungo sa akin, O aking Diyos at aking Mahal, buhat sa kanang kamay ng Iyong kahabagan at Iyong mapagmahal na kaawaan, ang mga banal na hininga ng Iyong pagtatangkilik, nang upang ako'y mailayo ng mga ito mula sa aking sarili at sa daigdig patungo sa mga liwasan ng pagkalapit sa Iyo at sa Iyong kinaroroonan. May kapangyarihan Kang gumawa ng ikasisiya Mo. Tunay na Ikaw ay nakapangingibabaw sa lahat ng bagay.
5. The remembrance of God and His praise, and the glory of God and His splendour, rest upon Thee, O Thou Who art His Beauty! I bear witness that the eye of creation hath never gazed upon one wronged like Thee. Thou wast immersed all the days of Thy life beneath an ocean of tribulations. At one time Thou wast in chains and fetters; at another Thou wast threatened by the sword of Thine enemies. Yet, despite all this, Thou didst enjoin upon all men to observe what had been prescribed unto Thee by Him Who is the All-Knowing, the All-Wise.	5. Ang pag-alaala sa Diyos at ang pagpuri sa Kaniya at ang kaluwalhatian ng Diyos at ang Kaniyang karilagan, ay nananahan sa Iyo, O Ikaw na Kaniyang Kagandahan! Saksi ako na ang mata ng santinakpan ay hindi kailanman nakamalas ng isang pinagkasalahang tulad Mo. Nakalubog Ka sa lahat ng araw ng Iyong buhay sa karagatan ng mga paghihirap. May isang panahong Ikaw ay nakatanikala; sa isa pang panahon ay pinagbantaan Ka ng mga tabak ng Iyong mga kaaway. Ngunit sa kabila ng lahat ng ito, iniutos Mo sa lahat ng tao na sundin yaong sa Iyo ay iniatas Niya na Siyang Nakababatid ng Lahat, ang Lubos na Marunong.
6. May my spirit be a sacrifice to the wrongs Thou didst suffer, and my soul be a ransom for the adversities Thou didst sustain. I beseech God, by Thee and by them whose faces have been illumined with the splendours of the light of Thy countenance, and who, for love of Thee, have observed all whereunto they were bidden, to remove the veils that have come in between Thee and Thy creatures, and to supply me with the good of this world and the world to come. Thou art, in truth, the Almighty, the Most Exalted, the All-Glorious, the Ever-Forgiving, the Most Compassionate.	6. Ang aking espiritu ay maging hain nawa sa mga kasamaang pinagdusahan Mo, at ang aking kaluluwa ay maging panubos nawa sa mga kasawiang-palad na dinanas Mo. Sumasamo ako sa Diyos sa pamamagitan Mo at nila na ang mga mukha ay tinanglawan ng kaluningningan ng liwang ng Iyong kaanyuan, at sila na sa pag-ibig sa Iyo ay nagsagawa ng lahat ng iniatas sa kanila, na alisin ang mga lambong na nakapagitan sa Iyo at sa Iyong mga nilalang, at ibigay sa akin ang mabubuting bagay sa daigdig na ito at sa daigdig na darating. Ikaw sa katotohanan, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Kataas-taasan, ang Lubos na Maluwalhati, ang Laging-Nagpapatawad, ang Pinakamahabagin.

7. Bless Thou, O Lord my God, the Divine Lote-Tree and its leaves, and its boughs, and its branches, and its stems, and its offshoots, as long as Thy most excellent titles will endure and Thy most august attributes will last. Protect it, then, from the mischief of the aggressor and the hosts of tyranny. Thou art, in truth, the Almighty, the Most Powerful. Bless Thou, also, O Lord my God, Thy servants and Thy handmaidens who have attained unto Thee. Thou, truly, art the All-Bountiful, Whose grace is infinite. No God is there save Thee, the Ever-Forgiving, the Most Generous.	7. Pagpalain Mo, O Panginoon kong Diyos, ang Banal na Punong-Lote at ang mga dahon niyon, at ang mga malalaking sanga niyon at ang mga maliliit na sanga niyon, at ang mga tangkay niyon, at ang mga supang niyon, hanggang ang Iyong pinakamagagaling na taguri at ang Iyong kamahal-mahalang mga katangian ay mananatili. Ipag-adya iyon, kung gayon, sa pamiminsala ng mapanunggali at sa mga hukbo ng manlulupig. Tunay na Ikaw ang Lubos na Makapangyarihan, ang Pinakamalakas. Pagpalain Mo rin, O Panginoon kong Diyos, ang Iyong mga tagapaglingkod at ang Iyong mga kawaksing babae na nakarating sa Iyo. Tunay na Ikaw ang Lubos na Mapagpala, na ang Kaniyang biyaya ay walang hanggan. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Laging-Nagpapatawad, ang Pinakamagandang-loob.
• • •	• • •
Martyrdom of the Báb	Pagmamartir sa Báb
– 34 –	– 34 –
1. Give ear, O My servant, unto that which is being sent down unto thee from the Throne of thy Lord, the Inaccessible, the Most Great. There is none other God but Him. He hath called into being His creatures, that they may know Him, Who is the Compassionate, the All-Merciful. Unto the cities of all nations He hath sent His Messengers, Whom He hath commissioned to announce unto men tidings of the Paradise of His good-pleasure, and to draw them nigh unto the Haven of abiding security, the Seat of eternal holiness and transcendent glory.	1. Makinig, O Aking tagapaglingkod, doon sa ipinabababa sa iyo mula sa Trono ng iyong Panginoon, ang Di-maabot, ang Pinakadakila. Walang ibang Diyos liban sa Kaniya. Nilalang Niya ang Kaniyang mga nilikha upang Siya ay makilala nila, ang Madamayin, ang Lubos na Mahabagin. Sa mga lungsod ng lahat ng mga bansa ay ipinadala Niya ang Kaniyang mga Sugo, na inatasan Niyang ipatalastas sa lahat ng mga tao ang balita ng Paraiso ng Kaniyang mabuting kaluguran, at upang ilapit sila roon sa Kalangitan ng namamalaging kaligtasan, ang Luklukan ng walang-maliw na kabanalan at nangingibabaw na kaluwalhatian.
2. Some were guided by the Light of God, gained admittance into the court of His presence, and quaffed, from the hand of resignation, the waters of everlasting life, and were accounted of them that have truly recognized and believed in Him. Others rebelled against Him, and rejected the signs of God, the Most Powerful, the Almighty, the All-Wise.	2. Ang mga ilan ay napatnubayan ng Liwanag ng Diyos, nakapasok sa korte ng Kaniyang kinaroroonan, at uminom, mula sa kamay ng pagpaparaya ng mga tubig ng walang-hanggang buhay, at napabilang sa kanilang mga tunay na nakakilala at naniwala sa Kaniya. Ang mga iba ay naghimagsik laban sa Kaniya, at itinatwa ang mga palatandaan ng Diyos, ang Pinakamalakas, ang Pinakamakapangyarihan, ang Lubos na Marunong.
3. Ages rolled away, until they attained their consummation in this, the Lord of days, the Day whereon the Day-Star of the Bayán manifested itself above the horizon of mercy, the Day in which the Beauty of the All-Glorious shone forth in the exalted person of ‘Alí-Muḥammad, the Báb. No sooner did He reveal Himself, than all the people rose up against Him. By some He was denounced as one that hath uttered slanders against God, the Almighty, the Ancient of Days. Others regarded Him as a man smitten with madness, an allegation which I, Myself, have heard from the lips of one of the divines. Still others disputed His claim to be the Mouthpiece of God, and stigmatized Him as one who had stolen and used as his the words of the Almighty, who had perverted their meaning, and mingled them with his own. The Eye of Grandeur weepeth sore for the things which their mouths have uttered, while they continue to rejoice upon their seats.	3. Lumipas ang mga panahon, hanggang sa wakas ay umabot sa katuparan ng panahong ito, ang Panginoon ng mga araw, ang Araw kung kailan ang Bituing-Araw ng Bayán ay inihayag ang sarili nito sa itaas ng guhit-tagpuan ng kahabagan, ang Araw kung kailan ang Kagandahan ng Lubos na Maluwalhati ay suminag sa dakilang katauhan ni ‘Alí-Muḥammad, ang Báb. Nang ipahayag Niya ang Kaniyang sarili ang lahat ng mga tao ng daigdig ay nagsibangon kaagad laban sa Kaniya. Binatikos Siya ng mga ilan bilang isang lapastangan sa Diyos, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Napakatanda sa mga Araw. Itinuring naman Siya ng mga iba bilang isang nasiraan ng bait, isang paratang na Ako Mismo ay nakarinig mula sa mga labi ng isa sa kaparian. Ang mga iba pa ay tumutol sa Kaniyang inaangkin na pagiging Tagapagsalita ng Diyos, at pinagbintangan Siyang isang nagnakaw ng mga salita ng Diyos at ipinalalabas na kaniya ang mga iyon, na binaluktot ang

	kahulugan ng mga iyon, at isinama ang mga iyon sa kaniyang sariling mga salita. Ang Mata ng Karingalan ay lumuluha nang matindi sa mga bagay na binigkas ng kanilang mga bibig, samantalang sila ay patuloy na nagdiriwang sa kanilang mga kinalululukan.
4. “God”, said He, “is My witness, O people! I am come to you with a Revelation from the Lord, your God, the Lord of your fathers of old. Look not, O people, at the things ye possess. Look rather at the things God hath sent down unto you. This, surely, will be better for you than the whole of creation, could ye but perceive it. Repeat the gaze, O people, and consider the testimony of God and His proof which are in your possession, and compare them unto the Revelation sent down unto you in this Day, that the truth, the infallible truth, may be indubitably manifested unto you. Follow not, O people, the steps of the Evil One; follow ye the Faith of the All-Merciful, and be ye of them that truly believe. What would it profit man, if he were to fail to recognize the Revelation of God? Nothing whatever. To this Mine own Self, the Omnipotent, the Omniscient, the All-Wise, will testify.”	4. “Ang Diyos,” Kaniyang sinabi, “ay ang Aking saksi, O mga tao! Ako ay dumating sa inyo taglay ang Rebelasyon mula sa Panginoon, ang inyong Diyos, ang Panginoon ng inyong mga amang sinauna. Huwag tumingin, O mga tao, sa mga bagay na inyong taglay. Sa halip ay tingnan yaong mga bagay na ipinababa ng Diyos sa inyo. Ito, sa katiyakan, ay higit na makabubuti sa inyo kaysa sa buong sangnilikha, kung inyo lamang nababatid ito. Ulitin ang pagtingin, O mga tao, at isaalang-alang ang patotoo ng Diyos at ang Kaniyang katibayan na inyong taglay, at ihambing ang mga iyon sa Rebelasyong ipinababa sa inyo sa Araw na ito, nang upang ang katotohanan, ang walang-salang katotohanan, ay walang pag-aalinlangang maging hayag sa inyo. Huwag sumunod, O mga tao, sa mga yapak Niya na Masama; sumunod kayo sa Pananampalataya ng Lubos na Mahabagin, at maging bahagi kayo nilang mga tunay na naniniwala. Anong kapakinabangan ng tao kapag nabigo siya sa pagkilala sa Rebelasyon ng Diyos? Wala ni anuman. Dito ay sumasaksi ang Aking mismong Sarili, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Nakababatid ng Lahat, ang Lubos na Marunong.”
5. The more He exhorted them, the fiercer grew their enmity, till, at the last, they put Him to death with shameful cruelty. The curse of God be upon the oppressors!	5. Habang higit na pinaaalalahanan Niya sila, higit na tumitindi ang kanilang poot, hanggang sa wakas ay ipinapatay nila Siya sa kahiya-hiyang kalupitan. Ang sumpa ng Diyos ay mapasa mga maniniil.
6. A few believed in Him; few of Our servants are the thankful. These He admonished, in all His Tablets—nay, in every passage of His wondrous writings—not to give themselves up in the Day of the promised Revelation to anything whatever, be it in the heaven or in the earth. “O people!” said He, “I have revealed Myself for His Manifestation, and have caused My Book, the Bayán, to descend upon you for no other purpose except to establish the truth of His Cause. Fear ye God, and contend not with Him as the people of the Qur’án have contended with Me. At whatever time ye hear of Him, hasten ye towards Him, and cleave ye to whatsoever He may reveal unto you. Naught else besides Him can ever profit you, no, not though ye produce from first to last the testimonies of all those who were before you.”	6. Iilan lamang ang naniwala sa Kaniya; iilan lamang sa Aming mga tagapaglingkod ang mapagpasalamat. Ang mga ito ay pinaalalahanan Niya, sa lahat ng Kaniyang mga Tableta—hindi lamang iyon, sa bawat bahagi ng Kaniyang kamangha-manghang mga kasulatan—na huwag isuko ang kanilang mga sarili sa Araw ng ipinangakong Rebelasyon sa kahit anupaman, maging nasa langit o nasa lupa. “O mga tao!” Kaniyang sinabi, “Aking inihayag ang Aking Sarili para sa Kaniyang Kapahayagan, at ginawang pumanaog sa inyo ang Aking Aklat, ang Bayán, sa walang ibang dahilan kundi ang itatag ang katotohanan ng Kaniyang Kapakanan. Matakot kayo sa Diyos at huwag makipagtalo sa Kaniya tulad ng pakikipagtalo ng mga tao ng Qur’án sa Akin. Sa anumang oras na mabalitaan ninyo ang tungkol sa Kaniya, magmadali kayo patungo sa Kaniya, at mangapit kayo sa anumang ipahahayag Niya sa inyo. Walang iba liban sa Kaniya ang kailanman ay mapapakinabangan ninyo, hindi, kahit pa ilabas ninyo mula una hanggang huli ang mga patotoo ng lahat ng mga nauna sa inyo.
7. And when after the lapse of a few years the heaven of Divine decree was cleft asunder, and the Beauty of the Báb appeared in the clouds of the names of God, arrayed in a new raiment, these same people maliciously rose up against Him, Whose light embraceth all created things. They broke His Covenant, rejected	7. At nang pagkalipas ng ilang taon ang kalangitan ng kautusan ng Maykapal ay nahati, at ang Kagandahan ng Báb ay lumitaw sa mga ulap ng mga pangalan ng Diyos, nadaramtan sa panibagong kasuotan, ang mga taong iyon din ang nagsibangon nang masama ang hangarin laban sa Kaniya, Siya na ang Kaniyang liwanag

His truth, contended with Him, cavilled at His signs, treated His testimony as falsehood, and joined the company of the infidels. Eventually, they determined to take away His life. Such is the state of them who are in a far-gone error!	ay nakasasaklaw sa lahat ng nilikhang bagay. Nilabag nila ang Kaniyang Kasunduan, itinatwa ang Kaniyang katotohanan, nakipagtalo sa Kaniya, naghain ng walang-kapararakang mga tutol laban sa Kaniyang mga palatandaan, itinuring na kasinungalingan ang Kaniyang patotoo, at sumama sa kampo ng mga hindi naniniwala sa Diyos. Sa wakas ay ipinasiya nilang bawian Siya ng buhay. Ganiyan ang kalagayan nilang nasa malala na ang kamalian!
8. And when they realized their powerlessness to achieve their purpose, they arose to plot against Him. Witness how every moment they devise a fresh device to harm Him, that they may injure and dishonour the Cause of God. Say: Woe be to you! By God! Your schemings cover you with shame. Your Lord, the God of mercy, can well dispense with all creatures. Nothing whatever can either increase or diminish the things He doth possess. If ye believe, to your own behoof will ye believe; and if ye believe not, ye yourselves will suffer. At no time can the hand of the infidel profane the hem of His Robe.	8. At nang mabatid nila ang kanilang kawalan ng kakayahan upang matamo ang kanilang layunin, nagsibangon sila upang makipagsabwatan laban sa Kaniya. Masdan kung paano sa bawat sandali ay gumagawa sila ng panibagong pakana upang masaktan Siya, upang mapinsala at madungisan nila ang dangal ng Kapakanan ng Diyos. Sabihin: Kapighatian ang mapasainyo! Saksi ang Diyos! Ang inyong mga pakana ay naglulugmok sa inyo sa kahihiyan. Ang inyong Panginoon, ang Diyos ng habag, ay lubos na hindi nangangailangan sa lahat ng nilalang. Walang anuman ang makapagpaparami o makapagpapababawas sa mga bagay na Kaniyang taglay. Kung kayo ay naniniwala, sa inyong kapakinabangan ang inyong paniniwala; at kung kayo naman ay hindi naniniwala, kayo naman ang magdurusa. Sa anumang panahon ay hindi madudungisan ng kamay ng di-naniniwala sa Diyos ang laylayan ng Kaniyang Baro.
9. O My servant that believest in God! By the righteousness of the Almighty! Were I to recount to thee the tale of the things that have befallen Me, the souls and minds of men would be incapable of sustaining its weight. God Himself beareth Me witness. Watch over thyself, and follow not the footsteps of these people. Meditate diligently upon the Cause of thy Lord. Strive to know Him through His own Self and not through others. For no one else besides Him can ever profit thee. To this all created things will testify, couldst thou but perceive it.	9. O Aking tagapaglingkod na naniniwala sa Diyos! Saksi ang pagkamatuwid ng Lubos na Makapangyarihan! Kung Aking isasaysay sa iyo ang kuwento ng mga bagay na sumapit sa Akin, ang mga kaluluwa at mga kaisipan ng tao ay hindi makakayanan ang kabigatan nito. Ang Diyos Mismo ang sumasaksi sa Akin. Pangalagaan ang iyong sarili, at huwag sumunod sa mga yapak ng mga taong ito. Buong-sipag na nilay-nilayin ang Kapakanan ng iyong Panginoon. Sikaping makilala Siya sa pamamagitan ng Kaniyang sarili at hindi sa pamamagitan ng mga iba. Sapagkat wala liban sa Kaniya ang kailanman ay magiging kapakinabangan sa iyo. Dito ay sumasaksi ang lahat ng nilikhang bagay, kung iyo lamang nababatid iyon.
10. Emerge from behind the veil, by the leave of thy Lord, the All-Glorious, the Most Powerful, and seize, before the eyes of those who are in the heavens and those who are on the earth, the Chalice of Immortality, in the name of thy Lord, the Inaccessible, the Most High, and quaff thy fill, and be not of them that tarry. I swear by God! The moment thou touchest the Cup with thy lips, the Concourse on high will acclaim thee saying, "Drink with healthy relish, O man that hast truly believed in God!", and the inhabitants of the Cities of Immortality will cry out, "Joy be to thee, O thou that hast drained the Cup of His love!", and the Tongue of Grandeur will hail thee, "Great is the blessedness that awaiteth thee, O My servant, for thou hast attained unto that which none hath attained, except such as have detached themselves from all that is in the heavens and all that is on the earth, and who are the emblems of true detachment."	10. Lumabas mula sa likod ng lambong, sa pahintulot ng iyong Panginoon, ang Lubos na Maluwalhati, ang Pinakamakapangyarihan, at sunggaban, sa harap ng mga mata ng mga nasa kalangitan at ng mga nasa kalupaan, ang Kalis ng Walang-hanggang Buhay, sa ngalan ng iyong Panginoon, ang Di-maabot, ang Pinakamataas, at uminom hanggang kabusugan, at huwag mapasama sa mga nag-aatubili. Sumasaksi Ako sa Diyos! Sa sandaling iyong ilapat ang Kopa sa iyong mga labi, ipagbubunyi ka ng Kalipunan sa kaitaasan sa pagsabing "Uminom sa malusog na kaluguran, O taong tunay na naniniwala sa Diyos!" at ang mga nananahan sa mga Lungsod ng Walang-hanggang Buhay ay sisigaw ng "Kaligayahan ang mapasaiyo, O ikaw na sumaid ng Kopa ng Kaniyang pag-ibig!" at babatiin ka ng Dila ng Karingalan ng, "Napakalaki ng pagpapalang naghihintay sa iyo, O aking tagapaglingkod, sapagkat iyong nakamtan yaong walang

	nakakamit, liban sa mga yaong iniwalay ang kanilang mga sarili mula sa lahat ng nasa kalangitan at lahat ng nasa kalupaan, at silang mga sagisag ng tunay na pagkawalay.”
– 35 –	– 35 –
Excerpt from the Súriy-i-Nuṣḥ	Halaw mula sa Súriy-i-Nuṣḥ
(Súrih of Counsel)	(Súrih ng Payo)
1. Announce unto My servants the advent of the One Who came unto them with the power of truth bearing the name of ‘Alí,^[30] Who dawned above the horizon of holiness with the splendours of a cherished glory, and from Whose right hand flowed the crystal streams of the spirit, laying bare the wonders of a hidden knowledge.	1. Ipatalastas sa Aking mga Tagapaglingkod ang pagdating Niya na Siyang sumapit sa kanila taglay ang kapangyarihan ng katotohanan at nagngangalang ‘Alí,³⁰ Siya na sumikat sa itaas ng sugpungang-guhit ng kabanalan sa mga karingalan ng isang minamahal na kaluwalhatian, at mula sa Kaniyang kanang kamay ay dumaloy ang kristal na mga agos ng espiritu, inilalantad ang mga kamanghaan ng isang natatagong kaalaman.
2. “O people!” He declared, “The clouds of wisdom have been lifted and God hath revealed His Cause. This is that which ye were promised in all the Scriptures. Fear ye God and hasten unto Me. I am, O people, a scion of your Prophet. I have brought unto you verses that bewilder the minds of them that perceive, and this is but a token of God’s proof and testimony. Deny them not at the prompting of your idle fancies, and be fair in your judgement. They verily proceed from the religion of God that hath been sent down unto you through the power of truth, would that ye might believe!	2. “O mga tao!” Kaniyang ipinahayag, “Ang mga ulap ng karunungan ay napawi na at ginawang hayag na ng Diyos ang Kaniyang Kapakanan. Ito yaong ipinangako sa inyo sa lahat ng mga Santong Kasulatan. Matakot kayo sa Diyos at magmadali patungo sa Akin. Ako, O mga tao, ay isang inapo ng inyong Propeta. Ibinigay Ko sa inyo ang mga bersikulong nakatataranta sa mga kaisipan nilang mga nakauunawa, at ito ay pawang tanda ng katibayan at patotoo ng Diyos. Huwag itatwa ang mga ito sang-ayon sa udyok ng inyong walang-kabuluhang mga kathang-isip, at maging makatarungan sa inyong paghuhusga. Ang mga ito ay tunay na nagbubuhay mula sa relihiyon ng Diyos na ipinababa sa inyo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng katotohanan, harinawang maniwala kayo!
3. “I swear by God, O people! I wish only to rid your religions of all that hath in this day become the cause of contention. These verses, O people, are the breezes of the spirit that are wafting over you and would transmute your mortal condition into eternal life, could ye but fix your gaze upon them. O people! The tree of knowledge hath yielded its fruit upon this everlasting Lote-Tree; the Primal Point hath been unfolded; and the Word of God, the Help in Peril, the Self-Subsisting, hath been fulfilled. O people! The beauty of His countenance hath been revealed, the veils have been parted, the Nightingale hath warbled its melody, the Mount of holiness hath been made resplendent, and all who are in the heavens and on the earth have been illumined, could ye but see with the eye of the spirit!”	3. “Isinusumpa Ko sa Diyos, O mga tao! Nais Ko lamang alisin mula sa inyong mga relihiyon ang lahat ng nagiging sanhi ng pagtatalo sa araw na ito. Ang mga bersikulong ito, O mga tao, ay ang mga simoy ng espiritu na humihihip sa inyo at babaguhin ang inyong kalagayang mortal upang maging walang-hanggang buhay, kung inyo lamang maipapako ang inyong mga paningin sa mga ito. O mga tao! Ang puno ng kaalaman ay nagbigay na ng bunga nito sa walang-maliw na Puno ng Lote; ang Panimulang Tuldok ay inilahad, at ang Salita ng Diyos, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap, ay natupad na. O mga tao! Ang kagandahan ng Kaniyang mukha ay isiniwalat na, ang mga lambong ay hinawi na, inawit na ng Ruwisenyor ang himig nito, ginawang maningning ang Bundok ng Kabanalan, at nasa kalupaan, kung kayo lamang ay, nakakikita sa pamamagitan ng mata ng espiritu!”
4. But the people made reply, saying: “We deem Thee a speaker of falsehood; nor do we discern in Thine acts that which we had been promised in the books of our forefathers. Never would we follow Thee, even wert Thou to produce for us all the signs of the world.”	4. Subalit ang mga tao ay tumugon, sinabing: “Ikaw ay itinuturing naming isang nagsasalita ng kasinungalingan; ni hindi namin nakikita sa Iyong mga gawa yaong ipinangako sa mga aklat ng aming mga ninuno. Kailanman ay hindi Ka namin susundin, kahit pa

	Iyong ipakita sa amin ang lahat ng mga palatandaan ng daigdig.”
5. “O concourse of men!” He declared, “Fear ye God and consider that which He hath ordained to be His immutable proof and abiding testimony unto all that dwell in the heavens and on the earth, did ye but know it. O people! The truth of all that ye have been awaiting, and all that ye have heard from your forefathers and your divines, is established only through these verses. And these, verily, are the verses of holiness that have been vouchsafed unto all who are in the heavens and on the earth, even as ye yourselves can behold.	5. “O kalipunan ng mga tao!” Kaniyang sinabi, “Matakot kayo sa Diyos at isipin yaong itinalaga Niyang maging Kaniyang di-nagbabagong katibayan at namamalaging patotoo sa lahat ng nananahan sa mga kalangitan at mga kalupaan, kung inyo lamang batid ito. O mga tao! Ang katotohanan ng lahat ng inyong hinihintay, at ng lahat ng inyong narinig mula sa inyong mga ninuno at ng inyong mga kaparian, ay naitatatag lamang sa pamamagitan ng mga bersikulong ito. At ang mga ito, sa katunayan, ay ang mga bersikulo ng kabanalan na ipinagkaloob sa lahat ng nasa kalangitan at nasa kalupaan, tulad rin ng inyo mismong nakikita.
6. “If ye believe not in these verses, how then can ye be assured of the truth of your own religion in this day or establish it in the eyes of others? The day is fast approaching when the world and all that it containeth will have perished, and when ye shall stand in the holy court of His presence. Take heed, O people, lest ye be swayed by the elaborate pronouncements of your divines or misconceive the truth of the matter. Hearken unto My counsels and repudiate not the exhortations of God.”	6. “Kung kayo ay hindi naniniwala sa mga bersikulong ito, sa gayon ay paano kayo nakatitiyak sa katotohanan ng sarili ninyong relihiyon sa araw na ito o paano ito maitatatag sa mga mata ng mga iba? Mabilis na lumalapit na ang araw kung kailan ang daigdig at ang lahat ng nilalaman nito ay mamamatay na, at kung kailan kayo ay tatayo sa banal na korte ng Kaniyang kinaroroonan. Makinig, O mga tao, nang hindi kayo mapaniwala sa masusing mga pahayag ng inyong mga kaparian o magkamali sa pag-unawa ng katotohanan ng paksa. Makinig sa Aking mga payo at huwag itatwa ang mga paalaala ng Diyos.
7. The more He extolled the remembrance of God, the greater they waxed in their oppression, until all the divines pronounced sentence against Him, save those that were acquainted with the precepts of God, the All-Glorious, the Best-Beloved. Matters came to such a pass that they united to put Him to death. They suspended Him in the air, and the hosts of misbelief flung at Him the bullets of malice and hatred, piercing the body of the One unto Whom the Holy Spirit is a humble servant, the dust of Whose feet is the object of adoration of the Concourse on high, and from Whose very sandals the inmates of Paradise seek a blessing. Whereupon the inhabitants of the unseen realm wept sore beneath the pavilion of eternity, the pillars of the Throne trembled, the inmost realities of all things were stirred into commotion, and the divine Tree received its full measure of His gleaming blood which was shed upon the earth.	7. Habang higit Niyang ipinagbubunyi ang paggunita sa Diyos, higit na tumitindi ang kanilang pagtutol, hanggang ang lahat ng kaparian ay nagbitiw ng hatol laban sa Kaniya, maliban lamang sa yaong mga nakababatid sa mga turo ng Diyos, ang Lubos na Maluwalhati, ang Pinakamamahil. Umabot ang mga bagay sa gayong yugto na sila ay nagkaisa upang patayin Siya. Ibinitin Siya sa ere, at ang mga hukbo ng maling paniniwala ay ipinukol sa Kaniya ang mga bala ng masamang hangarin at pagkamuhi, na tumagos sa katawan Niya na ang Espiritu Santo ay isang hamak na tagapaglingkod lamang, na ang alabok sa ilalim ng Kaniyang mga paa ay ang pakay ng pagsamba ng Kalipunan sa kaitaasan, at mula sa mismong mga tsinelas Niya, ang mga nananahan sa Paraiso ay humihingi ng pagpapala. Bunga niyon, ang mga nananahan sa di-nakikitang kaharian ay nagsiiyak nang matindi sa ilalim ng pabilyon ng kawalang-hanggan, ang mga haligi ng Trono ay nayanig, ang kaloob-loobang mga realidad ng lahat ng bagay ay nagkagulo, at sinahod ng banal ng Puno ang kabuuang sukat ng Kaniyang kumikinang na dugong pinadanak sa lupa.
8. Erelong will God reveal the mystery of this Tree, make it to flourish through the power of truth, and cause it to intone: “Verily I am God, there is none other God but Him. All are My servants whom We have created to carry out My bidding, and by My bidding they all, verily, abide.”	8. Di-magtatagal ay ibubunyag ng Diyos ang hiwaga ng Punong ito, gagawin itong yumayabong sa pamamagitan ng kapangyarihan ng katotohanan, at gagawin itong dalitin ang: “Tunay na Ako ang Diyos, walang ibang Diyos liban sa Kaniya. Ang lahat ay Aking mga tagapaglingkod na Aming nilikha upang isagawa ang Aking kautusan, at sa Aking kautusan silang lahat, sa katunayan, ay sumusunod.”
9. This, in truth, is that which We pledged Ourselves aforetime to accomplish: to show favour unto those who	9. Ito sa katotohanan yaong ipinangako Namin noong nakaraan na Aming tutuparin: ang magpakita ng

were brought low in the land and to humble them that have waxed proud. At no time did We send an Apostle, a Prophet, or a Vicegerent whom these wicked souls did not oppose, even as ye witness how these workers of iniquity are raising objections in this day.	pagkiling doon sa mga hinamak sa lupain at hamakin silang mga nagmamalaki. Walang panahon na nagpapadala Kami ng Apostol, ng Propeta o ng Kinatawan na hindi tinutulan nitong masamang mga kaluluwa, tulad ng inyong nasasaksihan ang paghain ng mga tutol nitong mga gumagawa ng kasamaan sa araw na ito.
10. Nor have the people ever rejected the truth except after their divines rejected it, and swelled with pride before God, and sought to dispute His verses. Thus did the rejection of the leaders give rise to the rejection of those who followed them in their selfish desires. None among these divines ever bore allegiance unto the new Revelation, save for those who could gaze with the eye of holiness, whose hearts God had tested and proved true for His recognition, to whom He hath given to drink from that chalice of holiness sealed with the musk of the spirit, and who were intoxicated by the wine of certitude which they had quaffed from that chalice. These, verily, are they whom the angels of Paradise will glorify in the garden of eternity and who will delight at every moment in a joy and gladness born of God.	10. Ni kailanman ay hindi itinatatwa ng mga tao ang katotohanan maliban lamang kapag itinatwa ito ng kanilang mga kaparian, at nagmataas sa harap ng Diyos, at sinikap makipagtalo sa Kaniyang mga bersikulo. Sa gayon ang pagtatwa ng mga pinuno ay nagbunga ng pagtatwa nilang mga sumusunod sa kanila sa kanilang makasariling mga hangarin. Wala sa mga kapariang ito kailanman ay nagtaglay ng pananalig sa bagong Rebelasyon, maliban lamang sa mga nakatitingin sa pamamagitan ng mata ng kabanalan, na ang kanilang mga puso ay sinubok ng Diyos, at napatunayang tunay para sa pagkilala sa Kaniya, na Kaniyang ibinigay sa kanila upang inumin nila mula sa kalis ng kabanalan ang selyadong pabango ng espiritu, at sila ay nalango ng alak ng katiyakan na kanilang ininom mula sa kalis na iyon. Ang mga ito, sa katotohanan ay silang mga luluwalhatiin ng mga anghel ng Paraiso sa hardin ng kawalang-hanggan at bawat sandali ay magagalak sa tuwa at kaligayahang bunga ng Diyos.
11. No Prophet have We ever raised up except that He was repudiated by the divines whilst they prided themselves in their learning, even as they do in this day. Say: O concourse of divines! Do ye worship the Calf and abandon the One Who hath created you and taught you that which ye knew not?	11. Kailanman wala Kaming ibinangon na Propeta maliban na itinatwa Siya ng mga kaparian samantalang ipinagmamalaki nila ang kanilang mga sarili sa kanilang karunungan, tulad rin ng ginagawa nila sa araw na ito. Sabihin: O Kalipunan ng mga kaparian! Sinasamba ba ninyo ang Guya at nilisan Siyang lumikha sa inyo at itinuro sa inyo yaong hindi ninyo nalalaman?
12. O people of the earth! Ponder the state of these workers of iniquity, what they have wrought in the past, and what they pursue in this day. Say: If He Who hath come unto you with clear verses be not the True One from God, even as ye proclaim this day from your seats of worldly honour, then by what proof can ye establish the truth of Muḥammad, Whom we sent aforetime? Be fair in your judgement, O concourse of ill-wishers!	12. O mga tao ng daigdig! Nilay-nilayin ang kalagayan nitong mga gumagawa ng kasamaan, kung ano ang kanilang ginawa noong nakaraan, at kung ano ang ginagawa nila sa araw na ito. Sabihin: Kung Siyang sumapit sa inyo taglay ang malinaw na mga bersikulo ay hindi ang Siyang Tunay na mula sa Diyos, tulad ng inyong ipinatatalastas sa araw na ito mula sa inyong mga luklukan ng makamundong karangan, sa gayon ay sa anong katibayan ninyo mapatutunayan ang katotohanan ni Muḥammad, na Siya ay Aming ipinadala noong nakaraan? Maging makatarungan sa inyong paghatol, O kalipunan ng mga naghahangad ng masama!
– 36 –	– 36 –
Excerpt from the Súriy-i-Mulúk	Halaw mula sa Súriy-i-Mulúk
(Súrih of the Kings)	(Súrih ng mga Hari)
1. Dost thou imagine, O Minister of the <u>Sháh</u> in the City^[31] that I hold within My grasp the ultimate destiny of the Cause of God? Thinkest thou that My imprisonment, or the shame I have been made to suffer, or even My death and utter annihilation, can deflect its	1. Akala mo ba, O Ministro ng <u>Sháh</u> sa Lungsod,³¹ na tangan ng Aking kamay ang sukdulang tadhana ng Kapakanan ng Diyos? Sa palagay mo ba ang pagkakulong sa Akin, o ang kahihiyang ipinalasap sa Akin, o kahit ang Aking kamatayan at lubos na

³¹ Constantinople.

course? Wretched is what thou hast imagined in thine heart! Thou art indeed of them that walk after the vain imaginings which their hearts devise. No God is there but Him. Powerful is He to manifest His Cause, and to exalt His testimony, and to establish whatsoever is His Will, and to elevate it to so eminent a position that neither thine own hands, nor the hands of them that have turned away from Him, can ever touch or harm it.	pagkasira, ay makapipigil sa pinagdaraan nito? Napakasama ng iyong ginugunita sa iyong puso! Tunay na nabibilang ka sa kanilang mga lumalakad nang alinsunod sa walang-kabuluhang mga kathang-isip na binubuo ng kanilang mga puso. Walang Diyos liban sa Kaniya. Makapangyarihan Siya upang ihayag ang Kaniyang Kapakanan, at upang dakilain ang Kaniyang patotoo, at upang itatag kung anuman ang Kaniyang Kalooban, at upang itaas iyon sa ganoong katayog na kalagayan, na hindi ito kailanman maaabot o mapipinsala ng sarili mong mga kamay, ni ng mga kamay ng mga tumalikod sa Kaniya.
2. Dost thou believe thou hast the power to frustrate His Will, to hinder Him from executing His judgement, or to deter Him from exercising His sovereignty? Pretendest thou that aught in the heavens or in the earth can resist His Faith? Nay, by Him Who is the Eternal Truth! Nothing whatsoever in the whole of creation can thwart His Purpose. Cast away, therefore, the mere conceit thou dost follow, for mere conceit can never take the place of truth. Be thou of them that have truly repented and returned to God, the God Who hath created thee, Who hath nourished thee, and made thee a minister among them that profess thy faith.	2. Naniniwala ka bang may kapangyarihan kang talunin ang Kaniyang Kalooban, o pigilan Siya mula sa pagsasagawa ng Kaniyang pasiya, o hadlangan Siya mula sa pagpapairal ng Kaniyang paghahari? Nagkukunwari ka bang may anumang nasa langit o nasa lupang makatatagal laban sa Kaniyang Pananampalataya? Hindi, saksi Siya na Siyang Walang-maliw na Katotohanan! Walang anuman sa buong sangnilikha ang makapipigil sa Kaniyang Layunin. Iapon, kung gayon, ang pagyayabang lamang na iyong sinusunod, sapagkat ang pagyayabang lamang ay hindi kailanman magiging makalit ng katotohanan. Mabilang ka sa kanilang mga tunay na nagsisi at bumalik sa Diyos, ang Diyos na Siyang lumikha sa iyo, Siyang nag-aruga sa iyo, at ginawa kang maging isang ministro mula sa kanilang mga kaanib ng iyong pananampalataya.
3. Know thou, moreover, that He it is Who hath, by His own behest, created all that is in the heavens and all that is on the earth. How can, then, the thing that hath been created at His bidding prevail against Him? High is God exalted above what ye imagine about Him, ye people of malice! If this Cause be of God, no man can prevail against it; and if it be not of God, the divines amongst you, and they that follow their corrupt desires and such as have rebelled against Him will surely suffice to overpower it.	3. Alamin mo, higit pa rito, na Siya yaong, mula sa sarili Niyang kagustuhan, ay lumikha ng lahat ng nasa langit at ng lahat ng nasa lupa. Paano magagawa, kung gayon, ng bagay na nilikha alinsunod sa Kaniyang utos, ang manaig sa Kaniya? Napakataas ng kadakilaan ng Diyos kaysa sa ginugunita Ninyo sa kaniya, kayong mga taong masama ang hangarin! Kung ang Kapakanang ito ay mula sa Diyos, walang tao ang makadadaig dito; at kung hindi ito mula sa Diyos, ang mga klerigo mula sa inyo, at silang mga sumusunod sa kanilang balakyot na mga hangarin at ang gayong mga naghimagsik laban sa Kaniya ay tiyak na makasasapat upang magapi ito.
4. Hast thou not heard what a man of the family of Pharaoh, a believer, hath said of old, and which God recounted unto His Apostle, Whom He hath chosen above all human beings, and entrusted with His Message, and made the source of His mercy unto all them that dwell on earth? He said, and He, verily, speaketh the truth: "Will ye slay a man because he saith my Lord is God, when he hath already come to you with proofs of his mission? And if he be a liar, on him will be his lie, but if he be a man of truth, part at least of what he threateneth will fall upon you."^[32] This is what God hath revealed unto His Well-Beloved One, in His unerring Book.	4. Hindi mo ba narinig ang sinabi ng lalaking kabilang sa pamilya ni Paraon, isang mananampalataya, noong unang panahon, at iyon ay isinaysay ng Diyos sa Kaniyang Apostol, na Kaniyang pinili Siya mula sa lahat ng tao, at ipinagkatiwala ang Kaniyang Kalatas, at ginawang maging pinagmumulan ng Kaniyang habag sa lahat ng nananahan sa daigdig? Sinabi Niya, at Siya, sa katunayan, ay nagsasabi ng katotohanan: "Papatayin ba ninyo ang isang tao dahil sinasabi niyang ang aking Panginoon ay ang Diyos, samantalang dumating na siya sa inyo taglay ang mga katibayan ng kaniyang misyon? At kung siya ay isang sinungaling, sa kaniya babagsak ang kaniyang kasinungalingan, subalit kung siya ay taong makatotohanan, bahagya man lang ng ibinabala niya ay babagsak sa inyo."³² Ito ang isiniwalat ng Diyos

	sa Kaniyang Pinakamamahal, sa Kaniyang di-nagkakamaling Aklat.
5. And yet, ye have failed to incline your ears unto His bidding, have disregarded His law, have rejected His counsel as recorded in His Book, and have been of them that have strayed far from Him. How many those who, every year, and every month, have because of you been put to death! How manifold the injustices ye have perpetrated—injustices the like of which the eye of creation hath not seen, which no chronicler hath ever recorded! How numerous the babes and sucklings who were made orphans, and the fathers who lost their sons, because of your cruelty, O ye unjust doers! How oft hath a sister pined away and mourned over her brother, and how oft hath a wife lamented after her husband and sole sustainer!	5. At gayumpaman ay nabigo kayong ihilig ang inyong mga tainga tungo sa Kaniyang utos, hindi pinansin ang Kaniyang batas, itinatwa ang Kaniyang payo sang-ayon sa naitala sa Kaniyang Aklat, at nabibilang sa kanilang mga naligaw nang malayo mula sa Kaniya. Gaano karami, sa bawat taon at sa bawat buwan, ang pinapatay dahil sa inyo! Gaano karami ang ginawa ninyong mga kawalan ng katarungan—mga kawalan ng katarungan na ang kahalintulad niyon ay hindi nakita ng mata ng kinapal, na hindi kailanman naitala ng sinumang mananalaysay! Gaano karaming mga musmos at mga pasusuhin ang ginawang mga ulila, at mga amang nawalan ng kanilang mga anak, dahil sa inyong kalupitan, O kayong mga gumagawa ng kawalan ng katarungan! Gaano kadalas nanabik at nalumbay ang babaeng kapatid sa kaniyang lalaking kapatid, at gaano kadalas nagdalamhati ang maybahay para sa kaniyang asawa at tanging suporta!
6. Your iniquity waxed greater and greater until ye slew Him Who had never taken His eyes away from the face of God, the Most Exalted, the Most Great.^[33] Would that ye had put Him to death after the manner men are wont to put one another to death! Ye slew Him, however, in such circumstances as no man hath ever witnessed. The heavens wept sore over Him, and the souls of them who are nigh unto God cried out for His affliction. Was He not a Scion of your Prophet's ancient House? Had not His fame as a direct descendant of the Apostle been spread abroad amongst you? Why, then, did ye inflict upon Him what no man, however far ye may look back, hath inflicted upon another? By God! The eye of creation hath never beheld your like. Ye slay Him Who is a Scion of your Prophet's House, and rejoice and make merry while seated on your seats of honour! Ye utter your imprecations against them who were before you, and who have perpetrated what ye have perpetrated, and remain yourselves all the time unaware of your enormities!	6. Ang inyong kasamaan ay tumindi nang tumindi hanggang sa pinaslang ninyo Siya na hindi Niya kailanman inalis ang Kaniyang mga mata mula sa mukha ng Diyos, ang Pinakamataas, ang Pinakadakila.³³ Sana ay ipinapatay ninyo Siya sa karaniwang paraan ng pagpatay ng tao sa isa't isa. Pinaslang ninyo Siya, gayumpaman, sa ganoong mga kalagayang hindi pa nakita ng sinumang tao. Labis ang pagtangis ng mga kalangitan para sa Kaniya, at humiyaw ang mga kaluluwa nilang mga malalapit sa Diyos dahil sa Kaniyang pagdurusa. Hindi ba Siya ang Inapo ng napakatandang Angkan ng inyong Propeta? Hindi ba't ipinamalita sa inyo ang Kaniyang kabantugan bilang tuwirang inapo ng Apostol? Kung gayon, bakit ninyo ipinalasap sa Kaniya yaong hindi pinalasap, gaanuman kahaba ng inyong pagbabalik-tanaw, ng sinumang tao sa iba? Saksi ang Diyos! Ang mata ng kinapal kailanman ay hindi nakakita ng katulad ninyo. Pinaslang ninyo Siya na isang Inapo ng Angkan ng inyong Propeta, at nagdiriwang at nagsasaya samantalang nakaupo sa inyong mga luklukan ng karangalan! Isinusumpa ninyo ang mga nauna sa inyo, na kanilang ginawa yaong ginawa ninyo, at sa lahat ng panahon ay nananatili kayong hindi nakababatid sa inyong mga karumal-dumal na mga gawa!
7. Be fair in your judgement. Did they whom ye curse, upon whom ye invoke evil, act differently from yourselves? Have they not slain the descendant of their Prophet^[34] as ye have slain the descendant of your own? Is not your conduct similar to their conduct? Wherefore, then, claim ye to be different from them, O ye sowers of dissension amongst men?	7. Maging makatarungan sa inyong paghatol. Sila bang mga isinusumpa ninyo, na hinihingi ninyong sapitin sila ng masama, ay kumilos ba sila nang naiiba sa inyo? Hindi ba nila pinaslang ang inapo ng kanilang Propeta³⁴ tulad rin ng pagpaslang ninyo ng sa inyo? Hindi ba kahalintulad ang inyong kilos sa kanilang kilos? Samakatwid ay bakit ninyo sinasabing naiiba kayo sa kanila, O kayong mga naghahasik ng pagtatalo sa mga tao?

³³ Ang Báb.

³⁴ Imám Ḥusayn.

8. And when ye took away His life, one of His followers arose to avenge His death. He was unknown of men, and the design he had conceived was unnoticed by any one. Eventually he committed what had been preordained. It behoveth you, therefore, to attach blame to no one except to yourselves, for the things ye have committed, if ye but judge fairly. Who is there on the whole earth who hath done what ye have done? None, by Him Who is the Lord of all worlds!	8. At nang pinutol ninyo ang Kaniyang buhay, bumangon ang isa sa Kaniyang mga tagasunod upang ipaghiganti ang Kaniyang kamatayan. Hindi siya kilala ng mga tao, at ang planong binuo niya ay hindi napansin ng sinuman. Sa wakas ginawa niya yaong naitadhana. Samakatwid ay nararapat sa inyong sisihin ang walang iba liban sa inyong mga sarili, dahil sa mga bagay na ginawa ninyo, kung kayo ay hahatol nang makatarungan. Sino ang naroroon sa buong daigdig na ginawa ang inyong ginawa? Wala, saksi Siya na Siyang Panginoon ng lahat ng mga daigdig!
– 37 –	– 37 –
Excerpt from the Lawḥ-i-Salmán I	Halaw mula sa Lawḥ-i-Salmán I
(Tablet to Salmán I)	(Tableta kay Salmán I)
1. O Salmán! Say: O people! Tread ye in the path of the one true God and ponder the ways and words of Him Who is the Manifestation of His ancient Being, that perchance ye may attain unto the Wellspring of the living waters of the All-Glorious. Were believers and non-believers to occupy the same station, were the worlds of God to be confined to this ephemeral plane, never would My previous Manifestation have surrendered Himself into the hands of His foes or laid down His life as a sacrifice. I swear by the dawning-light of this Cause that were the people to grasp the barest intimation of the fervour and longing which overcame that sovereign Beauty when His celestial Temple was suspended in the air, all would, in the intensity of their own yearning, offer up their souls in the path of this Manifestation of supernal glory. Indeed, sugar is the portion of the parrot, while dung is the share of the beetle; the crow hath no part in the warbling of the nightingale, and the bat fleeth the rays of the sun.	1. O Salmán! Sabihin: O mga tao! Lumakad kayo sa landas ng iisang tunay na Diyos at nilay-nilayin ang mga gawi at mga salita Niya na Siyang Kahayagan ng Kaniyang napakatandang Sarili, nang sakaling inyong matamo ang bukal ng nabubuhay na tubig ng Lubos na Maluwalhati. Kung ang mga sumasampalataya at ang mga hindi sumasampalataya ay magtataglay ng magkaparehong kalagayan, kung ang mga daigdig ng Diyos ay mahahangganan sa naglalahong daigdig na ito, kailanman ay hindi isusuko ng Aking naunang Kahayagan ang Kaniyang Sarili sa mga kamay ng Kaniyang mga kaaway o ibibigay ang Kaniyang buhay bilang isang alay. Isinusumpa Ko sa namimitak na liwanag ng Kapakanang ito na kung mababatid lamang ng mga tao ang kaliit-liitang bahid ng pag-aalab at pagmimithing gumapi sa naghaharing Kagandahan na iyon nang ang Kaniyang makalangit na Templo ay ibinitin sa ere, gagawin ng lahat, sa katindindihan ng sarili nilang pagnanais, na ialay ang kanilang mga kaluluwa sa landas nitong kahayagan ng nangingibabaw na kaluwalhatian. Sa katunayan, asukal ang bahagi ng loro, samantalang dumi ang bahagi ng salagubang; ang uwak ay walang bahagi sa pag-awit ng Ruwisenyor, at ang paniki ay tumatakas mula sa mga sinag ng araw.
– 38 –	– 38 –
Excerpt from the Súriy-i-Dhikr	Halaw mula sa Súriy-i-Dhikr
(Súrih of Remembrance)	(Súrih ng Paggunita)
This is the Súrih of Remembrance, sent down as a token of grace, that perchance the people of the Bayán might renounce that which they possess, turn towards the right hand of justice, shake off the slumber of wayward desires, and seek, through the power of truth, a path to their Lord, the Most Exalted, the All-Glorious.	Ito ang Súrih ng Paggunita, na ipinababa bilang tanda ng biyaya, nang sakaling ang mga tao ng Bayán ay magawang talikdan ang lahat ng kanilang taglay, bumaling tungo sa kanang kamay ng katarungan, pukawin ang pagkahimbing ng taliwas na mga hangarin, at hanapin, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng katotohanan, ang landas patungo sa kanilang Panginoon, ang Pinakadakila, ang Lubos na Maluwalhati.
<i>In the name of God, the Most Holy, the Most Exalted, the Most High!</i>	<i>Sa ngalan ng Diyos, ang Pinakabanal, ang Pinakadakila, ang Pinakamataas!</i>

1. This is a Missive from the Primal Point^[35] unto them that have believed in God, the One, the Peerless, the Almighty, the All-Knowing, wherein He addresseth those among the people of the Bayán who have vacillated in this Cause, that haply they may apprehend the wondrous words of God and forsake the couch of heedlessness in this shining and resplendent morn.	1. Ito ay isang Liham mula sa Panimulang Tuldok³⁵ para sa kanilang mga nananalig sa Diyos, ang lisa, ang Walang-kahalintulad, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Nakababatid ng Lahat, kung saan ay sinasabihan Niya yaong mga tao ng Bayán na nag-uulik-ulik sa Kapakanang ito, nang sakaling maunawaan nila ang kamangha-manghang mga salita ng Diyos at lisanin ang himlayan ng kapabayaan sa sumisikat at nagnining na umagang ito.
2. Say:^[36] We, verily, bid you in Our Book not to advance yourselves before those from whose ranks would appear He Who is the Beloved of every understanding heart and the Object of the adoration of the denizens of earth and heaven. Moreover, We commanded you, should ye attain the presence of God, to stand before Him and to utter on My behalf these mighty and exalted words: “Upon Thee, O Glory of God, and upon Thy kinfolk, be the remembrance of God and the praise of all things at every moment before and after Hín.”^[37] We honoured the people of the Bayán with these words, that they might ascend thereby unto the heights of holiness and be numbered with the blest. Yet they have so utterly forsaken Our injunction that not a single one among them hath appeared in His presence as We had commanded in Our Tablets. Nay rather, from every side they have hurled at Him the darts of malice. And at this, I, and the denizens of the Kingdom of grandeur, and beyond them the Faithful Spirit, have wept sore.	2. Sabihin:³⁶ Tunay na Aming inatasan kayo sa Aming Aklat na huwag unahin ang inyong mga sarili bago pa sa kanila na mula sa kanilang mga hanay ay lilitaw Siya na Minimithi ng bawat nakauunawang puso at ang Tampulan ng pagsamba ng mga nanahan sa lupa at langit. Bukod pa rito, inatasan Namin kayo, na kung sakaling marating ninyo ang kinaroroonan ng Diyos, na tumayo sa harap Niya at usalin mula sa Akin itong makapangyarihan at dakilang mga salita: “Mapasa-Iyo, O Luwalhati ng Diyos, at mapasa-Iyong mga kaanak, ang paggunita sa Diyos at ang papuri ng lahat ng bagay sa bawat sandali bago at pagkatapos ng Hín.”³⁷ Pinarangalan Namin ang mga tao ng Bayán sa pamamagitan ng mga salitang ito, nang magawa nilang makaakyat sa pamamagitan niyon tungo sa mga ruok ng kabanalan at mapabilang sa mga pinagpala. Subalit lubusan nilang nilisan ang Aming utos na walang isa man lamang mula sa kanila ang dumating sa Kaniyang kinaroroonan tulad ng Aming iniutos sa Aming mga Tableta. Hindi lamang iyon, sa halip ay mula sa bawat dako ay ipinukol nila sa Kaniya ang mga palaso ng masamang mga hangarin. At sa gayon Ako, at ang mga nanahan sa Kaharian ng karingalan, at bukod pa sa kanila ang Matapat na Espiritu, ay nagsitangis nang matindi.
3. Say: O people! Be abashed before My Beauty. He that hath appeared with the power of truth is indeed the Glory of the worlds, could ye but perceive it. He, verily, is the Glory of God; upon Him be the remembrance of God and His praise, and the praise of the Concourse on high, and of the dwellers of the everlasting realm, and of all things at all times. Beware lest ye become veiled by aught that hath been created in heaven or on earth. Hasten unto the paradise of His good-pleasure and be not of them that slumber.	3. Sabihin: O mga tao! Mahiya sa harap ng Aking Kagandahan. Siyang lumitaw taglay ang kapangyarihan ng katotohanan ay tunay na Luwalhati ng mga daigdig, kung nababatid lamang ninyo. Siya sa katunayan, ay ang Luwalhati ng Diyos; mapasa-Kaniya ang paggunita ng Diyos at Kaniyang papuri, at ang papuri ng Kalipunan sa kaitaasan, at ng mga nanahan sa kahariang walang-maliw, at ng lahat ng bagay sa lahat ng panahon. Mag-ingat na kayo ay malambungan ng anumang nilikha sa langit o sa lupa. Magmadali patungo sa Paraiso ng Kaniyang mabuting kaluguran at huwag mapasama sa kanilang mga natutulog.
4. Say: His beauty is in truth My beauty, and His Self is Mine own Self, and all that We revealed in the Bayán is for the sake of His wondrous and resistless Cause. Fear ye God, and dispute not with the One Whose advent We heralded and Whose Revelation We announced unto you. I established a covenant with you concerning His mission ere I covenanted with you regarding Mine own, and unto this all things bear	4. Sabihin: Ang Kaniyang kagandahan sa katotohanan ay ang Aking kagandahan, at ang Kaniyang Sarili ay ang Aking mismong Sarili, at ang lahat ng Aming ipinahayag sa Bayán ay alang-alang sa Kaniyang kamangha-mangha at di-napipigilang Kapakanan. Matakot kayo sa Diyos, at huwag makipagtalos sa Kaniya na ang pagsapit ay Aming ipinamalita at ang Kaniyang Rebelasyon ay Aming ipinatalastas sa inyo. Ako ay

³⁵ Ang Báb.

³⁶ Sa mga parapo 2-15 si Bahá'u'lláh ay nagsasalita sa tinig ng Báb.

³⁷ Ang bilang ng mga titik ng salitang *Hín* ay 68. “Pagkatapos ng Hín” sa gayon ay isang parunggit sa taon pagkaraan ng A.H. 1268, na iyon ay 1269 (A.D. 1852-3), ang taong nagsimula ang Rebelasyong Bahá'í.

witness, even if ye were to deny it. By the righteousness of God! Through but a single one of His melodies the realities of all things were reborn, and through another the hearts of His favoured ones were filled with rapture. Take heed lest anything debar you from Him Whose presence is the same as Mine own. He sacrificed Himself in My path even as I sacrificed Myself in His path for the love of His glorious and incomparable beauty.	nagtatag ng kasunduan sa inyo tungkol sa Kaniyang misyon bago pa, ako gumawa ng kasunduan sa inyo tungkol sa Aking sarili, at sumasaksi rito ang lahat ng bagay, kahit itatwa pa ninyo ito. Saksi ang pagkamatuwid ng Diyos! Sa pamamagitan ng isa lamang sa Kaniyang mga himig, ang realidad ng lahat ng bagay ay muling isinilang, at sa pamamagitan ng isa pa ang mga puso ng Kaniyang mga pinagpala ay napuspos ng matinding kaligayahan. Mag-ingat na ang anumang bagay ay humadlang sa inyo mula sa Kaniya na ang Kaniyang kinaroroonan ay kapareho ng Aking sarili. Inialay Niya ang Kaniyang sarili sa Aking landas tulad ng pag-aalay Ko ng Aking sarili sa Kaniyang landas alang-alang sa pag-ibig sa Kaniyang kagandahang maluwalhati at walang-kahalintulad.
5. Say: But for Him the word “love” would never have been written, nor would the letters of the name of the Beloved have been joined together,^[38] nor would creation itself have been brought into being, would that ye might understand! But for Him I would never have surrendered Myself into the hands of the ungodly nor consented to be suspended in the air. By God! I have borne, in My love and yearning for Him, that which no other Prophet or Messenger hath borne, and I have acquiesced to bear all this Myself, that He might never be made to endure aught that would sadden His most kind and tender, His most pure and sanctified heart. We admonished you throughout the Bayán not to be the cause of grief to any soul, that haply no sorrow should ever befall Him. Otherwise, why would I have exhorted you and occupied Myself with your care, O assemblage of wavering ones? I intended in the Bayán none other than Him, I extolled no praise but His praise, and I uttered no name save His most blessed and most exalted, His most holy and most wondrous name.	5. Sabihin: Kung hindi dahil sa Kaniya ang salitang “pag-ibig” ay hindi kailanman naisulat, ni hindi sana naipagkabit-kabit ang mga titik³⁸ ng pangalan ng Minamahal, ni hindi rin sana nilalang ang sangnilikha, nawa ay inyong nauunawaan! Kung hindi dahil sa Kaniya kailanman ay hindi Ko isusuko ang Aking sarili sa mga kamay ng di-makadiyos, ni pumayag na ibitin sa ere. Saksi ang Diyos! Aking binatá, sa Aking pag-ibig at pananabik sa Kaniya, yaong hindi binatá ng iba pang Propeta o Sugo, at Aking tinanggap na batahin ang lahat ng ito ng Aking sarili, nang upang hindi Niya kailanman danasin yaong magpapalungkot sa Kaniyang pinakamabait at malamyos, sa Kaniyang pinakadalisay at sagradong puso. Pinaalalahanan Namin kayo sa kabuuan ng Bayán na huwag maging sanhi ng kalungkutan sa alinmang kaluluwa, nang sakaling walang kalungkutan ang sumapit sa Kaniya. Kung hindi dahil doon, bakit pa Ako nagpaalaala sa inyo at inabala ang Aking sarili sa pangangalaga sa inyo, O Kalipunan ng mga nag-aatubili? Aking nilayon sa Bayán ang walang iba kundi Siya, Aking ipinagbunyi ang walang papuri liban sa papuri sa Kaniya, at Aking binanggit ang walang ibang pangalan liban sa Kaniyang pinakapinagpala at pinakadakila, sa Kaniyang pinakabanal at pinakakamangha-manghang pangalan.
6. I swear by My life! If I have made mention of “lordship”, I have intended only His lordship over all things. If the word “divinity” hath ever flowed from My pen, I have intended naught but His divinity in relation to the world; and if an allusion to the “Desired One” hath proceeded therefrom, I have had none other in mind than Him. So too, in regard to the word “Beloved”, He, indeed, is My Beloved and the Beloved of every understanding heart. If I have spoken of “prostration”, I have meant only prostration before His exalted, His glorious and sublime Countenance. If I have praised any soul, Mine aim hath only been to celebrate His praise. And if I have bidden the people to act, My sole purpose hath been that they should act in accordance with His good-pleasure on the day of His Manifestation. Unto this beareth witness whatsoever was sent down unto Me	6. Isinusumpa Ko sa Aking buhay! Kung Ako ay bumanggit ng “pamumuno”, ang tinutukoy Ko lamang ay ang Kaniyang pamumuno sa lahat ng bagay. Kung ang salitang “pinakadiyos” ay dumaloy kailanman mula sa Aking panulat, ang tinutukoy Ko ay walang iba kundi ang Kaniyang pagkadiyos kaugnay ng daigdig; at kung ang parungit sa “Kaniyang Minimithi” ay nagbuhat doon, Ako ay walang ibang nasa isipan liban sa Kaniya. Gayundin ang kaugnay ng salitang “Minamahal”, Siya sa katunayan ang Aking minamahal at ang Minamahal ng bawat nakauunawang puso. Kung Ako ay nagwika tungkol sa pagpapatirapa, ang Aking ibig sabihin lamang ay ang pagpapatirapa sa harap ng Kaniyang dakila, sa Kaniyang maluwalhati at kataas-taasang Mukha. Kung Aking pinuri ang alinmang kaluluwa, ang Aking layunin ay ipagdiwang lamang ang papuri sa Kaniya. At kung

³⁸ Ang mga titik na Hâ’ at Bá’ ay bumubuo ng salitang *ḥubb* (pag-ibig), samantalang ang Hâ’ at Váv ay bumubuo ng *Huva* (Siya).

from the kingdom of My Lord, the All-Knowing, the All-Wise.	Aking inatasang kumilos ang mga tao, ang Aking tanging layunin ay kumilos sila sang-ayon sa Kaniyang mabuting kaluguran sa araw ng Kaniyang Kapahayagan. Sumasaksi rito ang anumang ipinababa sa Akin mula sa kaharian ng Aking Panginoon, ang Nakababatid ng Lahat, ang Lubos na Marunong.
7. I have made all things conditional upon His approval and pleasure. He it is, in truth, Who is the Lord of the worlds and the Object of the desire of every searching soul. Were ye to open your eyes, ye would verily behold the Manifestations of “He doeth whatsoever He willeth” worshipping under His shadow. Yet ye have done to Him what even the people of the Qur’án dared not do to Myself, nor the Jews to Christ. Alas, alas! My heart is consumed with anguish and My soul groaneth at what hath befallen My Beloved at the hands of the infidels. Woe unto you for your faithlessness, O concourse of oppressors! We, verily, created faithfulness and courtesy for His sake, that perchance ye would not commit, in the time of His appearance, aught that would cause Mine inner reality and the realities of all things to lament. But ye have transgressed that which was laid down in the Book of God, the King, the Most Exalted, the Most Great. Ye have rent asunder the veil of restraint and cast aside the vesture of propriety, and ye have committed that which the Pen of creation is abashed to recount before the dwellers of earth and heaven.	7. Ang lahat ng bagay ay Aking ginagawang maging sang-ayon sa Kaniyang pagtanggap at kaluguran. Siya, sa katotohanan, ay ang Panginoon ng mga daigdig at ang Nilalayan ng hangarin ng bawat kaluluwang naghahanap. Kung inyong bubuksan ang inyong mga mata, tunay na inyong masisilayan ang mga Kahayagan ng “Kaniyang ginagawa ang anumang ninanais Niya” na sumasamba sa lilim ng Kaniyang anino. Subalit inyong ginawa sa Kaniya yaong hindi nangahas gawin ng mga tao ng Qur’án sa Aking sarili, ni ng mga Hudeo kay Kristo. Sayang, sayang! Ang Aking puso ay natupok ng dalamhati at ang Aking kaluluwa ay umungol sa sinapit ng Aking Minamahal sa mga kamay ng mga di-sumasampalataya. Pighati ang mapasainyo dahil sa inyong kawalan ng katapatan, O kalipunan ng mga maniniil! Sa katunayan, Aming nilikha ang katapatan at kapitagan alang-alang sa Kaniya, nang sakaling hindi ninyo gagawin, sa oras ng Kaniyang pagdating, ang anumang magiging sanhi ng pagdadalamhati ng Aking panloob na realidad at ang realidad ng lahat ng bagay. Subalit inyong nilabag yaong itinakda sa Aklat ng Diyos, ang Pinakamataas, ang Pinakadakila. Inyong pinunit ang lambong ng paghuhunos-dili at itinapon ang kasuotan ng wastong pagkilos, at inyong ginawa yaong ikinahihyang isaysay ng Panulat ng kinapal sa harap ng mga nananahan sa lupa at sa langit.
8. Alas, alas, for that which ye have inflicted upon this wronged, this banished and forsaken Soul! Nor do I know what ye will inflict upon Him hereafter. Nay, by Myself, the All-Knowing! I do verily know, for with Me is the knowledge of all things in a Tablet that God hath shielded from the gaze of those who have joined partners with Him. We apprised Him aforetime of the things that have befallen or will befall Him, even though He Himself is well informed of all that the hearts of men conceal. For nothing can escape His knowledge, and whatever hath been created by a mere word from His mouth can never slip from His grasp. No God is there but Him, the Peerless, the Creator, the Quickener, the Destroyer.	8. Sayang, sayang dahil sa inyong ipinalasap dito sa pinagkasalahan, nitong itinaboy at pinabayaang Kaluluwa! Ni hindi Ko rin alam kung ano pa ang ipalalasap ninyo sa Kaniya sa susunod. Hindi lamang iyon, saksi ang Aking sarili, ang Nakababatid ng Lahat! Sa katunayan ay alam Ko, sapagkat nasa Akin ang kaalaman ng lahat ng bagay sa isang Tabletang ikinubli ng Diyos sa paningin ng yaong mga nakipantay sa Kaniya. Ipinabatid Namin sa Kaniya noong nauna ang mga bagay na sumapit na o sasapit pa sa Kaniya, bagaman Siya sa Kaniyang sarili ay nakababatid ng lahat na itinatago ng mga puso ng tao. Sapagkat walang makawawala sa Kaniyang kaalaman, at ang anumang nilikha ng isang salita lamang mula sa Kaniyang bibig ay hindi kailanman mawawaglit sa Kaniyang tangan. Walang ibang Diyos liban sa Kaniya, ang Walang-kahalintulad, ang Manlilikha, ang Bumubuhay, ang Lumilipol.
9. Say: O people! Should it be His desire to cause all the dwellers of earth and heaven to become an abiding testimony of His truth, this would assuredly be within His power. And this, verily, would be easy and possible unto Him. He it is Who created the paradise of the Bayán for His own sake. From Him have all things proceeded and unto Him will they all return, did ye but know it. Yet, I swear by Him in Whose hand is the	9. Sabihin: O mga tao! Kung maging Kaniyang hangarin na gawin ang lahat ng mga nananahan sa lupa at langit na maging namamalaging patunay sa Kaniyang katotohanan, tiyak na ito ay nasa Kaniyang kapangyarihan. Siya itong lumikha ng paraiso ng Bayán alang-alang sa Kaniyang sarili. Mula sa Kaniya ang lahat ng bagay ay nagbuhat at tungo sa Kaniya ang lahat ng ito ay babalik, kung alam lamang ninyo. Subalit

kingdom of creation, ye deny Him the right to designate Himself by a single one of the divine names, even though He it is at Whose mighty and exalted behest all names and their kingdom were created!	isinusumpa Ko sa Kaniya na nasa Kaniyang kamay ang kaharian ng kinapal, ipinagkakait ninyo sa Kaniya ang karapatang tagurian ang Kaniyang sarili ng isa man lamang sa banal na mga pangalan, samantalang Siya itong sa Kaniyang makapangyarihan at dakilang utos ang lahat ng mga pangalan at ang kanilang kaharian ay nilalang!
10. Alas, alas, for your negligence, O people of the Bayán! Alas, alas, for your blindness, O concourse of the faithless! For, prompted by self-conceit and vainglory, ye have ascribed the station of successor to one of His enemies and have contended thereby with God, the Author of all religions aforetime and hereafter. Thus have ye returned to the arguments of the people of the Qur'án, notwithstanding that We prohibited you from uttering a single word in His presence save by His leave. God knoweth and testifieth to the truth of My words. Contemplate, therefore, your condition and the measure of your understanding. Woe betide you, and your thoughts, and your judgement, O ye that are in grievous loss! Know ye not that We have rolled up that which the people possessed, and have unfolded a new order in its place? Blessed, then, be God, the sovereign King, the Unfolder, the Almighty, the Most Generous.	10. Sayang, sayang, sa inyong kapabayaan, O mga tao ng Bayán! Sayang, sayang, sa inyong kabulagan, O kalipunan ng salawahan! Dahil sa udyok ng kayabangan at kabulastugan, inilapat ninyo ang katayuan ng tagapagmana ng tungkulin sa isa sa Kaniyang mga kaaway at sa gayon ay ginawang makipagtalo sa Diyos, ang May-akda ng lahat ng mga relihiyong nauna at susunod. Sa gayon ay nanumbalik kayo sa mga katwiran ng mga tao ng Qur'án, sa kabila ng pagbabawal Namin sa inyo ng pagbigkas ng kahit isang salita sa Kaniyang kinaroroonan liban lamang sa Kaniyang pahintulot. Ang Diyos ang nakababatid at sumasaksi sa katotohanan ng Aking mga salita. Nilay-nilayin, samakatwid, ang inyong kalagayan at ang sukat ng inyong pag-unawa. Kapighatian ang mapasainyo, at sa inyong mga kaisipan, at sa inyong paghatol, O kayong mga nasa matinding kawalan! Hindi ba ninyo alam na ibinalumbon na Namin yaong taglay ng mga tao, at iniladlad ang panibagong kaayusan bilang kapalit nito? Pagpalain, kung gayon, ang Diyos, ang namumuong Hari ang Tagapagladlad, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Pinakamapagbigay.
11. Say: O people, cease your slander of Me. No word have I spoken except in praise of this Revelation; no breath have I drawn but for the love of its Author; and nowhere have I turned My face save towards His shining and luminous Countenance. I have made the Bayán and all that was revealed therein to be as a leaf in the celestial garden that belongeth unto Him, the Protector, the Gracious, the Almighty. Beware lest ye appropriate it and surrender it to him who, in pursuit of self and desire, seeketh to shed My blood anew and who contendeth with God. We, verily, unfolded the Bayán from a single word and returned it again to that same word, bidding it to appear before the Throne of Him Who is the All-Knowing, the All-Wise, that He might behold His former creation and take delight therein. Be fair, then, in your judgement: Is it the prerogative of the Author of that word to lay hand upon it, or of any other soul? What hath made you so blind, O concourse of veiled ones?	11. Sabihin: O mga tao, ihinto ang inyong panlilibak sa Akin. Walang salita Akong binigkas liban sa papuri sa Rebelasyong ito; walang hininga Akong hinugot liban sa pag-ibig sa May-akda nito; at walang dako Akong pinagbalingan ng Aking mukha liban sa Kaniyang sumisinag at nagniningning na Mukha. Aking ginawa ang Bayán at ang lahat ng ipinahayag doon na maging isang dahon sa makalangit na hardin na pag-aari Niya, ang Tagapangalaga, ang Magiliw, ang Lubos na Makapangyarihan. Mag-ingat na inyong agawin ito at ibigay sa kaniya na, sa paghahabol sa sarili at pagnanasa, ay sinisikap na muling padanakin ang Aking dugo at nakikipagtalo sa Diyos. Sa katunayan ay iniladlad Namin ang Bayán mula sa iisang salita at muling ibinalik ito sa gayunding salita, at inatasan itong lumitaw sa harap ng Trono Niya na Siyang Nakababatid ng Lahat, ang Lubos na Marunong, nang upang mapagmasdan Niya ang Kaniyang dating nilikha at malugod roon. Maging makatarungan, kung gayon, sa inyong paghatol: Karapatan ba ng May-akda ng salitang iyon na panghawakan ito, o ng iba pang kaluluwa? Ano ang bumulag sa inyo nang ganiyan, O kalipunan ng mga nalalambungan?
12. We, verily, enjoined the people of the Bayán to wear silken garments and to be immaculate in their person and dress, that His gaze might not fall upon aught that would displease Him. Likewise, every provision that hath been expounded in Our perspicuous Book is but for His sake, were ye to judge fairly. We created the heavens and the earth and all that lieth between them for His loved ones, how much more for the sake of His most	12. Sa katunayan ay inatasan Namin ang mga tao ng Bayán na manamit ng seda at maging pagkalinis-linis sa kanilang katawan at pananamit, nang upang ang Kaniyang paningin ay hindi dumapo sa anumang makayayamot sa Kaniya. Gayundin, ang bawat takda na ipinaliwanag sa Aming napakalinaw na Aklat ay alang-alang sa Kaniya lamang, kung kayo ay maghuhusga nang makatarungan. Nilikha Namin ang

resplendent, His most glorious and radiant beauty. And yet ye have laid hold on that which We have destined for Him and seized upon it to reject My Beloved. What hath made you so heedless, O people of malice? And what will satisfy you in this day, O stirrers of sedition?	kalangitan at ang kalupaan at ang lahat ng mga umiiral sa pagitan nito para sa Kaniyang mga minamahal, gaano pa kaya para sa Kaniyang pinakamaningning, sa Kaniyang pinakamaluwalhati at kumikinang na kagandahan. At gayumpaman ay inyong pinanghawakan yaong itinadhana Namin para sa Kaniya at sinunggaban ito upang itatwa ang Aking Minamahal. Ano ang gumawa sa inyong maging lubhang pabaya, O mga tao ng masamang hangarin? At ano ang makalulugod sa inyo sa araw na ito, O mga nagbubuyo ng paghihimagsik?
13. Ye have opposed Him and all that He hath manifested, even though We admonished you in Our Tablets that whoso calleth to mind His most great and most wondrous Name should arise from his place and repeat nineteen times: “Glorified be God, the Lord of the kingdoms of earth and heaven!”, and then another nineteen times: “Glorified be God, the Lord of all glory and dominion!”, and so forth, as We have revealed in a most mighty Tablet.^{39]} Ye, however, have disbelieved in Him and in His verses. Nay, not contenting yourselves with that, ye have disregarded the rights of God which revert unto Him, and have given no heed to that commandment of God which pertaineth to His own Self, the Most Exalted, the All-Knowing. Ye have rejected all of His actions, one after another, and taken pleasure in deriding Him. Among you is he who saith: “He drinketh tea!”, while another complaineth: “He partaketh of food!” Yet another doth object to His apparel, though every thread thereof testifieth that there is none other God but Him and that He is the Object of the adoration of all who are nigh unto God. I bear witness that at times the Ancient Beauty was in want of even a change of garments. Thus testifieth the Tongue of truth and knowledge. Many a night was He unable to provide sustenance for His kindred, yet He concealed His plight to safeguard the honour of God’s mighty and unassailable Cause, and this notwithstanding that all things were created for His sake and that the key to the treasure-houses of earth and heaven is in His grasp.	13. Kayo ay tumututol sa Kaniya at sa lahat ng Kaniyang ipinahayag, bagaman pinaalalahanan Namin kayo sa Aming mga Tableta na ang sinumang gumunita sa Kaniyang pinakadakila at pinakakamangha-manghang Pangalan ay dapat tumayo sa Kaniyang kinalalagyan at ulitin nang siyamnapung beses ang: “Luwalhatiin nawa ang Diyos, ang Panginoon ng mga kaharian ng lupa at langit!” at pagkatapos ay ulitin muli nang siyamnapung beses ang: “Luwalhatiin nawa ang Diyos, ang Panginoon ng lahat ng luwalhati at paghahari!”, at karagdagan pa, sang-ayon sa Aming ipinahayag sa isang napakadakilang Tableta.³⁹ Subalit kayo ay hindi naniwala sa Kaniya at sa Kaniyang mga bersikulo. Hindi lamang iyon, hindi pa nasiyahan doon, hindi ninyo iginalang ang mga karapatan ng Diyos na bumabalik sa Kaniya, at hindi pinansin yaong kautusan ng Diyos na patungkol sa Kaniyang mismong Sarili, ang Pinakadakila, ang Nakababatid ng Lahat. Inyong itinatwa ang lahat ng Kaniyang kilos, nang sunod-sunod, at ikinalugod ang paghamak sa Kaniya. Kabilang sa inyo ang siyang nagsabing: “Umiinom Siya ng tsaa!”, samantalang ang isa pa ay umangal na: “Kumakain Siya!” At ang isa pa ay tumutol sa Kaniyang kasuotan, bagaman ang bawat sinulid noon ay sumasaksi na walang ibang Diyos liban sa Kaniya at na Siya ang Layunin ng pagsamba ng lahat ng malapit sa Diyos. Sumasaksi Ako na sa lahat ng panahon ang Napakatandang Kagandahan ay nagkukulang ng kahit mapagbihisan man lamang. Sa gayon ay sumasaksi ang Dila ng katotohanan at kaalaman. Maraming gabi ay wala Siyang maitustos na pagkain sa Kaniyang mga kaanak, subalit ay inilihim Niya ang Kaniyang suliranin upang pangalagaan ang karangalan ng makapangyarihan at di-matitinag na Kapakanan ng Diyos, at ito ay sa kabila nang ang lahat ng bagay ay nilikha alang-alang sa Kaniya at ang susi ng mga imbakang-yaman ng lupa at langit ay tangan Niya.
14. Woe betide you for your shamelessness, O people of the Bayán! God is My witness! I am abashed at your deeds and I disavow you, O assemblage of evil ones! Alas for the sufferings He hath endured at your hands. Alas for what hath befallen Him and doth continue to afflict Him at every moment. O people! Judge with fairness and reflect for but a moment: If ye remain blinded by such veils, then to what end did I reveal Myself and what fruit did My Revelation bear, O	14. Kapighatian ang mapasainyo dahil sa inyong kawalanghiyaan, O mga tao ng Bayán. Ang Diyos ang Aking saksi! Hiyang-hiya Ako sa inyong mga kagagawan at itinatakwil Ko kayo, O kalipunan ng mga masasama! Naku! ang mga pagdurusang dinanas Niya sa inyong mga kamay. Naku! ang sumapit sa Kaniya at patuloy na nagpapahirap sa Kaniya sa bawat sandali. O mga tao! Humatol nang makatarungan at nilay-nilayin nang isang saglit man lamang: Kung kayo ay

³⁹ Ang mga pagsamong ito ay nagbuhat sa isang Tableta ng Báb na isinulat kay Mullá Báqir-i-Tabrizí tungkol sa Kaniya na Siyang ihahayag ng Diyos.

concourse of hypocrites? God hath called Me forth to rend asunder the veils and to purify your hearts in anticipation of this Revelation. Yet ye have committed that which caused My tears and the tears of the holy ones to flow. The faces of the former generations blanch at your doings, for ye are more veiled than they, and more heedless than the followers of the Torah, the Evangel, or any other Book.	mananatiling nabubulag ng gayong mga lambong, samakatwid ay sa anong layunin Ko ipinahayag ang Aking sarili at anong bunga ang inilabas ng Aking Rebelasyon, O kalipunan ng mga balatkayo? Pinalitaw Ako ng Diyos upang punitin ang mga lambong at upang dalisayin ang inyong mga puso bilang paghahanda sa Rebelasyong ito. Gayumpaman ay inyong ginawa yaong nagsanhi ng pagdaloy ng Aking mga luha at ng mga luha ng mga banal. Ang mga mukha ng naunang mga salinlahi ay namumutla sa inyong mga kagagawan, sapagkat kayo ay higit na nalalambungan kaysa sa kanila, at higit na pabaya kaysa mga tagasunod ng Torah, ng Ebanghelyo, O ng alinmang ibang Aklat.
15. O would that I had never been born and had never revealed Myself to you, O treacherous ones! I swear by Him Who sent Me forth with the power of truth! I have reckoned up the knowledge of all things, and I know all that is preserved in the inviolable treasures of God and concealed from the eyes of men, but never have I encountered a people more wayward and more wicked than you. For with all that We have expounded in Our Tablets, and all the admonitions We have addressed unto you in every page thereof, We are unable to conceive that a single soul on earth would dare protest against God, in Whose grasp are the kingdoms of earth and heaven. We are perplexed at your creation and know not from what word ye were fashioned, O ye whose nature and actions astound the hearts of the Concourse on high, and them that are devoted to God, and them that enjoy near access unto Him!	15. O sana ay hindi na Ako isinilang at hindi ipinahayag ang Aking sarili sa inyo, O mga taksil! Isinusumpa Ko sa Kaniyang nagpadala sa Akin taglay ang kapangyarihan ng katotohanan! Aking tinuos ang kaalaman ng lahat ng bagay, at alam Ko ang lahat ng bagay na iniingatan sa di-masasalakay na mga ingatang-yaman ng Diyos at nalilihim mula sa mga mata ng tao, subalit kailanman ay hindi pa Ako nakatagpo ng mga taong higit na suwail o higit na masama pa kaysa sa inyo. Dahil sa lahat ng Aming ipinaliwanag sa Aming mga Tableta, at sa lahat ng mga paalaalang ibinigay Namin sa inyo sa bawat pahina niyon, hindi Namin malirip na kahit isang kaluluwa sa daigdig ay mangangahas na tumutol sa Diyos, na tangan Niya ang mga kaharian ng lupa at langit. Kami ay nagtataka sa inyong pagkalalang at di-malaman kung mula sa aling salita kayo nilikha, O kayo na ang ugali at mga kilos ay nakagigitla sa mga puso ng Kalipunan sa kaitasan, at silang mga deboto sa Diyos, at silang mga nagtatamasa ng kalapitan sa Kaniya!
16. O servant! Thus do We relate unto thee in this Tablet that which the Dove of the Bayán warbleth at this moment before the Throne of thy Lord, the Almighty, the All-Praised. Peruse, then, that which is revealed therein, but guard its pearls of inner meaning from the hands of the treacherous and thieving among the hosts of the Evil One. Shouldst thou find a discerning soul, set this Tablet before his eyes that he may in turn behold it and be of them that attain. Haply they that are endued with insight amongst Our righteous servants will become apprised of what hath befallen the celestial Beauty at the hands of these profligate souls who have chosen to worship the Calf rather than the Lord God, have prostrated themselves before it every morn and eventide, and have exulted therein.	16. O tagapaglingkod! Sa gayon ay isinasaysay Namin sa iyo sa Tabletang ito yaong inawit ng Kalapati ng Bayán sa sandaling ito sa harap ng Trono ng iyong Panginoon, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Lubos na Pinupuri. Basahin, kung gayon, yaong ipinahayag doon, subalit pangalagaan ang mga perlas ng panloob na kahulugan mula sa mga kamay ng traydor at magnanakaw mula sa mga hukbo Niya na Masama. Kung ikaw ay makatagpo ng nakauunawang kaluluwa, iharap ang Tabletang ito sa kaniyang mga mata nang upang siya naman ang makakita nito at mapabilang sa kanilang mga nakatamo. Baka sakaling silang mga nagtataglay ng malalim na pag-unawa mula sa Aming matuwid na mga tagapaglingkod ay mababatid yaong sumapit sa makalangit na Kagandahan sa mga kamay nitong abusadong mga kaluluwa na piniling sambahin ang Guya sa halip ng Panginoong Diyos, nagpatirapa ng kanilang mga sarili sa harap nito tuwing umaga at dapithapon, at ipinagbunyi iyon.
17. Grieve not on account of Our adversity, but be patient even as We have been patient. He, in truth, is the best of helpers. Remember thy Lord in the daytime and in the night season, and extol His praise amidst His servants. Haply the fire of His love will thereby be kindled in the hearts of the righteous, and all shall arise	17. Huwag malumbay dahil sa Aming salaghati, subalit maging matiisin tulad ng Aming pagiging mapagtiis. Siya, sa katotohanan, ay ang pinakamahasay sa mga tumutulong. Gunitain ang iyong Panginoon sa araw at sa gabi, at ipagbunyi ang papuri sa Kaniya sa piling ng Kaniyang mga tagapaglingkod. Baka sakaling ang apoy ng pag-ibig sa Kaniya ay mapaningas sa

in turn to extol God, their Lord, the Lord of the seen and the unseen, and the Lord of your sires of old.	pamamagitan niyon sa mga puso ng matuwid, at ang lahat ay magsisibangon sa kanilang bahagi upang purihin ang Diyos, ang kanilang Panginoon, ang Panginoon ng nakikita at ng di-nakikita, at ang Panginoon ng inyong mga ninuno noong unang panahon.
– 39 –	– 39 –
Excerpt from the Súriy-i-Aḥzán	Halaw mula sa Súriy-i-Aḥzán
(Súrih of Sorrows)	(Súrih ng mga Pighati)
1. Would that thou wert standing at this moment before the Throne and couldst hear how the melodies of eternity issue from the Temple of Bahá! By the one true God, should His creatures but cleanse their ears, and should they hear but a single strain of these melodies, they would, one and all, fall thunderstruck upon the dust in the presence of thy Lord, the All-Glorious, the Most Bountiful. Since, however, they have contended with God, He hath denied them the wonders of His grace and hath reckoned them in His sight as discarded lumps of clay. By God! Wert thou to consider their words, thou wouldst hear what was never heard from the Jews when We sent the Spirit unto them with a perspicuous Book, nor from the concourse of the Gospel when We caused the Day-Star of eternity to dawn above the horizon of Mecca with world-illuminating splendours, nor yet from the people of the Qur’án when the heavens of divine knowledge were cleft asunder and God manifested Himself, with the power of the truth and in the shadow of His All-Merciful Name, in the beauty of ‘Alí.^[40]	1. Ikaw sana ay nakatayo sa sandaling ito sa harap ng Trono at naririnig kung paano lumalabas ang mga himig ng kawalang-hanggan mula sa Templo ni Bahá! Saksi ang iisang tunay na Diyos, na kung lilinis lamang ng Kaniyang mga nilalang ang kanilang tainga, at kung maririnig nila ang iisang nota lamang ng mga himig nito, ang bawat isa at ang lahat sa kanila ay tulalang babagsak sa alabok sa kinaroroonan ng iyong Panginoon, ang Lubos na Maluwalhati, ang Pinakamasagana. Subalit yamang nakipagtalo sila sa Diyos, ipinagkait Niya sa kanila ang mga kamanghaan ng Kaniyang biyaya at itinuring sila sa Kaniyang paningin bilang itinapong mga bungkos ng luwad. Saksi ang Diyos! Kung iyong iisipin ang kanilang mga salita, iyong maririnig yaong hindi kailanman narinig mula sa mga Hudeo nang ipababa Namin sa kanila ang Espiritu taglay ang malinaw na Aklat, ni mula sa kalipunan ng Ebanghelyo nang ginawa Namin na sumikat ang Bituing-Araw ng kawalang-hanggan sa sugpungang-guhit ng Mecca nang may mga karingalang tumatanglaw sa buong daigdig, ni hindi rin mula sa mga tao ng Qur’án nang biyakin ang kalangitan ng banal na kaalaman at inihayag ng Diyos ang Kaniyang sarili, taglay ang kapangyarihan ng katotohanan at sa lilim ng Kaniyang Pangalang Lubos na Mahabagin, sa kagandahan ni ‘Alí.⁴⁰
2. At the mention of this blessed, this hallowed, this exalted and unapproachably wondrous Name, a Name in truth most wondrous, there arise within Me two conditions. I see My heart burning with the fire of grief over that which befell the Beauty of the All-Merciful at the hands of the people of the Qur’án. It is as though every limb of My body were being devoured by a consuming flame that, if left unchecked, would set ablaze the entire world. To this, God Himself beareth Me witness. Likewise I behold tears flowing from Mine eyes, and My limbs, and even the hairs of My head, at the calamities that were visited upon Him by the wicked, who slew God and recognized Him not, and who, boasting of allegiance to but one of His Names, suspended Him in the air and riddled His breast with the bullets of hatred.	2. Sa pagbanggit nitong pinagpala, nitong banal, nitong dakila at di-mapantayang kamangha-manghang Pangalan, isang Pangalan na sa katotohanan ay lubhang kamangha-mangha, lumilitaw sa Akin ang dalawang kalagayan. Nakikita Kong nagliliyab ang Aking puso sa apoy ng pagdadalamhati bunga ng sumapit sa Kagandahan ng Lubos na Mahabagin sa mga kamay ng mga tao ng Qur’án. Waring ang bawat bisig ng Aking katawan ay nilalamon ng tumutupok na apoy, na kung pababayaang hindi napipigilan, ay magpapaliyab sa buong daigdig. Dito ang Diyos Mismo ay sumasaksi sa Akin. Gayundin ay nakikita Kong dumadaloy ang mga luha mula sa Aking mga mata, at sa Aking mga kalamnan, at kahit pa sa mga buhok ng Aking ulo, bunga ng mga kalamidad na ipinalasap sa Kaniya ng mga masasama, na pinaslang ang Diyos at hindi Siya kinilala, at sa pagyayabang nila sa katapatan sa iisa lamang sa Kaniyang mga pangalan, ay ibinitin Siya sa ere at

	tinadtad ang Kaniyang dibdib ng mga bala ng pagkamuhi.
3. Would that the universe had never been called into existence! Would that the world had never been brought into being! Would that no Prophet had ever been raised up, no Messenger sent forth, and no Cause established amongst men! Would that the Name of God had never been manifested betwixt earth and heaven, and that no Books, Tablets, or Scriptures had ever been revealed! Would that the Ancient Beauty had never been made to dwell among these workers of iniquity, nor to suffer at the hands of those who openly disbelieved in God and who committed against Him that which none on earth had ever dared commit! By the one true God! Wert thou, O ‘Alí,^[41] to examine My limbs and members, My heart and vitals, thou wouldst discover the traces of those same bullets that struck that Temple of God. Alas, alas! Thus was the Revealer of verses prevented from revealing them, and this Ocean from surging, and this Tree from bearing fruit, and this Cloud from pouring down its rain, and this Sun from giving its light, and this Heaven from ascending on high. Yet, so hath it been irrevocably decreed in this Day.	3. Sana ang sanlibutan ay hindi na lang nilikha! Sana ang daigdig ay hindi na lang pinairal! Sana ay wala na lang Propeta ang ibinangon, wala na lang Sugo ang ipinadala, at wala na lang Kapakanan ang itinatag sa mga tao. Sana ang Pangalan ng Diyos ay hindi na lang naihayag sa pagitan ng lupa at langit, at walang mga Aklat, mga Tableta, o mga Santong Kasulatan ang naipahayag. Sana ang Napakatandang Kagandahan ay hindi napilitang mamuhay kasama nitong mga gumagawa ng kasamaan, ni hindi magdusa sa mga kamay nilang mga lantarang hindi naniniwala sa Diyos at ginawa laban sa Kaniya yaong walang sinuman sa daigdig ang kailanmang nangahas gawin! Saksi ang iisang tunay na Diyos! Kung ikaw, O ‘Alí,⁴¹ ay susuriin ang Aking mga bisig at mga bahagi, ang Aking puso at mga kalamnan, iyong matutuklasan ang mga bakas ng mismong mga balang iyon na tumama sa Templo ng Diyos. Naku, naku! Sa gayon ang Tagapaghayag ng mga bersikulo ay napigilan mula sa pagpapahayag ng mga iyon, at mula sa pagdaluyong ng Karagatang ito, at mula sa pamumunga ng Punong ito, at mula sa pagbuhos ng ulan ng Ulap na ito, at mula sa pagsikat ng Kalangitang ito. Subalit ganoon ang di-mababagong tadhana sa Araw na ito.
4. Would that I had never been, and that My mother had never borne Me! Would that I had never heard of that which befell Him at the hands of those who worshipped the Names of God and yet slew Him Who is their Author, their Creator, their Fashioner, and their Revealer! Woe betide them for following the promptings of self and passion, and for committing that which caused the Maids of Heaven to faint away in their celestial chambers and the Spirit to cover its face in the dust by reason of that which these wolves have inflicted upon the Lord of Lords. All things weep at the tears I shed for Him; all things lament at the sighs I uttered over Our separation. Such indeed is My sorrow that the melodies of eternity can no longer flow from My lips, nor can the breezes of the spirit waft from My heart. And had I not sought to protect Myself, My body would have been cleft asunder and My life extinguished.	4. Sana hindi na Ako nabuhay, at hindi na Ako isinilang ng Aking ina. Sana ay hindi Ko nabalitaan yaong sumapit sa Kaniya sa mga kamay nilang mga sumasamba sa mga Pangalan ng Diyos at gayumpaman ay pinaslang Siya na May-akda sa mga iyon, ang kanilang Manlilikha, ang kanilang Maylalang, at ang kanilang Tagapaghayag! Kapighatian ang sumapit sa kanila dahil sa pagsunod nila sa mga udyok ng sarili at ng kapusukan, at dahil sa paggawa ng naging sanhi ng pagkahimatay ng mga Dilag ng Langit sa kanilang makalangit na mga silid at ng pagkatago ng Espiritu sa mukha nito sa alabok dahil sa ipinalasap ng mga lobong ito sa Panginoon ng mga Panginoon! Ang lahat ng bagay ay tumatangis sa pagluha Ko para sa Kaniya; ang lahat ng bagay ay nagdadalamhati sa Aking mga pagbuntong-hininga sa Aming pagkakahiwalay. Sa katunayan ganoon na lamang ang Aking kalungkutan na ang mga himig ng kawalang-hanggan ay hindi na makadaloy mula sa Aking mga labi, ni hindi na rin makahihip mula sa Aking puso ang mga simoy ng espiritu. At kung hindi Ko pa sinikap pangalagaan ang Aking sarili, nabiyak na sana ang Aking katawan at ang Aking buhay ay natupok.
5. Behold, My former Manifestation weepeth in turn and addresseth thee, saying, “O ‘Alí! By the righteousness of the one true God! Wert thou to examine My heart, My limbs, and My members, and to observe Mine inner and outer being, thou wouldst find the traces of the darts of rancour that have struck My latter Manifestation Who appeareth in My Name, the All-Glorious! Thus do I lament, and the Concourse on	5. Masdan, ang Aking naunang Kahayagan ay umiiyak din at kinakausap ka, sinasabing, “O ‘Alí! Saksi ang pagkamatuwid ng iisang tunay na Diyos! Kung iyong susuriin ang Aking puso, ang Aking mga bisig, at ang Aking mga bahagi, at pagmamasdan ang Aking panloob at panlabas na sarili, iyong matatagpuan ang mga bakas ng mga palaso ng sama ng loob na tumama sa Aking kasunod na Kahayagan na Siyang lumitaw sa

⁴¹ Ang Súriy-i-Aḥzán ay ipinahayag para kay Mírzá ‘Alíy-i- Sayyāḥ-i-Marághih’í.

high lament My weeping. Thus do I bewail, and the dwellers of the Tabernacle of names bewail My cries. Thus do I sigh in anguish, and the inhabitants of the cities of eternity shed tears at My sighing for this Wronged One Who findeth Himself among the people of the Bayán. By God, they have inflicted upon Him that which the followers of the Qur'án never inflicted upon Me. Alas for what hath befallen Him at their hands! Whereupon did the denizens of earth and heaven fall distraught upon the dust at that which had afflicted that Beauty Who was seated upon the throne of divine nearness. Woe to them and to what their hands have wrought every morn and eve!”	Aking Pangalan, ang Lubos na Maluwalhati! Sa gayon Ako ay nagdadalamhati, at nagdadalamhati ang Kalipunan sa kaitaasan dahil sa Aking pagtangis. Sa gayon ay naghihinagpis Ako, at ang mga nananahan sa Tabernakulo ng mga pangalan ay naghihinagpis sa Aking mga panaghoy. Sa gayon Ako ay nagbubuntong-hininga para sa Pinagkasalahang ito na natatagpuan ang Kaniyang Sarili sa kalagitnaan ng mga tao ng Bayan. Saksi ang Diyos, ipinalasap nila sa Kaniya yaong hindi kailanman ipinalasap sa Akin ng mga tagasunod ng Qur'án. Naku dahil sa sumapit sa Kaniya sa kanilang mga kamay! Sa gayon ang mga nananahan sa lupa at langit ay humandusay sa alabok dahil sa ipinalasap sa Kagandahang nakaupo sa trono ng pagkamalapit. Kapighatian ang mapasakanila at sa ginawa ng kanilang mga kamay sa tuwing umaga at gabi!”
6. Behold, the Ancient Beauty crieth out: “O Pen of the Most High! Turn aside from this theme which hath saddened all that wear the garment of existence, and make mention of another out of mercy for the Concourse on high. By the one true God! His Throne hath well-nigh been overwhelmed, notwithstanding its grandeur and loftiness.”	6. Masdan, ang Napakatandang Kagandahan ay bumulalas: “O Panulat ng Pinakamataas! Lumihis mula sa temang ito na nagpalungkot sa lahat ng nagsusuot ng baro ng pag-iral, at bumanggit ng iba alang-alang sa habag para sa Kalipunan sa kaitaasan. Saksi ang iisang tunay na Diyos! Ang Kaniyang Trono ay halos bumaliktad na, sa kabila ng karingalan at kataasan nito.”
7. When We heard this call, We ceased Our account of these sorrows and returned to Our previous theme, that thou mayest be fully apprised thereof. O ‘Alí, be not dismayed at that which we have recounted to thee of the calamities that have been visited upon Our former and latter Manifestations. Gird up thy loins to assist the Cause of God, and arise in this path with constancy and unbending resolve.	7. Nang Aming marinig ang panawagang ito, itinigil Namin ang Aming salaysay ng mga dalamhating ito at bumalik sa dating paksa Namin, nang iyong ganap na mabatid iyon. O ‘Alí, huwag malungkot doon sa Aming isinalaysay sa iyo tungkol sa mga salaghating ipinalasap sa Aming nauna at kasunod na mga Kahayagan. Bigkisan ang iyong mga balakang upang tumulong sa Kapakanan ng Diyos, at magbangon sa landas na ito taglay ang buong katapatan at di-nababaling pagtitika
• • •	• • •
Birth of the Báb	Ang Kapanganakan ng Báb
– 40 –	– 40 –
<i>In the name of the One born on this day, Him Whom God hath made to be the Herald of His name, the Almighty, the All-Loving!</i>	<i>Sa ngalan Niya na isinilang sa araw na ito, Siya na ginawa ng Diyos na maging Tagapamalita ng Kaniyang Pangalan, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Lubos na Nagmamahal!</i>
1. This is a Tablet We have addressed unto that night wherein the heavens and the earth were illumined by a Light that cast its radiance over the entire creation.	1. Ito ay isang Tableta na Aming isinulat para sa gabing iyon kung kailan ang mga kalangitan at ang kalupaan ay tinanglawan ng isang Liwanag na nagsabog ng kaningningan nito sa buong sangnilikha.
2. Blessed art thou, O night! For through thee was born the Day of God, a Day which We have ordained to be the lamp of salvation unto the denizens of the cities of names, the chalice of victory unto the champions of the arenas of eternity, and the dawning-place of joy and exultation unto all creation.	2. Pinagpala ka, O gabi! Sapagkat sa pamamagitan mo ay isinilang ang Araw ng Diyos, isang Araw na itinalaga Namin na maging ilawan ng kaligtasan sa mga nananahan sa mga lungsod ng mga pangalan, ang kalis ng tagumpay para sa mga kampeon ng mga bulwagan ng kawalang-hanggan, at ang pook-silangan ng kaligayahan at pagdiriwang para sa buong sangnilikha.
3. Immeasurably exalted is God, the Maker of the heavens, Who hath caused this Day to speak forth that	3. Di-masukat ang kadakilaan ng Diyos, ang Maylikha ng mga kalangitan, Siya na sanhi ng pagbigkas

Name whereby the veils of idle fancy have been rent asunder, the mists of vain imaginings have been dispelled, and His name “the Self-Subsisting” hath dawned above the horizon of certitude. Through Thee the choice wine of everlasting life hath been unsealed, the doors of knowledge and utterance have been unlocked before the peoples of the earth, and the breezes of the All-Merciful have been wafted over every region. All glory be to that hour wherein the Treasure of God, the All-Powerful, the All-Knowing, the All-Wise, hath appeared!	ng Araw na ito sa Pangalan na iyon na sa pamamagitan nito ang mga lambong ng walang-katuturang hinagap ay napawi, at ang Kaniyang pangalang “ang Sariling-Ganap” ay sumikat sa itaas ng guhit-tagpuan ng katiyakan. Sa pamamagitan Niya ang piling alak ng walang-hanggang buhay ay inalisan ng selyo, ang mga pinto sa kaalaman at pananalita ay binuksan sa harap ng mga tao ng daigdig, at ang mga simoy ng Mahabagin sa Lahat ay sumimoy sa lahat ng dako. Ang lahat ng kaluwalhatian ay mapasaoras na iyon kung kailan ang Kayamanan ng Diyos, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Nakababatid ng Lahat, ang Lubos na Marunong, ay lumitaw!
4. O concourse of earth and heaven! This is that first night, which God hath made to be a sign of that second night, whereon was born He Whom no praise can befittingly extol and no attribute describe. Well is it with him who reflecteth upon them both: Verily, he will find their outer reality to correspond to their inner essence, and will become acquainted with the divine mysteries that lie enshrined in this Revelation, a Revelation through which the foundations of misbelief have been shaken, the idols of superstition have been shattered, and the banner hath been unfurled which proclaimeth, “No God is there but Him, the Powerful, the Exalted, the Incomparable, the Protector, the Mighty, the Inaccessible.”	4. O kalipunan ng lupa at langit! Ito ang unang gabing iyon, na ginawa ng Diyos na maging palatandaan ng pangalawang gabi kung kailan ay isinilang Siya na walang papuri ang sapat na makadadakila at walang katangian ang makapaglalarawan. Pinagpala siya na nagninilay-nilay ukol sa kanilang dalawa: Tunay na matutuklasan niya na ang kanilang panlabas na realidad ay tumutugma sa kanilang panloob na diwa, at mabatid niya ang banal na mga hiwagang nadadambana sa Rebelasyong ito, isang Rebelasyon na sa pamamagitan nito ang mga pundasyon ng kawalan ng pananalig ay niyanig, ang mga idolo ng pamahiin ay winasak, at iniladlad ang bandilang nagpapahayag ng, “Walang ibang Diyos liban sa Kaniya, ang Makapangyarihan, ang Dakila, ang Walang-kahambing, ang Tagapangalaga, ang Malakas, ang Di-maaabot.”
5. On this night the fragrance of nearness was wafted, the portals of reunion at the end of days were flung open, and all created things were moved to exclaim: “The Kingdom is God’s, the Lord of all names, Who is come with world-embracing sovereignty!” On this night the Concourse on high celebrated the praise of their Lord, the Exalted, the Most Glorious, and the realities of the divine names extolled Him Who is the King of the beginning and the end in this Revelation, a Revelation through whose potency the mountains have hastened unto Him Who is the All-Sufficing, the Most High, and the hearts have turned towards the countenance of their Best-Beloved, and the leaves have been stirred into motion by the breezes of yearning, and the trees have raised their voices in joyful reply to the call of Him Who is the Unconstrained, and the entire earth hath trembled with longing in its desire to attain reunion with the Eternal King, and all things have been made new by that concealed Word which hath appeared in this mighty Name.	5. Sa gabing ito, sumimoy ang halimuyak ng pagiging malapit, nabuksan ang mga pinto ng muling pagsasama sa huling mga araw, at ang buong sangnilikha ay naantig na bumulalas ng: “Ang Kaharian ay sa Diyos, ang Panginoon ng lahat ng mga pangalan, Siya na dumating taglay ang paghahari sa buong daigdig!” Sa gabing ito ipinagdiriwang ng Kalipunan sa kaitaasan ang papuri ng kaniyang Panginoon, ang Dakila, ang Pinakamaluwalhati, at ipinagbubunyi ng mga realidad ng banal na mga pangalan Siya na Hari ng simula at ng wakas sa Rebelasyong ito, isang Rebelasyon na sa pamamagitan ng bisa nito ay nagmadali ang mga bundok patungo sa Kaniya na Siyang Lubos na Nakasasapat, ang Pinakamataas, at ang mga puso ay bumaling tungo sa mukha ng kanilang Pinakamamahal, at ang mga dahon ay pinakilos ng mga simoy ng pananabik, at itinaas ng mga puno ang kanilang mga tinig sa maligayang pagtugon sa panawagan Niya na Siyang Di-napipigilan, at ang buong daigdig ay nanginginig sa pananabik ng hangarin nitong matamo ang muling pagsasama sa Haring Walang-maliw, at ang lahat ng bagay ay ginawang maging bago sa pamamagitan ng natatagong Salitang iyon na lumitaw sa makapangyarihang Pangalang ito.
6. O night of the All-Bountiful! In thee do We verily behold the Mother Book. Is it a Book, in truth, or rather a child begotten? Nay, by Myself! Such words pertain to the realm of names, whilst God hath sanctified this Book above all names. Through it the Hidden Secret and the Treasured Mystery have been revealed. Nay, by	6. O gabi ng Mapagbigay-biyaya sa Lahat! Sa iyo sa katunayan ay nakikita Namin ang Inang Aklat. Ito ba ay Aklat, sa katotohanan, o sa halip ay batang isinilang? Hindi lamang iyon, saksi ang Aking Sarili! Ang gayong mga salita ay tumutukoy sa kaharian ng mga pangalan, samantalang dinalisay ng Diyos ang Aklat na ito mula sa

My life! All that hath been mentioned pertaineth to the realm of attributes, whereas the Mother Book standeth supreme above this. Through it have appeared the manifestations of “There is no God but God” over them all. Nay, while such things have been proclaimed to all people, in the estimation of thy Lord naught but His ear is capable of hearing them. Blessed are those that are well assured!	lahat ng mga pangalan. Sa pamamagitan nito ang Natatagong Lihim at ang Iniingatang Hiwaga ay naihayag. Hindi lamang iyon, saksi ang Aking buhay! Ang lahat ng nabanggit ay nauukol sa kaharian ng mga katangian, samantalang ang Inang Aklat ay nakatayong higit na mataas sa lahat ng ito. Sa pamamagitan nito ay lumitaw ang mga kahayagan ng “Walang ibang Diyos liban sa Diyos” sa ibabaw nilang lahat. Hindi lamang iyon, samantalang ang gayong mga bagay ay ipinahayag sa lahat ng tao, sa panukat ng iyong Panginoon walang iba kundi ang Kaniyang tainga ang may kakayahang marinig silang lahat. Pinagpala sila na lubos na nakatitiyak.
7. Whereupon, dumbfounded, the Pen of the Most High cried out: “O Thou Who art exalted above all names! I adjure Thee by Thy might that encompasseth the heavens and the earth to exempt me from mentioning Thee, for I myself have been called into being by virtue of Thy creative power. How, then, can I depict that which all created things are powerless to describe? And yet, I swear by Thy glory, were I to proclaim that wherewith Thou hast inspired me, the entire creation would pass away from joy and ecstasy, how much more then would it be overwhelmed before the billows of the ocean of Thine utterance in this most luminous, most exalted and transcendent Spot! Absolve, O Lord, this faltering Pen from magnifying so august a station, and deal mercifully with me, O my Possessor and my King. Overlook then my trespasses in Thy presence. Thou, verily, art the Lord of bounty, the All-Powerful, the Ever-Forgiving, the Most Generous.”	7. Sa gayon, tulala, ang Panulat ng Pinakamataas ay bumulalas: “O Ikaw na dinakila nang higit sa lahat ng pangalan! Isinasamo ko sa Iyo sa pamamagitan ng Iyong kapangyarihan na sumasaklaw sa mga kalangitan at kalupaan, na payagan akong hindi bumanggit sa Iyo, sapagkat ako mismo ay nilalang sa pamamagitan ng Iyong mapanlikhang kapangyarihan. Kung gayon, paano ko magagawang ilarawan yaon na ang lahat ng nilikhang bagay ay walang kakayahang ilarawan? At gayumpaman, isinusumpa ko sa Iyong kaluwalhatian, na kung aking ipahahayag yaong Iyong ginamit sa pagbibigay-inspirasyon sa akin, ang buong sangnilikha ay mamamatay sa kaligayahan at matinding galak, at lalo pa itong magagapi sa harap ng mga daluyong ng karagatan ng Iyong pananalita sa pinakamaningning, pinakadakila at nangingibabaw na Pook na ito! Palayain sa tungkulin, O Panginoon, itong nauutal na Panulat mula sa pagbubunyi sa lubhang dakilang katayuan, at pakitunguhan ako nang buong habag, O aking Nagmamay-ari at aking Hari. Huwag pansinin ang aking mga pagkukulang sa Iyong harapan. Ikaw, sa katunayan ang Panginoon ng biyaya, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Laging-Nagpapatawad, ang Pinakabukas-palad.”
– 41 –	– 41 –
<i>He is the Eternal, the One, the Single, the All-Possessing, the Most Exalted.</i>	<i>Siya ang Walang-maliw, ang Iisa, ang Tangi, ang Nagtataglay ng Lahat, ang Pinakadakila.</i>
1. All praise be to Thee, O my God, inasmuch as Thou hast adorned the world with the splendour of the dawn following the night wherein was born the One Who heralded the Manifestation of Thy transcendent sovereignty, the Dayspring of Thy divine Essence and the Revelation of Thy supreme Lordship. I beseech Thee, O Creator of the heavens and Fashioner of names, to graciously aid those who have sheltered beneath the shadow of Thine abounding mercy and have raised their voices amidst the peoples of the world for the glorification of Thy Name.	1. Ang lahat ng papuri ay mapasa-Iyo, O aking Diyos, yamang Iyong pinalamutihan ang daigdig ng karingalan ng buwang-liwayway na kasunod sa gabi nang isinilang Siya na nagbalita sa Kahayagan ng Iyong nangingibabaw na dakilang kapangyarihan, ang Panimulang-bukal ng Iyong banal na Diwa at ang Rebelasyon ng Iyong kataas-taasang pagka-Panginoon. Isinasamo Ko sa Iyo, O Maylikha ng mga kalangitan at Tagapaghugis ng mga pangalan, na buong-giliw na tulungan yaong mga nanganlong sa lilim ng Iyong masaganang habag at palakasin ang kanilang mga tinig sa gitna ng mga tao ng daigdig upang luwalhatiin ang Iyong Pangalan.
2. O my God! Thou beholdest the Lord of all mankind confined in His Most Great Prison, calling aloud Thy Name, gazing upon Thy face, proclaiming that which hath enraptured the denizens of Thy	2. O Aking Diyos! Iyong namamasdan ang Panginoon ng buong sangkatauhan na nakapiit sa Kaniyang Pinakamatinding Bilangguan, malakas na tinatawag ang Iyong Pangalan, minamasdan ang Iyong

kingdoms of revelation and of creation. O my God! I behold Mine own Self captive in the hands of Thy servants, yet the light of Thy sovereignty and the revelations of Thine invincible power shine resplendent from His face, enabling all to know of a certainty that Thou art God, and that there is none other God but Thee. Neither can the power of the powerful frustrate Thee, nor the ascendancy of the rulers prevail against Thee. Thou doest whatsoever Thou wilt by virtue of Thy sovereignty which encompasseth all created things, and ordainest that which Thou pleasest through the potency of Thy behest which pervadeth the entire creation.	mukha, ipinahahayag yaong masidhing nakapagpagalak sa mga nananahan sa Iyong mga kaharian ng paghahayag at ng paglilikha. O Aking Diyos! Nakikita Ko ang Aking Sarili na bihag sa mga kamay ng Iyong mga tagapaglingkod, subalit ang liwanag ng Iyong kataas-taasang kapangyarihan at ang mga kahayagan ng Iyong di-malulupig na kapangyarihan ay sumisikat nang maningning mula sa Kaniyang mukha, tinutulatang makatiyak ang lahat na Ikaw ay Diyos, at walang ibang Diyos liban sa Iyo. Ang lakas ng makapangyarihan ay walang-kakayahang makabigo sa Iyo, ni ang pangingibabaw ng mga pinuno ay hindi mananaig laban sa Iyo. Iyong ginagawa ang anumang Iyong niloloob sa pamamagitan ng Iyong kataas-taasang kapangyarihan na sumasaklaw sa lahat ng nilikhang bagay, at itinatadhana yaong Iyong ninanais sa pamamagitan ng lakas ng Iyong utos na laganap sa buong sangnilikha.
3. I implore Thee by the glory of Thy Manifestation and by the power of Thy might, Thy sovereignty and Thine exaltation to render victorious those who have arisen to serve Thee, who have aided Thy Cause and humbled themselves before the splendour of the light of Thy face. Make them then, O my God, triumphant over Thine enemies and cause them to be steadfast in Thy service, that through them the evidences of Thy dominion may be established throughout Thy realms and the tokens of Thine indomitable power be manifested in Thy lands. Verily Thou art potent to do what Thou wilt; no God is there but Thee, the Help in Peril, the Self-Subsisting.	3. Ako'y lumuluhog sa Iyo sa pamamagitan ng luwalhati ng Iyong Kahayagan at sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Iyong lakas, ng Iyong kataas-taasang kapangyarihan at ng Iyong kadakilaan, na gawing matagumpay ang mga nagsibangon upang maglingkod sa Iyo, na tumulong sa Iyong Kapakanan at nagpakumbaba sa harap ng karingalan ng liwanag ng Iyong mukha. Gawin sila, kung gayon, O aking Diyos, na maging matagumpay sa Iyong mga kaaway at gawin silang matatag sa paglilingkod sa Iyo, upang sa pamamagitan nila ang mga katibayan ng Iyong kapangyarihan ay maitatag sa kabuuan ng Iyong kaharian at ang mga tanda ng Iyong di-malulupig na lakas ay maihayag sa Iyong mga lupain. Tunay na Ikaw ay may lakas upang gawin ang Iyong niloloob; walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap.
4. This glorious Tablet hath been revealed on the Anniversary of the Birth^[42] that thou mayest recite it in a spirit of humility and supplication and give thanks unto thy Lord, the All-Knowing, the All-Informed. Make thou every effort to render service unto God, that from thee may appear that which will immortalize thy memory in His glorious and exalted heaven.	4. Ang maluwalhating Tabletang ito ay ipinahayag sa Anibersaryo ng Kaarawan⁴² upang nawa ay inyong usalin ito sa diwa ng pagpapakumbaba at pagmamakaawa at magbigay-pasasalamat sa Iyong Panginoon, ang Nakaaalam ng Lahat, ang Nakababatid ng Lahat. Gawin ang bawat pagsisikap upang makapaglingkod sa Diyos, nang mula sa inyo ay lumitaw yaong magpapanatiling buhay sa inyong alaala sa Kaniyang maluwalhati at dakilang kalangitan.
5. Say: Glorified art Thou, O my God! I implore Thee by the Dawning-Place of Thy signs and by the Revealer of Thy clear tokens to grant that I may, under all conditions, hold fast the cord of Thy loving providence and cling tenaciously to the hem of Thy generosity. Reckon me then with those whom the changes and chances of the world have failed to deter from serving Thee and from bearing allegiance unto Thee, whom the onslaught of the people hath been powerless to hinder from magnifying Thy Name and celebrating Thy praise. Graciously assist me, O my Lord, to do whatever Thou lovest and desirest. Enable me then to fulfil that which will exalt Thy Name and will set ablaze the fire of Thy love.	5. Sabihin: Luwalhatiin Ka nawa, O aking Diyos! Lumuluhog ako sa Iyo, sa Pook ng Bukang-liwayway ng Iyong mga palatandaan at sa Tagapaghayag ng Iyong malinaw na mga sagisag, na ipagkaloob na aking magawang mangapit nang mahigpit, sa lahat ng pagkakataon, sa kuldon ng Iyong mapagmahal na pagkakandili, at mangapit nang mahigpit sa laylayan ng Iyong pagiging bukas-palad. Ibilang ako, kung gayon, sa mga di-napigilan ng mga pagbabago at mga pagkakataon ng daigdig mula sa paglilingkod sa Iyo at sa pagiging matapat sa Iyo, na hindi napigilan ng pananalakay ng mga tao mula sa pagdakila sa Iyong Pangalan at sa pagdiriwang sa Iyong papuri. Buong-giliw akong tulungan, O aking Panginoon, na magawa ang anumang

	Iyong minamahal at ninanais. Tulutan akong tuparin yaong magpapadakila sa Iyong Pangalan at magpapaningas sa apoy ng Iyong pag-ibig.
6. Thou art, in truth, the Forgiving, the Bountiful. ^[43]	6. Ikaw sa katotohanan ang Nagpapatawad, ang Mapagbigay-biyaya. ⁴³
• • •	
Birth of Bahá'u'lláh	Kaarawan ni Bahá'u'lláh
– 42 –	– 42 –
Lawḥ-i-Mawlúd	Lawḥ-i-Mawlúd
(Tablet of the Birth)	(Tableta ng Kapanganakan)
1. O concourse of the seen and the unseen! Rejoice with exceeding gladness in your hearts and souls, for the night hath come for the harvesting of the ages and the gathering up of past cycles, the night wherein all days and nights were called into being and the time preordained for this Revelation was fulfilled at the behest of Him Who is the Lord of might and power. All joy to the Concourse on high at the appearance of so glorious, so wondrous a Spirit!	1. O kalipunan ng nakikita at di-nakikita! Magdiwang nang labis ang kaligayahan sa inyong mga puso at mga kaluluwa, sapagkat sumapit na ang gabi para sa pag-aani ng mga panahon at ng pagtitipon ng nakaraang mga pag-inog, ang gabi na siyang dahilan ng pagkalalang ng lahat ng mga araw at mga gabi at ang itinadhanang panahon para sa Rebelasyong ito ay natupad sang-ayon sa kautusan Niya na Siyang Panginoon ng kapangyarihan at lakas. Lahat ng kaligayahan ay mapasa-Kalipunan sa kaitaasan dahil sa paglitaw ng gayong maluwalhati, gayong kamangha-manghang Espiritu.
2. This is the night wherein the doors of Paradise were flung open and the gates of Hell were shut fast, the night wherein the paradise of the All-Merciful was unveiled in the midmost heart of creation, the breezes of God were wafted from the retreats of forgiveness, and the Last Hour ushered in through the power of truth, could ye but know it. All joy to this night through which all days have been suffused with light, though none can apprehend this save those that are endued with certitude and discernment!	2. Ito ang gabi kung kailan ang mga pinto ng Paraiso ay ibinukas at ang mga pinto ng Impiyerno ay isinara, ang gabi kung kailan ang paraiso ng Mahabagin sa Lahat ay inilantad sa mismong kaibuturan ng sangnilikha, ang mga simoy ng Diyos ay humihip mula sa mga kanlungan ng kapatawaran, at ang Huling Oras ay nagsimula sa pamamagitan ng kapangyarihan ng katotohanan, kung iyo lamang nababatid ito. Ang lahat ng kaligayahan ay mapasagabing ito, na sa pamamagitan nito ang lahat ng mga araw ay napuspos ng liwanag, bagaman walang nakauunawa rito liban sa kanilang mga nagtataglay ng katiyakan at pag-unawa!
3. This is the night round which have circled the Nights of Power, ^[44] wherein the angels and the Spirit have come down bearing cups filled at the streams of Paradise, the night wherein Heaven itself was adorned with the ornament of God, the Almighty, the All-Gracious, the Most Bountiful, wherein every created thing was brought to life, and all the peoples of the earth were surrounded by His grace. All joy to the concourse of the Spirit for this manifest and resplendent bounty!	3. Ito ang gabing pinag-iinugan ng mga Gabi ng Kapangyarihan, ⁴⁴ kung saan ang mga anghel at ang Espiritu ay bumaba taglay ang mga kopang pinuno sa mga batis ng Paraiso, ang gabi kung kailan ang Langit mismo ay ginayakan ng palamuti ng Diyos, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Lubos na Magiliw, ang Pinakamapagbigay-biyaya, kung saan ang bawat nilikhang bagay ay binigyan ng buhay, at ang lahat ng mga sambayanan ng daigdig ay pinalibutan ng Kaniyang Pagpapala. Lahat ng kaligayahan ay mapasakalipunan ng Espiritu dahil sa hayag at nagniningning na biyayang ito!
4. This is the night wherein the limbs of Jibt were made to tremble, and the Most Great Idol fell upon the dust, and the foundations of iniquity were shattered, and	4. Ito ang gabi kung kailan ang kalamnan ni Jibt ay ginawang mangatal, at ang Pinakamalaking Diyus-diyusan ay bumagsak sa alabok, at ang mga

⁴³ Ang bahaging ito, liban sa pagsamo, ay unang inilathala sa *Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá'u'lláh Pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas*.

⁴⁴ Ihambing sa Qur'án, surih 97

Manát lamented in its inmost being, and the back of ‘Uzzá was broken and its face blackened;^[45] for the Morn of divine Revelation hath dawned, and there hath appeared that which hath solaced the eyes of glory and majesty, and beyond them the eyes of all the Prophets and Messengers of God. All glory, then, to this Dawn which hath broken above the dayspring of effulgent glory!	saligan ng kasamaan ay nawasak, at si Manát ay nagdalamhati sa kaibuturang sarili niya, at ang likod ni ‘Uzzá ay binali at ang mukha niya ay nangitim;⁴⁵ sapagkat ang Umaga ng banal na Rebelasyon ay sumikat na, at lumitaw yaong nagbigay-alo sa mga mata ng kaluwalhatian at kamahalan, at bukod pa rito ay sa mga mata ng lahat ng mga Propeta at mga Sugo ng Diyos. Lahat ng luwalhati, kung gayon, ang mapasa-Bukang-liwayway na ito na lumitaw sa itaas ng pamimitak ng nagniningning na kaluwalhatian!
5. Say: This is the Dawn whereat the evil ones were debarred from approaching the realm of might and grandeur, and wherein the hearts of such as have contended with God, the Almighty, the All-Glorious, the Unconstrained, were lacerated. This is the Dawn whereat the faces of the wicked were darkened, whilst the countenances of the righteous shone forth with the light of this Beauty, a Beauty Whose advent all things visible and invisible, and beyond them the company of the Concourse on high, have eagerly awaited. All hail the appearance of this Spirit, through Whose potency the dead have been stirred up in their tombs and every mouldering bone brought to life!	5. Sabihin: Ito ang Bukang-liwayway na bunga nito ay hinadlangan ang mga masasama mula sa paglapit sa kaharian ng kapangyarihan at karingalan, at kung kailan ay nilaslas ang mga puso ng mga nakipagtalo sa Diyos, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Di-napipigilan. Ito ang buwang-liwayway na bunga nito nagsidilim ang mga mukha ng mga masasama, samantalang ang mga mukha ng mga matuwid ay nagniningning sa liwanag ng Kagandahang ito, isang Kagandahang ang Kaniyang pagsapit ay sabik na hinihintay ng lahat ng bagay na nakikita at di-nakikita, at bukod pa sa kanila, ang samahan ng Kalipunan sa kaitaasan. Ang lahat ay bumabati sa paglitaw ng Espiritung ito, na sa pamamagitan ng bisa Niya ang mga patay ay nagsikilos sa kanilang mga libingan at ang bawat nagugunaw na buto ay binuhay!
6. Say: O source of iniquity! Bewail thy woeful plight; and O fountainhead of oppression! Repair to thine abode in the nethermost fire, for the beauty of the All-Merciful hath shone forth above the horizon of existence with such radiance as to illumine all that dwell in His realms with the splendour of its light, and hath called into being the Spirit of God, the Almighty, the All-Glorious, the Most Bountiful. Through its revelation the hand of His Will hath stretched forth from the sleeve of grandeur and rent asunder the veils of the world by the power of His supreme, His peerless, His all-compelling and exalted sovereignty. All glory, then, to this Dawn whereat the Ancient Beauty hath been established upon the throne of His Name, the Almighty, the Most Great!	6. Sabihin: O pinagmumulan ng kasamaan! Manghinayang sa iyong kahabag-habag na kalagayan; at O bukal ng paniniil! Umuwi sa iyong tahanan sa pinakamalalim na apoy, sapagkat ang Kagandahan ng Lubos na Mahabagin ay sumikat sa itaas ng guhit-tagpuan ng buhay, taglay ang gayong kaningningan na natataglwan ang lahat ng mga nananahan sa Kaniyang mga kaharian sa karingalan ng liwanag nito, at nilikha nito ang Espiritu ng Diyos, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Lubos na Maluwalhati, ang Pinakamasagana. Sa pamamagitan ng pagkakabunyag nito ang kamay ng Kaniyang Kalooban ay inunat mula sa manggas ng karingalan at pinunit ang mga lambong ng daigdig sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kaniyang kataas-taasan, ng Kaniyang walang-kahalintulad, ng Kaniyang nakapipilit sa lahat at dakilang paghahari. Ang lahat ng kaluwalhatian, sa gayon, ay mapasa-Bukang-liwayway na ito, na ang Napakatandang Kagandahan ay iniluklok sa trono ng Kaniyang Pangalan, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Pinakadakila!
7. This is the Dawn whereat was born He Who begetteth not and Who is not begotten. Well is it with him that immerseth himself beneath the ocean of inner meaning that surgeth within this utterance and discovereth the pearls of knowledge and wisdom that lie hid in the words of God, the King, the Exalted, the Mighty, the Powerful. All glory to him who apprehendeth the truth and is reckoned with them that are endued with discernment!	7. Ito ang Bukang-liwayway kung kailan isinilang Siya na hindi nanganganak at hindi ipinanganak. Mabuti para sa kaniyang inilulubog ang kaniyang sarili sa ilalim ng karagatan ng panloob na kahulugang dumadaluyong sa loob ng salitang ito at natutuklasan ang mga perlas ng kaalaman at karunungan natatago sa mga salita ng Diyos, ang Hari, ang Dakila, ang Makapangyarihan, ang Malakas. Ang lahat ng luwalhati ay mapasakaniyang

⁴⁵ Ang Jibt, Manát at ‘Uzzá ang mga pangalan ng mga idolong sinasamba sa panahon ng paganong mga Arabe at nabanggit sa Qur’án (4:51 at 53:19-20)

	nakababatid ng katotohanan at nabibilang sa kanilang mga pinagkalooban ng pangingilatis!
8. Say: This is the Dawn whereat the cohorts of the concourse of Paradise and the hosts of the angels of holiness descended from heaven, amongst whom was the One Who was lifted up on the breezes of the Beauty of God, the Most Glorious, unto the ranks of the most exalted Concourse. Borne on these same breezes, yet another company of angels descended, each bearing aloft a chalice of everlasting life and proffering it unto them that circle in adoration round the Spot wherein the Ancient Being hath established Himself upon the throne of His all-glorious and most bounteous Name. All joy to such as have attained His presence, gazed upon His beauty, hearkened unto His melodies, and been quickened by the Word that hath issued forth from His sacred and exalted, His glorious and resplendent lips!	8. Sabihin: Ito ang Bukang-liwayway kung kailan ang mga kawal ng kalipunan ng Paraiso at ang mga hukbo ng mga anghel ng kabanalan ay pumanaog mula sa langit, na kabilang sa kanila ay Siyang itinaas ng mga simoy ng Kagandahan ng Diyos, ang Pinakamaluwalhati, tungo sa mga hanay ng pinakadakilang Kalipunan. Dala ng mismong mga simoy na ito, ang isa pang pangkat ng mga anghel ang pumanaog, na tangan ng bawat isa ang kalis ng walang-hanggang buhay at iniaalok ito sa kanilang mga lumilibot sa pagsamba sa Pook na kung saan ay iniluklok ng Napakatandang Nilalang ang Kaniyang Sarili sa trono ng Kaniyang maluwalhati sa lahat at pinakamasaganang Pangalan. Ang lahat ng kaligayahan ay mapasakanilang mga nakarating sa Kaniyang kinaroroonan, nasilayan ang Kaniyang kagandahan, nakinig sa Kaniyang mga himig, at binigyang-buhay ng Salitang nagbuhat sa Kaniyang banal at dakila, sa Kaniyang maluwalhati at maningning na mga labi!
9. Say: This is the Dawn whereat the Most Great Tree was planted and bore its exalted and peerless fruits. By the righteousness of God! Within each fruit of this Tree there repose the seeds of a myriad melodies. Wherefore, O concourse of the Spirit, We shall acquaint you, in accordance with your capacity, with some of their celestial songs, that they may attract your hearts and draw you nigh unto God, the Lord of strength, of power and might. All glory be to this Dawn, through which the divine Luminaries have shone forth above the horizon of sanctity by the leave of God, the Almighty, the Inaccessible, the Most High!	9. Sabihin: Ito ang Bukang-liwayway kung kailan ang Pinakadakilang Puno ay itinanim at namunga ng dakila at walang-kahalintulad na mga bunga nito. Saksi ang pagkamatuwid ng Diyos. Sa loob ng bawat bunga ng Punong ito ay naroroon ang mga binhi ng napakaraming himig. Samakatwid, O kalipunan ng Espiritu, ipababatid Namin sa inyo, sang-ayon sa inyong kakayahan, ang ilan sa makalangit na mga himig nito, nang upang maakit nito ang inyong mga puso at ilapit kayo sa Diyos, ang Panginoon ng lakas, ng kapangyarihan at ng paghahari. Ang lahat ng luwalhati ay mapasa-Bukang-liwayway na ito, na sa pamamagitan nito ang banal na mga Tala ay sumikat sa itaas ng sugpungang-guhit ng kabanalan ayon sa pahintulot ng Diyos, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Di-maabot, ang Pinakamataas!
10. Say: This is the Dawn whereat the hidden Essence and the unseen Treasure were made manifest, the Dawn whereat the Ancient Beauty seized the cup of immortality with the hands of glory and, having first quaffed therefrom, proffered it unto all the peoples of the earth, high and low alike. All glory, then, to the one who hath approached this cup, taken it up, and drunk therefrom for the love of his Lord, the All-Powerful, the Most High!	10. Sabihin: Ito ang Bukang-liwayway kung kailan ang natatagong Diwa at ang di-nakikitang yaman ay naging hayag, ang Bukang-liwayway kung kailan ay tinanganan ng Napakatandang Kagandahan ang kopa ng walang-hanggang buhay sa pamamagitan ng mga kamay ng kaluwalhatian at, matapos munang uminom mula roon, ay inialok ito sa lahat ng mga tao ng daigdig, kapuwa mataas at mababa. Ang lahat ng kaluwalhatian, kung gayon, ay mapasakaniyang lumapit sa kopang ito, binuhat ito at uminom mula rito alang-alang sa pag-ibig sa kaniyang Panginoon, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Lubos na Mataas!
11. One fruit of that Tree hath proclaimed what the Burning Bush had proclaimed aforetime in that hallowed and snow-white Spot, words to which Moses gave ear and which caused Him to forsake all created things and to direct His steps towards the retreats of holiness and grandeur. All glory, then, to that ecstasy born of God, the Almighty, the Most Exalted, the Most Great!	11. Ipinahayag ng isang bunga ng Punong iyon yaong ipinahayag ng Palumpong Nag-aapoy noong naunang panahon doon sa Pook na banal at kasimputi ng niyebe, ng mga salitang pinakinggan ni Moises at naging sanhi ng Kaniyang pagtalikod sa lahat ng nilikhang bagay at idinako ang Kaniyang mga yapak tungo sa mga kanlungan ng kabanalan at karingalan. Ang lahat ng luwalhati, kung gayon, ay mapasanapakatinding kaligayahang iyon na bunga ng Diyos, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Pinakamataas, ang Pinakadakila!

12. Another fruit thereof hath uttered that which enraptured Jesus and raised Him up to the heaven of manifest splendour. All glory, then, to this Spirit in Whose presence standeth the Faithful Spirit, together with a company of God's chosen angels!	12. Inusal ng isa pang bunga ng Punong iyon yaong nagpaligaya kay Jesus at itinaas Siya sa kalangitan ng hayag na karingalan. Ang lahat ng luwalhati, kung gayon, ay mapasa-Espiritung ito na nakatayo ang Matapat na Espiritu sa Kaniyang kinaroroonan, kasama ang isang pangkat ng piniling mga anghel ng Diyos!
13. Yet another fruit thereof hath disclosed that which captivated the heart of Muhammad, the Apostle of God, Who, carried away by the sweet accents of the Voice from on high, ascended unto the Divine Lote-Tree and heard, proceeding from within the Tabernacle of majesty, the Voice of God speaking forth the mystery of My hallowed, My exalted and mighty Name. All glory, then, to this Tree which hath been raised up through the power of truth, that all the peoples of the world may seek the shelter of its shade!	13. Isiniwalat ng isa pang bunga niyon yaong bumighani sa puso ni Muhammad, ang Apostol ng Diyos, na sa Kaniyang pagkatangay sa matatamis na mga punto ng Tinig mula sa kaitaasan, ay pumanhik tungo sa Banal na Punong-Lote at narinig, mula sa loob ng Tabernakulo ng karingalan, ang Tinig ng Diyos na isinasalita ang hiwaga ng Aking banal, ng Aking dakila at makapangyarihang Pangalan. Ang lahat ng luwalhati, kung gayon, ay mapasa-Punong ito na itinaas sa pamamagitan ng kapangyarihan ng katotohanan, nang upang hanapin ng lahat ng mga tao ng daigdig ang kanlungan ng lilim nito.
14. O Pen of the Most High! Write no more; for, by God, wert thou to set forth all the sweet accents of the fruits of this heavenly Tree, thou wouldst find thyself forsaken upon the earth, inasmuch as all would flee from thy presence and abandon thy court of holiness. And this, verily, is the undoubted truth. All glory, then, to the mysteries which none can bear save God, the sovereign Ruler, the Almighty, the Most Gracious!	14. O Panulat ng Pinakamataas! Huwag nang sumulat pa; sapagkat, saksi ang Diyos, kung iyong ilalahad ang lahat ng matatamis na punto ng mga bunga nitong makalangit na Puno, iyong matatagpuan ang iyong sariling iniwanan sa lupa, yamang ang lahat ay tatakas mula sa iyong kinaroroonan at lilisanin ang iyong korte ng kabanalan. At ito, sa katunayan, ay ang walang-alinlangang katotohanan. Ang lahat ng luwalhati, kung gayon, ay mapasa mga hiwagang walang makababata liban sa Diyos, ang naghaharing Pinuno, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Pinakamagiliw!
15. Dost thou not witness, O Pen, what a clamour the hypocrites have raised throughout the land, and what a tumult the wicked and ungodly have provoked? And this notwithstanding that thou didst reveal but an infinitesimal glimmer of the mysteries of thy Lord, the Most Exalted, the All-Glorious. Wherefore, restrain thyself and conceal from the eyes of men that which God, as a sign of His bounty, hath bestowed upon thee. And if it be thy wish to give all created things to quaff from that crystal water that is life indeed, and whereof God hath made thee the Fountainhead, then let thine ink flow only in proportion to their capacity. Thus biddeth thee the One Who hath called thee into being through the power of His behest. Do thou, then, as thou wert bidden, and be not of them that tarry. All glory be to this weighty decree which hath reined in the power of all created things and withheld the Pen of the Most High from divulging to the peoples of the world that from which they had been veiled! His might, verily, is equal to all things.	15. Iyo bang hindi nasaksihan, O Panulat, ang pag-iingay sa buong kalupaan ng mga nagbabalatkayo, at kung anong gulo ang ginising ng masasama at di-makadiyos? At ito ay sa kabila ng iyong paghahayag ng kaliit-liitang sulyap ng mga hiwaga ng iyong Panginoon, ang Pinakadakila, ang Lubos na Maluwalhati. Samakatwid ay pigilan ang iyong sarili at ilihim mula sa mga mata ng tao yaong ipinagkaloob sa iyo ng Diyos bilang tanda ng Kaniyang pagpapala. At kapag ang iyong hangarin ay ang ibigay sa lahat ng nilikhang bagay ang uminom mula sa kristal na tubig na iyon na siyang tunay na buhay, at na ginawa ka ng Diyos na maging Ulong-bukal niyon, tulutang dumaloy ang iyong tinta nang sang-ayon lamang sa karampatang-sukat ng kanilang kakayahan. Sa gayon ay inaatasan ka Niya na Siyang lumalang sa iyo sa pamamagitan ng Kaniyang utos. Iyong gawin, kung gayon, yaong iniutos sa iyo at huwag mapabilang sa kanilang mga nag-aatubili. Ang lahat ng luwalhati ay mapasamatimbang na kautusang ito na nirendahan ang kapangyarihan ng lahat ng nilikhang bagay at pinigilan ang Panulat ng Pinakamataas mula sa pagsisiwalat sa mga tao ng daigdig yaong itinago mula sa kanila! Ang Kaniyang kapangyarihan, sa katunayan, ay sapat sa lahat ng bagay.
– 43 –	– 43 –

<i>He is the Most Holy, the Most Exalted, the Most Great.</i>	<i>Siya ang Pinakabanal, ang Pinakamataas, ang Pinakadakila.</i>
1. The Birthday Festival is come, and He Who is the Beauty of God, the All-Powerful, the All-Compelling, the All-Loving, hath ascended His throne. Well is it with the one who in this Day hath attained His presence and towards whom the gaze of God, the Help in Peril, the Self-Subsisting, hath been directed. Say: We have celebrated this Festival in the Most Great Prison at a time when the kings of the earth have risen against Us. Yet the ascendancy of the oppressor can never frustrate Us, nor can the hosts of the world dismay Us. Unto this doth the All-Merciful bear witness in this most august station.	1. Ang Pista ng Kaarawan ay sumapit na, at Siya na Kagandahan ng Diyos, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Lubos na Nakapipilit, ang Lubos na Mapagmahal, ay umakyat sa Kaniyang trono. Pinagpala siya na sa Araw na ito ay nakarating sa Kaniyang kinaroroonan at tungo sa kaniya ay itinuon ang sulyap ng Diyos, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap. Sabihin: Ipinagdiwang Namin ang Pistang ito sa Pinakamatinding Piitan sa isang panahon kung kailan ang mga hari ng daigdig ay bumangon laban sa Amin. Gayumpaman ang pananaig ng manlulupig ay hindi kailanman makabibigo sa Amin, ni ang mga hukbo ng daigdig ay makasisiphayo sa Amin. Dito ay sumasaksi ang Lubos na Mahabagin sa lubhang kagalang-galang na kalagayang ito.
2. Say: Should the quintessence of assurance be dismayed before the clamour of the peoples of the world? Nay, by His beauty, which sheddeth its radiance upon all that hath been and all that shall be! This, verily, is the majesty of the Lord that hath encompassed the entire creation, and this is His transcendent power that hath pervaded all them that see and all that is seen. Take fast hold of the cord of His sovereign might and make mention of your Lord, the Unconstrained, at this dawning whose light hath laid bare every hidden secret. Thus hath the Tongue of the Ancient of Days spoken on this Day wherein the choice wine hath been unsealed. Take heed lest the vain imaginings of them that have disbelieved in God perturb you, or their idle fancies deter you from this outstretched path.	2. Sabihin: Dapat bang masiphayo ang pinakabuod ng katiyakan sa harap ng pag-iingay ng mga tao ng daigdig? Hindi lamang iyon, saksi ang Kaniyang kagandahan, na nagpapasikat ng kaningningan nito sa lahat ng naging at lahat ng magiging! Ito sa katunayan, ay ang karingalan ng Panginoon na sumasaklaw sa buong sangnilikha, at ito ang Kaniyang nangingibabaw na kapangyarihang laganap sa lahat ng nakakikita at sa lahat ng nakikita. Mahigpit na kumapit sa kuldon ng Kaniyang naghaharing lakas at banggitin ang iyong Panginoon, ang Di-nahahadlangan, na ang liwanag sa buwang-liwayway na ito ay nagbunyag sa bawat natatagong lihim. Sa gayon ang dila ng Napakatanda sa mga Araw ay nagwika sa Araw na ito kung kailan ang piling alak ay inalisan ng selyo. Mag-ingat na ang walang-katuturang mga kathang-isip nilang mga hindi nananalig sa Diyos ay bumagabag sa iyo, o ang kanilang walang-kabuluhang mga hinagap ay makapigil sa iyo mula sa itinuwid na landas na ito.
3. O people of Bahá! Soar upon the wings of detachment into the atmosphere of the love of your Lord, the All-Merciful. Arise then to render Him victorious, as bidden in the Preserved Tablet. Beware lest ye contend with any of My servants. Bestow upon them the sweet savours of God and His holy utterances, for through their potency all men will be enabled to turn unto Him. They that remain heedless of God in this Day are in truth lost in the drunkenness of their desires and perceive it not. Well is it with the one who, with lowliness and humility, hath set his face towards the Dayspring of the verses of his Lord.	3. O mga tao ni Bahá! Pumailanlang sa mga bagwis ng pagkawalay tungo sa himpapawid ng pag-ibig ng inyong Panginoon, ang Lubos na Mahabagin. Bumangon kung gayon upang pagtagumpayin Siya, sang-ayon sa iniutos sa inyo sa Pinangalagaang Tableta. Mag-ingat na hindi kayo makipagtalo sa sinuman sa Aking mga tagapaglingkod. Ipagkaloob sa kanila ang matatamis na halimuyak ng Diyos at ang Kaniyang banal na mga salita, sapagkat sa pamamagitan ng bisa nito ang lahat ng tao ay magagawang bumaling sa Kaniya. Sila na nananatiling pabaya sa Diyos sa Araw na ito sa katotohanan ay naliligaw sa pagkalango ng kanilang mga pagnanasa at hindi nila ito nababatid. Pinagpala siya na, sa kababaang-loob at pagpapakumbaba, ibinaling ang kaniyang mukha tungo sa Pamimitak ng mga bersikulo ng kaniyang Panginoon.
4. It behoveth you to arise and acquaint the people with that which hath been sent down in the Book of their Lord, the Almighty, the Unconstrained. Say: Fear ye God and pay no heed to the vain imaginings of them that walk in the ways of doubt and iniquity. Turn ye with radiant hearts towards the throne of your Lord, the	4. Narapat sa iyo ang bumangon at ipabatid sa mga tao yaong ipinababa sa Aklat ng kanilang Panginoon, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Di-nahahadlangan. Sabihin: Matakot kayo sa Diyos at huwag pansinin ang walang-kabuluhang mga kathang-isip nila na lumalakad sa mga landas ng

Possessor of all names. He, verily, shall aid you through the power of truth. No God is there but Him, the Almighty, the Most Bountiful.	pag-aalinlangan at kasamaan. Ibaling ang inyong maningning na mga puso tungo sa trono ng inyong Panginoon, ang Maytaglay ng lahat ng pangalan. Siya, sa katunayan, ay tutulong sa inyo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng katotohanan. Walang Diyos liban sa Kaniya, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Pinakamapagbigay-biyaya.
5. Would ye hasten towards a mere pond, whilst the Most Great Ocean is stretched out before your eyes? Turn ye wholly unto it, and follow not in the footsteps of every faithless deceiver. Thus doth the Bird of Eternity warble upon the branches of Our Divine Lote-Tree. By God! A single one of its melodies sufficeth to enrapture the Concourse on high, and beyond them the dwellers of the cities of names, and beyond them those who circle round His Throne at morn and eventide.	5. Magmamadali ba kayo tungo sa hamak na lawa lamang, samantalang ang Pinakadakilang Karagatan ay naisiwalat na sa harap ng inyong mga mata? Bumaling nang ganap tungo rito, at huwag sumunod sa mga yapak ng bawat taksil na manlilinlang. Sa gayon ay umaawit ang Ibon ng Kawalang-hanggan sa mga sanga ng Aming banal na Punong-Lote. Saksi ang Diyos! Ang iisa lamang sa mga himig nito ay sapat na upang mabighani ang Kalipunan sa kaitaasan, at higit sa kanila ang mga nananahan sa mga lungsod ng mga pangalan, at higit sa kanila ay yaong mga umiikot sa Trono Niya sa umaga at gabi.
6. Thus have the showers of utterance rained down from the heaven of the will of your Lord, the All-Merciful. Draw nigh unto them, O people, and renounce those who idly dispute the verses that God hath revealed, and who have disbelieved in their Lord when He came invested with proof and testimony.	6. Sa gayon ang mga ulan ng mga salita ay bumuhos mula sa kalangitan ng kalooban ng inyong Panginoon, ang Lubos na Mahabagin. Lumapit sa mga ito, O mga tao, at itakwil silang mga tumututol nang walang batayan sa mga bersikulong ipinahayag ng Diyos, at hindi naniwala sa kanilang Panginoon nang Siya ay dumating taglay ang katibayan at patotoo.
– 44 – <i>He is God.</i>	– 44 – <i>Siya ang Diyos.</i>
1. O concourse of ardent lovers! By the righteousness of God, this is a night the like of which hath never been witnessed in the world of creation. And this, verily, is from the grace of God, the All-Glorious, the Most Bountiful.	1. O kalipunan ng maalab na mga mangingibig! Saksi ang pagkamatuwid ng Diyos, ito ang gabi na ang kahalintulad nito ay hindi kailanman nakita ng umiiral na daigdig. At ito, sa katunayan, ay mula sa biyaya ng Diyos, ang Lubos na Maluwalhati, ang Pinakamasagana.
2. This is the night wherein the Spirit intoned such a melody as to throw into commotion the inner realities of all men, proclaiming: “Rejoice, O Concourse on high, within your retreats of Paradise!”	2. Ito ang gabi kung kailan dinalit ng Espiritu ang gayong himig na nataranta ang panloob na mga realidad ng lahat ng tao, habang ipinapahayag: “Magdiwang, O Kalipunan sa kaitaasan, sa loob ng inyong mga kanlungan sa Paraiso!”
3. Whereupon did the Voice of God call out from within the Tabernacle of holiness and bounty: “This, indeed, is the night wherein He Who is the reality of the All-Merciful hath been born, the night wherein every eternal command hath been expounded by the Pen of the All-Glorious. Rejoice, then, with exceeding gladness, O concourse of the Bayán!”	3. Sa gayon ang Tinig ng Diyos ay nagwika mula sa loob ng Tabernakulo ng kabanalan at biyaya: “Ito, sa katunayan, ang gabi kung kailan isinilang Siyang realidad ng Lubos na Mahabagin, ang gabi kung kailan ang bawat kautusang walang-maliw ay ipinaliwanag ng Panulat ng Lubos na Maluwalhati. Magdiwang, kung gayon, sa sukdulang kaligayahan, O kalipunan ng Bayán!”
4. This is the night wherein the Mystic Dove raised its call upon the branches and boughs of heaven, saying: “Rejoice, O denizens of Paradise!”	4. Ito ang gabi kung kailan humuni ang Mistikong Kalapati sa mga sanga at mga siit ng kalangitan, sinasabing: “Magdiwang, O mga nananahan sa Paraiso!”
5. Say: This is the night wherein the veils of glory were parted before the eyes of the people of certitude, and the Bird of Heaven warbled its melody in the midmost heart of the celestial realm. Rejoice, then, O embodiments of sanctity in the Everlasting City!	5. Sabihin: Ito ang gabi kung kailan ang mga lambong ng kaluwalhatian ay hinawi sa harap ng mga mata ng mga tao ng katiyakan, at ang Ibon ng Langit ay inawit ang himig nito sa kaibuturang puso ng kahariang makalangit. Magdiwang, kung gayon, O mga kinatawan ng kabanalan sa Walang-maliw na Lungsod!

6. This is the night wherein God shed abroad the splendour of all His most excellent names and established Himself upon the throne of every pure and radiant heart. Rejoice, then, O concourse of the Bayán!	6. Ito ang gabi kung kailan isinabog ng Diyos ang karingalan ng lahat ng Kaniyang napakahusay na mga pangalan at iniluklok ang Kaniyang sarili sa trono ng bawat dalisay at maningning na puso. Magdiwang, kung gayon, O kalipunan ng Bayán!
7. This is the night wherein the oceans of forgiveness surged and the breezes of providence were wafted abroad. Rejoice, then, O companions of the All-Merciful!	7. Ito ang gabi kung kailan ang mga karagatan ng kapatawaran ay dumaluyong, at ang mga simoy ng pagpapala ay humihip sa ibayo. Magdiwang, kung gayon, O mga kasamahan ng Lubos na Mahabagin!
8. This is the night wherein the trespasses of all that dwell on earth were forgiven. This, verily, is a joyful tiding unto all who have been created in the contingent realm!	8. Ito ang gabi kung kailan ang mga kasalanan ng lahat ng nananahan sa daigdig ay pinatawad na. Ito, sa katunayan, ay isang magandang balita sa lahat ng mga nilalang sa walang-katiyakang kaharian!
9. Say: This is the night wherein the assigned measures of bounty and grace were inscribed upon the scrolls of might and assurance, that every trace of sorrow might thereby be banished forever from all things. Rejoice, then, O ye that have stepped forth into the realm of being!	9. Sabihin: Ito ang gabi kung kailan ang itinakdang sukat ng biyaya at pagpapala ay isinulat sa mga pergamino ng kapangyarihan at katiyakan, nang upang ang bawat bahid ng kalungkutan ay mapawi magpakailanman mula sa lahat ng bagay. Magdiwang, kung gayon, O kayong mga humakbang na sa kaharian ng umiiral!
10. At this moment the Herald of the Spirit crieth out from the midmost heart of eternity, the seat of loftiness and exaltation—and this, verily, is from the grace of God, the All-Glorious, the Most Bountiful—	10. Sa sandaling ito ang Tagapamalita ng Espiritu ay sumisigaw mula sa mismong kaibuturan ng kawalang-hanggan, ang luklukan ng kataasan at kadakilaan—at ito, sa katunayan, ay mula sa biyaya ng Diyos, ang Lubos na Maluwalhati, ang Pinakamapagbigay-biyaya—
11. Saying: By God! The musk-scented wine hath been unsealed by the mighty hand of Him Who is the source of sovereignty and power. And this, verily, is from the grace of God, the Most Exalted, the Most Bountiful.	11. Sinasabing: Saksi ang Diyos! Ang mabangong Alak ay binuksan ng makapangyarihang kamay Niya na Siyang pinagmumulan ng paghahari at kapangyarihan. At ito, sa katunayan, ay mula sa biyaya ng Diyos, ang Pinakadakila, ang Pinakamapagbigay-biyaya.
12. And cups of crimson-coloured wine are being borne round by the hand of the divine Joseph and raised to the beauty of the All-Glorious. And this, verily, is from the grace of God, the Most Exalted, the Most Bountiful.	12. At ang mga kopa ng alak na krimson ang kulay ay ipinamamahagi ng kamay ng banal na Jose at itinatagay sa kagandahan ng Lubos na Maluwalhati. At ito, sa katunayan, ay mula sa biyaya ng Diyos, ang Pinakadakila, ang Pinakamapagbigay-biyaya.
13. Hasten then, O concourse of men, and drink your fill from this stream of everlasting life! And this, verily, is from the grace of God, the Most Exalted, the Most Bountiful.	13. Magmadali, kung gayon, O kalipunan ng mga tao, at uminom hanggang kabusugan, mula sa batis na ito ng walang-hanggan buhay! At ito, sa katunayan, ay mula sa biyaya ng Diyos, ang Pinakadakila, ang Pinakamapagbigay-biyaya.
14. Say: O assemblage of true lovers! The beauty of the Desired One hath shone forth in its naked glory. And this, verily, is from the grace of God, the Most Exalted, the Most Bountiful.	14. Sabihin: O tinipong mga tunay na mangingibig! Ang kagandahan ng Siyang Minimithi ay sumikat sa lantarang kaluwalhatian nito. At ito, sa katunayan, ay mula sa biyaya ng Diyos, ang Pinakadakila, ang Pinakamapagbigay-biyaya.
15. O concourse of His loved ones! The countenance of the Best-Beloved hath dawned above the horizon of holiness. Bestir yourselves and hasten unto it with all your hearts, O people of the Bayán! And this, verily, is from the grace of God, the Most Exalted, the Most Bountiful.	15. O kalipunan ng Kaniyang mga minamahal! Ang mukha ng Pinakamamahal ay namitak sa itaas ng sugpungang-guhit ng kabanalan. Pakilusin ang inyong mga sarili at buong-pusong magmadali patungo roon, O mga tao ng Bayán! At ito, sa katunayan, ay mula sa biyaya ng Diyos, ang Pinakadakila, ang Pinakamapagbigay-biyaya.
16. The proof hath been fulfilled and the testimony established, inasmuch as the Resurrection hath come to	16. Ang katibayan ay natupad na, at ang patotoo ay naitatag na, yamang ang Muling Pagkabuhay ay naganap

pass through the appearance of God in the Manifestation of His own Self, the Ever-Abiding. And this, verily, is from the grace of God, the All-Glorious, the Most Bountiful.	sa pamamagitan ng paglitaw ng Diyos sa Kahayagan ng Kaniyang mismong Sarili, ang Laging-Namamalagi. At ito, sa katunayan, ay mula sa biyaya ng Diyos, ang Pinakadakila, ang Pinakamapagbigay-biyaya.
17. The ages have passed, and the cycles have been stirred up, and every luminary hath beamed with delight, for God hath shed the splendour of His glory upon every tree adorned with verdant twigs. And this, verily, is from the grace of God, the Most Exalted, the Most Bountiful.	17. Lumipas ang mga panahon, at pinukaw ang mga pag-inog, at ang bawat tala ay nagniningning sa kagalakan, sapagkat ipinasikat ng Diyos ang karingalan ng Kaniyang kaluwalhatian sa bawat punong pinalamutihan ng luntiang mga siit. At ito, sa katunayan, ay mula sa biyaya ng Diyos, ang Pinakadakila, ang Pinakamapagbigay-biyaya.
18. Bestir yourselves, O chosen ones of God, for the spirits have been gathered together, the divine breezes have wafted, the fleeting fancies have been dispelled, and the voices of eternity have rung out from every flourishing tree. And this, verily, is from the grace of God, the Most Exalted, the Most Bountiful.	18. Pakilusin ang inyong mga sarili, O mga pinili ng Diyos, sapagkat ang espiritu ay sama-samang tinipon, ang banal na mga simoy ay humihip, ang mabilis na naglalahong mga hinagap ay pinawi, at ang mga tinig ng kawalang-hanggan ay dumagundong mula sa bawat yumayabong na puno. At ito, sa katunayan, ay mula sa biyaya ng Diyos, ang Pinakadakila, ang Pinakamapagbigay-biyaya.
19. By God! The veils have been burned away, the clouds have been rent asunder, the signs have been revealed and the allusions unravelled by Him Whose might is equal to all things. And this, verily, is from the grace of God, the Most Exalted, the Most Bountiful.	19. Saksi ang Diyos! Ang mga lambong ay tinupok, ang mga ulap ay hinawi, ang mga palatandaan ay isiniwalat at ang mga pahiwatig ay tinastas Niya na ang Kaniyang kapangyarihan ay katumbas sa lahat ng bagay. At ito, sa katunayan, ay mula sa biyaya ng Diyos, ang Pinakadakila, ang Pinakamapagbigay-biyaya.
20. Let your hearts be filled with joy, but conceal this closely guarded, this most hidden secret, lest the stranger become apprised of that which ye have quaffed of the wine that imparteth rapture and delight. And this, verily, is from the grace of God, the Most Exalted, the Most Bountiful.	20. Tulutang mapuspos ng ligaya ang inyong mga puso, subalit ilihim ito nang napakaingat, itong pinakanatatagong lihim, nang hindi malaman ng di-kilala yaong inyong ininom mula sa alak na nagkakaloob ng matinding ligaya at kasiyahan. At ito, sa katunayan, ay mula sa biyaya ng Diyos, ang Pinakadakila, ang Pinakamapagbigay-biyaya.
21. O concourse of the Bayán! God beareth Me witness that His favour is complete, His mercy is perfected, and His countenance is beaming with joy and radiance. And this, verily, is from the grace of God, the Most Exalted, the Most Bountiful.	21. O kalipunan ng Bayán! Ang Diyos ay sumasaksi sa Akin, na ang Kaniyang pagpapala ay buo na, ang Kaniyang habag ay ganap na, at ang Kaniyang mukha ay sumisikat na sa kaligayahan at kaningningan. At ito, sa katunayan, ay mula sa biyaya ng Diyos, ang Pinakadakila, ang Pinakamapagbigay-biyaya.
22. Drink your fill, O My companions, from this sparkling and luminous stream, and rejoice therein, O My friends! And this, verily, is from the grace of God, the Most Exalted, the Most Bountiful.	22. Uminom hanggang kabusugan, O Aking mga kasama, mula sa kumikinang at nagniningning na batis na ito, at magdiwang doon, O Aking mga kaibigan! At ito, sa katunayan, ay mula sa biyaya ng Diyos, ang Pinakadakila, ang Pinakamasagana.
– 45 –	– 45 –
<i>He is the Most Holy, the Most Great.</i>	<i>Siya ang Pinakabanal, ang Pinakadakila.</i>
1. This is the month wherein was born He Who beareth the Most Great Name, Whose appearance hath caused the limbs of humankind to quake and the dust of Whose footsteps the Concourse on high and the dwellers of the cities of names have sought for a blessing. Whereupon they rendered praise unto God and cried out in joy and exultation. By God! This is the month through which all other months have been illumined, the month wherein He Who is the Hidden Secret and the	1. Ito ang buwan ng kapanganakan Niya na Siyang nagtataglay ng Pinakadakilang Pangalan, Siya na ang paglitaw ay naging sanhi ng pangangatal ng mga kalamnan ng sangkatauhan at ang alabok ng Kaniyang mga yapak ay sinisikap makamtan ng Kalipunan sa kaitaasan at ng mga nananahan sa mga lungsod ng mga pangalan bilang isang pagpapala. Sa gayon sila ay nagbigay-papuri sa Diyos at sumigaw sa kaligayahan at matinding pagdiriwang. Saksi ang Diyos! Ito ang buwan

Well-guarded Treasure hath been made manifest and hath called aloud amidst all humankind. All dominion belongeth to this newborn Child through Whom the face of creation hath been wreathed in smiles, and the trees have swayed, and the oceans have surged, and the mountains have taken flight, and Paradise hath lifted its voice, and the Rock hath cried out, and all things have exclaimed, “O concourse of creation! Hasten ye towards the dawning-place of the countenance of your Lord, the Merciful, the Compassionate!”	na sa pamamagitan nito ang lahat ng ibang mga buwan ay tinanglawan, ang buwan kung kailan Siya na Natatagong Lihim at ang Pinangangalagaang Kayamanan ay ginawang maging hayag at tumawag nang malakas sa lahat ng sangkatauhan. Ang lahat ng kapangyarihan ay pag-aari ng bagong-silang na Sanggol na ito na sa pamamagitan Niya ang mukha ng sangnilikha ay napuno ng mga ngiti, at ang mga puno ay nagsiugoy, at ang mga karagatan ay dumaluyong, at ang mga kabundukan ay nagsiliparan, at ang Paraiso ay itinaas ang kaniyang tinig, at ang Bato ay sumigaw, at ang lahat ng bagay ay bumulalas ng, “O kalipunan ng sangnilikha! Magmadali kayo tungo sa pook-silangan ng mukha ng inyong Panginoon, ang Mahabagin, ang Madamayin!”
2. This is the month wherein Paradise itself was decked forth with the splendours of the countenance of its Lord, the All-Merciful, and the heavenly Nightingale warbled its melody upon the Divine Lote-Tree, and the hearts of the favoured ones were filled with rapture. But alas, the people, for the most part, are heedless. Blessed be the one who hath recognized Him and apprehended that which was promised in the Books of God, the Almighty, the All-Praised; and woe betide him that hath turned aside from the One upon Whom the Concourse on high have fixed their gaze, Him Who hath confounded every wayward misbeliever.	2. Ito ang buwan kung kailan ang Paraiso mismo ay ginayakan ng mga karingalan ng mukha ng kaniyang Panginoon, ang Lubos na Mahabagin, at ang makalangit na Ruwisenyor ay umawit ng himig nito sa Banal na Punong-Lote, at ang mga puso ng mga pinagpala ay napuspos ng kaligayahan. Subalit sayang, ang mga tao, sa karamihan, ay pabaya. Pinagpala siya na nakakilala sa Kaniya at nabatid yaong ipinangako sa mga Aklat ng Diyos, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Lubos na Pinupuri; at kasawian ang sasapit sa kaniyang tumalikod sa Kaniya, na ang Kalipunan sa kaitaasan ay ipinako sa Kaniya ang kanilang tingin, Siya na ginawang maging tuliro ang bawat suwail na erehe.
3. When once thou hast received this Tablet, intone it in the sweetest of melodies and say: Praise be to Thee, O my most merciful Lord, for remembering me in this Tablet whereby the fragrance of the garment of Thy knowledge was diffused and the oceans of Thy grace were made to surge. I bear witness that Thou art potent to do as Thou pleasest. No God is there but Thee, the Almighty, the All-Knowing, the All-Wise.	3. Sa sandaling matanggap mo ang Tabletang ito, dalitin ito sa pinakamatamis na himig at sabihin: Purihin Ka nawa, O aking pinakamahabaging Panginoon, dahil sa paggunita sa akin sa Tabletang ito na sa pamamagitan nito ang halimuyak ng damit ng Iyong kaalaman ay pinalaganap at ang mga karagatan ng Iyong pagpapala ay ginawang dumaluyong. Sumasaksi ako na Ikaw ay may kakayahang gawin ang Iyong ninanais. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Nakababatid ng Lahat, ang Lubos na Marunong.

• • •

Notes

Preface

1. 2 Corinthians 5:17. ↵
2. Kitáb-i-Íqán ¶51. ↵

Ridván

Selection 9

1. That is, jihad. ↵

Selection 10

1. The angel who will sound the trumpet on the Day of Resurrection. ↵

Selection 16

1. Jesus. ↵
2. The Báb. ↵

Selection 17

1. A reference to tea. ↵
2. Haifa. ↵

Selection 23

1. Cf. Qur'án 76:1. ↵
2. Here begins a dialogue between the Maid of Heaven and Bahá'u'lláh, alternating from paragraph to paragraph. ↵

Selection 25

1. Mírzá Áqá Ján, the amanuensis of Bahá'u'lláh, in whose voice the first part of this Tablet was revealed. ↵

Declaration of the Báb

Selection 26

1. In the Tafsír-i-Hú Bahá'u'lláh explains that the name “He” (or *Huwa*, consisting of the letters Há' and Váv) is God's Most Great Name, for it is a mirror in which all of God's names and attributes are reflected together. ↵
2. That is, the letter “B” in the name “Bahá”. ↵
3. Qur'án 28:5. ↵

Selection 27

1. See Qur'án 7:107. ↵
2. Cf. Qur'án 12:31. ↵

Selection 28

1. Bahá'u'lláh. ↵
2. The Báb. ↵

Ascension of Bahá'u'lláh

Selection 29

1. See Qur'án 4:51. ↵

Selection 30

1. “Deadly foes” (lit., “Shimrs”) and “tyrant kings” (lit., “Nimrods”): Shimr dealt the blow that killed Imám Husayn, and Nimrod was the persecutor of Abraham. ↵
2. Cf. Qur'án 71:14. ↵

Selection 31

1. The Báb. ↵
2. Imám Husayn. ↵
3. Tíhrán. ↵
4. Násiri'd-Dín Sháh. ↵
5. Joseph. ↵
6. Cf. Qur'án 22:54. ↵

Selection 32

1. Qur'án 104:1–2. ↵
2. This translation of the Kitáb-i-‘Ahd was first published in *Tablets of Bahá'u'lláh Revealed after the Kitáb-i-Aqdas*. ↵

Martyrdom of the Báb

Selection 35

1. The Báb. ↵

Selection 36

1. Constantinople. ↵
2. Qur'án 40:28. ↵
3. The Báb. ↵
4. Imám Husayn. ↵

Selection 38

1. The Báb. ↵
2. In paragraphs 2–15 Bahá'u'lláh speaks in the voice of the Báb. ↵

3. The numerical value of the letters of the word *Hín* is 68. “After Hín” is thus an allusion to the year after A.H. 1268, which was 1269 (A.D. 1852–3), the year that marked the birth of the Bahá’í Revelation. ←
4. The letters Hâ’ and Bá’ spell the word *ḥubb* (love), while Há’ and Váv constitute the word *Huva* (He). ←
5. These invocations come from a Tablet of the Báb addressed to Mullá Báqir-i-Tabrízí about Him Whom God shall make manifest. ←

Selection 39

1. The Báb. ←
2. The Súriy-i-Aḥzán was revealed for Mírzá ‘Alíy-i-Sayyáh-i-Marághih’í. ←

Birth of the Báb

Selection 41

1. Of the Bab. ←
2. This selection, with the exception of the invocation, was first published in *Tablets of Bahá’u’lláh Revealed after the Kitáb-i-Aqdas*. ←

Birth of Bahá’u’lláh

Selection 42

1. Cf. Qur’án, súrih 97. ←
2. Jibt, Manát, and ‘Uzzá are the names of idols worshipped in the days of the pagan Arabs and mentioned in the Qur’án (4:51 and 53:19–20). ←

• • •

Key to Passages Translated by Shoghi Effendi

Abbreviations

GWB	<i>Gleanings from the Writings of Bahá’u’lláh</i>
GPB	<i>God Passes By</i> . Wilmette: Bahá’í Publishing Trust, 1974
KI	<i>The Kitáb-i-Íqán: The Book of Certitude</i>
PMB	<i>Prayers and Meditations by Bahá’u’lláh</i>
WOB	<i>The World Order of Bahá’u’lláh: Selected Letters</i> . Wilmette: Bahá’í Publishing Trust, 1991

Selection

- 1 The entire Tablet, except the invocation (PMB XLVI)
- 4 The entire Tablet (PMB LVII and LVIII)
- 6 The entire Tablet, except the invocation (GWB XIV)
- 21 The entire Tablet, except the invocation (GWB CLI)
- 22 The entire Tablet, except the invocation (PMB CLXXXIV)
- 26.30 “And We desire” to “Our heirs.” (KI ¶155)
- 29.4 “There hath branched” to “this exalted Handiwork!” (WOB, 135)
- 29.5 “A Word hath” to “among its people” (WOB, 135)
- 29.6 “Render thanks” to “His favoured servants.” (WOB, 135) (WOB, 135)
- 29.8 “We have sent” to “will assuredly perish.” (WOB, 135)
- 31.1 “The wrongs” to “Tablet of creation.” (GPB, 118)
- 31.3 “O Maryam!” to “thereafter!” (GPB, 118)

- 31.3 “I roamed” to “My associates.” (GPB, 120)
- 31.3 “For two years” to “jealousy abate.” (GPB, 119)
- 31.4 “I have borne” to “or will bear.” (GPB 118)
- 31.7 “We found” to “to its message.” (GPB, 125)
- 32.9 “It is incumbent upon the Aghsán” to “the All-Bountiful.” (WOB, 134)
- 33 The entire Tablet (PMB CLXXX)
- 34 The entire selection (GWB LXXVI)
- 36 The entire selection (GWB CXIII ¶¶1–8)